

A watercolor illustration of two figures in a landscape. One figure is on the left, seen from the back, wearing a large orange garment. The other figure is on the right, lying down, wearing a red and orange garment. The background consists of large, abstract shapes in shades of orange, grey, and green.

Daluyan

Journal ng Wikang Filipino

Tomo XXVII, Blg. 2, 2021

Daluyan

Journal ng Wikang Filipino

ISSN 01117-1275 | ISSN 2244-6001 (online)

Tomo XXVII, Blg. 2, 2021

Ang mga artikulo ng Daluyan ay pawang opinyon ng mga may-akda at hindi nangangahulugang opisyal na pahayag ng UP Sentro ng Wikang Filipino - Diliman.

Michael Francis C. Andrada, PhD
mcandrada@up.edu.ph
Punong Editor

Carlos M. Piosos III, PhD
carlos.piosos@dlsu.edu.ph
Kawakaring Editor

Angelie Mae T. Cezar
atcezar@up.edu.ph
Tagapamahalaing Editor

Joanne V. Manzano
jymanzano@up.edu.ph
Editor Pangwika

Michael Balili
mtbalili@up.edu.ph
Tagadiseno ng Aklat at Pabalat

Inilalathala ng Unibersidad ng Pilipinas sa pamamagitan
ng UP Sentro ng Wikang Filipino - Diliman dalawang beses sa isang taon.
Maaaring maakses ang elektronikong bersiyon ng Daluyan sa
<http://www.journals.upd.edu.ph> at sa www.swfupdiliman.org

Michael Francis C. Andrada
Direktor, UP SWF Diliman

Odilon B. Badong, Jr.
obbadong@up.edu.ph
Tagapamahala ng Sirkulasyon

UP Sentro ng Wikang Filipino - Diliman
3/F, Gusali ng Paaralan ng Pagpapalanong Urban at Rehiyonal (SURP),
Unibersidad ng Pilipinas, Diliman, Lungsod Quezon

Telepono blg.: +632-8924-4747 at +632-8981-8500 lok. 4583.
Email: swf.daluyan@gmail.com

Nilalaman

5 Tala ng Editor:
Karahasan ng Kasinungalingan
MICHAEL FRANCIS C. ANDRADA

7 Introduksiyon:
Ang Kapangyarihan ng Katotohanan
sa Pananaliksik sa Filipino
CARLOS M. PIOCOS III

11 Potensiyal ng *Kadagaan* sa Pakikibaka para sa Lupa:
Danas ng Hacienda Sta. Isabel at San Antonio
JOANNE VISAYA MANZANO

28 Ilang Tampok na Katangian ng Ponolohiya ng Wikang
Ayta Magbukun
NOAH CRUZ
YEDDA JOY PIEDAD

46 Babaylanismo: Ang Maka-Pilipinong Ekofeministang
Lapit sa Pagsusuri ng mga *Eko-Siday*
IAN MARK P. NIBALVOS

64 Kartograpiya ng Takot at Sindak sa Karakter
ng “Aswang” sa Ilang Piling Pelikula
ng *Shake, Rattle, and Roll*

JAY JOMAR QUINTOS

77 Mga Tauhang Walang Kasaysayan,
mga Naglalahong Lugar at Panahon:
Ang Pagsasalin ng Precious Pages
ng mga Nobelang Romansang Harlequin

MAR ANTHONY SIMON DELA CRUZ

92 Ang Alternatibo sa Alternatibong Pamamahayag: Isang
Kritikal na Diskursong Analisis
sa mga Balita ng AlterMidya

CHRISTIAN GOPEZ

109 INTERNASYONAL NA LUPON NG MGA EDITOR

Karahasan ng Kasinungalingan

MICHAEL FRANCIS C. ANDRADA, PH.D.

Kalaban ng tapat na pananaliksik ang kasinungalingan. Mula tao hanggang datos, anumang pag-aaral na nakasandig sa kasinungalingan, pabrikasyon ng impormasyon, at distorsiyon ng kasaysayan ay hungkag, nakababahala, at mapanganib. Walang espasyo at panahon para sa paniniil ng katotohanan. Ang sinungaling ay kalaban. Pirmi nitong uok-ukin ang pundasyon at layunin ng pananaliksik—ang maghatid at maghatag ng katotohanan para sa makabuluhang lipunan.

Ang bisa ng pananaliksik ay nakasalalay sa katotohanan at katapatan. Makailang ulit nang dinidiskurso sa loob at labas ng akademya ang halaga ng tapat na pananaliksik. Mula sa mga panayam at sarbey hanggang sa grassroots at etnograpikong pananaliksik, mahalaga ang kawastuhan ng datos, sistematiko at siyentipikong pangangalap ng datos, katapatan sa konteksto, pagsandig sa etikal at propesyonal na pamantayan, at kritikal na pagpoproseso ng datos. Tanging pagmamahal at malasakit sa katotohanan at katapatan ang mga susi sa pananaliksik na nakatuon sa pagsisilbi sa mamamayan at bayan.

Kung kaya anumang distorsiyon at dis-impormasyon ay maihahalintulad sa pandaraya, paganakaw, at pandarahas. Dinaraya nito ang totoong dapat matalos ng mamamayan. Ninanakaw nito ang kinabukasang maaaring baguhin ng pananaliksik. Nagpapalaganap ito ng isang uri ng karahasang epistemolohikal – na ang kaalaman at impormasyon ay marahas na binabago upang pumabor sa iilan. Sa anumang larangan, anumang mali sa tunguhin, pangangalap at pagpoproseso ng datos ay magbubunga ng maling resulta. Iba

ito sa eksperimentasyong kontrolado ang mga salik at maging ang mga konteksto. Iba ito sa mga hindi sinasadyang pagkakamali, na ano't anumang ay nagdudulot ng bagong resulta. Samakatwid, anumang sistemang mali ay tiwali at magluluwal ng mali. At magdudulot ng karahasan sa lahat ng antas.

Sa panahon ngayon ng intensibong paggamit ng teknolohiyang pang-impormasyon, napakabilis ng pagkalat ng impormasyon at maging ng dis-impormasyon. Hindi maitatanggi na napepeke ang madla sa bilis ng diseminasyon ng dis-impormasyon at distorsiyon mula sa mga tuso't tiwali. Lantaran ang karahasan ng panlilinlang. Sa sangandaan ng pambansang halalan, lantaran ang ginagamit ang “pananaliksik” upang paboran ang mga hungkag at tiwali. Lantaran ang pagkasangkapan, halimbawa, sa pamamaraan o metodo ng sarbey, upang paboran ang mga politiko, kandidato, grupo, at partido na kilala ring tagapamandila at tagapagpakalat ng distorsiyon ng kasaysayan at karahasan ng dis-impormasyon.

Nitong nakaraan lamang ay naglabas ng kolektibong pahayag ang kaguruan ng

UP Diliman School of Statistics tungkol sa naglipanang “gawa-gawa” at “kaduda-dudang” mga sarbey dahil sa kawalan nito ng siyentipiko at sistematikong paraan ng pangangalap ng datos at impormasyon. Malaki ang responsibilidad na iniaatang sa pagsasagawa ng mga sarbey, kung kaya’t sinipat ng naturang mga guro ang hindi-mapagkakatiwalaang pamamaraang ginagawa ng mga “kalye survey” at iba pang online survey na hindi nagtataguyod ng pinakamataas na pamantayan ng pangangalap ng datos. Umalma rin ang nasabing mga guro sa kawalan ng mapanuring pagsipat ng ilang mga organisasyon at institusyong pangmidya na inilalathala pa ang mga kaduda-dudang resulta ng hindi-mapagkakatiwalaang mga sarbey. Sa huli, tulad ng panawagan ng marami, ang panawagan ng kaguruan ng UP Diliman School of Statistics ay ang maging tapat sa pangangalap at pagpoproseso ng mga datos upang tunay na magluwal ng pulso ng mamamayan. At higit sa lahat, ang pag-udyok at paghikayat sa mamamayan na maging mapanuri sa lahat ng pagkakataon, na huwag agarang maniwala sa naglalabasang mga sarbey. Sa halip ay alamin at suriin hindi lamang ang resulta kundi ang pamamaraan ng pagkalap at pagproseso ng mga datos. Dahil sa huli, ang pamamaraan at pagpoprosesong tiwali ay magbubunga lamang ng resultang mali at nagsisilbi sa mga nakikinabang sa mali.

Tungkulin ng bawat mamamayan na huwag magpalinlang. Kaakibat nito ang tungkuling sumandig sa katotohanan, kung kaya’t imperatibo ang maging mapanuri. Lalo na sa panahon ngayon, labas at lagpas sa eleksiyon, na marahas ang pagsisinungaling at panlilinlang. Ang mga makinarya ng pasistang pamahalaan tulad ng Armed Forces of the Philippines ay hindi lamang pisikal na nandarahas kundi nagpapalaganap din ng karahasang epistemolohikal. Kung hindi magiging mapanuri ang midya at mamamayan, maaaring malansi ng mga kasinungalingang ipinalalaganap ng mga berdugo. Ang mga diktador at berdugo ay pinalalabas na bayani. Ang mga pasista ay pinararangalan. Habang ang mga makabayan at progresibo ay iniimbentohan ng mga kaso, dinarahas, at minamasaker. Ang mga biktima ay pinalalabas na kriminal. Ang literal na pagmasaker ng militar sa mga boluntaryo ng paaralang Lumad bakwit – ang New Bataan 5 na kinabibilangan ng mga boluntaryong guro na sina Chad Booc at Gelejurain Ngujo II, kasama sina Elegyn Balonga, Robert Aragon, at Tirso Añar – ay marahas na halimbawa nito. Paulit-ulit itong

itinatambol ng mga berdugo at pasista – at isinasakatuparan nila ito sa pamamagitan ng pagtatahi ng mga kasinungalingan – pabrikasyon, distorsiyon, at palsipikasyon ng mga ebidensiya. Mabilis itong kinagat ng ilang midya dahil sa kawalan ng matibay at masusing panunuri sa impormasyong ibinandila mismo ng mga salarin. Kung kaya ang larangan ng pananaliksik at impormasyon ay may bahid hindi lamang ng kasinungalingan kundi ng dugo.

Paulit-ulit na kailangang ikintal na ang pananaliksik ay isang tereyn ng tunggalian. Ang mga may monopolyo ng kapangyarihan ay palagi ang ididireksiyon ang mga pananaliksik para pumabor sa naghahari-harian sa bayan. Paulit-ulit nilang isinasadlak ang mamamayan sa mga hungkag na impormasyon at pananaliksik. At sa primarya, kapital nila hindi ang katotohanan at katapatan kundi ang pagsisinungaling, panlilinlang, at pandarahas. Kung kaya kailangang paulit-ulit na ipasasagitsit – imperatibo ang pagsandig sa totoo at tapat, imperatibo ang maging mapanuri. Imperatibo na ang direksiyon ng pananaliksik ay ang pagluwal ng katotohanan, pagsiwalat sa mali at tiwali, at paglaban sa karahasan. Imperatibo, maging sa pananaliksik, ang manawagan ng katarungan. Imperatibo, maging sa pananaliksik, ang sumalunga. Para saan nga ba ulit? Para sa bayan. ♦

Ang Kapangyarihan ng Katotohanan sa Pananaliksik sa Filipino

CARLOS M. PIOCOS III, PH.D.

Lumalabas ang bagong isyung ng Daluyan: Journal ng Wikang Filipino ng Sentro ng Wikang Filipino ng Unibersidad ng Pilipinas-Diliman sa panahon ng pagragasa ng daluyong ng panlilinlang sa kamalayan nating mga Pilipino mula sa mga nakapangyayari sa lipunan. Sa konteksto kung saan ay pangunahing sandata ng may kapangyarihan ang hayagang distorsiyon ng kasaysayan ng ating bayan upang madiskaril ang ating kinabukasan, ano nga ba ang politikal at etikal na taya ng mga iskolar sa Filipino sa kanilang pag-aaral sa wika, kultura at lipunan? Bakit mahalagang magpatuloy sa paglikha at pagpapakalap ng karunungan mula sa malalim at matibay na pundasyon ng pananaliksik?

Sa diseminasyon ng iskolarsyip sa Filipino, naipapakita ang kahalagahan ng pagsalig sa kritikal na interrogasyon sa ating lipunan. Mula sa pagpupunla ng kritikal na pag-iisip na ito, napagyayabong ang malaya at mapagpalayang kamalayan. Para sa mga iskolar, mahalaga ang aktibong pagsasanay ng akademikong pagkamamamayan kung saan ay malayang nagbabahaginan ang lahat ng produkto ng kanilang intelektuwal na paggawa tungo sa higit na demokratisasyon ng siyentipikong pagtuklas at mapagpalayang karunungang makapagsusulong ng panlipunang pagbabago. Mahalagang maitaguyod ang politika at etikang ito ng akademikong pagkamamamayan sa harap ng kapangyarihan, sa gitna ng dominanteng sulsol ng kapangyarihan na balewalain ang malalim na saliksik at magparahuyo na lamang sa kasinungalingan at panlilinlang. Sa patuloy na paglikha at paglalathala ng mga kritikal na akdang ito, itinataya ng mga mananaliksik na Pilipino ang halaga ng masusing pag-aaral at malalim na pag-unawa sa lipunan sa ating

pagsasanay at pagsasabuhay ng mas kritikal at progresibong pagkamamamayan.

Ito ang nais itaya ng Daluyan sa paglalathala ng anim na artikulo sa isyung ito. Maaaring sabihing nahahati sa dalawang agos ang mga artikulo sa isyung ito: ang unang tatlong artikulo ay paggalugad sa wika at kalinangang umuusbong sa lupa, katutubo at kaligiran ng bayan habang ang huling tatlong artikulo naman ay eksplorasyon sa mga naratibong umuusbong sa mga wika't kalinangang ito gamit ang pag-aaral ng mga kontemporaneong midya.

Sa artikulo ni Joanne Visaya Manzano na "Potensiyal ng Kadagaan sa Pakikibaka para sa Lupa: Danas ng Hacienda Sta. Isabel at San Antonio," tinalakay ng may-akda ang kapangyarihan ng diwa ng "kadagaan" upang mailarawan ang pakikibaka sa lupa ng mga migranteng Ilokano. Gamit ang dokumento sa artsibo at mayayamang naratibo ng mga magsasakang Ilokano, napagtahi-tahi ni Manzano ang masalimuot na kasaysayan

ng repormang agraryo mula sa pagsandig sa pagpapahalaga sa lupa ng mamamayan at paglaban ng iba't ibang salinlahi ng mga magsasakang nandarayuhan upang mabuhay nang marangal sa pangako ng lupang matatamnan.

Pagsulong naman sa mas malalim na pagkaunawa sa wika ng katutubo ang artikulo nina Noah Cruz at Yedda Joy Piedad. Sa "Ilang Tampok na Katangian ng Ponolohiya ng Wikang Ayta Magbukun," pinag-aaralan ang iba't ibang aspekto ng tunog sa pagbigkas at gamit sa wikang ito. Mahalaga ang kontribusyon ng pag-aaral na ito dahil nakatutulong ang ganitong uri ng dokumentasyon at pagsusuring lingguwistiko hindi lamang sa pangangalaga kundi maging sa muling pagpapayabong ng wika at kalinangan ng mga katutubo, lalo't isa ito sa tinatayang mayroong pinakakaunting populasyong gumagamit pa rin sa kasalukuyang panahon.

Sa "Babaylanismo: Ang Maka-Pilipinong Ekofeministang Lapit sa Pagsusuri ng mga Eko-Siday," ipinapanukala naman ni Ian Mark P. Nibalvo ang isang posibilidad ng pagbasa ng tulang Waray o siday gamit ang lokal na perspektiba o paglolokalisa ng diskursong ekofeminismo. Gamit ang idea ng babaylan, isinusulong ng may-akda ang konsepto ng babaylanismo na nagdurugtong sa historikal na pakikibaka ng kababaihan tungo sa pagbabago sa kaniyang ekolohiya, na pinagsanib na lipunan at kalikasan. Para kay Nibalvos, isang posibilidad ito sa mas malalim at mas lapat na pag-unawa sa mga akdang pampanitikan sa rehiyon, partikular sa mga napili niyang siday na tumatalakay sa babae at ang kaniyang kaligiran.

Ang susunod na mga artikulo ay tungkol naman sa kontemporaneong midya at naratibo: popular na pelikula, nobelang romansa at progresibong pamamahayag. Kritikal ang lapit ni Jay Jomar Quintos sa isang sikat na horror franchise na Shake, Rattle and Roll sa kaniyang artikulong "Kartograpiya ng Takot at Sindak sa Karakter ng "Aswang" sa Ilang Piling Pelikula ng Shake, Rattle, and Roll." Nakasentro ang pagsusuri ng may-akda sa nabubuo at nagbabagong pigura ng "aswang" sa popular na kultura, partikular sa serye ng pelikulang ito, at pinag-aralan kung paano nito sinasalamain ang mga kontradiksiyon ng postkolonyal na pagbabansa at ang takot at sindak ng pang-araw-araw na realidad ng lipunan at politika sa Pilipinas.

Popular na kultura din ang tinahak na landas ni Mar Anthony Simon dela Cruz ngunit

mga nobelang romansa naman ang kaniyang sinuri. Sa kaniyang artikulong "Mga Tauhang Walang Kasaysayan, mga Naglalahong Lugar at Panahon: Ang Pagsasalin ng Precious Pages ng mga Nobelang Romansang Harlequin," pinag-aralan ng may-akda ang nabubuonng praktika ng pagsasaling komersiyal ng lokal na popular na publisista ng mga nobelang romansa mula sa isang sikat na global na tagapaglathala. Sa mga pamamaraang teknikal ng mga tagasalin ng Precious Pages ng pagbabago at pagbubura ng detalyeng dayuhan upang mailokalisa at maipopularisa ang mga kuwento ng Harlequin sa mambabasang Pilipino, tinalakay ni Dela Cruz ang ugnayan ng lohika ng komersiyo sa nabubuonng polisiya ng pagsasalin ng kulturang popular.

Kung tungkol sa kulturang popular ang naunang mga akda, ginagalugad naman ng huling artikulo sa isyung ito ang alternatibong midya at progresibong pagbabalita. Sa "Ang Alternatibo sa Alternatibong Pamamahayag: Isang Kritikal na Diskursong Analisis sa mga Balita ng AlterMidya" ni Christian Gopez, tinalunton ng may-akda ang radikal na lunsaran ng pamamahayag na lumalaban sa kalakaran, nilalaman at umiiral na dominanteng ideolohiya ng komersiyal at makapangyarihang mga midya sa bansa. Mahalaga ang ganitong pag-aaral sapagkat ipinapakita na hindi ang pagpapaniwala sa fake news at desimpormasyon ang susi sa pagtuligsa sa mainstream media na madalas ay pinapalakad ng komersiyo at kapital. Binibigyang pansin sa artikulo na may mga mamamahayag na matapang na naglalahad at sumusuri sa mga isyu at suliranin ng lipunan, habang nakasandig pa rin sa kritikal na pag-iisip at katotohanan.

Mula sa anim na bagong artikulong ito sa Daluyan, itinataguyod ng journal ang aming misyong patuloy na maging lunsaran ng pananaliksik na sumasandig sa malalim at kritikal na pagsusuri ng wika, kultura at lipunan. Nawa'y maging kontribusyon ito sa pagtataguyod at pagpapaunlad ng kaalaman sa Filipino at Pilipinas na magsusulong ng halaga ng kritikal na pagkamamamayang sumasandig sa pagsasaliksik sa katotohanan. ♦



Potensiyal ng *Kadagaan* sa Pakikibaka Para sa Lupa: Danas ng Hacienda Sta. Isabel at San Antonio

*English Title Here
etc.*

JOANNE VISAYA MANZANO

ABSTRAK

Nilalayon ng papel na unawain ang konseptong “kadagaan” ng mga migranteng Ilokano sa kanilang paglipat sa Ilagan, Isabela nang mahikayat ng mga administrador ng Tabacalera na magtatrabaho sa Hacienda Sta. Isabel at San Antonio simula 1881. Sa kabila ng mahirap na kalagayan sa mga plantasyon ng tabako, pinanghawakan ng mga tenant ang pangakong mapapasakamay nila ang pinagpapagurang lupa pagsapit ng 1981, ang ika-100 taon ng Tabacalera sa Pilipinas. Nagpasalin-salin ang ganitong naratibo mula sa mga ninunong Ilokano na unang nagtrabaho sa mga asyenda hanggang sa mga sumunod na henerasyon. Gayunman, hindi ito nagkaroon ng katuparan dahil sa halip na ipamahagi ang mga lupain sa mga magsasaka, ibinenta ng kompanya ang mga asyenda sa korporasyong ANCA na pagmamay-ari ni Eduardo Cojuangco, Jr. noong 1980. Sa gitna ng panganib na maagaw ang mga lupaing pinagpaguran nila at ng kanilang mga ninuno, masisilayan ang potensiyal ng konseptong “kadagaan” sa pagtatanggol ng mga magsasaka sa halaga ng lupa at pagpapagal.

Mga Susing Salita: kadagaan, Tabacalera, ANCA, repormang agraryo, Danding Cojuangco

ABSTRACT

The paper aims to understand the concept of “kadagaan” in the context of Ilocano migration to the town of Ilagan, Isabela in 1881 when they were recruited by Tabacalera administrators to work in the tobacco plantations of Hacienda Sta. Isabel and San Antonio. Despite experiencing harsh conditions, the tenants held on to the promise that the lands would be given to them on 1981 - Tabacalera’s 100th year in the Philippines. The narrative of promise was passed on from generation to generation but was not fulfilled. In 1980, instead of distributing the lands to the tenants, Tabacalera sold the haciendas to ANCA corporation owned by Eduardo Cojuangco, Jr. In the face of losing what they and their ancestors worked for for a century, the farmers would realize the potential of “kadagaan” in fighting for land and labor.

Keywords: kadagaan, Tabacalera, ANCA, agrarian reform, Danding Cojuangco



PANIMULA

Tampok sa mga Ilokano ang naratibo ng migrasyon. Sa kagustuhang makahanap ng “lung-aw” (ginhawa), nangingibang-bayan ang mga ito kung hindi makaranas ng magandang buhay sa sariling lugar. Ito ang dahilan kung bakit sinasabing transheograpikal ang konsepto ng mga Ilokano sa Kailokuan; hindi lamang ito sa Ilocos matatagpuan kundi sa lugar kung nasaan ang kadagaan (Agcaoili *Balabala ti Filosofia*, 33). Mabibigyang-kahulugan ang “kadagaan” bilang: (1) mataba at produktibong lupa; at (2) kaaya-aya o angkop na klima o kondisyon (Gelade 161); (3) magandang lupain/ kabuhayan/ kapalaran para sa bagong-dating o dayo (Agcaoili *Balabala ti Filosofia*, 90); at (3) mataba at masaganang lupa; angkop na klima/ kalagayan (Galvez-Rubino 144). Mula sa salitang ugat na “daga” (lupa), inihuhudyat ng mga panlaping “ka-” at “-an” ang (1) pakikipagtatagpo o pakikipagbahaginan ng objek (pangngalan) sa ibang tao o (2) pag-iral o paninirahan sa isang lugar (pangngalan) kasama ang iba (Constantino 226-227).

Esensiyal sa konsepto ang aktibong paggampan upang gawing mataba o kapakipakinabang ang lupang nilipatan. Aplikable ito sa mga “nagdappat” o setler na pumosisyon sa lupang bakante upang tirhan at sakahin. Hindi maghihimala ang nilipatang lupa kaya kailangan itong hawanin, paunlarin, at alagaan upang maging sagana. Ibig sabihin, kailangan itong pagpaguran upang maging angkop at mataba. Gayunman, hindi lamang ito tumutukoy sa pagsasaka kundi sa kabuhayan o

kalagayan sa pangkalahatan. Sa pangingibang bayan, halimbawa, masasabing kadagaan ang isang lugar na nakapagbibigay sa migrante ng magandang trabaho o lung-aw.

Gayunman, hindi sa lahat ng pagkakataon ay natatagpuan ang kadagaan. Ayon kay Agcaoili sa kaniyang nobelang *Dangadang* (Digmaan):

Kapag hindi mo kadagaan ang lupa, magkakasakit ka, hindi bubuti ang buhay mo, makararanas ka ng didigra (sakuna), magpapahiwatig ang mga ibon, magsasalita sila at sasabihin nila: “Saan. Saan a daytoy ti kadagaanyo. Adda didigra a dumteng no dikay pumanaw (Hindi. Hindi ito ang inyong kadagaan. Mayroong sakunang darating kung hindi kayo lilisan.” (42, Aking salin)

Mula sa sipi, mauunawaang nangyayari ang “saan a kadagaan” (hindi kadagaan) sa mga kaganapang wala sa kontrol ng tao katulad ng sa kabila ng extraordinaryong pagsisikap ay hindi pa rin naging mabunga ang lupa. Ilan sa mga senyales nito ang pagdatal ng malalang sakit, pagkabaliw, at sunod-sunod na kamalasan. Sa mga pagkakataong ganito, iniwan ng mga migrante ang daga (lupa) upang muling maghanap ng kadagaan sa ibang lugar.

Sa papel na ito dadalumat in ang danas ng mga setler sa Hacienda San Antonio at Hacienda Sta. Isabel sa Ilagan, Isabela. Babaybayin ang alaala ng mga anak at apo ng mga orihinal na migranteng Ilokano na naghanap ng ginhawa sa mga plantasyon ng tabako ng Tabacalera na naitatag noong 1881. Sisipatin din kung

paanong naisalin ang konsepto ng kadagaan sa pakikibaka nang mabili ng Korporasyong ANCA ni Eduardo “Danding” Cojuangco, Jr. noong 1981 ang mga asyenda. Pangunahin itong isinagawa sa pamamagitan ng mga “sarita” (kuwento) ng kabuuang 39 na mga mananalaysay. Sa bilang na ito, 22 mga babae at 17 mga lalaki ang nagbahagi kung saan 85 na taong gulang ang pinakamatanda at 42 taong gulang naman ang pinakabata sa panahon ng panayam. Kabilang ang mga ito sa ikalawa hanggang ikatlong henerasyon o mga anak at apo ng mga orihinal na migranteng Ilokano sa mga asyenda. Lahat ng mga nagbahagi ay mga magsasaka at may direktang karanasan sa pagtatrabaho sa Tabacalera at pakikibaka laban sa korporasyong ANCA.¹ Sa gitna ng mga nagpapatuloy na panggigipit sa mga magbubukid, ipinasayang gumamit ng koda sa papel na ito upang mapangalagaan ang katauhan ng mga mananalaysay. Isinagawa ang pangangalap ng mga sarita mula Hunyo 2018 hanggang Pebrero 2019 bagaman may mga patlang dahil sa iba’t ibang salik.

Muling bibigyang-diin na matibay ang paninindigang kilingan ang karaniwang tao sa pag-alaala, pagwiwika, at pagtatala ng pakasaritaan (kasaysayan) ng pook at pangyayari. Ito ang dahilan kung bakit pangangalap ng mga sarita ang pangunahing pamamaraan sa saliksik na itinuturing na subersibo sa kumbensiyonal na pamantayan (Hamilton at Shopes xii). Pangunahing ibinibigay ng metodolohiyang ito ang kapangyarihan sa mananalaysay upang ibahagi ang kuwento ng nakaraan, hindi lamang ayon sa pagkakatatanda kundi ayon sa pagkakaunawa. Mamamalas ang pagkilala sa potensiyal ng magsasaka sa mga mungkahing kailangang makausap ko ang *mismong* mga taong nakisangkot sa pakikibaka dahil “Isuda ti makaammo ti pakasaritaan ti asyenda” (Sila ang nakakaalam ng kasaysayan ng asyenda).

Maliban sa pagtampok sa pagwiwika ng mga mismong sangkot sa mahahalagang pangyayari sa Hacienda Sta. Isabel at San Antonio, ginamit din ang iba’t ibang mga primaryang dokumento katulad ng mga magasin, petisyon, ulat, at rebolusyonaryong pahayagan. Makabuluhan ang nasabing mga batis dahil repleksiyon ito ng pananaw ng nagkakaisang tindig ng organisadong mga magsasaka kasama ang ibang mga sektor sa lipunan. Naipahayag ito sa mga petisyong inilabas para sa lokal at nasyonal na pamahalaan, gayundin sa mga interbyu sa mga pahayagan at magasin. Dahil din sa pagkakabuo ng Alyansa ng mga Magsasaka

sa Sta. Isabel at San Antonio (ALYANSA) kasama ang mga taong-simbahan at iba pang mga sumusuporta sa laban ng mga asyenda, lumabas ang napapanahong mga ulat o update tungkol sa mga paglabag sa mga karapatang pantao at iba pang kaugnay na mga pangyayari. Natatangi naman ang rebolusyonaryong pahayagan na “Baringkuas” (Balikwas) dahil sinasalamain dito ang sistemikong mga suliranin sa lupa hindi lamang sa lalawigan ng Isabela kundi sa buong Lambak ng Cagayan at Pilipinas. Naging mahalaga ang primaryang mga dokumento sa balidasyon ng naratibo ng mga mananalaysay. Sa pamamagitan din ng nasabing batis ay naipopook ang mga sarita hindi lamang sa konteksto ng lokal, maliitan o buhaghag na paglaban sa pang-aagaw ng lupa kundi sa organisado at masaklaw na pakikibaka para sa tunay na repormang agraryo.

PAGHAHANAP NG KADAGAAN SA LALAWIGAN NG ISABELA

Magsisimula ang naratibo ng mga mananalaysay sa pagkakatatag ng Compañia General de Tabacos de Filipinas o Tabacalera sa Lambak ng Cagayan. Nang mabuwag ang Monopolyo ng Tabako sa Pilipinas noong 1881, ipinagpatuloy ng Tabacalera ang industriya ng tabako gamit ang kapital na \$2,500,000 (Jacobson 4; Pelzer 153) at nairehistro sa parehong taon ayon sa umiiral na batas pangkorporasyon (Malbarosa 2). Nakasaad sa mga alituntunin ng kompanyang nakabase sa Barcelona na tabako ang pangunahing pauunlaring produkto subalit depende sa ekonomikong kondisyon sa Pilipinas, maaaring magpalawak sa ibang agrikultural, industriyal, at iba pang komersiyal na mga layunin. Naisakatuparan ito sa ekspansiyon ng kompanya sa abaka, kopra, at asukal, gayundin sa pagnenegosyo sa alkohol at pagbabarko sa susunod na mga taon makalipas ang pagkakatatag (Rodao 1002).

Sa pamamagitan ni Antonio P. Casal, mayamang peninsular na nakatira sa Pilipinas nang 29 taon, napasakamay ng kompanya ang malalawak na asyenda sa Isabela (Putzel 28; Raventos 40-41). Noong Hulyo 1, 1882, sa tulong ng gobernador ng Isabela, mga pari ng parokya, at malaking bilang ng mga katutubo, pinasinayaan ang mga asyenda ng San Antonio at San Rafael, at ilang araw pagkatapos nito, ang Santa Isabel at San Luis (Raventos 43). Sa panahong ito, taglay na ng lalawigan ang reputasyon na pinanggagalingan ng pinakamahusay na sigarilyo sa buong mundo

(Malbarosa 8). Nakatutulong ang Rio Grande de Cagayan o Ilog Cagayan sa pagpapanatili sa taba ng mga lupain sa bahaging ito ng Hilagang Luzon. Ayon kay Don Agustin Orros, ipinangalan ang Hacienda San Antonio bilang pag-alala kay Don Antonio López y López at ang Hacienda Sta. Isabel bilang parangal sa anak ni Don Lope Gisbert (Malumbres 597), mga administrador ng kompanyang Tabacalera.

Makabuluhan ang mga kinaharap na hamon bago lubusang napakinabangan ang mga plantasyon dahil kailangang hawanin ang madawag na mga lupain at gubat ng Lambak. Bukod dito, pangunahing naging suliranin ang kaunti at mapagkakatiwalaang mga kasamá. Sa 38,000 residente ng Isabela noong 1876, tinatayang 5,000 ang mga nagsasarili o rebeldeng mga tribu (Raventos 42). Mas gusto ng mga katutubo na malayang makapagtanim at makapagbenta ng tabako kaysa mamasukan sa mga asyenda. Kaya noong 1880, sa pamamagitan ni Gob. Hen. Fernando Primo de Rivera, naglunsad ang kompanya at gobyerno ng malawakang pagrerekrut ng mga migrante mula sa Ilocos (Malbarosa 7). Sinasabing madaling nahikayat ang mga Ilokano dahil sa kakulangan ng lupang mabubungkal sa nasabing lugar. May reputasyon ang mga itong masipag at matiyaga sa gitna ng mahirap na kalagayang agrikultural.

Sakay ng barangay, pami-pamilyang dumating ang mga galing Ilocos sa mga asyenda upang maging inquilino o tenant na magtatrabaho sa plantasyon ng tabako ng mga Kastila. Ayon sa pagkakataanda ni JP sa kuwento ng kaniyang mga lolo at lola:

Dagitoy tattao iti San Antonio, naggapuda amin Ilocos, Ilocos Norte, Ilocos Sur, Abra. Dagidiay puon, ninunok nga naggapo't Abra ket nagbarkoda nga immay ditoy. Innala dagiti Kastila. Nagpaspasurongda ta dagitoy aditoy nga barangay ken makadandanonda idi dita Sta. Isabel. Isuda iti inaramidda nga tulay nga nangluklukat amin. "Napintas iti benepisyo nga yawatmi!" kuna dagiti Kastila. Di siempre, nagtrabahoda met nga nagtrabaho. Isudaamin iti nangaramid iti kalsada. Tapos isuda met ti nangluklukat dagitoy dagdaga. Idi met tiempo iti Kastila ket no madika agtrabaho ket saplitandaka.

(Itong mga tao sa San Antonio, galing lahat sa Ilocos, Ilocos Norte, Ilocos Sur, Abra. Ang mga ninuno kong galing sa Abra, nagbangka ang mga itong pumunta

rito. Kinuha ng mga Kastila. Nagbarangay sila paakyat (salungat sa agos) dahil nakakarating ang mga barangay sa Sta. Isabel. Sila ang naging susi sa paghawan ng lahat. "Maganda ang bigay naming mga benepisyo!" sabi ng mga Kastila. E 'di siyempre, nagtrabaho na sila nang nagtrabaho. Sila rin ang gumawa ng mga kalsada. Tapos sila rin ang nagbukas sa mga lupain. Noong panahon ng mga Kastila, hahagupitin ka kung hindi ka magtatrabaho.) (Aking salin)

Madawag na kagubatan ang dinatnan ng mga migrante. Kinailangan nilang hawanin at linisin ang mga lupain, upang maging angkop sa pagtatanim. Ang mga ninunong Ilokano ang "nagbangon" o nagtayo ng mga pamayanan dahil sila ang nagbukas at nagpaunlad sa mga lupa. Paliwanag naman ng mga galing Ilocos, napapayag silang magtrabaho sa mga asyenda dahil sa pangako ng Tabacalera na ipagkakaloob sa mga kasamá ang lupang binubungkal pagkalipas ng 50 o 100 taon (Tecson 5; Putzel 28). May mga naniniwalang berbal ang kasunduan dahil walang matagpuang kasulatan at ang iba nama'y nagsasabi na may kontrata subalit nawala na lang sa pagdaan ng panahon. Gayunman, magsasalin-salin ang ganitong alaala/ naratibo hanggang sa kasalukuyang henerasyon ng mga residente sa Sta. Isabel at San Antonio.

Hindi naganap nang minsanan ang migrasyon. Nang mabalitaan ng mga naiwan sa Ilocos na malawak ang mga lupain sa lalawigan, sumunod sila sa mga nauna nang lumisan. May mga tumuloy sa mga asyenda, mayroon din namang nanatili sa ibang lugar sa Isabela. Pero palaging natutulak ng paghahanap ng lung-aw (ginhawa) ang pag-alis mula sa Kailokuan. Ganito nahikayat ang lolo ni VCB na sumama nang magrekrut ng mga manggagawa ang Tabacalera sa Buguey, Cagayan noong unang dekada ng 1900. Ayon sa kuwento ng kaniyang lolo, sumama siya dahil ipinangako sa kaniyang giginhawa ang buhay sa Isabela na inilalarawan sa yaman ng lugar:

Intayon, intayon! Intayot agparti iti baka. [Idiay], no timpagem iti diding, agtinnag iti saga-binting!

(Tara na, tara na! Tara nang magkatay ng baka. [Doon], pampagin mo lang ang dingding, magkakandahulog ang tig-25 sentimos!) (Aking salin)

Mula sa inisyal na 150 setler noong 1882, lumaki ang bilang sa 4,000 sa kalagitnaan ng 1883, at pagsapit ng 1885, mayroon nang 3,527 migrante sa Hacienda San Antonio (HSA) at 1,527 naman sa Hacienda Sta. Isabel (HSI) (Raventos 43-44). Pagsapit ng 1903, tinatayang 1/3 na ng mga Kristiyano sa Lambak ng Cagayan ay Ilokano (De Jesus 200).

Naitala sa *La Compañia General de Tabacos de Filipinas* (1981) kung paano sinanay ang libo-libong setler at empleado sa sistematikong pamamaraan ng kultibasyon, pag-ani, at klasipikasyon ng tabako. Isa sa mga naging pamamaraan ang eksponensiyal na sistemang naglalayon ng tiyak at masaganang produksiyon. May kota ang bawat inquilino o tenant na bilang ng tabako kada pamilya. Ayon kay LG:

Addaka pay laeng iti uneg [ti tian] ket bilbilangenda iti imulan. No maiyanak iti tao idin, adda bilangmi a mulan. Sangaribo iti maysa nga ubingen. Haan pay nga nakatangad² diay ubing ket addan kasdiaynan.

(Nasa sinapupunan ka pa lang, binibilang na nila ang dapat maitanim. Kapag ipinanganak na ang sanggol noon, may bilang na siyang pananim. Sanlibong binhi kada bata. Kahit sanggol pa lamang, mayroon nang kota.) (Aking salin)

Ayon sa tala ni Tecson, inaasahang makapagtatanim ng 12,000 hanggang 14,000 na puno ng tabako ang isang tenant kada ektarya (5).

Pagdating sa mga asyenda, binibigyan ang mga magsasaka ng kagamitan at hayop na kinakailangan para sa kultibasyon. Pinapautang din ang mga ito ng pera para sa kanilang kabuhayan hanggang sa anihan. Itinatala ang halaga ng pinahiram na inaasahang mababayaran sa pamamagitan ng mga ieentregang tabako. Bilang kapalit, kailangang hawanin, linisin, at bungkalin ng mga setler ang nilipatang lupain. Hinati ang mga asyenda sa mga Cabisera³ na nakasentro sa mga lugar na angkop na tamnan. Nang handa na ang mga lupa, isinagawa ng Tabacalera ang malawakang pagpapatanim.

Ayon sa mga taga-asyenda, nagsisimulang magtanim ang mga bata ng tabako kung “adda puotnan” (may malay na). Pinagtatrabaho na ng magagaan ang pitong taong gulang subalit kadalasang nag-uumpisa ang regular na trabaho kapag marunong nang mag-araro ang

mga lalaki at tinedyer na ang mga babae.

Sa pag-uumpisa ng pagtatanim ng tabako, nagpapautang na ang Tabacalera ng perang kadalasang napupunta sa batayang pangangailangan ng pamilya. Dito rin hinuhugot ng mga tenant ang para sa mga gastusin kung kinakailangan ng karagdagan paggawa para sa paggatud⁴ at pagkapit⁵. Upang mapangalagaan ang mga pananim, kailangang kumuha ng pestisidyo at abono sa paktorya (*factoria*) ng kompanya. Ibabawas ang lahat ng mga ito pagdating ng pagamento o pag-eentrega ng tabako sa Casa. Dahil marami ang hindi nakapag-aral, hindi binubusisi ng mga tenant ang natatanggap na halaga. Hindi ipinapaliwanag sa kanila kung paano ang kompyutasyon sa nahiram nilang pera at input sa produksiyon. Maliban sa mga ito, madaling baratin ang presyo at dayain ang klasipikasyon ng mga tabako. Naniniwala ang marami na mayroong anomalyang nagaganap subalit hindi rin makapagreklamo. Hindi bihira ang walang naiuwi maski singko o ang tinatawag na “sayad”:

Adda met diay masayad nga kunada. Gapo diay utang inggana awan a ti mapan kaniam. Adia lang listaan, ipakitadanto lang ti resibon ngem awan maawatmo idiaen, arigna nga naalam amin kaniadan. (PED)

(Mayroon namang pagkakataong masasayad ka. Dahil sa mga utang, wala nang mapupunta sa iyo. Yun na lang listahan, ipapakita na lang yung resibo pero wala ka nang matatanggap, parang naiutang mo na lahat sa kanila.) (Aking salin)

Sa mga pagkakataong ganito, napipilitan ang mga tenant na humiram sa iba sa mas mataas na interes katulad ng mayayamang Intsik at mga negosyante sa bayan dahil hindi na nagpapautang ang Tabacalera pagkatapos ng pagamento.

Hindi naging madali ang buhay para sa mayorya sa mga tenant. Matagal nang nahaharap ang Tabacalera sa mga akusasyon ng eksploytasyon at monopolyo sa industriya ng tabako sa Isabela kahit sa ilalim ng administrasyong Amerikano (Davies 305-306). Hindi ito nabago hanggang sa gobyernong Marcos na ayon sa pananaliksik ng *National Secretariat of Social Action, Justice, and Peace* ay kinakitaan ng maraming pagkakatulad sa naunang Monopolyo ng Tabako sa Lambak (“The

Anca Case” 6). Sa Tabacalera, 1/3 ng kabuuang ani ang awtomatikong kinukuha kahit na sagot ng mga magsasaka ang lahat ng mga gastusin. Hindi rin miminsang naantala ang pagbabayad sa mga kasamá kaya napipilitang umutang ang mga ito sa kompanya. Madalas ang pagbale sa paktorya kaya karaniwan na ang pagkasimot ng kita pagkatapos tugunan ang mga obligasyon. Limang libong piraso ng tabako naman ang minimum na kota na kailangang maitanim at 150 kilo ang dapat maentrega sa mga *almacen* (bodega o kamalig) (Doyo 7). Nagpatuloy rin ang di-wastong klasipikasyon sa mga plantasyon. Bukod dito, kinukuha ang 1/5 ng mga tanim na palay bilang kapalit sa paggamit ng lupa ng asyenda kapag hindi panahon ng tabako. Dahil sa sistemikong anyo ng eksploytasyon sa mga magsasaka, nabaon sa siklo ng paghihikahos ang mga tenant. Palagian nang nakikihamok ang mga ito sa pagkakabaon sa utang, mababang presyo, madayang klasipikasyon ng tabako, mataas na gastos sa produksiyon, at mapagsamantalang hatian sa ani. At kapag walang-wala na, sa mga komersiyanteng usurero sila kumakapit. Sa ganitong konteksto ng pagpapataas ng kita, napananatili ang dominasyon ng Tabacalera sa produksiyon, manupaktura, kalakalan, at eksport ng tabako sa Pilipinas (Salgado *Cagayan Valley*, 648-649).

PANGAKO NG KADAGAAN SA ALAALA NG TATLONG HENERASYON NG MGA MAGSASAKA

Bagaman mahirap ang buhay sa mga asyenda, pinanghawakan ng mga tenant ang sarita na ipamamahagi sa kanila ang mga lupain pagkatapos ng 100 taon. Nagpasalin-salin ang ganitong salaysay sa ilang henerasyon ng mga tenant.

Ayon sa mga saritang naipamana sa mga sumunod na salinlahi, may pinirmahang dokumento na nagsasaad sa distribusyon ng mga lupain sa mga tenant pagkatapos ng 50 taon. Gayunman, sinunog diumano ito ng kompanya nang matalo ang Espanya ng kolonyalistang Estados Unidos kaya’t nausog ang pamamahagi ng mga lupain sa ika-100 taon ng Tabacalera sa bansa o sa 1981. Buhay na buhay sa alaala ng mga mananalaysay ang nasabing kasunduang makapagbibigay sa kanila ng karapatang ariin ang mga lupaing binubungkal:

Malpas diay 50 a tawen, taga-asienda met lang iti nangkari idi nga kukuayon

ta daga. “Anusanyo pay laeng”, kunada idi. Idi kuan makitada nga mayat ti mayap-aporo nga tabako isu haanda met intultuloy. Inton 1980 isunto kunada. (LG)

(Taga-asyenda rin ang nangako na pagkatapos ng 50 taon sa amin na ang lupa. “Pagtiyagaan niyo muna”, ang sabi nila. Nang makitang maganda ang klase ng mga tabako, hindi nila itinuloy [ang pamamahagi]. 1980 na lang daw.) (Aking salin)

Nagpasalin-salin ang sarita sa mga salinlahi hanggang sa panahon ni PED na ayon sa kaniya:

Dagidiay nangegmi idi ket isu met lattan, inggana nailaklakaymi agidiay nga nangnangegmi.

(Napatimo ang mga narinig namin, nanatili ang kuwentong ito hanggang sa pagtanda namin). (Aking salin)

Nagkakaiba rin ang mga naratibo kung nagpirmahan ng dokumento ang mga ninunong Ilokano at opisyal na Kastila. May papeles man o wala, ganito naman paliwanag ni TS kung bakit pinanghawakan ng tatlong henerasyon ng mga taga-asyenda ang pangako ng mga Kastila:

Ti sao idi ket talaga nga natibker.

(Totoong mabigat ang salita noon.) (Aking salin)

PANGANIB SA PANGAKO NG KADAGAAN

Panandang pangkasaysayan ang taong 1981 dahil hudyat ito ng ika-100 taong pamamalagi ng Tabacalera sa Ilagan, Isabela. Ang panahong ito ang hinihintay ng mga magsasaka para sa distribusyon ng mga lupang binubungkal. Subalit may magaganap na makabuluhang mga pangyayaring makakaapekto sa inaasam ng mga taga-asyendang mapasakamay ang mga lupain.

Taong 1967 kinaharap ng Tabacalera ang matitinding krisis nang mabigong tugunan ang pinansiyal na mga obligasyon sa mga bangko at mamumuhunan (Raventos 287). Nagkaroon ng mga internal na reporma sa pamamahala subalit hindi na lubusang makakabawi ang kompanya. Kinailangan nitong ibenta ang ibang ari-arian kabilang ang mga asyenda sa Isabela.

Unang inalok ng kompanyang ibenta ang Hacienda San Antonio at Sta. Isabela sa gobyerno ng Pilipinas noong 1971 (Marcos 1982). Kung tutuusin, maaaring bilhin ng pamahalaan ang mga asyenda para sa repormang agraryo na programa ng presidente. Hindi agad natuloy ang negosasyon dahil sa kalagayang politikal noong dekada '70 na nagresulta sa pagbababa ni Ferdinand Marcos ng Proclamation No 1081 o Batas Militar noong Setyembre 21, 1972.

Isa si Eduardo "Danding" Cojuangco, Jr. sa pinakamalalapit na kroni ni Marcos na nabiyayaan sa panahon ng diktadura. Napasakamay nito ang Philippine Coconut Authority (PCA), United Coconut Planters' Bank (UCPB), at United Coconut Mills, Inc. (UNICOM) (Youngblood 33). Nagsimulang palawakin ni Danding ang kontrol sa mga industriya sa pamamagitan ng pinirmahang "Deed of Exchange" kasama ang Pangulo noong Enero 5, 1973. Sa kasunduang ito, papalitan ni Marcos ng 10 ektarya ng "undeveloped land" ang bawat ektarya ng maisan at tubuhang nasaklaw ng P.D. 27 na pagmamay-ari ni Cojuangco. Ginagarantiyahan nito ang karapatan ng kroni na ariin ang mga ibinigay na lupain nang habambuhay (Parreño 105). Kabilang sa mga napasakamay ng negosyante ang 12,000 ektarya ng Tabacalera sa pamamagitan ng nakuhang loan noong 1980 (Señoren 22-23).

Itinayo ang korporasyong ANCA, mula sa pangalan ng kasosyo at abogado (tinatawag ng ibang "dummy") ni Cojuangco na si Antonio C. Carag, taga-Cagayan. Para sa nasabing agribisnes, mangangailangan ng 6,000 ektarya upang patamnan ng niyog, tabako, bulak, at iba pang mga pananim. Inaasahan ang kumbersiyon ng mga lupain upang maging plantasyon ng mga varayti ng niyog na namumunga nang triple ang dami kaysa karaniwang klase (Señoren 23). Mauunawaan ang interes ni Danding sa mga lupain sa Isabela dahil:

Together with Defense Minister Juan Ponce Enrile, Cojuangco can truly be said to be the "coconut king" of the Philippines. Cojuangco is the President of the United Coconut Planters Bank while Enrile is Chairman of the Board; he is also a member of the board of the Philippine Coconut Authority with Enrile as Chairman. Both have also put up the Unichem (United Coconut Chemicals, Inc.) to get at least a share of the coconut processing industry business which at present is totally controlled by foreign firms like Procter and

Gamble, Colgate-Palmolive and Unilever. (Salgado "Cancer in Isabela", 118)

Kasama ang Tagapangulo ng Minister of Defense, Juan Ponce Enrile, tunay na maituturing si Cojuangco na "hari ng niyugan" sa Pilipinas. Presidente si Cojuangco ng United Coconut Planters Bank samantalang Tagapangulo ng Board si Enrile. Pareho nilang itinayo ang Unichem (United Coconut Chemicals, Inc.) upang makakuha ng *parte sa pagne negosyo sa industriya ng pagpoproseso ng niyog* na sa kasalukuyan ay nakokontrol ng mga dayuhang kompanya katulad ng Procter and Gamble, Colgate-Palmolive at Unilever. (Aking salin at diin).

Sa kabila ng dambuhalang puhunang inilaan para sa negosyo, kumbinsido si Cojuangco na agad na makakabawi (Señoren 23). Upang maisakatuparan ito, kailangang mabilis na maihanda ang mga lupain na magagawa lamang sa pagpapaalis sa mga taong kasalukuyang nakatira at/o nagbubungkal sa mga eryang masasaklaw ng proyekto. Ipinaliwanag ni Tomas Diaz, retiradong heneral at direktor ng proyekto ang alok ng ANCA sa mga tao:

Anca will subdivide the two haciendas into two separate consolidated areas - one for all the tenants and one for Anca. This consolidation of area for the tenants will necessarily require the transfer or relocation of tenants' dwellings and reallocation of farmlots of the tenants whose farm and homelots are within the consolidated area of Anca. The tenants will get the equivalent of one half of what they are presently cultivating. (Señoren 22-23)

Hahatiin ang bawat asyenda upang maging dalawang konsolidadong mga erya - isa para sa mga kasamá at isa para sa ANCA. Upang mapagsama-sama ang mga tenant sa iisang bahagi, kakailanganing ilipat dito ang kanilang mga bahay at lupang sinasaka na nakapaloob sa parteng ilalaan naman para sa ANCA. Makakakuha ang mga kasamá ng lupaing ang laki ay kalahati ng kasalukuyang binubungkal nila. (Aking salin)

Sinusuportahan ito ng Ministry of Agrarian Reform (MAR) dahil diumano'y isa itong natatanging anyo ng repormang

agrario mula sa pribadong sektor na walang gagastusin ang pamahalaan dahil libreng maipamamahagi ang lupain sa mga magsasaka (Trinidad 19). Ipinagmamalaki nina Cojuangco at Carag na mapalad ang mga taga-Sta. Isabel at San Antonio dahil ibibigay nila nang libre ang *kalahati* ng mga lupa ng maaapektuhang mga residente. Sinasabi ring makapagbibigay ng trabaho, kalsada, tulay, paaralan at parke ang agribisnes. Ang libreng distribusyon din ng mga lupain ang dahilan ng optimistikong paniniwala ng mga opisyal na mabilis na mapapapayag ang mga tao.

Subalit taliwas sa inaasahan, hindi nagtagumpay ang “diplomatikong” pangungumbinsi sa mga taga-Sta. Isabel at San Antonio na tumangging lisanin ang kanilang mga lupain. Dahil dito, inatasan na ang puwersang militar upang gumawa nito:

To “help” present the project to and “persuade” the hacienda people to agree with the Cojuangco plans, Anca has roped in government and military personages. Military has been poured into the two estates to “convince” the people. Camps have sprouted in several barangays and fortified with more army and police elements and the continuous training of ICHDF (Integrated Civilian Home Defense Forces) and BSDU (Barangay Self Defense Units). Stooges from these camps have been in charge in calling the people to Anca meetings. They have also been busy intimidating tenants to sign Anca papers. (Timpuyog ti Cagayan Valley 1)

Upang “tumulong” sa pagpapakilala sa proyekto at “kumbinsihin” ang mga mamamayan ng asyenda na sumang-ayon sa mga plano ni Cojuangco, humingi na ng tulong ang Anca sa mga tauhan ng gobyerno at militar. Binuhusan ng mga sundalo ang mga asyenda upang “hikayatin” ang mga tao. Nagtayo ng mga kampo sa ilang mga baranggay na binabantayan ng maraming mga sundalo at pulis at patuloy na sinasanay ang ICHDF (Integrated Civilian Home Defense Forces) at BSDU (Barangay Self Defense Units). Ang mga ito ang inatasan sa pagpapatawag ng mga miting para sa Anca. Tinatakot din nila ang mga tenant upang pumirma ng pagsang-ayon sa proyekto. (Aking salin)

Mga sundalo ang unang kinasangkapan ng kompanya at gobyerno upang mapapayag ang mga tao sa agribisnes. Nang lumakas ang protesta ng mamamayan, lalong pinalaki ang

puwersa ng ANCA noong Hunyo 1981. Bukod sa mga militar, bumuo ang ANCA ng mga guwardiya mula sa mga lokal na residenteng kilalang mga lasenggo at “patapon ang buhay” (Mateo sa Tecson 18). Sa pamamagitan nito, mas matitiyak ng korporasyon na mapapadali ang pagsindak at pagpapasunod sa mga tao. May armas ang mga itong garrand at M-16 na di-tugma sa polisiya para sa mga sekyu na maikling baril at shotgun lamang ang dapat na dala (“One Day Inside” 7). Pinaniniwalaan ding may basbas ni Felix Querubin, administrador sa Sta. Isabel, ang kabuktutan ng notoryus na bodyguard nitong si Ismael Bumagat at iba pang mga guwardiya (“One Day Inside” 7; Timpuyog ti Cagayan Valley 2). Malinaw ang suporta ng lokal na pamahalaan at militar kay Cojuangco sa pagpapadala ng ICHDF upang katulungin ng mga sekyu (Mateo sa Tecson 8). Nanggagaling sa pondo ng probinsiyal na Philippine Constabulary ang sahod ng ICHDF. Pinangunahan ang kabuuang puwersa ng ANCA nina Ret. Gen. Diaz at Major Manaay na inilarawang mga sinanay sa giyera sa Mindanao at hindi mangingimang magpatahimik ng mga sumasalungat (Mga mananalaysay 2018).

Ekstensibong sisipiin ang “Situationer: Hacienda San Antonio - Sta. Isabel” (Timpuyog ti Cagayan Valley 4) upang mas maunawaan ang mentalidad ng mga tauhan ng ANCA at kung anong kayang gawin ng korporasyon upang makuha ang mga lupain:

An informant in Sta. Isabel Sur shared that Anca will replace the guards’ current commanding officer Danilo Manhi, a former military, because he is too kind - he cannot kill. The replacement will probably be Sammy Tominez (Major Manaay’s personal bodyguard), a criminal who is in charge of torturing farmers brought to Anca’s office. Manaay told the people that they are licensed to kill because they have a general to defend them. *The General and the Major purportedly told Manhi that it is better to kill the stubborn people because the land is dearer than their lives.*

Isang impormante mula sa Sta. Isabel Sur ang nagbahagi na papalitan daw ng Anca si Danilo Manhi, ang kasalukuyang commanding officer ng mga guwardiya, at dating sundalo, dahil masyado siyang mabait - hindi niya kayang pumatay. Maaaring ang ipalit ay si Sammy Tominez (personal na bodyguard ni Major Manaay), isang kriminal na nangunguna sa pagtortur sa mga magsasakang dinadala sa opisina ng Anca. Sinabi ni Manaay sa mga tao na mayroon silang lisensiyang pumatay dahil may suporta sila ng isang heneral. *Dumanong*

sinabihan si Manhi ni Manaay at ng nasabing heneral na mas mabuti nang patayin ang matitigas ang ulo dahil mas mahalaga ang mga lupain kaysa sa buhay ng mga ito. (Aking salin at diin)

Nagsilbing puwersa ng ANCA ang pinagsanib na mga guwardiya, ICHDF, at Army na maghahasik ng terorismo sa mga lugar na tinawag ng mga mananalaysay na “goons” ni Cojuangco. Sa alaala ng mga residente, isang araw ay sumalakay (“dimmarop”) na lang ang may mahahabang baril, magagaspang na ugali at mararahas na disposisyon. Sa pamamagitan ng tropang militar at paramilitar, isinagawa ang halos walang puknat na pananakot, pagnanakaw, pangigikil, pananamantala sa kababaihan, pambubugbog, pagdakip, pagdukot, pagtortur, at pagpatay (Purugganan 42). Mistulang nagsasariling republika ang ANCA na pinamamahalaan ng mga lasenggo, basagulero, at utak-pulburang mga guwardiya at mga pasista nilang amo. Nagpakawala ang gobyerno at kompanya ng armadong tropa na nagbawal sa pagtatanim at nagpalayas sa mga tao.

Sa kabilang banda, mariin ang pagtutol ng mga taga-Sta. Isabel at San Antonio sa relokalasyon dahil hindi maganda ang lupa sa lilipatan. Ayon sa kanila, hindi maaaring sakahin ang mga natukoy na erya. Bukod dito, sisirain ang kanilang mga pananim na palay, mais, gulay, at mga puno (“One Day Inside” 7).

Mayroon na ring mga residente sa pagdadalhan sa kanila na makapagdudulot ng suliranin hindi lamang sa mga ililipat kundi pati sa mga daratnan, lalo’t karamihan sa mga ito’y kinakaharap din ang kakulangan sa trabaho. Hangga’t maaari, ayaw sana ng mga magsasakang lisanin ang lupang tinitirhan at sinasaka subalit may mga hindi na kayang salungain ang dahas ng goons ni Cojuangco. Paliwanag ng mga mananalaysay, walang laban ang mga magsasaka dahil wala naman silang baril.

Umaydakami butbutngen, kayatda nga paakarendakami. Haanmi kuma kayat ti umakar ngem “No haanyo kayat ti umakar, puoranmi ta balayyo,” kunada met. Lipus ti panagbutbutengmi idi. Haankam pay makaturturog idin. (AI)

(Palagi kaming tinatakot dahil gusto nilang paalisin kami. Ayaw sana namin pero “Kung hindi kayo aalis, susunugin namin ang bahay niyo,” pagbabanta nila. Lipos ang takot namin noon. Hindi na nga

kami nakakatulog.) (Aking salin)

Isang buwan pagkatapos buhusan ng goons ng ANCA ang San Antonio, 57 na bahay sa Cabisera 27 ang inalis o sinira (Doyo 9). Dumating ang mga trak na ginagamit sa pagtotroso na nagdala sa mga bahay patungo sa relokalasyon. Ibinahagi ng isang misis mula sa Cabisera 27 ang malubhang kahirapan sa nilipatan malapit sa Aggasian at Villa Imelda dahil sa kawalan ng ikabubuhay (“The ANCA Case” 8). Isang beses na lang sila kung kumain at hindi na nakakapag-aral ang mga bata. Pati ang mga mister na dating nakapag-uwi ng P40.50 kada linggo ay may P2.40 na lang. Kaya napilitan ang marami sa kanilang magtrabaho sa ibang lugar upang may maipambuhay sa pamilya.

Sumunod naman ang pagpapalayas sa ibang mga Cabisera. Inilarawan ni FB ng Cabisera 19 na “kamposanto” o sementeryo ang lupaing nilipatan. Mayroon din namang mga pamilyang hindi nanatili sa relokalasyon dahil “mamamatay ang kalabaw” roon. Marami sa mga ito ang nanahan malapit sa ilog. Nagkatotoo rin ang pangamba ng mga magsasaka nang magmistulang sardinas ang mga erya nang magsama-sama ang mga lumipat at mga dati nang nakatira. Ayon sa mga mananalaysay, kabilang sa mga napalayas ang Cabisera 3, 4, 5, at 19 ng San Antonio at naging relokalasyon ang Centro, Cabisera 2, 10, at 22.

POTENSIYAL NG KADAGAAN PARA SA PAGTATANGGOL SA LUPA

Sa harap ng tumitinding pandarahas at dumaraming pamilyang napapalayas sa mga lupain, kolektibong tumindig ang mga taga-San Antonio at Sta. Isabel upang tutulan ang proyektong agribisnes. Sa paglalarawan ng “Baringkuas: Rebolusyonaryo A Diyaryo Ti Umili Iti Cagayan Valley” (9):

Iti uneg ti tallo a tawen (1980 - 1983), inrusuatda ti kadakkelan a tignayan ti masa laban iti panagagum. Adu kadakuada ti rinanggagan dagiti Company Guards ken 21st IB ti Philippine Constabulary.

(Sa loob ng tatlong taon [1980 - 1983], idinaos nila ang pinakamalaking pagkilos ng masa laban sa pangangamkam. Marami sa kanila ang dinahas ng mga Company Guard at 21st IB ng Philippine Constabulary.) (Aking salin)

Hahamunin ng mga Ilokano kung bakit iba ang umaangkin sa lupa samantalang sa kadagaan, pinagsisilbing mataba ang lupa

upang mapakinabangan ng *mismong* nagbubungkal. Mababanaag dito ang potensiyal ng Ilokanong konsepto upang ipagtanggol ang lupa sa mga magtatangkang umagaw rito. Sa kasagsagan ng laban naibahagi ni Manong Turing sa isang interbyu ang kaniyang pangarap pagkatapos maghintay ng 100 taon:

We have worked on this land - my ancestors and I - for over a century. Like them, I have dreamt of someday owning the 2 hectares I till. For so long now, I have wanted to be free to plant what I would for my family, to earn enough for three meals a day, clothes for my four children, money for their education. (“The ANCA Case” 1981, 5)

Mahigit sandaang taon naming pinagpaguran ang lupang ito – ako at ng aking mga ninuno. Katulad nila, nangarap akong darating ang panahon na ako na ang magmamay-ari sa dalawang ektaryang aking binubungkal. Kaytagal ko nang gustong makalaya upang maitanim ang nais ko para sa aking pamilya, kumita ng sapat upang makakain nang tatlong beses sa isang araw, damit para sa aking apat na anak at pera para sa kanilang edukasyon. (Aking salin)

Malinaw sa sipi ang pagsasalin-salin ng kagustuhang maangkin ang lupa para sa pagkakamit ng lung-aw (ginhawa). Nakapaloob dito na kapag malaya na ang magsasaka, magkakaroon ito ng kitang lampas sa mga batayang pangangailangan upang maibili ng damit at mapag-aral ang mga anak. Ekonomiko ang konsepto ni Mang Turing ng kalayaan at makakamit ito kung wala nang magdidikta at makikihati sa bunga ng lakas-paggawa. Sentral sa sipi ang pagkilala sa dantaong pagpapagal ng mga magbubukid upang linangin at paunlarin ang mga lupain. Kaya naman para sa mga taga-asyenda, inaagawan sila ng karapatang ariin ang kanilang mga pinagpaguran sa loob ng mahabang panahon.

Itong kabuluhan ng kadagaaan ang hindi maunawaan ng mga kapitalistang nagsusulong ng agribisnes ng ANCA. Pansinin din ang magkaibang pagtingin ni Antonio Carag at ng mga magsasaka kaugnay ng isyu sa mga lupain ng Tabacalera:

Sipi Mula sa Petisyon ng mga Magsasaka (1981) (Baringkuas 2002, 9)	Sagot ni Antonio Carag sa Petisyon (Philippine Panorama, Abril 5, 1981)
<i>Nagbiag ken nagubra kami iti narigat la unay a kasasaad nga intinnag ti TABACALERA. Ngem ni kaanoman, saan mi a ninamnama a maaguman kami iti daga, makissayan ti sukayen mi, mapatakyas iti pagindegan, wenno mapabakwit iti sabali a lugar. Daytoy ti kaipapanan ti transaksyon ni Danding Cojuangco.</i> (Nabuhay at nagtarabaho kami sa ilalim ng lubhang mahirap na kalagayan sa ilalim ng TABACALERA. Subalit kailanman, hindi namin inaasahang maagawan ng lupa, mabawasan ang sinasaka, mapalayas sa tirahan, o magbakwit sa ibang lugar. Ito ang kahihinatnan ng proyekto ni Danding Cojuangco). (Aking salin)	<i>This is an illogical position and we can't really do something about it. But supposing your father was renting a lot and the renting was passed on to you, it doesn't follow that your children could claim ownership of the lot. After all, the tenants had been collecting their share from Tabacalera. They did not work for free.</i> <i>Why were the farmers never initially consulted regarding the deal? “I have a car, but one day I found the need to sell my car. Do I still have to consult my driver regarding the deal?”</i>

Sa unang kolum, mapapansin sa unang dalawang pangungusap ang pag-aangkin ng mga magsasaka sa pinagpapaguran *sa kabila* ng mabigat na kondisyon sa Tabacalera. Mababanaag dito ang paniniwalang mapapasakamay ang mga lupain pagdating ng panahon (kaya naman nakapagtiis) subalit may panganib na hindi ito mangyari dahil sa agribisnes ni Cojuangco. Sa kamalayan ng mga magsasaka, ang ANCA ang *mang-aagaw* dahil ang mga *nagbubungkal* ang makatwirang magmay-ari ng mga lupain. Nasa kabilang ispektrum naman ang posisyon ni Carag na hindi kinikilala (1) ang halaga ng pagod ng mga tenant mula sa kanuno-nunoan hanggang sa kasalukuyang henerasyon at (2) ang importansiya ng redistribusyon ng mga lupain at katarungang panlipunan. Malinaw ang pagdambana ni Carag sa pribadong pagmamay-ari na pumoprotekta sa karapatan ng may titulo na magbenta at magpasa ng mga lupain sa sinumang may kakayanang bumili *kahit pa hindi niya ito pinagpagurang bungkalin at paunlarin*.

PAG-AANGKIN SA BUNGA NG PAGPAPAGAL

Malalagom sa mga naratibo ng mga mananalaysay ang mga dahilan kung bakit nila tinutulan ang proyekto: hahatiin ang mga lupa nila at ililipat sila sa ibang lugar. Pansinin ang inisa-isang mga batayan:

<i>Adiay dagami idiaiy ket talaga mabingay ta dagidiay umakar ket [mapaalis] ta kukua ti ANCA diay guduana. Di ketdi basbassit diay dagamin. Itatta ti permi nga agreklamo idi, agrebelde, dagidiay kunak a, siempre dagidiay balbalayda napipintas, dagada napipintas, kasdiay. (MV)</i>	Talagang mahahati ang mga lupa namin dahil palilipatin ang mga tao upang makuha ng ANCA ang kalahati ng mga lupa. E di liliit ang mga lupa namin. Ang talagang nagrereklamo nun, mga nagrebelde, yung mga may magagandang bahay at magagandang lupain.
<i>Inikkatda tikarbenanganmi nga agtagikuan ta kakaasikami idin, biningayda ti San Antonio. Ti guduana kukuami kuma ngem sabali ti inimplementarda ta ipandakami yanti tulang nga kunada ket haankami nga agbiag didiayen. (FLO)</i>	Tinanggalan kami ng katapatang pagmay-arian ang mga lupain, kaawa-awa kami nun, hinati nila ang San Antonio. Yung kalahati, sa amin sana pero iba ang isinagawa dahil ilalagay kami sa buto [kalansay], hindi kami mabubuhay run.
<i>No nakapinpintas iti yanti dagam, yakardaka ti naalas a daga. (MH)</i>	Kung maganda ang lupa mo, ililipat ka sa di-magandang lupa.
<i>Kasla kuma kaniami, ti dagami ket kua, adiay napintas nga daga, nga matantannawagan iti karayan, ta papanendakami kanon ta idiaiy, idiaiy, ti kukuayo, kunkunanada met idi. Ket haanmi kayat a, ket nagpintas ti kaniami apay ta ipandakami idiaiy haan nga nataba, diay ruot, diay haan nga makumkuman, kasdiay ti kayatda idi. (MP)</i>	Halimbawa kami, mataba ang lupa namin, tanaw ang ilog, pinapalipat kami dun! Dun, ang inyo! Ayaw namin dahil maganda ang lupa namin, papupuntahin kami sa hindi mataba, sa talahiban, sa hindi nabubungkal, ganun ang gusto nila nun.
<i>Ti kayatda, papanawendakami ditoy. Yapandakami idiaiy ig-igid. (BO)</i>	Ang gusto nila, palayasin kami rito. Ilalagay kami sa gilid-gilid (laylayan).
<i>Uray no napintas iti dagam idi ket no kayatdaka nga ipurrasi didiay ket ipurrasidaka lattan, dagitay immay nga soldado idi. (JUA)</i>	Kahit maganda ang lupa mo nun kung gusto ka nilang itapon sa malayo, itatapon ka na lang, ng mga sundalong dumating nun.
<i>Haanda nga natungpal diay nasayaat nga proposalda idi ta no napintas iti kumanmo, mapanka iti kabatoan. No napintas met ti talonmo, mapanka met iti kabagbagingan. Isu adiay nagriri iti tao. (PG)</i>	Hindi nila nasunod ang magandang proposal nila dahil kung maganda ang bukid mo, ilalagay ka sa mabatong lugar. Kung maganda naman ang sinasaka mo, ilalagay ka sa mabaging. Dahil dito, nagrereklamo ang mga tao.

<i>Ta ibagada nga ikkatenda ti kumkuman ken balbalaymi, bulldoserenda, kunada. Adda diso nga pangipanananda kaniami ket haanmi met kayat. No ania diay kayatda nga diso nga pangipapanan kaniami, no kayatdakami kuma nga ipan diay turturod, addakam idiay kuma. (PED)</i>	Sinabi nilang paaalisin kami sa mga bukid at bahay namin, ibubuldozer nila. May lugar kaming lilipatan pero hindi namin gusto. Sila ang nagtakda kung saan kami pupunta. Kung gusto nila kaming dalhin sa mga burol (mabato), nandun sana kami.
<i>Ngem iti matandaanak adiaay napintas a dagami mapan iti naalas nga masukatan ti haan nga napintas nga daga, ipanda idiay, agsisinnukat kasdiay. Ngem haan nga intulok ti nagannakmi dayta. (GAB)</i>	Ang natatandaan ko, papalitan ng pangit na lupa ang maganda naming sakahan. Ilalagay kami run, magpapalitan ng mga posisyon. Pero hindi pumayag ang mga magulang namin.
<i>CHDF, company guard idi, idiayka nga banda, kunada ngamin. Ket itatta dagidiay nagannakko, “Ne tang, nagadayotayon! Nakaal-alas met nga kulong nga taltalon ne,” kunak met a. Haan nga mabalin a ta nagpintas diay talon ni tatang idi. (TER)</i>	Ang sabi ng CHDF at company guard nun, dun ka sa banda run. Ngayon yung mga magulang ko, “Ne tatang, napakalayo naman nun! Napakapangit pang sakahan,” ang sabi ko. Hindi puwede yung ganun dahil maganda ang bukid ni tatang nun.
<i>Ket kasano nga umakarkami ket awan pay kanenmi. Mapankay sabali nga lugar ket awan met kumanmi idiay. (LG)</i>	Paano naman kami lilipat e wala kaming makain. Papupuntahin kami sa ibang lugar pero wala naman kaming lupang mabubungkal dun. (Aking salin)

Sa pawang ekonomikong pagtingin, maaaring maunawaan ang sentimiyento ng mga magbubukid na ayaw mabawasan ang binubungkal at ayaw mapunta sa pangit na lugar. Lohikal at praktikal ang pagtutol kung wala naman silang kabuhayan sa lilipatan gaya ng karanasan ng maraming mga impormal na setler sa kalunsuran na inirereklamo ang kawalan ng trabaho sa reloksyon. Ito ang dahilan kaya kadalasang bumabalik ang mga ito sa lugar kung saan may kabuhayan sa kabila ng panganib na mahuli o mapalayas ulit. Kahalintulad ito ng rason ng mga tumututol na taga-Sta. Isabel at San Antonio.

Subalit kung iuugnay sa kadagaan, matatandaang sentral sa konsepto ang *aktibong paggawa upang maging mataba o kapaki-pakinabang ang lupa*. Sa ganitong balangkas, masasabing kaya tumututol ang mga residente sa paghahati ng lupa ay dahil napaunlad na nila ito. Nabuhusan na ng pagod at pangangalaga ng ilang henerasyon ng mga nagbubungkal. Kaya naman nabanggit sa mga sipi na pangunahing umaayaw ang may magagandang lupain. Sa parehong esensiya, tinutunggali ang planong reloksyon dahil sa pangambang hindi sila makapagtatanim dito. Nag-aalala silang hindi nila kadagaan ang lugar na “naalas ti daga” (pangit ang lupa), “haan nga nataba” (hindi mataba), “ruot” (damo), at “tulang” (buto). Ang mga inihandang reloksyon na nasa “ig-igid” (gilid-gilid o laylayan) at “nagadayo” (napakalayo) ay “haan nga makumkuman” (hindi nabubungkal) dahil “kabatoan” (mabato), “kabagingan” (mabaging), o “turturod” (maburol). Naranasan ito mismo ng mga pinalikas na taga-San Antonio:

<i>Ket adu a rigat a, kakaasikami a ta madikami met makabirok, awan met ti pagmulaanmi idiaiy inakaranmi. Ket mapan mangmangged idi a ta kabbalayko ti kua, mangal-ala ti kanenmi. (AI)</i>	Maraming paghihirap, kaawa-awa kami dahil walang kabuhayan, wala naman kaming tatamnan sa nilipatan namin. Kaya namamasukan nun itong mister ko para may pangkain kami.
<i>Isu pay ti pagkamangan ti dadduma ngem kuna daydi lakayko, matay ti nuang dita kunana, awan pagpakanan, isu kinayatna ditoy. (VCB)</i>	Dun din pumupunta yung iba pero sabi ng mister ko, mamamatay ang kalabaw riyan, walang makakakain, kaya mas ginusto niya rito.
<i>Narigat a, haan nga daga. Kabatbatoan, kamposanto. Kasla kamposanto. (FB)</i>	Napakahirap, hindi lupa. Mabato, sementeryo. Tila sementeryo. (Aking salin)

Katulad ng dinanas nina AI, VCB, at FB, tinangka ng kanilang pamilyang magsaka sa nilipatang lugar subalit bigo silang gawing kapaki-pakinabang ang lupa. Makabuluhan ang pahayag na “matay ti nuang” o mamamatay ang kalabaw upang mailarawan kung anong klaseng lupa ang hindi kayang magpakain sa maaasahang hayop. Makapangyarihan ang paggamit ng deskripsiyong “kamposanto” (sementeryo) upang bigyang-diin na lugar ito kung saan hindi lang hayop ang mamamatay kundi pati mga tao. Upang maitawid ang pamumuhay, kinailangan nang magbenta ng mga magsasaka ng lakas-paggawa sa ibang lugar.

SUPERNATURAL NA SALIK NG KADAGAAN SA DANAS NG HACIENDA SAN ANTONIO AT STA. ISABEL

Sa puntong ito’y muling babalikan ang Ilokanong konsepto ng kadagaan kung saan may papel ang supernatural (wala sa kontrol ng tao) sa biyayang makukuha mula sa lupa (o kabuhayan sa pangkalahatan). Hindi naman ito isinasantabi, subalit may natukoy na kongkretong mga salik na nagreresulta sa kalagayan ng “saan a kadagaan” (hindi kadagaan): *Sa karanasan ng Hacienda San Antonio at Sta. Isabel, hindi supernatural na puwersa ang nagkakait sa mga tao upang makamit ang kadagaan (maunlad na lupa).* Hindi ang lupa / daga ang may kasalanan sa kakapusan at kahirapan kundi ang mapagsamantalang sistema ng hatian at ang hindi makatarungang batayan ng pagmamay-ari ng lupa.

Matatandaang sentral sa kadagaan ang aktibong pagpapagal upang gawing produktibo ang lupang nilipatan. Kung susuriin, napagtagumpayan ng mga migranteng Ilokano na hawanin at paunlarin ang mga lupain sa asyenda. Napatunayan ito ng 100 taong pamamayagpag ng Tabacalera sa produksiyon ng tabako sa loob at labas ng bansa. Napapakinabangan din ng mga tao ang mga pananim na mais, palay, at gulay pero hindi lubusang nakukuha ang bunga ng pagod dahil nakikihati ang Tabacalera sa kanilang ani. Maaari sana itong makamit kung ipinamahagi ang mga lupa pagsapit ng 1981, isang siglo makalipas ibigay ng Kastilang administrador ang pangako sa mga Ilokano. Sa pagdating ng korporasyong ANCA na tinaguriang mangangamkam ng lupa, madaling nasapul ng mga tao kung bakit kailangang ipaglaban ang mga binubungkal.

Sa kadagaan, pinipili rin ng lupa ang kaniyang bibiyayaan kaya naman kahit sa kabila ng ekstraordinaryong pagsisikap, mayroon pa ring hindi napagbubunga ang lupa. Gayunman, sa gitna ng mapagsamantalang sistema ng hindi pantay na hatian sa ani; mababang presyo ng mga produkto; hindi nakabubuhay na kita; siklo ng kahirapan at kamangmangan; at matingkad na hindi pagkakapantay-pantay, hindi nabibiyaan ang magsasakang nagbubungkal kahit pa ibayong sikap ang ibuhos. Nakita na ito sa karanasan ng mga taga-asyenda sa ilalim ng Tabacalera. Gayundin, naranasan ito ng mga napalayas na mga residente sa kanilang reloksasyon sa ilalim ng korporasyong ANCA. Matatandaang tinutulan ng mga taga-Sta. Isabel at San Antonio ang lugar na paglilipatan dahil sa katangian nitong mabato, mabaging, malayo, o mala-sementeryo. Kahit anong gawin ng matiyagang magbubukid, hindi magiging mabunga ang lupa dahil kahit kalabaw, susukuan ito. Kung wala nang sapat na ikinabubuhay ang mga tao, maaaring magresulta ito sa pagkakasakit dahil sa kakulangan sa nutrisyon o kawalan

ng pampagamot. Kung hindi malulunasan, maaari pang humantong sa kamatayan. Hindi nga ba't puwedeng tawagin ang mga itong "kamalasan"?

PAGKAKATULAD NG KADAGAAN AT TUNAY NA REPORMA SA LUPA

Sa pagbabago ng panahon at pag-unlad ng politikal na kamulatan, kongkretong matutukoy ng mga magsasaka kung ano o sino ang nagkakait sa kanila ng kadagaan at kung anong maaaring kalutasan dito. Sa paglakas ng laban ng mga magsasaka laban sa agribisnes ni Cojuangco, itinaguyod nila ang "tunay na repormang agraryo" ("Turmoil in Cagayan" 12) na masasabing may pagkakatulad sa konsepto ng kadagaan:

KADAGAAN	TUNAY NA REPORMA SA LUPA
- Bubuhusan ng sipag at tiyaga ng mga magsasaka ang lupa upang maging produktibo. - Patunay ang masaganang ani na kadagaan ng <i>nagbungkal</i> ang lugar. "Saan a kadagaan" (hindi kadagaan) ang pook kung dumarating ang malalang karamdaman, di-inaasahang kamatayan, o sunod-sunod na kamalasan.	- Libreng pamamahagi sa mga magsasaka ng <i>lupang binubungkal at pinagpapaguran</i>. - Pamimigay ng suporta at subsidyo sa mga importanteng aspekto ng produksiyong agrikultural. - Pagbabawal sa kumbersiyon, eksempsiyon, at eksklusyon na makapagpapawalang-bisa sa distribusyon ng lupa.

May parehong esensiya ang kadagaan at tunay na reporma sa lupa: mapasakamay ng nagbubungkal ang bunga ng kaniyang pagod. Sa pakikiisa sa ibang sektor at pag-unlad ng kamalayan, mabisa nang nasasapul na hindi nanggagaling sa langit ang paghihirap ng mga tao kundi sa daigdig mismo. Mababanaag ito sa sumusunod na pahayag:

Ania kadi ti pagapoan iti riribok? Kas kuma iti presidente, iti kapitalista, ania ti mangmangtuat kadagiti panagrigrigat iti mannalon? No haan nga dagita nangato nga it-itedda nga produkto iti talon nga aggapo sabali nga nasyon. E di haan kadi nga ti produkto iti mannalon, kakaasi ta nababa ti presio iti irik, mais. Apay kastoy ti mapaspasamak iti mannalon? Ti panagrigrigat. (GAB)

(Ano bang pinanggalingan ng mga tunggalian? Katulad ng presidente o kapitalista, ano ang nagdudulot ng paghihirap ng mga magsasaka? Yang mga napakamahal na input sa produksiyon na galing sa ibang bansa. Tapos kawawa ang mga magsasaka dahil [mahal ang nagastos] pero binabarat ang bili sa palay, mais. Bakit ganito ang nagaganap sa magsasaka? Ang mga paghihirap.) (Aking salin)

Matutukoy na kung sino o ano ang salarin sa patuloy na pagkakalugmok ng masipag na magbubukid. Para sa masang magsasaka na nagkaroon na ng politikal na kamulatan, hindi na supernatural na puwersa ang pinagmumulan ng saan a kadagaan (hindi kadagaan) kundi sistema ng hindi pagkakapantay-pantay. Sa kasaysayang agraryo, pinagmamay-arian ng iilan ang malalawak na lupain dahil sila ang nakapagpatitulo (dahil sa usura, desepsiyon, pagpapalayas, at iba pa). Kadalasang kahit ekstraordinaryong lakas, hindi sasapat kung napupunta lang sa pambayad-utang ang kalakhan ng inani. Sa mga pagkakataong ganito, kailangan na ng pagbibigay ng suporta at subsidyo upang matulungan ang mga magsasakang makatuon sa pagpapaunlad ng lupain. Sa pamamagitan nito'y mabibigyan ng pagkakataon ang mga taong makahulagpos sa kalagayang nagdudulot ng saan a kadagaan (hindi kadagaan). O sa ibang salita, ang tunay na repormang agraryo ay *paglalatatag ng kondisyon upang malikha ang kadagaan*. Upang maging masagana ang lupa para sa mga nagpapagal, kailangan ding ibigay ang suporta sa mga magsasaka sa mahahalagang aspekto ng produksiyon. Kaya naman masasabing mahalaga ang tunay na repormang agraryo sa pagkamit ng kadagaan.

KADAGAAN SA NAGBABAGONG PANAHON

Kaiba rin sa nakagawian ng mga "lagalag" na Ilokanong palagiang naghahanap ng ginhawa, hindi na kasindali ang paghahanap ng kadagaan sa modernong panahon. Dahil sa pagbabago ng mga kalagayang panlipunan, hindi na katulad ng dati na marami pang malalawak na lupaing malilipatan at mahahawan. Halos lahat na ng mga lupain sa Pilipinas ay mayroon nang

pribadong nagmamay-ari at hindi rin naman bukas para sa lahat ang pampublikong mga lupain. Bukod dito, hindi lahat ng mga Ilokano ay may kakayahang mangibang-bayan o may kamag-anak sa ibang bansa. Gayundin, mas mahigpit na ang mga batas patungkol sa migrasyon lalo ng mauunlad na bansa. Sa gitna ng mga nasabing pagbabago, masasabing may pag-angkop na ring makikita sa konsepto ng kadagaan. Dahil sinasabing transheograpikal ang mga Ilokano, hindi na nalilimita lamang sa “lupang sinasaka” ang “daga” sa kadagaan (lalo’t hindi naman lahat ng mga Ilokano’y magbubukid). Mahalagang sipatin, halimbawa, ang mga manggagawang Ilokano sa nagtatanggol sa karapatan sa paggawa. May kaakibat pa ring konsepto ng kadagaan ang pagtatanggol sa hanapbuhay dahil ito ang tumutugon sa pangangailangang ekonomiko.

Masasabing malaki ang potensiyal ng konsepto ng kadagaan sa pagtatanggol sa lupa (o kabuhayan) dahil sa kaisipang karapat-dapat na mapasakamay ang bunga ng lakas-paggawa. Subalit dahil sa mga pagbabagong dala ng panahon, hindi na sasapat ang mga tradisyonal na paraan ng paghahanap sa kadagaan (pagdappat [pagposisyon sa mga lugar na walang nakatira] o pangingibang-bansa). Kaya para sa mga nakibakang masa sa Sta. Isabel at San Antonio, maisasakatuparan lamang ang kadagaan sa pamamagitan ng pagsulong ng tunay na reporma sa lupa. Paliwanag ng isang residente ng Sta. Isabel:

Ay awan pay, haan pay nga nagun-od, awan pay ti [pudno] a reporma ti daga. Ta ti laban, kusto nga kukuam ti daga, kukuam ti ap-apitem. Ngem ditay pay ammo no pagtinnaganto ta baka laeng agkurri manen dagiti dadakkel nga tattao, baka agkurri manen kasla diay dati. No maapan to manen ti kastan ay ket ilabanmi latta a. (JUA)

(Wala pa, hindi pa nakakamit, wala pang [tunay na] reporma sa lupa. Dahil ang ipinaglalaban, ang makatarungang pag-aangkin ng magsasaka sa lupa at ani. Pero hindi natin alam kung saan patungo ito dahil baka subukan na naman ng malalaking tao, baka bumalik yung katulad ng dati. Kung mangyayari man ito, lalaban pa rin kami.) (Aking salin)

PANGWAKAS

Masasabing nagtagumpay ang mga mamamayan ng Hacienda Sta. Isabel at San Antonio sa kanilang pakikibaka dahil inatras ni Danding Cojuangco ang

kaniyang planong agribisnes sa lugar. Taong 1983 nang tuluyang lisanin ng mga tropang militar at paramilitar ang mga asyenda. Sa kabila nito, sinasabing hindi pa rin tuluyang nakakamit ang tunay na repormang agraryo kahit pa ipinag-utos ni Pangulong Ferdinand Marcos ang pamamahagi at pagbebenta ng 11,448 ektarya sa mga magsasaka. Landbank ang bibili ng mga lupa sa ANCA at babayaran naman ng benepisyaryo ang halagang itatakda ng bangko sa loob ng 15 hanggang 25 taon (*Partial Reports*). Dito hindi sang-ayon ang mga magsasaka sa asyenda dahil:

Libre kuma nga maited ti dagdagamin ta isuda ngarud ti nangsuksukay kadagidiay nga dagdaga. (TER)

(Libre na sanang ibigay sa amin itong mga lupa namin dahil [ang mga ninuno] namin ang nagbungkal sa mga lupang iyon.) (Aking salin)

Muli, mababanaag ang pag-aangkin sa lupang pinagpaguran at sa ganitong esensiya masasabing nagpapatuloy pa rin ang pakikibaka ng mga magsasaka para makamit ang kadagaan.

Gayunman, hindi inaangkin na kadagaan lamang ang dahilan kaya ipinagtanggol ng mga magsasaka ang lupa. Sa katunayan, ang pananagumpay ng kilusang masa sa Hacienda Sta. Isabel at San Antonio ay resulta ng pagkakaisa ng iba’t ibang sektor⁶. Subalit makabuluhan pa ring siyasatin ang konsepto upang mas maintindihan ang proseso ng paghahanap ng ginhawa ng mga Ilokano kabilang ang pagsusulong ng tunay na repormang agraryo at iba pang mga usapin sa lupa at kabuhayan. ♦

MGA TALA

- 1 Bahagi ng aking disertasyon (2019) ang mga sipi at mga pangyayaring sinuri sa papel.
- 2 Ang literal na salin ng “haan pay nga nakatangad” ay “hindi pa nakakatingala o naiaangat ang ulo” na ang ibig sabihin ay “sanggol”.
- 3 Magiging politikal na yunit (baranggay) ang mga cabisera sa ilalim ng administrasyong Amerikano.
- 4 “Gatud” ang tawag sa pagpitas o pag-ani sa mga dahon ng tabako.
- 5 “Kapit” o “apit” ang tawag sa pagsasama-sama ng mga tabakong magkakapareho ang sukat at kalidad at pagrorolyo o pagtirintas sa mga ito.
- 6 Para sa karagdagang detalye, maaaring sangguniin ang “Kadagaan sa Sarita at Pakasaritaan: Ang Kilusang Masa ng San Antonio at Sta. Isabel, Ilagan Isabela,” Disertasyon (2019). Tri-College PhD Philippine Studies, UP Diliman.

MGA SINIPING AKDA

- Agcaoili, Aurelio S. *Dangadang*. QC: University of the Philippines Press, 2003. Limbag.
- Agcaoili, Aurelio Solver. *Balabala ti Filosofia nga Ilokano*. Honolulu: Undertow Books, 2016. Limbag.
- Constantino, Renato. “Kadagaan.” *Ilokano Dictionary*. Honolulu: University of Hawaii Press, 1971. Limbag.
- Davies, C. H. “Tobacco-Planting in the Philippines.” *Pacific Affairs* 12.3 (1939): 304-307. Limbag.
- Doyo, Ma. Ceres P. “The Farmer of the Valley Though Bowed Down by the Weight of Centuries No Longer Just Looks on the Ground.” *Philippine Panorama* Abril 5, 1981: 6-13. Limbag.
- Galvez-Rubino, Carl R. “Kadagaan.” *Ilokano Dictionary and Grammar*. Honolulu: University of Hawaii Press, 2000. Limbag.
- Geladé, George P. “Kadagaan.” *Ilokano-English Dictionary*. Manila: CICM Missionaries, Inc., 1993. Limbag.

Hamilton, Paula at Linda Shopes, mga ed. *Oral History and Public Memories*. Philadelphia: Temple University Press, 2008. Limbag.

Jacobson, H. O. *Tobacco in the Philippines*. Philippines: Bureau of Printing, 1913. Limbag.

Malbarosa, Jose Maria Arcadio C. “Subersyong Lokal at Negosyong Global sa Panahong Kolonyal: Landas at Bakas ng Pagsuway at Hirarkiya.” Pambansang Kumperensiya ng ADHIKA. Philippine Normal University - Northern Luzon Campus, Alicia, Isabela. 29 Nob. 2017. Lektura.

Malumbres, Julian. *Historia De La Isabela*. Manila: Colegio de Sto. Tomas, 1918. Limbag.

Manzano, Joanne Visaya. “Kadagaan sa Nobelang *Dangadang*: Pagsusuri sa Konseptong Ilokano sa Pagtatanggol sa Lupa.” Pambansang Kumperensiya ng ADHIKA. Romblon State University, Odiongan, Romblon. 29 Nob. 2019. Lektura.

Manzano, Joanne Visaya. “Kadagaan sa Sarita at Pakasaritaan: Ang Kilusang Masa ng San Antonio at Sta. Isabel, Ilagan, Isabela.” Dis. Unibersidad ng Pilipinas Diliman. 2019.

Marcos, Ferdinand. “Notes for the Remarks of His Excellency Ferdinand E. Marcos on the Meeting with Isabela Farmers.” *Official Gazette*. Manila, 4 Marso 1982. Onlayn.

“One Day Inside the ‘Republic of Anca.’” *NASSA News* Disyembre 1981: 7. Limbag.

Parreño, Earl G. *Boss Danding*. Quezon City: Earl G. Parreño at First Quarter Storm Foundation, Inc., 2003. Limbag.

Partial Reports. Hacienda Update. Marso 29, 1982 - Abril 8, 1982. Limbag.

Pelzer, Karl J. “The Spanish Tobacco Monopoly in the Philippines, 1782-1883 and the Dutch Forced Cultivation System in Indonesia, 1834-1870.” *Archipel* 8.1 (1974): 147-153. Onlayn.

Purugganan, Miguel G. "Injustice Deserves No Mass." *WHO* Enero 9, 1982: 42. Limbag.

Putzel, James. *A Captive Land: The Politics of Agrarian Reform in the Philippines*. London: Catholic Institute for International Relations; New York: Monthly Review Press, 1992. Limbag.

Raventos, Emili Giralt. *La Compañía General de Tabacos de Filipinas 1881-1981*. Barcelona: Compañía General de Tabacos de Filipinas, 1981. Limbag.

Rodao, Florentino. 1998. "Spanish Companies in the Philippines After the Revolution." *The Philippine Revolution and Beyond*. Ed. Elmer A. Ordoñez. Manila: Philippine Centennial Commission, National Commission on Culture and the Arts, 1998. 999-1011. Limbag.

Salgado, Pedro V. *Cagayan Valley and Eastern Cordillera: 1581-1898*. Quezon City: Rex Publications, 2002. Limbag.

Salgado, Pedro. "Cancer in Isabela." *Impact: Asian Magazine for Human Development* Abril 1982: 117-119. Limbag.

Señoren, Samuel V. "A New Deal in Isabela." *Weekend*, Enero 4, 1981: 21-23. Limbag.

Timpuyog ti Cagayan Valley. *Situationer: Hacienda San Antonio-Sta. Isabel*. 1981. Limbag.

Tecson, Grace. "A Century of Land Occupation: The Case of the Farmers of Haciendas Sta. Isabel and San Antonio in Ilagan, Isabela." *Rural Development Studies* 8.6 (1992): 1-26. Limbag.

"The Anca Case: No Time for Dreaming." *NASSA News* Disyembre 1981: 5-6, 8. Limbag.

"Turmoil in Cagayan." *NASSA News* Pebrero 1981: 12. Limbag.

"Ti Pannakidangadang ti Umili iti Hacienda San Antonio-Sta. Isabel." *Baringkuas: Rebolusyonaryo a Dyaryo ti Umili iti Cagayan Valley* Abril-Hunyo, 2002: 9. Onlayn.

Trinidad, Recah. "The Tenants Have a Right to Protest If They Are in Heaven and We Came to Evict Them." *Philippine Panorama* Abril 5, 1981: 14-19. Limbag.

Youngblood, Robert L. *Marcos Against the Church: Economic Development and Political Repression in the Philippines*. Quezon City: New Day Publishers, 1983. Limbag.



Kawaksing Propesor si JOANNE VISAYA MANZANO sa Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas, Kolehiyo ng Arte at Literatura, UP Diliman. Kabilang sa mga interes sa pananaliksik ang panitikang maritimo sa Pilipinas, Araling Seaman, kilusang pesante sa Lambak ng Cagayan, at Araling Amianan. Kabilang sa nailathala nang mga akda ang aklat na *Ang Pilipinong Seaman sa Globalisasyon: Mga Naratibo ng Pagsubok at Pakikibaka* (2018) at mga artikulong "Potensiyal ng Kadagaan at Dangadang sa Haraya ng Nasyon: Pagsusuri sa Nobela at Pahayagang *Dangadang* sa Balangkas ng Talabang Pambansa-Rehiyonal ni Lumbea" (2020) at "Ontolohiya, Materyalidad, Metapora, at Transgresyon: Haraya ng Dagat sa mga Piling Kuwento ni Gremer Chan Reyes" (2020). Miyembro si Prop. Manzano ng Taripnong Cagayan Valley at All UP Academic Employess Union.

Ilang Tampok na Katangian ng Ponolohiya ng Wikang Ayta Magbukun¹

Title in English

NOAH CRUZ
YEDDAH JOY PIEDAD

ABSTRAK

Batay sa pinakahuling tala ng Summer Institute of Linguistics (SIL) International, ang Ayta Magbukun, na mayroon na lamang tinatayang 1,000 mananalita, ay kasalukuyang isa sa mga wika sa Pilipinas na mayroong pinakamaliit na populasyon. Nilalayon ng kasalukuyang pananaliksik na makapag-ambag sa limitadong mga dokumentasyon at pag-aaral sa wikang Ayta Magbukun sa pamamagitan ng pagtalakay sa ilang katangiang ponolohikal ng wikang ito. Partikular na tuon ng papel ang sumusunod na aspekto: mga segmental at suprasegmental na ponema, phonotactics, at mga morpoponolohikal na prosesong pinagdaraan ng mga tunog. Upang maging komprehensibo ang ginawang pagsusuri, ginamit sa pananaliksik na ito ang mga metodong ginagamit sa acoustic phonetics, gaya ng paggamit ng mga computer software na Praat at JPlot Formants.

Mga susing salita: Ayta Magbukun, ponolohiya, acoustic phonetics, phonotactics, morpoponolohikal na proseso ISO 639-3 language code: ayt

ABSTRACT

According to the latest report of the Summer Institute of Linguistics (SIL) International, Ayta Magbukun, which has approximately one thousand speakers, is currently one of the Philippine languages with the smallest population. The present paper seeks to contribute to the limited documentation and studies on the said language by providing a brief discussion on some of the phonological characteristics of Ayta Magbukun. The discussion specifically revolves around the following areas: segmental and suprasegmental phonemes, phonotactics, and morphophonological processes. In order to provide a comprehensive analysis of the topic, methods commonly used in acoustic phonetics were employed in this study, such as the use of computer software Praat and JPlot Formants.

Keywords: Ayta Magbukun, phonology, acoustic phonetics, phonotactics, morphophonological processes ISO 639-3 language code: ayt

1. PANIMULA

Ang wikang Ayta Magbukun ay isa sa apat na pangunahing katutubong wikang sinasalita sa lalawigan ng Bataan. Ang mga mananalita ng wikang ito ay naninirahan sa mga bayan ng Abucay, Bagac, Balanga, Limay, Mariveles, Morong, Orani, Orion, at Samal. Ayon sa datos na nakalap ng Summer Institute of Linguistics noong taong 2011, ang wikang Ayta Magbukun ay mayroon na lamang tinatayang 1,000 mananalita (Eberhard et al.). Batay naman sa ulat ng Komisyon sa Wikang Filipino, sa 383 sambahayang sinarbey para sa pagpapatupad ng programang Bahay Wika, kalahati ang bilingual na mananalita ng Ayta Magbukun at Tagalog; gayunman, hindi ganap ang kabihasaan sa Magbukun ng mga bilingual na mananalita (Delima).

Bunga ng pagkakaroon ng kakaunting bilang ng mga mananalita at ng limitadong paggamit dito, ang wikang Ayta Magbukun ay nakatala bilang isang threatened o nanganganib na wika sa Ethnologue (Eberhard et al.). Bagama't nanganganib na ang estado ng wikang Ayta Magbukun, iilang pag-aaral pa lamang ang naisasagawa tungkol dito, partikular sa dokumentasyon ng nabanggit na wika. Gayundin, karamihan sa mga pananaliksik na naisagawa tungkol sa naturang wika ay nakasentro lamang sa kalinangan, kasaysayan, at paraan ng pamumuhay ng mga mananalita nito.

Dahil sa suliranin ng kakulangan ng mga pag-aaral na ang pokus ay ang grammar ng Ayta Magbukun, mahalagang makapagsagawa ng mga komprehensibo at malalimang pag-aaral tungkol sa gramatika ng wikang ito. Layunin ng kasalukuyang pananaliksik na makapagbigay ng isang preliminaryong paglalarawan ng ilang mga katangian ng ponolohiya ng wikang Ayta Magbukun. Partikular na sinuri sa papel na ito ang sumusunod na aspekto: mga segmental at suprasegmental na ponema, phonotactics, at mga morpoponolohikal na prosesong pinagdaraan ng mga tunog.

2. MGA NAUNANG PAG-AARAL TUNGKOL SA WIKANG AYTA MAGBUKUN

Kabilang sa iilang mga pag-aaral tungkol sa wikang Ayta Magbukun ay ang ilang historikal at komparatibong pag-aaral na naglalayong ilahad ang kaugnayan ng Ayta Magbukun sa iba pang mga katutubong wika sa Pilipinas. Ilan sa mga ito ay mababasa sa akda

nina Himes noong 2012 at Reid noong 1994. Mayroon ding mga naisagawang paglalarawan sa katangian ng wikang Ayta Magbukun, at ang mga ito ay mababasa sa mga akda ng Summer Institute of Linguistics (SIL) at ng Kagawaran ng Edukasyon, at ni Monica Cabanding.

2.1. MGA HISTORIKAL AT KOMPARATIBONG PAG-AARAL NA MAY KAUGNAYAN SA AYTA MAGBUKUN

Ang pag-aaral ni Himes ay isang pagtatangka upang pagtibayin ang pagkakaroon ng isang microgroup na kinabibilangan ng Kapampangan, mga wikang Sambalic, at Sinauna.² Upang masuportahan ang kaniyang palagay, inilatag ni Himes ang mga pagbabagong ponolohikal na naganap mula sa Proto-Malayo-Polynesian hanggang sa kasalukuyang sistema ng mga tunog ng mga wikang kabilang sa grupong Central Luzon. Kung susuriin ang pagsisiyasat na isinagawa ni Himes, makikitang ang pangunahing dahilan ng pagkakabilang ng Ayta Magbukun sa naturang microgroup ay ang pagkakaroon nito ng reflex na /y/ para sa Proto-Malayo-Polynesian (PMP) *R. Ayon kay Himes, ang pagkakaroon ng regular na reflex na /y/ ng PMP *R ang pangunahing ponolohikal na katangiang nagbubuklod sa mga wikang Central Luzon. Sa pag-usad ng kaniyang papel, patuloy na ipinakita ni Himes ang ugnayan ng mga wikang Central Luzon sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga panghalip at inobasyong leksikal na makikita sa mga wikang ito.

Isa namang palagay ukol sa maaaring pinagmulan ng mga wikang Negrito sa Pilipinas ang inihain ni Reid sa kaniyang papel. Bagama't sa mga kasalukuyang pananaliksik at pagpapangkat sa mga wika sa Pilipinas ay ibinibilang ang Ayta Magbukun at iba pang mga wikang Negrito sa pamilyang Austronesian dahil sa mga leksikal at syntactic na pagkakatulad ng mga ito sa mga di-Negritong wika sa Pilipinas, sinasabi ni Reid na maaaring hindi Austronesian ang mga wikang sinalita ng mga sinaunang Negrito. Batay sa mga nakalap na datos, mayroong mga salita sa mga wikang Negrito na nalalayo ang anyo sa iba pang mga wika sa Pilipinas. Ayon kay Reid, ang kasalukuyang mga wikang Negrito ay dating mga pidgin na ginamit noong dumating ang mga sinaunang mananalita ng mga wikang Austronesian sa kalupaan ng Pilipinas. Ang naturang mga pidgin umano ay na-creolize at paglipas ng panahon ay na-decreolize kung kaya't ang mga ito ay nagkaroon ng malaking pagkakahawig sa mga wikang Austronesian.

2.2. MGA PAG-AARAL SA GRAMATIKA NG WIKANG AYTA MAGBUKUN.

Sa pamamagitan ng pagsusuri sa isang recording na tatlong oras ang haba, inilatag ni Monica Cabanding sa kaniyang isinulat na papel ang mga deictic demonstrative sa wikang Ayta Magbukun. Apat na kategoriya ng deictic demonstrative ang natukoy ni Cabanding: ang adverbial, pronominal, adnominal, at identificational.

Isa namang akda na ang pangunahing layunin ay magamit bilang gabaysa pagbabaybay ng mga salita sa wikang Ayta Magbukun ang nabuo sa pamamagitan ng kolaborasyon ng SIL at ng Kagawaran ng Edukasyon. Ang akdang ito, na pinamagatang “Mamaha Kita Muy Na: Tamung Ma-In Gabay Ha Pagbaybay Ung Halitang Magbukun,” ay nakasulat sa tatlong wika: Tagalog, Ingles at Ayta Magbukun. Kalakip din ng gabay sa pagbabaybay na ito ang isang maikling diskusyon tungkol sa ilang pundamental na aspekto ng grammar ng wikang Ayta Magbukun, gaya ng mga panghalip at mga pananda.

3. METODOLOHIYA NG PANANALIKSIK

Tuon ng bahaging ito ng papel ang pagtalakay sa metodolohiyang ginamit ng mga mananaliksik upang maabot ang pangunahing layunin ng pag-aaral. Hinati sa dalawang subseksiyon ang bahaging ito: (1) pagkalap ng datos at paraan ng pagsusuri; at (2) mga teknikal na terminong gagamitin sa paglalarawan sa ponolohiya ng wikang Ayta Magbukun.

3.1. PAGKALAP NG DATOS AT PARAAN NG PAGSUSURI

Sa pananaliksik na ito, ginamit na pangunahing instrumento sa pagkalap ng datos ang word list ng UP Department of Linguistics. Ang naturang word list ay binubuo ng mahigit 600 na salita, na pinangkat ayon sa sumusunod na mga tema: (1) tao, at mga pantao at panlipunang relasyon; (2) katawan ng tao; (3) mga hayop, halaman, at pagkain; (4) kalikasan at panahon; (5) mga espirituwal at panrelihiyong paniniwala; (6) mga bahagi ng tahanan; (7) mga pananamit at kasangkapan; (8) panahon (oras); (9) mga pamilang; (10) mga pang-uri; at (11) mga pandiwa.

Ang mga salita sa word list, na nakatala sa parehong Ingles at Tagalog, ay ipinasalin ng

isa sa mga mananaliksik sa tatlong consultant na pawang mga taal na mananalita ng Ayta Magbukun noong Oktubre 4, 2019. Sa parehong pagkakataon, kumuha rin ng audio recording ng ilang piling salita habang binibigkas ang mga ito ng isa sa mga consultant. Ang mga salita ay isinulat gamit ang International Phonetic Alphabet o IPA upang malinaw na maitala ang bawat tunog, diin at haba sa mga salita. Sa huli, ang mga nakalap at na-transcribe na datos ay ipinaberipika sa mga language consultant upang matiyak ang kawastuhan ng mga ito.

3.1.1. MGA COMPUTER SOFTWARE NA GINAMIT SA PAGSUSURI

Upang makatulong din sa pagbibigay ng komprehensibong paglalarawan sa mga katangian ng ponolohiya ng wikang Ayta Magbukun, gumamit ang mga mananaliksik ng dalawang software na karaniwang ginagamit sa acoustic phonetics o pag-aaral sa mga pisikal na katangian ng pananalita.

3.1.1.1. PRAAT.

Ang Praat ay isang computer software na dinisenyo upang magamit sa speech analysis. Naipapakita nito ang spectrogram ng isang audio recording kung saan nirerepresenta ng waveforms ang amplitude ng tunog. Sa pamamagitan nito, makikita ang haba at lakas ng mga indibidwal na tunog, Narerepresenta rin ng Praat ang mga padron sa intonasyon, taas, at lakas ng mga pananalita (Boersma at Weenink).

Pangunahing ginamit ang Praat sa pananaliksik na ito upang makuha ang F1 at F2 formant values ng mga patinig, na siya namang ginamit sa pagmamapa sa mga tunog na patinig sa wikang Ayta Magbukun. Ang formant values na nakuha para sa isang patinig ay katumbas ng frequency at bandwidth nito.

3.1.1.2. JPLOT FORMANTS

Matapos makuha ang formant values ng mga patinig gamit ang Praat, ipinasok ang mga ito sa JPlot Formants—isang computer software na ginagamit sa pagmamapa ng mga patinig. Batay sa value ng formants na ipinasok, naipapakita ng JPlot Formants ang posisyon at taas ng dila habang binibigkas ang sinusuring patinig.


3.2. MGA TEKNIKAL NA TERMINONG GINAMIT SA PAGLALARAWAN SA PONOLOHIYA NG WIKANG AYTA MAGBUKUN

Sa pag-usad ng papel, iba't ibang teknikal na lingguwistikong termino ang ginamit sa paglalarawan sa ponolohiya ng wikang Ayta Magbukun. Ilan sa mga nabanggit ay tatalakayin sa subseksiyong ito.

3.2.1. PARAAN NG PAGBIGKAS

Karamihan sa mga teknikal na terminong ginamit sa papel ay mayroong kaugnayan sa manner of articulation o paraan ng pagbigkas sa isang tunog. Narito ang ilan sa mga uri ng tunog na katinig ayon sa paraan ng pagbigkas sa mga ito:

- (i) stop- binibigkas nang may buo at panandaliang pagpigil sa paglabas ng hangin sa bibig;
- (ii) nasal- binibigkas sa pamamagitan ng pagpaparaan ng hangin palabas sa ilong;
- (iii) tap- binibigkas sa pamamagitan ng pagtapik ng dulo ng dila sa likod ng ngipin o alveolar ridge;
- (iv) fricative- binibigkas sa pamamagitan ng patuloy na pagpapalabas ng hangin sa bibig na mayroong bahagyang pag-antala;
- (v) affricate –pinagsamang stop at fricative, may kompleto at panandaliang pagbara sa hangin na sinusundan ng patuloy na pagpapalabas ng hangin nang may bahagyang pag-antala; at
- (vi) approximant- binibigkas sa pamamagitan ng paglalapit ngunit hindi tuluyang pagsasara ng mga labi.



Larawan 1. "Human vocal organs and points of articulation."
Image. Encyclopædia Britannica. Encyclopædia Britannica. n.d. Web. 24 Abril 2021.

3.2.2. BAHAGING GINAGAMIT SA PAGBIGKAS

Mahalaga rin sa paglalarawan sa mga tunog na katinig ang pagsusuri sa bahagi ng vocal tract na ginagamit sa pagbigkas ng isang partikular na tunog. Narito ang isang larawan na nagpapakita ng mga bahagi ng vocal tract ng tao:

Larawan 1. “Human vocal organs and points of articulation.” Image. Encyclopædia Britannica. Encyclopædia Britannica. n.d. Web. 24 Abril 2021.

4. PONOLOHIKAL NA ANALISIS

Ang pagsusuri sa ponolohiya ng wikang Ayta Magbukun ay hinati sa apat na bahagi. Unang tinalakay ang mga segmental na katangian ng ponolohiya ng wika. Ang bahaging ito ay sinundan naman ng pagtalakay sa mga suprasegmental na katangian. Ikatlong inilahad ang phonotactics ng wikang Ayta Magbukun, at huling tinalakay ang mga morpoponolohikal na proseso.

4.1. MGA SEGMENTAL NA KATANGIAN

Ang terminong segment ay tumutukoy sa pinakamaliit na elementong maririnig sa isang pananalita. Mayroong dalawang pangunahing pangkat ng mga segment sa isang wika: mga segment na katinig at mga segment na patinig.

4.1.1. MGA KATINIG

Mayroong 16 na katinig na ponema o natatanging tunog na ginagamit sa wikang Ayta Magbukun. Ang mga ito ay ang sumusunod: /b/, /p/, /t/, /d/, /k/, /g/, /h/, /ʔ/, /m/, /n/, /ɾ/, /ŋ/, /dʒ/, /l/, /w/, at /j/. Naipakilala rin sa Ayta Magbukun ang /s/ dahil sa mga hiram na salitang mula sa iba pang mga kalapit na wika.

Maaaring hatiin ang mga katinig sa wikang Ayta Magbukun sa pitong pangkat ayon sa paraan ng pagbigkas sa mga ito: (i) mga stop na /p/, /b/, /t/, /d/, /k/, /g/, at /ʔ/; (ii) mga nasal na /m/, /n/, /ŋ/; (iii) tap na /ɾ/; (iv) mga fricative na /s/ at /h/; (v) affricate na /dʒ/; (vi) mga approximant na /w/ at /j/; at (vii) lateral approximant na /l/.

	Labial		Dental		Alveolar		Post-alveolar		Palatal	Velar		Glottal
Stop	p	b	t	d						k	g	ʔ
Nasal		m		n							ŋ	
Tap/Trill						ɾ						
Fricative					(s)							h
Affricate								dʒ				
Approximant		w							j			
Lateral approximant						l						

Talaan 1. Mga ponema sa wikang Ayta Magbukun

4.1.1.1. MGA STOP

Mayroong pitong stop ang Ayta Magbukun: /p/, /b/, /t/, /d/, /k/, /g/, at /ʔ/. Ang unang anim na nabanggit ay bumubuo ng tatlong pares ng mga tunog na may parehong paraan at lugar ng artikulasyon ngunit nagkakaiba sa feature ng voicing o pagkakaroon ng tinig. Ang isang tunog ay tinatawag na voiced o mayroong tinig kung binibigkas ito nang magkalapit ang glottis, na siyang nagdudulot ng pagkakaroon ng vibration sa vocal folds sa pagdaan ng hangin dito. Ang mga tunog na voiced sa pares ng mga stop na nabanggit ay ang /b/, /d/, at /g/. Voiceless o walang tinig naman ang mga tunog na binibigkas nang bukas ang glottis kung kaya’t hindi nagkakaroon ng vibration sa vocal folds. Ang mga voiceless na tunog ay ang /p/, /t/, /k/, at /ʔ/.

Maliban sa /d/ na hindi natatagpuan sa huling posisyon, ang lahat ng stops ng Ayta Magbukun ay maaaring matagpuan sa unahan, gitna, at huling posisyon sa isang salita. Nakatala sa susunod na mga subseksiyon ang ilang mga halimbawang nagpapakita ng distribusyon ng mga stop at ang mga minimal pair at near-minimal pair na makatutulong sa pagpapakita ng pagiging phonemic ng bawat tunog sa wika.

4.1.1.1. /p/ at /b/.

Matatagpuan ang voiceless bilabial stop /p/ at voiced bilabial stop /b/ sa tatlong posisyon sa loob ng salita: unahan, gitna, at huli. Sa gitnang posisyon, maaaring makita sa simula o dulo ng pantig ang /p/ at /b/ gaya ng ipinapakita sa halimbawa (1b) at (1c).

(1) Distribusyon ng /p/

a. unahan	/ˈpaːti/	[ˈpaːtɛ]	‘patay’
b. gitna	/hap.ˈlut/	[hap.ˈlɔt]	‘damit’
c.	/lum.ˈpar/	[lum.ˈpɑr]	‘lumipad’
d.huli	/hup.ˈhɔp/	[hup.ˈhɔp]	‘sipsip’

(2) Distribusyon ng /b/

a.unahan	/ˈbiːjaj/	[ˈbiːjaj]	‘buhay’
b.gitna	/tab.ˈʔaŋ/	[tab.ˈʔaŋ]	‘tabang’
c.	/bu.ˈbuʃ/	[bu.ˈbɔʃ]	‘bibig’
d.huli	/dub.ˈdɔb/	[dub.ˈdɔb]	‘dibdib’

(3) Mga near-minimal pair para sa pares na /p/ at /b/

a. /pa.lak.ˈpak/	[pa.lak.ˈpak]	‘pakpak’
/ba.lag.ˈbag/	[ba.lag.ˈbag]	‘pagsikat ng araw’
b. /pu.ˈjuʔ/	[pu.ˈjɔʔ]	‘puyo’
/bu.ˈjaʔ/	[bu.ˈjaʔ]	‘bigas’
c. /pa.ˈtul/	[pa.ˈtɔl]	‘kapatid’
/ba.ˈtu/	[ba.ˈtɔ]	‘bato’

4.1.1.2. /t/ at /d/

Maaaring matagpuan ang voiceless dental stop /t/ sa tatlong posisyon sa loob ng salita: unahan, gitna, at huli. Samantala, ang voiced dental stop /d/ naman ay matatagpuan lamang sa unahan at gitnang posisyon sa salita.

(4) Distribusyon ng /t/

a. unahan	/ˈtaːwu/	[ˈtaːwɔ]	‘tao’
b. gitna	/wit.ˈwit/	[wit.ˈwɛt]	‘kulam’
c.	/ʔug.ˈtuʔ/	[ʔug.ˈtɔʔ]	‘tanghali’
d. huli	/ki.ˈlat/	[ki.ˈlat]	‘kulog; kidlat’

(5) Distribusyon ng /d/

a. unahan	/da.ˈʔup/	[da.ˈʔɔp]	‘hangin’
b. gitna	/mad.ˈlum/	[mad.ˈlɔm]	‘madilim’
c.	/ʔin.ˈduʔ/	[ʔin.ˈdɔʔ]	‘ina’
d. huli	-----		

(6) Mga near-minimal para sa pares na /t/ at /d/

a. /ˈtaːwu/	[ˈtaːwɔ]	‘tao’
/ˈdaːwun/	[ˈdaːwɔn]	‘dahon’
b. /ta.ˈmuː. raw/	[ta.ˈmuː. raw]	‘ari ng babae’
/da.ˈmuː.lag/	[da.ˈmuː.lag]	‘kalabaw’

4.1.1.3 /k/ at /g/

Ang voiceless velar stop /k/ at voiced velar stop /g/ ay matatagpuan sa tatlong posisyon sa loob ng salita: unahan, gitna, at huli. Gaya ng makikita sa mga halimbawa sa ibaba, sa gitnang posisyon ng isang salita ay maaaring makita sa simula o dulo ng pantig ang /k/ at /g/.

(7) Distribusyon ng /k/ at /g/

a. unahan	/ka.ʔi.'li/	[ka.ʔi.'lɛ]	'tawa'
b. gitna	/'mik.nal/	['mik.nal]	'upo'
c.	/tag.'kuʔ/	[tag.'kɔʔ]	'lubid'
d. huli	/'dʒu:.nak/	['dʒu:.nak]	'lawá'

(8) Distribusyon ng /g/

a. unahan	/gi:.num/	[gi:.nɔm]	'fog'
b. gitna	/ʔag.'taj/	[ʔag.'taj]	'atay'
c.	/pu:.gar/	[pu:.gar]	'pugad'
d. huli	/da.'mu:.lag/	[da.'mu:.lag]	'kalabaw'

(9) Near-minimal pair para sa pares na /k/ at /g/

a. /ʔa.'nak/	[ʔa.'nak]	'anak'
/'ʔa:.nag/	['ʔa:.nag]	'anay'

4.1.1.4. /ʔ/

Ang glottal stop /ʔ/ o impit na tunog ay kalimitang nagsisilbing onset o inisyal na tunog na katinig sa isang pantig. Matatagpuan din ang tunog na ito sa pagitan ng dalawang tunog na patinig. Sa pangkalahatan, ang glottal stop ay lumilitaw sa tatlong posisyon sa salita: unahan, gitna, at huli.

(10) Distribusyon ng /ʔ/

a. unahan	/ʔu.'ʔu/	[ʔu.'ʔɔ]	'ulo'
b. gitna	/bag.'ʔaŋ/	[bag.'ʔaŋ]	'bagang'
c. huli	/'dʒi:.laʔ/	['dʒi:.laʔ]	'dila'

4.1.1.2. MGA NASAL

Ang mga tunog na nasal ay nabibigkas sa pamamagitan ng pagdaan ng hangin sa ilong bunga ng pagbaba ng velum o malambot na bahagi ng ngalangala. Ang lahat ng tunog na nasal ay binibigkas nang voiced o may tinig.

Mayroong tatlong nasal na tunog na ginagamit sa wikang Ayta Magbukun: /m/, /n/, at /ŋ/. Maliban sa /ŋ/ na hindi ginagamit sa unahan ng isang salita, matatagpuan sa lahat ng posisyon sa loob ng salita ang mga nasal na tunog sa Ayta Magbukun.

(11) Distribusyon ng /m/

a. unahan	/ma.'ʔin/	[ma.'ʔɛn]	'mayroon'
b. gitna	/ʔum.'nu/	[ʔum.'nɔ]	'ilan'
c.	/ʔa.'mak/	[ʔa.'mak]	'bahay'
d. huli	/da.la.mi. ram/	[da.la.mi. ram]	'ambon'

(12) Distribusyon ng /n/

a. unahan	/'ni:.pun/	['ni:.pun]	'ngipin'
b. gitna	/kin.'dat/	[kin.'dat]	'kindat'
c.	/la.'num/	[la.'nɔm]	'tubig'
d. huli	/'pu:.ʔun/	['pu:.ʔɔn]	'puno; katawan ng puno'

(13) Distribusyon ng /ŋ/

a. unahan	-----		
b. gitna	/pu.waŋ.'kʌn/	[pu.waŋ.'kʌn]	'pamangkin'
c.	/bu.'ŋuʔ/	[bu.'ŋʊʔ]	'bungo'
d. huli	/ma.'mu:.hiŋ/	[ma.'mu:.hɛŋ]	'uling'

(14) Minimal pair para sa pares na /m/ at /n/

a.	/ʔa.'mak/	[ʔa.'mak]	'bahay'
	/ʔa.'nak/	[ʔa.'nak]	'anak'

(15) Mga near-minimal pair para sa pares na /m/ at /ŋ/

a.	/mi:.num/	[mi:.nʌm]	'inom'
	/mi:.ruŋ/	[mi:.rʌŋ]	'tayo'
b.	/sa.'maʔ/	[sa.'maʔ]	'bad'
	/ha.'ŋa/	[ha.'ŋa]	'sanga'

(16) Minimal pair at near-minimal pair para sa pares na /n/ at /ŋ/

d.	/ʔu:.tan/	[ʔu:.tan]	'ahas'
	/ʔu:.taŋ/	[ʔu:.taŋ]	'utang'
e.	/ha:.na/	[ha:.na]	'gusto'
	/ha.'ŋa/	[ha.'ŋa]	'sanga'

4.1.1.3. TAP.

Ang tap o flap na tunog ay nabubuo sa pamamagitan ng mabilis na pagtama ng dila sa taas na bahagi ng bibig. Hindi gaya sa wikang Tagalog na limitado lamang ang posisyong kinaiiralan ng /r/, sa wikang Ayta Magbukun ay lumilitaw ang tunog na ito sa lahat ng posisyon.

(17) Distribusyon ng /r/

a. unahan	/ra:.gat/	[ra:.gat]	'dagat'
b. gitna	/ka.lar.'kar/	[ka.lar.'kar]	'kaladkad'
c.	/ta.'rum/	[ta.'rʌm]	'talim'
d. huli	/pa.ŋur.'kur/	[pa.ŋur.'kʌr]	'kudkuran'

4.1.1.4. MGA FRICATIVE.

Mayroong dalawang fricative na ginagamit sa wikang Ayta Magbukun: /s/ at /h/. Ang /h/ ay matatagpuan lamang bilang unang katinig sa isang pantig sa unahan at gitna ng salita. Samantala, ang tunog na /s/ ay lumilitaw lamang sa mga hiram na salita. Maaari itong makita sa unahan, gitna, at huling posisyon sa salita.

(18) Distribusyon ng /h/

a. unahan	/ha:.na/	[ha:.na]	'gusto'
b. gitna	-----		
c.	/maj.'ha/	[maj.'ha]	'isa'
d. huli	-----		

(19) Distribusyon ng /s/

a. unahan	/si:.siw/	[si:.siw]	'sisiw'
b. gitna	/ʔis.daʔ/	[ʔis.daʔ]	'isda'
c.	/ka.lan.'saj/	[ka.lan.'saj]	'kalansay'
d. huli	/ma.'li:.nis/	[ma.'li:.nis]	'malinis'

4.1.1.4.1. KARAGDAGANG OBSERBASYON TUNGKOL SA /s/.

Gaya ng una nang nabanggit, ang tunog na /s/ ay matatagpuan lamang sa mga hiram na salita. Iregular ang pagpapanatili at pagbabago ng tunog na /s/ sa mga hiram na salita gaya ng makikita sa ibaba:

Inisyal na /s/	Panggitnang /s/	Pinal na /s/
simbahan > himbaan sala > hala sisiw > sisiw	kalabasa > kalabaha plasa > plaha	sapatos > garapatus singkamas > hingkamas labanos > labanu kamatis > kamati

Talaan 2. Pagpapanatili at pagbabago ng /s/ sa mga hiram na salita sa wikang Ayta Magbukun

4.1.1.5. AFFRICATE.

Ang affricate ay isang tunog na nagsisimula sa pagiging stop at nagtatapos sa isang fricative. Hanggang sa kasalukuyan ay wala pa ring kaisahan sa mga palagay kung ang mga affricate ba ay dapat na ituring bilang isang indibidwal na tunog o ang mga ito ay magkasunod lamang na stop at fricative. Sa pananaliksik na ito, pinaniniwalaang ang affricate na /dʒ/ sa wikang Ayta Magbukun ay dapat na ituring bilang isang indibidwal na ponema sapagkat kung tataluntunin ang pinagmulan nito, matutuklasang ito ay nagmula sa iisang tunog lamang. Makikita sa isang pag-aaral ni Himes, na ang /dʒ/ ay tila reflex o kasalukuyang manipestasyon ng Proto-Malayo Polynesian *d (508-509).

PMP *dilaq	‘dʒi:.laʔ	‘dila’
PMP *daRaq	‘dʒa:.jaʔ	‘dugo’

4.1.1.6. MGA APPROXIMANT.

Ang mga tunog na approximant ay nabibigkas sa pamamagitan ng paglalapit ng isang articulator sa isa pang articulator nang hindi nagkakaroon ng friction. Mayroong dalawang approximant sa Ayta Magbukun: ang labial approximant /w/ at palatal approximant /j/. Tinatawag din ang mga itong glide o semi-vowel.

	Onset			Coda		
/w/	/wit.‘wit/	[wit.‘wet]	‘kulam’	/ʔaw.‘luʔ/	[ʔaw.‘lɔʔ]	‘araw’
	/ka.‘ʔa:.waj/	[ka.‘ʔa:.waj]	‘kaaway’	/ma.nak.‘baw/	[ma.nak.‘baw]	‘tumalon’
/j/	/ja.‘muk/	[ja.‘mɔk]	‘lamok’	/maj.‘luʔ/	[maj.‘lɔʔ]	‘hilaw’
	/kil.‘ja:.wan/	[kil.‘ja:.wan]	‘dilaw’	/‘bi:.jaj/	[‘bi:.jaj]	‘buhay’

Talaan 3. Distribusyon ng /w/ at /j/ sa mga salita.

4.1.1.7. LATERAL APPROXIMANT.

Ang mga lateral approximant ay nabibigkas sa pamamagitan ng pagpapadaan ng hangin sa dalawang gilid ng dila. Sa wikang Ayta Magbukun, mayroong isang lateral approximant na ginagamit: ang voiced alveolar lateral approximant /l/. Maaaring matagpuan ang /l/ sa unahan, gitna, at huling posisyon sa salita.

(20) Distribusyon ng /l/

a. unahan	/ˈla:.ki/	[ˈla:.kɐ]	‘lalaki’
b. gitna	/na.mul.ˈha:.jat/	[na.mul.ˈha:.jat]	‘puti; maputi’
c.	/ˈʔu:.luŋ/	[ˈʔu:.lɔŋ]	‘tiyo’
d. hulihan	ˈpi:.ŋul/	[ˈpi:.ŋɔl]	‘tenga’

(21) Minimal pair at near-minimal pair para sa pares na /r/ at /l/

a.	/ku.ˈrut/	[ku.ˈrɔt]	‘kurot’
	/ku.ˈlut/	[ku.ˈlɔt]	‘kulot’
b.	/ra.ˈtuʔ/	[ra.ˈtɔʔ]	‘umaga’
	/la.ˈtuŋ/	[la.ˈtɔŋ]	‘dating’

4.1.2. MGA PATINIG.


Mayroong tatlong ponemang patinig na makikita sa wikang Ayta Magbukun: /a/, /i/, at /u/.

	Front	Central	Back
High	i		u
Low		a	

Talaan 4. Mga ponemang patinig sa wikang Ayta Magbukun

Upang malinaw na maipakita ang vowel space ng wikang Ayta Magbukun, gumamit ng dalawang computer software ang mga mananaliksik. Una munang ginamit ang Praat upang makuha ang mga F1 at F2 na formant ng mga patinig. Malaki ang kaugnayan ng mga formant na ito sa pagtukoy sa posisyon ng dila habang binibigkas ang isang patinig. Ginagamit ang F1 sa pagtukoy sa taas o baba ng dila habang binibigkas ang isang patinig. Nangangahulugan ang mataas na value ng F1 na mababa ang dila habang binibigkas ang isang patinig, at ang mababang value naman ng F1 ay nagpapahiwatig na mataas ang posisyon ng dila. Sa kabilang banda, ang F2 ay ginagamit sa pagtukoy sa frontness at backness ng dila habang binibigkas ang isang patinig. Ang mataas na value ng F2 ay sumasalamin sa pagiging fronted, samantalang ang mababang value ng F2 ay nagpapakita ng pagiging atrasado ng dila habang binibigkas ang isang patinig.

Nirerepresenta ng susunod na plot ang lugar at paraan ng artikulasyon ng mga patinig sa wikang Ayta Magbukun.



Larawan 2. Vowel space ng wikang Ayta Magbukun

Makikita naman sa susunod na talaan ang mean value ng mga formant ng bawat patinig na sinuri sa papel na ito:

	F1	F2
/i/	439 Hz	2127 Hz
/a/	777 Hz	1523 Hz
/u/	515 Hz	1100 Hz

Talaan 5. Mga mean value ng mga formant ng mga patinig sa wikang Ayta Magbukun

4.1.2.1. ANG PATINIG NA /i/.

Ang ponemang /i/ ay isang high, front, unrounded na patinig. Mayroong dalawang allophone o aktuwal na manipestasyon ang ponemang ito: ang [i] at [ɛ]. Ang allophone na [ɛ] ay lumilitaw lamang sa huling pantig ng isang salita. Ang penomenong ito kung saan nagkakaroon ng allophone na mas mababa kaysa sa pinagmulang ponema ay tinatawag na vowel lowering. Ang allophone na [i] naman ng ponemang /i/ ay lumilitaw sa iba pang posisyong hindi kinaiiralan ng [ɛ]. Gayunman, gaya ng iba pang mga patinig sa Ayta Magbukun, ang ponemang /i/ at ang mga allophone nito ay hindi matatagpuan sa pinakaunang posisyon ng isang salita sapagkat lagi itong pinangungunahan ng isang katinig.

(22) Distribusyon ng /i/

Bukas na pantig

a. unahan	/ʔi:.kuj/	[ʔi:.kɔj]	‘buntot’
b. gitna	/ma.ʔi:.ni/	[ma.ʔi:.nɛ]	‘malinis’
c. huli	/ʔpa:.ji/	[ʔpa:.jɛ]	‘paso (singe)’

Saradong pantig

a. unahan	/ʔin.di.ʔin/	[ʔin.di.ʔɛn]	‘diin’
b. gitna	/ma.ʔik.ʔluk/	[ma.ʔik.ʔɔk]	‘maiksi’
c. huli	/ma.ʔki:.tir/	[ma.ʔki:.tɛr]	‘makitid’

4.1.2.2. ANG PATINIG NA /u/.

Isang high, back, rounded na patinig ang ponemang /u/. Mayroong dalawang allophone ang ponemang ito: ang [u] at [ɔ]. Ang distribusyon ng mga allophone ng ponemang [u] ay tulad ng distribusyon ng mga allophone na [i] at [ɛ] ng ponemang /i/: ang [ɔ] ay lumilitaw lamang sa pinakahuling pantig ng isang salita, habang ang [u] ay makikita sa mga posisyong hindi kinaiiralan ng [ɔ].

(23) Distribusyon ng /u/

Bukas na pantig

a. unahan	/ʔu.ʔluk/	[ʔu.ʔɔk]	‘hilik’
b. gitna	/bu.ʔtu:.ʔun/	[bu.ʔtu:.ʔɔn]	‘bituwín’
c. huli	/ba.ʔra:.hu/	[ba.ʔra:.hɔ]	‘braso’

Saradong pantig

a. una	/hup.ʔhup/	[hup.ʔhɔp]	‘sipsip’
b. gitna	/ta.kum.ʔpaw/	[ta.kum.ʔpaw]	‘talon’
c. huli	/dub.ʔdub/	[dub.ʔdɔb]	‘dibdib’

4.1.2.3. ANG PATINIG NA /A/.

Ang low, central, unrounded na patinig na /a/ ang natatanging central na ponema sa wikang Ayta Magbukun na nakita sa pag-aaral na ito. Iisa lamang ang allophone ng ponemang ito: [a]. Nangangahulugan itong ang allophone na [a] ang aktuwal na manipestasyon ng ponemang /a/ sa lahat ng posisyon sa isang salita. Narito ang ilang halimbawang salitang nagpapakita ng distribusyon ng patinig na /a/:

(24) Distribusyon ng /a/

Bukas na pantig

a. una	/ba.'ba:.ji/	[ba.'ba:.jɛ/	'babae'
b. gitna	/ma.'ha:.waŋ/	[ma.'ha:.waŋ]	'maliwanag'
c. huli	/ʔa.'ha:.wa/	[ʔa.'ha:.wa]	'asawa'

Saradong Pantig

a. una	/ʔaj.'maʔ/	[ʔaj.'maʔ]	'kamay'
b. gitna	/ma.ʔan.'di/	[ma.ʔan.'dɛ]	'maliit'
c. dulo	/ka.'jat/	[ka.'jat]	'kagat'

Nakatala sa ibaba ang mga minimal pair na nagpapatunay na ang mga patinig na /i/, /a/, at /u/ ay mga natatanging tunog at nagdudulot ng pagkakaiba ng kahulugan sa mga salita:

(25) Minimal pair para sa pares na /a/ at /u/

a.	/la:.pak/	[la:.pak]	'bali'
	/la:.puk/	[la:.pɔk]	'balahibo'

(26) Minimal pair para sa pares na /a/ at /i/

b.	/ha.'ŋa/	[ha.'ŋa]	'sanga'
	/hi.'ŋa/	[hi.'ŋa]	'hinga'

(27) Minimal pair para sa pares na /i/ at /u/


c.	/hi:.ku/	[hi:.kɔ]	'siko'
	/hu:.ka/	[hu:.ka]	'suka'

(28) Mga minimal pair para sa /i/, /u/, at /a/

d.	/ka:.nin/	[ka:.nɛn]	'kanin'
	/ka:.nun/	[ka:.nɔn/	'kain'
	/ka:.nan/	[ka:.nan]	'right'


4.2. MGA SUPRASEGMENTAL NA KATANGIAN. Ang mga suprasegmental ay hindi tulad ng segment na tumutukoy sa mga indibidwal na tunog. Ang mga ito ay tumutukoy sa kalidad ng mga tunog na makikita sa isang pantig, salita, o parirala. Ang mga suprasegmental na katangiang kadalasang matatagpuan sa isang wika ay ang haba (length), diin (stress), pitch (taas), intonasyon (intonation), at tono (tone). Dahil sa mga limitasyon sa pangangalap ng datos, tanging ang haba at diin lamang ang tinalakay sa bahaging ito.

4.2.1. HABA (LENGTH). Sa lebel ng mga salita, tanging ang mga tunog na patinig lamang ang kinakitaan ng natatanging haba o ng feature na [+length]. Sa susunod na larawan ay kapansin-pansing mas mahaba ang durasyon ng pagbigkas sa isang patinig kapag ito ay nasa isang pantig na may diin.



Larawan 3. Spectrogram ng salitang [ʔa.ˈtu:p]

Maaari ding magkaroon ng vowel lengthening o pagpapahaba ng patinig kapag ito ay nasa pinakadulong posisyon ng isang salita.



Larawan 4. Spectrogram ng salitang [ˈʔa:.gu:]

Sa mga datos na nakalap, walang nakitang consonant lengthening o gemination sa loob ng isang payak na salita.

4.2.2. DIIN (STRESS).

Ang stress sa wikang Ayta Magbukun ay nakikita sa paghaba at pagkakaroon ng diin sa isang tunog na patinig. Sa mga salitang mayroong dalawa hanggang tatlong pantig, malimit na nasa pinakahuli o ikalawa sa pinakahuling pantig ang diin. Sa mga salita namang mayroong higit sa tatlong pantig, hindi na madaling masabi ang posisyon ng diin. Tingnan ang mga halimbawa sa susunod na talaan:

Bilang ng pantig	Mga halimbawang salita	
Salitang may dalawang pantig	'dʒa:.jaʔ	'dugo'
	ha.'jaw	'sayaw'
Salitang may tatlong pantig	na.'wi:.ni	'katawan'
	ma.hag.'mak	'marami'
Salitang may apat na pantig	'ma:.ʔa.dʒa.joʔ	'malayo'
	nag.'tu:.tu.kaʔ	'inaantok'
	pa.li.'ba:.bo	'pataas'
	ha.li.pa.'tan	'kalimutan'

Talaan 6. Posisyon ng diin sa mga salita sa wikang Ayta Magbukun

Sa mga datos na nakalap, walang salitang nakuha na nagpapatunay na phonemic o nagdudulot ng pag-iiba ng kahulugan ng salita ang haba at diin sa Ayta Magbukun.

4.3. PHONOTACTICS.

Ang phonotactics ay tumutukoy sa mga tuntunin sa isang wika na nagdidikta ng kung ano-anong mga tunog ang maaaring magsama o maging magkakasunod. Binibigyang-tuon sa phonotactics ang estruktura ng pantig o ang kombinasyon ng patinig at katinig na maaaring bumuo ng isang pantig. Sinusuri din sa sangay na ito ng ponolohiya ang mga kambal katinig at ang mga diptonggo.

4.3.1. ESTRUKTURA NG MGA PANTIG.

Ang pinakapayak na estruktura ng pantig sa wikang Ayta Magbukun ay KP. Palaging nagsisimula sa katinig ang isang pantig, samantalang opsiyonal naman ang pagkakaroon ng katinig sa coda o dulo ng isang pantig. Batay sa datos na nakalap, maaaring magkaroon ng dalawang katinig sa simula ng pantig, subalit iisang salita lamang ang nakitaan nito.

Bilang ng pantig	Kombinasyon	Halimbawang salita
Salitang may dalawang pantig	KP-KP	/ja.'bi/ 'gabi'
	KP-KPK	/'ʔu:.tan/ 'ahas'
	KPK-KP	/tuŋ.'ʔu/ 'noo'
	KPK-KPK	/wit.'wit/ 'kulam'
Salitang may tatlong pantig	KP-KP-KP	/tu.tu.'li/ 'tutuli'
	KP-KP-KPK	/ba.'lu:.ŋuʔ/ 'ilong'
	KP-KPK-KPK	/pa.luŋ.'hun/ 'pababa'
	KPK-KP-KP	/bal.'ka:.ju/ 'balat ng kahoy'
	KPK-KP-KPK	/kil.'ja:.wan/ 'dilaw'
Salitang may apat na pantig	KP-KP-KP-KP	/hi.ni.ma.'ti/ 'hinimatay'
	KP-KP-KP-KPK	/da.la.mi.'ram/ 'ulan'
	KPK-KP-KP-KPK	/nag.'su:.su.lak/ 'kumukulo'
	KP-KPK-KP-KPK	/na.mul.'ha:.jat/ 'puti; maputi'
	KP-KP-KPK-KPK	/ʔa.li.tup.'tup/ 'alitaptap'

Talaan 7. Estruktura ng mga pantig sa wikang Ayta Magbukun

4.3.1.1. MGA KAMBAL KATINIG (CONSONANT CLUSTERS).

Iisa lang ang lumabas na kambal katinig sa nakalap na word list:

/’bwa:.wu/ [’bwa:.wɔ] ‘tuhod’

Mayroon pang isang salita mula sa mga nakalap na datos ang mayroong katulad na porma: ['bwa:.ti] 'bulati'. Gayunman, batay sa mas malalim na pagsusuri sa naturang salita, lumabas na pasalitang baryasyon lamang ito ng mas kompletong anyong /bu.'wa:.ti/ Ang pormang ['bwa:.ti] ay bunga ng pagmi-merge ng high back na patinig na /u/ sa kasunod nitong malapatinig na tunog na /w/.

Ayon sa word list na makikita sa gabay sa pagbabaybay na binuo ng Summer Institute of Linguistics at ng Kagawaran ng Edukasyon, mayroong mga kambal katinig na makikita sa mga salitang hiniram ng Ayta Magbukun. Ang mga kambal katinig ay makikita lamang sa inisyal na posisyon ng isang pantig.

(29) Mga kambal katinig sa mga hiram na salita sa Ayta Magbukun

a. /'draj.bir/	['draj.bər]	'drayber'
b. /'kli.ni.ka/	['kli.ni.ka]	'klinika'
c. /'pla.ha/	['pla.ha]	'plasa'

Bagama't walang mga kambal katinig sa loob ng mga salitang taal sa Ayta Magbukun, maaari pa ring magsunod ang dalawang katinig kung ang mga ito ay nasa magkahiwalay na pantig.

4.3.1.2. DIPTONGGO.

Ang terminong diptonggo ay tumutukoy sa tunog na nabuo sa pamamagitan ng pagsasama ng isang patinig at isang glide o malapatinig na tunog. Mayroong limang diptonggong makikita sa wikang Ayta Magbukun: /aw/, /uw/, /ij/, /aj/, at /uj/.

Diptonggo	Mga halimbawang salita
/aw/	/bul.'jaw/ 'sigaw'
	/ta.kum.'paw/ 'talon'
	/ʔaw.'luʔ/ 'araw'
/uw/	/pu.ʔuw/ 'gising'
/ij/	/'dʒu:.dʒij/ 'ihi'
/aj/	/ʔag.'taj/ 'atay'
	/bi.'saj/ 'talon'
/uj/	/tu.'luj/ 'tulog'
	/ʔuk.'luj/ 'itlog'

Talaan 8. Mga diptonggo sa wikang Ayta Magbukun

4.4. MGA MORPOPONOLOHIKAL NA PROSESO.

Maaaring magkaroon ng mga pagbabago sa mga tunog ng isang salita kapag ito ay nilapian o hindi kaya ay nalapit sa iba pang mga salita. Nagkakaroon din ng mga pagbabago sa mga tunog ng isang salita kapag ang mga ito ay aktuwal nang binibigkas. Sa mga datos na nakalap, tatlong pangunahing uri ng morpoponolohikal na proseso ang naobserbahan: asimilasyon, pagkakaltas (deletion), at gemination at glide formation.

4.4.1. ASIMILASYON.

Karaniwang nagkakaroon ng asimilasyon sa Ayta Magbukun kapag nagkakabit ng panlapi sa isang salita. Halimbawa, kapag inilalapi ang unlaping nagtatapos sa nasal na tunog gaya ng maN-, naN-, at paN- sa mga salita, nag-a-assimilate o lumalapit sa lugar ng artikulasyon ng katabing tunog ang nasal na tunog. Nagiging bilabial nasal ito bago ang mga bilabial stop (1a), dental nasal bago ang

mga dental stop at mga alveolar na tunog (1b), at velar nasal sa iba pang environment (1c).

(30)

- (a) paN- + 'bi:.lang > pa.'m(b)i:.lanj
 (b) paN- + tim.'bang > pan.(t)im.'banj
 paN- + di.kit > pan.di.'kit
 paN- + li.'ma > pan.li.'ma
 (c) paN- + 'ha:.laʔ > paŋ.'ha:.laʔ
 paN- + ʔa.'mak > paŋ.ʔa.'mak

4.4.2. PAGKAKALTAS (DELETION).

Karaniwang nangyayari ang proseso ng pagkakaltas o pagkawala ng tunog upang mapasimple ang pagbigkas sa mga salita. Sa wikang Ayta Magbukun, maaaring magkaroon ng pagkakaltas pagkatapos ng proseso ng asimilasyon. Sa prosesong ito, nawawala ang unang katinig ng salitang nilalapian at napapalitan ng huling katinig ng panlapi, gaya ng makikita sa sumusunod na halimbawa:

(31) paN+ 'bi:.lanj > pa.'mi:.lanj

ASIMILASYON1:	paN.'bi:.lanj > pam.'bi:.lanj
ASIMILASYON2:	pam.'mi:.lanj
PAGKAKALTAS:	pa.'mi:.lanj

(32) paN+ 'ku:.laj > pa.'ŋu:.lay

ASIMILASYON1:	paN.'ku:.laj > paŋ.'ku:.laj
ASIMILASYON2:	paŋ.'ŋu:.laj
PAGKAKALTAS:	pa.'ŋu:.lay

4.4.3. GEMINATION AT GLIDE FORMATION.

Dalawang ponolohikal na proseso ang nangyayari kapag nagki-cliticize o kumakabit ang focus marker na ay sa salitang sinusundan nito: gemination at glide formation. Nagkakaroon ng gemination o paghaba ng katinig sa Ayta Magbukun kapag ang salitang sinusundan ng ay ay isang katinig. Ang huling katinig ng salitang kakabitan ng ay ay tila dumodoble at ang isa rito ay kumakabit sa ay. Kung ang salita naman ay nagtatapos sa patinig, nagkakaroon ng glide formation kung saan isang phonetically-similar na malapatinig na tunog ang pumapagitna sa patinig na nasa dulo ng salita at ng ay.

(33) Gemination

mag.bu.'kun=naj	'Magbukun ay'
gut.'luŋ=ŋaj	'gitling ay'
ʔim.'pit=taj	'impit ay'
tul.'duk=kaj	'tuldok ay'

(34) Glide formation

ha.'ku=waj	'ako ay'
'li:.tra=jaj	'letra ay'
kaj.'ti=jaj	'dito ay'

5. BUOD.

Labing-anim (16) na taal na ponemang katinig ang naitala sa wikang Ayta Magbukun. Pito sa mga ito ang stop (/p/, /b/, /t/, /d/, /k/, /g/, at /ʔ/), tatlo ang nasal (/m/, /n/, at /ŋ/), isa ang tap (/ɾ/), isa ang fricative (/h/), isa ang affricate (/dʒ/), dalawa ang approximant (/w/ at /j/), at isa ang lateral approximant (/l/). Karamihan sa mga ito ay maaaring makita sa unahan at dulo ng isang pantig. Ang

/h/ at /dʒ/ naman ay hindi makikita sa huling bahagi ng isang pantig, samantalang ang /d/ ay hindi lumilitaw sa dulo ng isang salita. Tatlo ang naitalang mga ponemang patinig sa Ayta Magbukun: /u/, /i/, at /a/. Ang mga ito ay maaaring makita sa una, gitna, at huling pantig ng salita.

Sapagsusurinamansamgasuprasegmental na katangian, lumitaw na hindi sapat ang mga nakalap na datos upang ituring na phonemic ang diin at haba sa wikang Ayta Magbukun.

Tungkol sa phonotactics, lumitaw sa mga nakalap na datos na pinahihintulutan sa Ayta Magbukun ang sumusunod na estruktura ng pantig: KP, KPK, KKPK. Nakapagtala rin ng limang diptonggo sa pananaliksik na ito: /aw/, /uw/, /ij/, /aj/, at /uj/.

Tatlong pangunahing morpoponolohikal na proseso ang makikita sa Ayta Magbukun: asimilasyon, pagkakaltas, at gemination at glide formation.

6. REKOMENDASYON.

Dahil sa mga limitasyong dala ng kasulukuyang krisis pangkalusugan, hindi na nakapangalap pa ang mga mananaliksik ng karagdagang datos na maaaring magamit upang mas mapalawak ang sakop ng pag-aaral na ito. Mas mainam kung makapangangalap pa ng mga audio recording ng mga natural at pang-araw-araw na usapan sa wikang Ayta Magbukun. Maaaring magamit ang ganitong uri ng mga audio recording upang maobserbahan ang iba pang morpoponolohikal na prosesong mayroon ang wika. Mainam din itong gamiting pangunahing batayan sa pagsusuri sa papel ng intonasyon sa ponolohiya ng Ayta Magbukun.

Isa pa sa mga paksang mainam na suriin ay kung mayroon pang ibang central na patinig sa Ayta Magbukun bukod sa /a/ at kung mayroon nga ay bakit hindi na ito mababakas sa ponolohiya ng mga kasalukuyang mananalita ng Ayta Magbukun. ♦

MGA TALA

¹ Lubos ang pasasalamat ng mga mananaliksik kina Aldrin Cayetano, Vilma Cayetano, at Nelia Gulisan para sa kanilang napakahalagang kontribusyon bilang mga language consultant para sa pag-aaral na ito. Nagpapasalamat din ang mga awtor kay Jenard Tricano at sa kaniyang pamilya para sa kanilang pagtulong sa pakikipag-ugnayan sa mga language consultant.

² Ang Sinauna ay isang wikang kilala rin sa mga pangalang Sinauna Tagalog at Dumagat, Remontado.

MGA SINIPING AKDA

"Ayta, Magbukun." *Ethnologue*. Ed. David M. Eberhard, Gary F. Simons, and Charles D. Fennig. SIL International, 2021. Onlayn. 11 Abr. 2021.

Boersma, Paul, and David Weenink. "Praat: Doing Phonetics by Computer." *Praat.org*. 2011. Onlayn. 12 Abr. 2021.

Cabanding, Monica. "The deictic demonstratives of Aeta Magbukun." *ResearchGate*, https://www.researchgate.net/publication/354948805_The_Deictic_Demonstratives_of_Ayta_Magbukun. Inakses 28 Abr. 2021.

Delima, Purificacion G. "'Bahay-wika" for Ayta Magbukun: The Case of the Philippines." PDF.

Himes, Ronald S. "The Central Luzon Group of Languages." *Oceanic Linguistics* 51.2 (2012): 490-537. Onlayn. 28 Abr. 2021.

Reid, Lawrence A. "Possible Non-Austronesian Lexical Elements in Philippine Negrito Languages." *Oceanic Linguistics* 33.1 (1994): 37. Onlayn. 28 Abr. 2021.

Summer Institute of Linguistics and Department of Education. "Mamaha Kita Muy Na: Tamung Ma-In Gabay Ha Pagbaybay Ung Halitang Magbukun." PDF.

UP Department of Linguistics. "Word List for Language Documentation." PDF.



Si NOAH CRUZ ay kasalukuyang nagtuturo ng mga kurso sa linggwistiks sa Departamento ng Linggwistiks, Unibersidad ng Pilipinas Diliman. Siya ay nagtapos ng BA Linggwistiks at kasalukuyang kumukuha ng MA Linggwistiks sa parehong institusyon. Ang kanyang mga interes sa pananaliksik ay ponolohiya, pagbabago ng wika, etnolinggwistiks, at sosyolinggwistiks.

Si YEDDAH JOY PIEDAD ay nagtapos ng kursong BA Linggwistiks sa UP Diliman. Ang kanyang mga interes sa larangan ay ang pag-aaral ng mga sistema ng tunog ng mga wika at pagsusuri sa koneksiyon at interaksyon ng wika, kultura, at lipunan.

Babaylanismo: Ang Maka-Pilipinong Ekofeministang Lapit sa Pagsusuri ng mga Eko-*Siday*

Babaylanismo: A Filipinist-Ecofeminist Perspective in Analyzing Eco-Siday

IAN MARK P. NIBALVOS

ABSTRAK

Isang pagtatangka ang pag-aaral na pag-ugnayin ang panitikan at lipunan batay sa kaisipang babaylanismo-ekokritisismo. Pinalitaw ang ideya o ugnayan ng dalawang larang sa pamamagitan ng pagtingin sa lakas ng kababaihan na mauugat sa kapangyarihan at katungkulan nito sa sinaunang pamayamang Pilipino. Ginamit na batayan ang kaayusan ng sinaunang pamayanan lalo na ang estado ng babaylan bilang representasyon ng mga kababaihan. Iniugnay naman ito sa ekokritikal na pananaw partikular ang ekofeminismo. Kung kaya, ipinakikita sa papel na ito bilang panimulang pag-aaral, ang pagsusuri sa tatlong siday na nasa antolohiyang “Tinalunay: Hinugpong nga Panurat nga Winaray” ni Merlie M. Alunan: ang “Ha Akon Tunang Natawhan” (Sa Lupang Tinubuan) ni Iluminado Lucente, “Kan Inay, Paraghilot” (Kay Inay, Paraghilot) ni Jhonil Colima Bajado, at “Babayi” (Babae) ni John B. Simborios. Sinipat ang kaugnayan ng kababaihan sa ekolohiya, kung paano nagagamit ang lakas o kapangyarihan nito bilang mahalagang sangkap sa mga ugnayang nagaganap sa loob ng sistema tulad ng ugnayan nito sa kapuwa, sa kalikasan at sa lipunan. Ipinapanukala naman ang babaylanismo bilang isang teoryang tutuon sa lakas ng kababaihan sa loob ng ekolohiya sa pamamagitan ng kaniyang pakikilahok sa mga ugnayan sa kapuwa, sa lipunan at sa kalikasan na nagdudulot ng mga pagbabago. Ang pagbabagong itong tiningnan sa pagsusuri ay nakapokus sa tatlo: pangkalikasan, panlipunan, at pampolitika o pang-ekonomiya. Ito ay paghahalintulad sa kabisaan ng mga babaylan at ng babaylanismo na pakilusin ang mga nasasakupan nito o impluwensiyahan kung paano pakikitunguhan ang mga nilalang sa loob ng ekosistema, nakikita man o hindi.

Mga Susing Salita: Araling Pilipino, Araling Kasarian, Panitikang Pilipino, Ekokritisismo, Panunuring Pampanitikan

ABSTRACT

The study is an attempt to link literature and society based on the idea of babaylanism-ecocriticism. The idea or relationship of the two fields was highlighted by looking at the strength of women rooted in their power and role in the early Filipino society. The structure of the ancient community, especially the state of babaylan, was used as a basis for the representation of women. It is linked to the ecocritical view, particularly ecofeminism. Therefore, this paper presents as a preliminary study, the analysis of three siday in Merlie M. Alunan's anthology "Tinalunay: Hinugpong nga Panurat nga Winaray": "Ha Akon Tunang Natawhan" (To My Motherland) by Iluminado Lucente, "Kan Inay, Paraghilot" (To Mother, Paraghilot) by Jhonil Colima Bajado, and "Babayi" (Woman) by John B. Simborios. It examines the relationship of women to ecology, how their strength or power is used as an important component in the relationships that take place within the system such as its relationship to others, to nature and to society. Babaylanismo is proposed as a theory that focuses on the strength of women within ecology through her participation in social and environmental relations that bring about change. This change viewed in the analysis focuses on three: environmental, social, and political or economic. It is a comparison to the efficiency of babaylan and babaylanism to mobilize its constituents or influence how creatures within the ecosystem are treated, whether visible or not.

Keywords: Philippine Studies, Gender Studies, Philippine Literature, Ecocriticism, Literary Criticism



ANG BABAYLAN AT BABAYLANISMO

Binabaybay ni Padre Juan Felix de la Encarnacion (24) sa kaniyang *Diccionario bisaya-español* na unang inilathala noong ika-18 dantaon, ang babaylan bilang "babailan" na ang kahulugan nito sa mga Kristiyanong Bisaya ay "Sacerdotisa entre los idolatras" (babaeng namumuno sa ritwal panrelihiyon ng mga sumasamba sa mga idolo). Samantala, ayon naman kay Padre Alonso de Mentrída (36) na binabaybay rin ng katulad sa nauna, sa kaniyang *Diccionario de la lengua bisaya, hiliguenia y haraya de la isla de Panay* na inilathala noong ika-17 dantaon, nangangahulugan naman itong "sacerdotisa" o "pare pare sa mga babaye nga mga gentiles" (pari-parian sa mga babae ng mga di-bininyagan) o "babaylan".

Ang katagang "naga babailan" ay marami naman ang kahulugan: una, ang "maging o manungkulan bilang babailan"; pangalawa, "ang taong ginagawan ng mag-anito, at ang bayad ng gawaing babailan"; at pangatlo, "turuan ang isa pang ito'y maging babailan" (Salazar 30). Tinutukoy na "nag-aanito" (mula sa salitang "anito") ang pagsasakripisyo o pagsamba sa *diwata* (diyos, espiritu) o *umalagar* (kaluluwa/espiritu ng mga ninuno) na kapuwa ay matatawag ding "anito" (Salazar 30). Samakatuwid, ang babailan o babaylan ang nag-aanito sa sinaunang pamayanang Bisaya.

Ang babaylan ay isang tungkulin sa lipunan at sa sinaunang panahon halos lahat ng mga ito ay babae (Salazar 3). Sinalungguhan ni Salazar (6) ang kahalagahan ng Babaylan sa sinaunang pamayanang Pilipino dahil itinuturing ito bilang isa sa mga espesyalista sa lipunan (ang dalawa ay ang datu at ang panday). Siya ang pinakasentral na personahe sa larangan ng kalinangan, relihiyon at medisina at lahat ng uri ng teoretikal at praktikal na kaalaman hinggil sa penomeno ng kalikasan. Sa madaling salita, pagbabanggit pa ni Salazar (6), siya ay maituturing bilang isang *protoscientist* sa kabila ng kaniyang pagkadalubhasa hinggil sa tao at sa diyos. Kung gayon, sa isang lipunang hindi pa nadadatnan ng mga siyentipikong kaalaman noon, ang kanilang pakikipag-ugnayan sa kalikasan at sa mga nagaganap sa kapaligiran ay maituturing na isa sa mga pinagmulan ng mga kaalamang pang-aham sa bansa. Noon pa man, mayroon nang batayan ng kaalaman o karunungan ang mga Pilipino wala pa man ang mga dayuhang mananakop. Kaya naman nasa isang babaylan ang tiwala ng tao lalo na sa larangan ng relihiyon. Siya ang namamahala sa mga ritwal, halimbawa sa agrikultura (Salazar 6). Siya ang nagtatakda kung kailan dapat magsimula sa paghahawan ng kagubatan at pagsusunog dito upang muling matamnan. Siya rin ang nagtatakda kung kailan magkakaroon ng pag-ani (Salazar 6).

Ang babaylan ang siyang nagsasagawa ng paganito, na isang seremonya ng

pakikipag-usap sa mga diwata o mga espiritu (Scott, *Looking for the Prehispanic Filipino* 125). Ang babaylan ang nagsisilbing midyum ng pakikipag-usap ng mga sinaunang Pilipino sa mga 'di nakikitang nilalang upang hingin ang tulong sa pagpapatubo ng mga pananim, pagkakaroon ng magandang ani ng mga ito, at panghuhuli ng mga hayop; para sa pagkakaroon ng magandang klima; para sa tagumpay sa pakikipaglaban; para sa paggaling ng maysakit o sa pagkontrol ng pagkalat ng sakit; at para sa ikapapayapa ng kaluluwa ng isang namatay.

Tinatawag ng mga Tagalog ang mga babaylan na "*katalunan*" (Scott, *Barangay* 239) o "*catalonan*" (Plasencia, nabanggit sa Salazar 32) o "*katalonan*." Maaaring babae o lalaki ang mga ito (Scott, *Looking for the Prehispanic Filipino* 125, Scott, *Barangay* 239, Salazar 32) o kaya naman binabae na tinatawag namang "*bayuguin*" (Scott, *Barangay* 239) o "*asog*" (Scott, *Looking for the Prehispanic Filipino* 125) o "*ayog*" (na ayon kay Merlita B. Espina sa kaniyang papel na "*A Critical Study of Ibalong, The Bikol Folk Epic-Fragment*" na inilathala sa UNITAS ng Unibersidad ng Santo Tomas noong Hunyo 1968, ay nangangahulugang isang binabae na nagsasalita at nagbibihis na parang isang babae, nagsusuot ng alahas at palamuti). Subalit sa pag-aaral na ito, ang tuon lamang ay sa mga babaeng babaylan na siyang dominante noon pa mang sinaunang pamayanan na mula sa mga prominenteng pamilya at mayroong kaya dahil sa pagsasagawa ng ritwal (Scott, *Barangay* 239). Malinaw na hindi lamang mga babae ang nagsasagawa ng mga ritwal o ng gawaing babaylanismo. Sa pag-aaral na ito, itutuon lamang ang kaisipang babaylanismo sa kababaihan bilang lundayan ng lakas o kapangyarihan ng babaylan na nagpatuloy hanggang sa panahong kasalukuyan dulot ng mga pagsasanay at mga hamon ng pagbabago sa lipunan. Ito ay pagtatangka pa lamang na maisalin sa panitikan ang kaisipang ito at maaaring mapalawak pa ang pagsasakatuturan dito sa pamamagitan ng mga diskursong akademiko ng mga mananaliksik, eksperto, guro, mag-aaral at iba pang may interes sa paksa o konseptong ito.

Sa kabilang banda, ang terminong babaylanismo ay nagagamit naman sa ilang mga artikulo bilang isang praktika o ang pagsasagawa ng mga bagay na may kinalaman sa tungkulin ng isang babaylan tulad ng ritwal sa pagtawag sa mga 'di nakikitang nilalang. Wala itong tiyak na depinisyon o isang istandard na kahulugan sapagkat hindi pa makikita sa mga diksiyonaryo ang salitang ito. Nababanggit

ito sa artikulong "*Babaylanismo: Bringing Back the Old Way*" mula sa pahina sa *internet* na *Mi Dulce Vida: Arts, Lifestyle, Metaphysics, Occult, Photography, Poetry, Rants, and Social Issues, Technology...*, bilang isang pasalitang tradisyon sapagkat naililipat-lipat mula sa isang henerasyon tungo sa susunod na henerasyon ang praktikang ito. Ganito rin ang pagkakagamit sa termino sa artikulong "*Ang mga Babaylan sa Sinaunang Panahon*" ni John N. Ponsaran na mula naman sa pahina sa *internet* na Diwang Palaboy.

Bagama't matagal-tagal nang nagagamit ang terminong ito sa ilang mga artikulo, susubukan ng papel na itong bigyan ng kahulugan ang babaylanismo sa larangan ng panunuring pampanitikan, partikular bilang isang saligan sa pagsusuri ng mga siday. Napiling suriin ang mga siday, na tinatawag na eko-siday sa pag-aaral na ito, sapagkat mayaman ang pangkulturang produksiyon ng mga Waray sa pakikipag-ugnayan hindi lamang sa kaniyang kapuwa kundi maging sa kapaligiran kaniyang ginagalawan. Bilang pamayanang napaliligiran ng katubigan at kinalalagyan ng malalawak na lupain at kabundukan o kagubatan, pinanahanan din ang Samar at Leyte ng iba't ibang likas yaman, may buhay man o wala. Bahagi ang mga ito ng kanilang pinagkukuhanan ng "*pakabuhi*" (kabuhayan) at sa anumang sistemang panlipunan na malaki ang epekto sa kanilang "*kinabuhi*" (buhay o pamumuhay). Pinalilitaw rito ang babaylanismo bilang lakas ng kababaihan, partikular sa lipunang Waray, sa pamamagitan ng pag-uugat sa kapangyarihan at katungkulan nito sa sinaunang pamayanang Pilipino. Mahalagang maipook sa isang partikular na panahon at espasyo sa pag-aaral na ito ang kaisipang babaylanismo bilang panukalang batayan sa panunuring pampanitikan upang makita ang mga espesipikong ugnayang nagaganap sa isang pamayanan. Ang mga kaisipang ito na ilalatag sa ilang bahagi ng artikulo ang isang posibilidad ng pagbabasa at pagsusuring nag-uugnay sa ekokritikal na pananaw, partikular ang ekofeminismo, at panitikan na maaari ding mailapat sa karanasan at pangkulturang produksiyon ng mga Pilipino sa ibang rehiyon o lalawigan. Layunin nitong magpanukala ng bagong kaisipang pampanitikan na makikipagtalastasan sa feminis mong pananaw, na madalas ay mula sa o maka-Kanluran, o sumubok bumuo ng panibagong sanga ng ekokritisismo na lapat sa mga akdang Waray at sa iba pang akdang Pilipino.

ANG SIDAY AT ANG MGA NAGING PAGBABAGO SA ANYO NITO SA PAGLIPAS NG PANAHON

Noon pa mang bago tumapak sa kalupaan ang mga dayuhang Espanyol sa mga isla ng Samar at Leyte ay mayaman na ang mga katutubong Samareño at Leyteño sa paglikha ng tula sa paraang pabigkas. Unang naitala ng mga prayleng sina Padre Pedro Chirino at Padre Ignacio Francisco Alcina ang panulaang Waray. Ayon kay Chirino, ang mga Bisaya (kasama na ang mga Waray) ay may mga berso tungkol sa pinagmulan ng mundo, paraiso, mga delubyo at mga dinakikitang bagay na inaawit nila sa iba't ibang mga gawain o okasyon (Nabong-Cabardo, Diosdado, at Llaneta 12). Samantala, inisa-isa naman ni Alcina ang mga anyo ng tula ng mga sinaunang Waray: ang **ambahan** na inaawit ng marami o ng mga miyembro ng pamayanan sa tuwing pista; ang **bikal** na patulang diskurso o pagpapalitan ng mga berso ng dalawang lalaki o dalawang babae sa paraang debate; ang **balak** na pagpapalitan din ng berso ng lalaki at babae ngunit ang tema nito ay pag-ibig; ang **sidai o siday** na pinakamahirap sa lahat at itinatanghal upang papurihan ang isang tao, gunitain ang katagumpayan ng mga ninuno, at magpahayag ng paghanga sa kagandahan ng isang babae; ang **parahaya** na inaawit sa tuwing mayroong patay; at ang **awit** na kinakanta sa tuwing naglalayag, naghahabi, naglalakad pauwi mula sa palayan (Vilches 61; Nabong-Cabardo, Diosdado, at Llaneta 12). Mayroon pang ilang mga anyong tulang naidokumento sa panahong ito tulad ng mga *titigoon* o bugtong na ginagawang laro, ang *sareta* na isang patulang pagsasalaysay sa katapangan at kahinaan ng kanilang mga pinaniniwalang diyos o bayani, at ang *luwa* na mas pormal na anyo ng pagtula na mayroong regular na estruktura at ritmo (Nabong-Cabardo, Diosdado, at Llaneta 12-13).

Sa paglipas ng panahon, nalambungan ng impluwensiyang kanluranin ang mga anyong tulang ito ng mga katutubo. May ilang naglaho dahil na rin sa mga pagbabagong dulot ng paiba-ibang kaayusan sa lipunan. May ilan din namang napanatiling buhay subalit nagkaroon ng transpormasyon sa iba't ibang panahon tulad ng balak na tinawag na *amoral* (mula sa salitang "*amor*") sa panahon ng mga Espanyol at naging "*ismayling*" (mula sa salitang "*smiling*") sa panahon ng mga Amerikano. Napanatiling buhay rin ang mga bugtong, salawikain at mga awitin hanggang sa kasalukuyang panahon ngunit sa mga anyo ng tulang nababanggit,

tanging ang siday ang nagtamasa ng mataas na pagpapahalaga sa maraming mga manlilikha o manunulat. Kung kaya sa pagpasok ng Siglo 20, mas tumingkad ang paglikha ng siday na siyang istandard na termino na para sa tulang Waray.

Namulaklak ang panulaang Waray sa unang dekada ng Siglo 20 na unang bahagi rin ng pananakop ng mga Amerikano. Mula sa tradisyong pabigkas ng mga katutubong Waray, sa panahong ito naman unti-unting naipahahayag nila ang kanilang damdamin sa pamamagitan ng pagsusulat. Pagsasaad ni Vilches (nasa Alunan 90), "*Waray written poetry was born in the interim years between the end of the Spanish rule in 1898 and the early years of American colonization, which started shortly thereafter.*" Nababanggit din ni Gracio (5) na "[t]he literary expression during the early period of American occupation was primarily poetry." Ang pag-unlad ng ekonomiya at ang pagsulpot ng iba't ibang mga publikasyon ang pinakapangunahing dahilan sa pag-unlad ng panulaan sa Samar at Leyte (Sugbo; Gracio 4; Aurillo 110). Mula 1900 hanggang 1910, ilang mga pahayagan ang naging espasyo upang maipamalas ng ilang makatang Waray ang kanilang husay sa paglikha ng siday.

Sa pag-usbong ng mga makabagong teknolohiya tulad ng radyo at kompyuter, mas lalong kinakitaan ng pagyabong ang siday bilang pangunahing anyo ng panitikan ng mga Waray. Nabigyan ng espasyo ang mga *paragsiday* (lumilikha ng siday) na maipahayag ang kanilang damdamin sa radyo sa pamamagitan ng DYVL, isang estasyon sa radyo na pinamamahalaan ng Manila Broadcasting Company (MBC) na itinatag ni Don Manolo Elizalde bago pa man ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig (Bagulaya 63). Iba-ibang mga isyu ang tinalakay sa mga tula tulad ng reporma sa lupa, kapaligiran, korupsiyon at katiwalian sa gobyerno, adiksiyon sa droga, katapatan sa serbisyo, at kapayapaan at kaayusan. Lumawak pa ang kaisipang naitatanghal sa mga likhang-siday dahil sa karanasang dulot ng modernong panahon, mga kalamidad tulad ng bagyo at lindol, sitwasyong pampolitika sa bansa, at pandemyang dulot ng mga nakahahawang sakit tulad ng COVID-19 o coronavirus. Maliban sa mga nailalathalang aklat ng kalipunan ng mga siday, naging espasyo rin ang social media tulad ng Facebook at YouTube upang itampok ang mga ito. Sa pagbabago ng panahon, nakita rin ang transpormasyon ng siday na kababakasan na ng mga danas sa pakikipag-ugnayan ng tao sa kaniyang kapuwa at sa iba

pang nilalang, buhay man o hindi. Umusbong ang mga eko-siday na tumatalakay sa mga isyu o usaping umiinog sa tinatawag na ekolohiya o ekosistema tulad ng politika, ekonomiya, kasarian, kalikasan, at iba pa.

BABAYLANISMO: ANG PANGINGIBABAW NG KAPANGYARIHAN NG KABABAIHAN SA KASAYSAYAN

Napakahalagang banggitin ang malaking papel na ginampanan ng kababaihan sa sinaunang pamayanang Pilipino. Isa sa mga iginagalang na mga tauhan sa dating lipunan ang mga babaylan. Sila ang mga itinuturing na eksperto sa literatura, relihiyon, kasaysayan, sikolohiya, medisina, at iba pang agham at gawaing may kinalaman sa mundo ng diwa (Salazar 18). Sa larangan ng relihiyon, sila ang namamahala sa mga ritwal na siyang pinagmulan ng ating tinatawag na drama o teatro at iba pang anyong pampanitikan (Salazar 6). Sila rin ang namamahala sa kabuoang mitolohiya ng bayan na bahagi ng kanilang kaalaman at sa kaalamang medikal ng lipunan mula sa bawat barangay at buong bayan hanggang sa buong pamayanan ay nasa kanilang pag-aalaga (Salazar 14).

Sinasalungguhan din ni Cristine Ivy Alarcon-Nogot sa kaniyang papel na *“Conceptualizing Female Gender Roles in Philippine History and Culture Through Literature,”* na sa panahon bago ang mga pananakop, ang kababaihan ay humahawak na ng mahahalagang tungkulin at karapatan (90). Tinukoy naman ni Quindoza-Santiago ang mga importanteng tungkuling ito ng mga sinaunang kababaihan: *“They had sufficient opportunity to be equal with men in community affairs. It could also be said that they had the opportunity to make decisions on social and political matters.”* (161).

Ayon kay Nancy Kimuell-Gabriel, ipinakikita sa ating kasaysayan na malakas at makapangyarihan ang mga babaeng Pilipino na nagsisilbing tagapagbigay ng ginhawa ng katawan at kaluluwa tulad ng mga nabanggit na mga babaylan (71). Pagdaragdag pa, tinitingnan na kalakasang taglay ng diwa ng bawat babae ay ang paggawa ng paraan, pagbabanat ng buto, pag-aalay ng talino, pag-aangkop at pakikibagay sa lahat ng sitwasyon, pagbubuo ng loob sa pakikibaka at pakikisangkot.

Sa paglipas ng panahon at dulot ng mga pagbabago sa lipunan, lumawig ang tungkulin ng babaylan sa lipunan. Mula sa mga

gawaing may kaugnayan sa pananampalataya, panggagamot, pangangalaga sa kanilang mayamang tradisyong mahahalagang batayan ng tiwala at paggalang ng mga tao sa kanila, hinamon din ang kanilang lakas at kapangyarihan na ipagtanggol hindi lamang ang sarili kundi ang kanilang kapuwa na binawian ng dangal ng mga mapagsamantalang dayuhan. Bagama't marami sa kanila ang napilitang yakapin ang impluwensiyang dala-dala ng mga kanluranin, marami rin naman ang hindi nagpasakop at ginustong umakyat na lamang sa mga bundok o pumunta sa malalayong lugar na hindi abot ng mga mananakop upang ipagpatuloy ang kanilang gawain, ang babaylanismo. Pinalakas ng mga babaylan ang kanilang puwersa upang ipagtanggol ang kanilang pamayanan sa mga dayo. Inangkin na rin nila ang tungkulin ng pakikidigma upang maipagpatuloy ang pag-aalay ng ginhawa sa kapuwa.

Sa pagsiklab ng himagsikan, ibinangon muli ng kababaihan ang kanilang dangal. May ilang mga babaylan na piniling maging mapaghimagsik o magtatag ng mga grupo kaysa lamunin ng sistemang kolonyal. Itinatag nila ang mga samahang sa pagdating ng oras ay magiging samahan o kapatirang mesyaniko (Salazar 19). Karamihan sa mga rebelyon sa ating kasaysayan ay may kabahaging babaylan (subalit hindi lahat ng mga babaylang nag-aklas laban sa mga mananakop ay kababaihan, marami sa kanila ay mga kalalakihan tulad nina Tamblot, Tapar at Bankaw), may bahaging panrelehiyon at pangkalinangan, hanggang sa nagkaroon ng politikal na himagsikan --- ang Himagsikan ng Katipunan sa dulo ng ika-19 na dantaon (Salazar 19). Nakisangkot ang kababaihan sa iba't ibang tungkulin sa pakikipaglaban, ito man ay pampamunuan, pangmilitar, panlipunan, at pangkalinangan (Rodriguez-Tatel 136). Nanguna ang ilan sa kanila sa kontra-paniniktik (*counter-espionage*) laban sa mga Kastila (Rodriguez-Tatel 136). Ayon kina Regino Paular at Augusto de Viana (nabanggit sa Rodriguez-Tatel 136), mas mahalaga ang paraang ito kaysa paniniktik mismo dahil sa pamamagitan nito ay madaling natutuklasan, nakokontra, at nagagapi ang estratehiya ng kalaban.

Dahil sa sinanay o nagsanay sa panggagamot, kinasangkapan nila ang kanilang mga sarili upang alagaan at muling ibalik ang lakas ng mga mandirigmang nasusugatan sa mga labanan. Malaki rin ang naging ambag ng mga samahang pangkawanggawa tulad ng *Asociacion de Damas de Cruz Roja* at

Asociacion Filantropica de Damas na itinatag at pinatakbo ng kababaihan (Rodriguez-Tatel 139). Ang mga miyembro nito ang kumupkop, nag-aruga, at nagpagaling sa mga sugatang kasapi ng Katipunan (Rodriguez-Tatel 139). Pinangasiwaan din nila ang pagbibigay ng iba pang mga pangangailangan ng mga mandirigma tulad ng pagkain, gamot, bala, at armas at maging ang pangangalaga sa mga iniwang pamilya upang maipagpatuloy ang pakikipaglaban sa bayan (Rodriguez-Tatel 139).

Dahil sa tumitinding pangangailangan na magamit ang puwersa ng babaylan para sa bayan, umusbong ang ilang kababaihang hinasa ang kakayahan upang maging babaylan at upang pamunuan ang ilang sagupaan. Umangkop ang kanilang tungkulin sa hamon ng bagong kaayusang panlipunang dulot ng pananakop lalo na sa mga pananamantala ng mga dayuhang mananakop. Kabilang sa mga nakipaglaban ay sina Henerala Gregoria Montoya (bayani ng labanan sa Tulay ng Calero, Dalahikan), Trinidad Tecson (bayani ng labanan sa Bulakan), Marcela Marcelo *a. k. a.* “Selang Bagsik” ng Kabite, Henerala Agueda Kahabagan ng Laguna, Teresa Magbanua *a. k. a.* “Nay Isa” ng Iloilo, at marami pang iba (Rodriguez-Tatel 139). Pagpapatunay lamang ito na ang kababaihang Pilipino ay hindi lang naging tagamasid sa panahong itinuturing na napakahalagang yugto ng ating kasaysayan. Naging katuwang sila ng mga kalalakihan ng paghahangad na muling mapalaya ang bayan at makapagtatag ng isang mas maunlad na bayan. Nararapat kilalanin ang papel na kanilang ginampanan upang maisakatuparan ang tungkulin sa bayan, ang paghahatid ng ginhawa sa kapuwa na siyang tungkulin ng babaylan at esensiya ng babaylanismo.

Sa pagsapit ng ika-20 siglo, lumaganap ang ilang reporma o kaayusan sa lipunan lalo na sa kasaysayan ng mga kilusang pangkababaihan sa Pilipinas. Itinatag noong 1905 ni Concepcion Felix de Calderon ang unang organisasyong feminista, ang *Asociacion Feminista Filipina* (AFF) (Hega, Alporha, at Evangelista 2). Kasama niya sa pagtatag nito ang ilang kababaihan mula sa mga angkang maykaya o *elite* tulad nina Trinidad Rizal, Librada Avelino, Maria Paz Guanzon, Maria Francisco, ang magkakapatid na Almeda at Luisa de Silyar (Estrada-Claudio w. p., nabanggit sa Hega, Alporha, at Evangelista 2). Sunod na naitatag naman ang *Asociacion Feminista Ilongga* na pinamunuan ng isang babaeng maykaya na si Pura Villanueva-Kalaw (Hega, Alporha, at Evangelista 2). Pinangunahan nito ang pakikipaglaban sa

karapatang bumoto ng mga kababaihan na naaprubahan sa isang plebisito noong ika-30 ng Abril, 1937 (Quindoza-Santiago, 165).

Itinatag din ng AFF ang *La Proteccion de la Infancia, Inc.* at kalauna’y ang *Gota de Leche* na nangalaga sa kalusugan ng kababaihan at kabataan bilang tugon sa mataas na bilang ng mga namamatay na buntis at bagong silang na mga bata (Estrada-Claudio, nabanggit sa Hega, Alporha, at Evangelista 2). Isang organisasyon ang nabuo, ang Samahang Makabayan ng mga Babaing Pilipino o *National League of Patriotic Women* noong taong 1937. Binubuo ito ng mga makabayan, makakalayaan, kontra-Amerikanong Sakdalista na naniniwalang hindi dapat makisangkot ang kababaihan sa politika sapagkat ito ay isang kanluraning praktika o kaugalian (Terami-Wada 100-101).

Sa pagsapit ng pananakop ng mga Hapones sa bansa, naging biktima ang kababaihang Pilipino sa ilang di-makataong pagtrato ng mga dayuhang mananakop tulad ng panggagahasa at pang-aalipin. Ngunit may mga kababaihan ding nakisangkot sa mga pakikibaka laban sa mga mapang-aping Hapones tulad ni Felipa Culala na kilala sa tawag na Dayang-dayang (Hega, Alporha, at Evangelista 2). Isa siya sa mga babaeng gerilyang komander na namuno sa pakikipaglaban sa mga Hapones noong taong 1942 bilang kabahagi ng pagkilos ng mga HUKBALAHAP o Hukbong Bayan Laban sa mga Hapon (*People's Army Against the Japanese*) (Hega, Alporha, at Evangelista 2). Ipinakita ng kababaihang gerilya na sa panahon ng pang-aalipusta ng mga dayuhan, naipakikita nila ang kanilang katapangan at nangunguna sa pakikipagsagupaan.

Sa paglipas pa ng panahon, ilan pang mga kilusang kababaihan ang unti-unting isinilang upang iparinig ang kanilang boses sa lipunan. Mas naging maigting ang kanilang pakikipagsapalaran upang makuha ang pantay na pagtrato at pagkilala sa karapatan. Noong 1975, itinatag ang Katipunan ng Bagong Pilipinas (KABAPA) na nagsulong sa tinatawag na *Third World Feminism* at tumutugon naman sa mga isyung pangkasarian lalo na ang pagkakapantay-pantay, kaunlaran, kapayapaan, kalayaan, at kasiyahan ng mga kabataan (Hega, Alporha, at Evangelista 3). Dalawa pang mga organisasyong pangkababaihan ang naitatag noong Dekada 80. Una, ang Kilusang Kababaihang Pilipina (*Philippines Women's Movement*) o PILIPINA noong 1981, at ang Katipunan ng Kalayaan para sa Kababaihan (*Organization of Women for Freedom*) o KALAYAAN noong 1983 (Hega,

Alporha, at Evangelista 3). Kapuwa ang mga organisasyong ito ay nagsusulong sa pangangailangang magkaroon ng hiwalay at nagsasariling kilusan bilang pagkilala sa isang demokratikong pambansang balangkas (Elumbre 211-212). Nabuo rin ang GABRIELA o *General Assembly Binding Women for Reforms, Integrity, Equality, Leadership, and Action* noong 1984 na may layuning pagbuklurin ang mga organisasyong nagsusulong ng feminismong paniniwala subalit dumaan ito sa isang matinding hamon sa pagtalakay sa mga isyung may kinalaman sa kababaihan (Hega, Alporha, at Evangelista 3). Ilan sa mga miyembro nito ang tumiwalag sa kilusan kaya humina hanggang sa maitatag ang *GABRIELA Women's Network* at ang kanilang *party-list* na grupong *Gabriela Women's Party*.

Nang muling maibalik ang demokrasya o sa pagtatapos ng rehimen ni Marcos, ilang mga politikal na aktibista ang nagtatag ng mga *non-government organisation* (NGO) bilang ekstensiyon ng kanilang pagsasabuhay ng demokrasya, ngayon sa pamamagitan ng mga gawaing pangkaunlaran. Ang ilang mga tagapagsulong ng feminismo ay nagsagawa ng mga seminar sa mga komunidad, mga eskuwelahan, mga opisina ng pampamahalaan, at mga NGO upang palakasin ang kamalayan sa mga isyung pangkababaihan at karapatan ng mga kababaihan (Hega, Alporha, at Evangelista 5). Sa unang bahagi ng Dekada 90, ilang mga kolehiyo at unibersidad ang nagkaroon ng hakbangupang isamasakanilang kurikulumang mga araling pangkababaihan (Hega, Alporha, at Evangelista 5). Samantala, tumugon din ang pamahalaan sa pamamagitan ng pagbuo ng mga estratehiya upang maging *gender-sensitive* ang burokrasya kaya itinalaga ang ilang *women's right advocates* na maging konsultant sa mga programang pampamahalaan na may kaugnayan sa kababaihan (Estrada-Caludio). Maging ang 1987 Konstitusyon ng Pilipinas, na siyang batayang konstitusyon hanggang sa kasalukuyan ay nagbigay rin ng mandato na kilalanin ang tungkulin ng kababaihan sa pagtatatag ng isang bansa at nagsisiguro sa pantay na pagtrato sa kanila (Hega, Alporha, at Evangelista 5). Ang Batas Republika (RA) 7192 o ang *Women in Development and Nation-Building Act* ng 1992 ay nagbigay naman ng legal na batayan para sa pagkakaroon ng pantay na oportunidad sa mga kalalakihan at kababaihan sa buhay politika at sibiko (Hega, Alporha, at Evangelista 7).

Palagi nang sa mga pagkakataon ay idinidikit sa pagiging babae ang kahinaan, ang

pagiging palaasa o dependensiya sa kalalakihan (Mendoza 80). Lagi ring itinuturing ang babae bilang materyal na bagay na pagmamay-ari ng kalalakihan at gamit na pinaikot ng lipunan (Mendoza 80). Ngunit, sa papel na ito, itinatanghal ang kalakasan ng kababaihan at ang kanilang kabayanihan sa mga bahagi ng ating kasaysayan na sa matagal na panahon ay hindi kinilala o binigyan ng pagpapahalaga. Sa lipunang ating nakasanayan, ang lipunang patriyarkal, hindi nabibigyan ng boses ang karamihan sa kanila. Bagama't marami na ang nagtagumpaysa kanilang mga karera o larangan tulad sa politika at negosyo, nasasadlak pa rin ang malaking bilang ng kababaihan sa kolonyal na pagtingin sa kanilang kakayahan. Panahon na upang maisulong natin ang pagpapaunawa sa angking kapangyarihan ng kababaihang Pilipino na nakaugat sa mayaman at malayang sinaunang lipunan. Ang lakas ng babaylan ay napanatiling buhay mula noon hanggang ngayon bilang isang praktikang panlipunan na umangkop depende sa hinihingi o pangangailangan ng lipunan sa bawat panahon. Ang praktikang babaylanismo ay naipasa-pasa sa pamamagitan ng pagsasanay sa ilang kababaihan sa mga pamayanan, sa pakikipag-ugnayan ng kababaihan sa kanilang kapuwa tulad ng pag-aalaga sa maysakit at pagbibigay ng payo upang gabayan sa paggawa ng desisyon, pakikilahok upang ipagtaggol ang pamayanan sa mananakop at mapanatili ang kultura o tradisyon, at iba pa. Kung kaya, pinangingibabaw sa papel na ito ang kalakasan ng kababaihan sa lipunang Pilipino sa pamamagitan ng pag-uugat sa maka-Pilipinong kaayusang panlipunan bilang batayan ng kanilang kapangyarihan.

Matutunghayan sa ating kasaysayan ang puwersa ng kababaihan mula sa sinaunang panahon hanggang sa kasalukuyan. Malaki ang kanilang naging papel sa mga usaping panlipunan, pang-ekonomiya at pangkaunlaran. Ito ay patunay na ang kanilang lakas ay maaaring makapagdulot ng pagbabago. Nabago lamang ang kanilang katayuan sa lipunan nang dumating ang mga mananakop dahil sa kaayusang patriyarkal na ipinakilala at impluwensiya. Subalit patuloy na nakibaka ang mga kababaihang hinubog ng kanilang pakikipagtunggali sa pananamantala at pagyurak sa kanilang karapatan. Kaya naman, sa kasalukuyan, muling naibabalik sa kanila ang pantay na kapangyarihang makapagdulot ng pagbabago sa lipunan na mauugat pa sa mga babaylan ng sinaunang pamayanang Pilipino. Ang pinakaubod ng

babaylanismo ay ang pagpapahalaga sa buhay, ginhawa, at dangal ng kanilang lahi. Sa tatlong ito naiuukol ng babaylan ang kanilang lakas at kapangyarihan hindi lamang para sa sarili kundi para sa kapuwa at sa buong pamayanan o bayan. Noon kasangkapan ang kanilang lakas upang patnubayan ang kanilang kapuwa laban sa masasamang espiritu hanggang sa nagamit ito sa pakikipaglaban sa mga mapagsamantalang dayuhan at sa mga taong umaabuso sa karapatan ng mga mamamayan sa kasalukuyan. Lahat ng ito'y pag-aalay para sa buhay nang makamit sa huli ang kaginhawaang panlahat at higit pa upang maitindig ang karangalan ng kababaihan na pilit na niyuyurakan ng mga naghahari-harian sa lipunan. Ito ang panghahawakan ng mga kababaihan upang makapagdulot ng pagbabago sa kasalukuyan, ito man ay pangkalikasan, panlipunan, at pampolitika o pang-ekonomiya.

ANG LUGAR NG KABABAIHAN SA EKOLOHIYA

Binigyang-katuturan ni Glotfelty at Fromm (xviii, nabanggit sa Santos 68) ang ekolohiya bilang ugnayan ng mga ugnayan, ng tao, di-tao, at ibang mga bagay sa kabuoan ng sandaigdigan. Paglilinanaw ni Santos (68) na iba ang kahulugan nito sa kalikasan. Binibigyang-tuon din ni Phillips (581) ang salitang kabuoan. Ayon sa kaniya, ang ekolohiya ay ang pagkakaugnay-ugnay ng mga likas na proseso. Ang bawat bahagi ng isang tanawin ay bumubuo sa kabuoan tulad ng mga nilalang na dumidepende sa lipunang kaniyang kinabibilangan. Sa madaling salita, sa ekolohiya, *“everything is connected to everything else”* (Phillips 581).

Iniugnay naman ni Murray Bookchin (nabanggit sa Buell, Heise, at Thornber 35) ang ekolohiya sa lipunan. Ang ekolohiya sa kaniya ay may kinalaman sa *social environment at natural ecology*. Pagpapaliwanag ni Bookchin, ang panlipunang mundo ay bahagi ng ekolohikal na kapaligiran. Samantala, inilalarawan naman ni Marina Fischer-Kowalski (nabanggit sa Buell, Heise, at Thornber 35) na ang Ekolohiyang Panlipunan, bilang isang iskolarling perspektiba ay tumutukoy sa mga lipunan at ang kanilang kapaligiran bilang magkakaugnay na sistemang bayopisikal. Pagdidiin pa ni Fischer-Kowalski, na sinusubukang ilarawan ng Ekolohiyang Panlipunan ang mga tanong hinggil sa mga dimensiyong kapitalista at pang-ekonomiya.

Samakatuwid, batay sa mga onseptong inilalahad sa mga naunang talata, malawak ang saklaw ng ekolohiya. Hindi ito nakakulong lamang sa konsepto ng kalikasan o kapaligiran kundi ito ay tumatalakay rin sa usaping panlipunan. Ang tao bilang bahagi ng ekolohiya, ay may kakayahang makapagdulot ng pagbabago sa lipunang kaniyang ginagalawan sa pamamagitan ng kaniyang ugnayan sa tao, sa kapaligiran at sa kaniyang lipunan (partikular sa kaniyang kakayahang balansehin ang estadong panlipunan at pang-ekonomiya).

Kung titingnan natin ang lugar ng kababaihan sa ekolohiya, nararapat na suriin ang kanilang kalagayan sa kanilang pakikipag-ugnayan sa kapuwa tao, kalikasan, at lipunan. Mahalaga ang kanilang papel sa ekolohiya, malaki rin ang epekto sa kanila ng pananamantalang ibang nilalang na nagdudulot ng pagkasira ng kapaligiran, pagkakawatak-watak ng mga tao at paghina ng ekonomiya. Sa artikulong, *“Feminism and ecology: the same struggle? --- The shaping of ecofeminism”* ni Marijke Colle, inilalatag niya ang tungkulin ng kababaihan sa lipunan tulad ng mga gawaing pantahanan, ang pag-aalaga sa mga bata o anak, matatanda, mga maysakit, at iba pa, at dahil dito sila rin ang inaasahang manguna sa pagpapahalaga sa mga isyung ekolohikal at pangkalikasan o pangkapaligiran. Hinihingi sa kanilang tungkulin na pangalagaan ang kapaligiran upang maprotektahan ang buhay ng kanilang mga anak, pamilya at ibang taong malapit sa kanila. Sinasabi pa ni Colle, na kailangan nilang maging malay sa ugnayan ng tao at ng kaniyang lipunan, ang interkoneksiyon ng kalikasan sa tao, ang pangangailangang kumilos, at ang pagpapahinto sa pagsira sa mundong ating tinitirhan.

Kaugnayan naman ng babae o ng kababaihan sa kalikasan ang pinagsikapang pag-aralan nina Ifechelobi Jane Nkechi at Asika Ikechukwu Emmanuel na pinamagatang, *“Women and Ecology: An Eco-Feminist Reading of Chinua Achebe's Things Fall Apart.”* Mayroong mahalagang tungkulin ang kababaihan at ang kalikasan sa lipunan: ito ay ang mangalaga, magparami, at muling lumikha. Sinasabi ni Vandana Shiva (nabanggit sa Nkechi at Emmanuel 33) na ang kababaihan sa mauunlad na bansa ay isa sa mga itinuturing na tagapagbigay ng yaman sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa kalikasan at maituturing ding eksperto sa holistiko at ekolohikal na kaalaman sa mga prosesong pangkalikasan. Pagtukoy naman ni Adrian Harris (nabanggit sa Nkechi at Emmanuel 33), ang pangingibabaw

ng kababaihan at ng kalikasan at ang mga pagsusumikap na pangalagaan ang kalikasan ay napakahalaga upang mapagtagumpayan ang paglaban sa opresyon sa kababaihan.

Sa kabila ng pagmamaliit at pagyurak sa kakayahan ng kababaihan sa lipunan hindi lamang sa Pilipinas, kundi maging sa ibang panig ng mundo, ang lakas ng kababaihan sa ekolohiya ay gagamiting pundasyon ng paniniwala na sila ay may kapangyarihang pinanghahawakan upang baguhin ang kaayusan sa lipunan bilang bahagi ng ekolohiya. Hindi layunin ng papel na ito na paghambing ang lakas ng babae at lalaki o ang halaga ng babae at lalaki, kundi ninanais lamang nitong ipakita na ang babae o ang kababaihan ay malakas bilang mga nilalang at bilang bahagi ng ekolohiya. Sisipatin ang kanilang tungkulin sa mga interaksyong nagaganap sa lipunan na hindi lamang nakakulong sa mga tunggalian sa kasarian kundi maging sa estado sa buhay o katayuan sa lipunan. Mas tinitingnan dito ang kakayahan ng mga kababaihang makisangkot sa iba't ibang ugnayan tulad ng pananamantala ng mayayaman o mga kapitalista upang palaguin ang negosyo kahit na ang kapalit ay pagkasira ng kalikasan tulad ng pagmimina, pagtotroso, ilegal na pangingsda at iba pa; ang di-pantay na pagpapairal ng karapatan sa bawat isa tulad ng inhustisya sa mga mahihirap, pagsupil sa kalayaan sa pagpapahayag o kawalan ng boses ng mga mahihirap, ang sobra-sobrang pagbibigay ng pribilehiyo sa mga taong makapangyarihan sa lipunan o may mataas na katungkulan sa pamahalaan; ang paglaganap ng kultura ng karahasan; at marami pang iba. Sa mga isyung ito hinahamon ang tungkulin ng kababaihan na makapagdulot ng pagbabago sa lumalaganap na mga ugnayang may masamang epekto sa buong sistema o ekosistema lalo na sa pagsisikhay na magkaroon ng maayos na buhay o pamumuhay at ginawa para sa kaniyang kapuwa upang maitaas ang dangal at karangalan ng bawat nilalang. Hindi lamang nakagapos sa usapin ng kasarian lalo na sa pagiging babae ang ideang ipinalalaganap ng babaylanismo kaya maaari itong isulong hindi lamang ng mga kababaihan kundi pati na rin ang mga kalalakihan at mga miyembro ng LGBTQI (lesbian, gay, bisexual, transgender, queer and intersexed community).

Mahuhugot ang kanilang lakas o kapangyarihang ito sa mga babaylan bilang simbolo ng kapangyarihan ng mga kababaihan sa lipunan sa kasalukuyan. Ang kalakasang ito sa ekolohiya ay nagmumula sa paniniwala ng mga babaylan na ang Bathala ay makikita sa

kalikasan o kapaligiran. Dahil sa paniniwalang ito na ang Bathala ay nasa kalikasan, may paninindigan silang kailangang itigil ang pagsira sa kagubatan at pagsalaula sa hangin at tubig (Villariba 55). Isa rin sa kanilang kaugnayan sa kalikasan ay ang kanilang pagdarasal sa mga kuweba, sa mga burol o bundok. May malakas silang persepsiyon sa pagkasira ng kalikasan at pagkakaroon ng kalamidad sa pamamagitan lamang ng kanilang “pakikiramdam” (Villariba 56). Sila ay sensitibo sa mga nagiging sanhi ng mga kalamidad at handa nilang ibuwis ang kanilang buhay maitigil lamang ang ilegal na pagtotroso at pagmimina. Masasabi nga na espesyal ang katayuan ng mga babaylan sa ekolohiya lalo na sa kalikasan sapagkat itinuturing nila itong kabahagi ng kanilang buhay.

ANG BABAYLANISMO BILANG MAKA-PILIPINONG EKO-FEMINISMO

Isang sanga ng ekokritikal na pananaw ang ekofeminismo. Ayon kay Bryson (84, nabanggit sa Santos 68), ito ay paniniwalang may pagkakaugnay ang pang-aabuso sa babae at kalikasan. Paghahalintulad sa pang-aapi, pambabastos, pananamantala, at pagsasantabi ng kababaihan sa isang patriyarkal na lipunan, sa pang-aabuso sa kalikasan na kadalasan ay tinatawag na ina o Inang Kalikasan. Sa Pilipinas na lamang, laging iniuugnay ang kababaihan sa kalikasan. Sa lipunang Pilipino pagsasaad ni Quiroz (53), ang babae ay inaasahang maging mapayat, maganda, mahinhin, at balingkinitan. Sila rin ay inaasahang maging mapag-aruga sa kanilang pamilya. Maaaring sa iba ay positibo ang pananaw na ito sa kababaihan subalit sa kabilang banda isang pangmamaliit ito sa kakayahan ng mga babae dahil binibigyan natin sila ng pamantayan sa kung ano ang dapat nilang anyo at tungkulin sa lipunan. Paggigiit nga ng ilang feminista (nasa Santos 56), *“the patriarch society that governs almost all society often labeled women with the feminine traits hence hindering and limiting women’s potentiality.”*

Pagpapaliwanag ni Santos sa kaniyang artikulong *“Representation of Inang Kalikasan in Mainstream Philippine Art: Liberating or Oppressing to Women?”* ang mga bagay na ito na ginagamit ng lipunan bilang tatak ng mga kababaihan ay malinaw na bunga ng opresyon nito. Aniya, ang konsepto ng Inang Kalikasan na nag-uugnay sa kababaihan sa kalikasan ay isang paraan ng pag-alipusta sa kanilang imahen sapagkat ito ay paggigiit na sila ay may

kakayahan lamang na magtaglay ng ganoong mga katangian at hindi na ng iba na kayang taglayin ng kalalakihan.

Pinangangatwiranang ng ekofeminismo na ang pakikipaglaban para sa ekolohikal na kaligtasan ay kahabi ng pagharap sa mga pagsubok para sa kalayaan ng mga kababaihan at ng iba pang anyo ng hustisyang panlipunan (Buell, Heise, at Thornber 424; Santos 68). Subalit mas malawak pa ang sinasaklaw ng ekofeminismo ayon kay Greta Gaard at Patrick D. Murphy (nabanggit sa Buell, Heise, at Thornber 424) dahil kinikilala rin nito na ang mga pang-aabuso sa kalikasan at kababaihan na konektado sa eksploytasyong makauri, rasismo, kolonyalismo, at neokolonyalismo.

Ang mga kaisipang itong nailatag ay mga sitwasyong postkolonyal. Epekto ang mga ito ng malakihang pagbabagong naidulot ng mga pananakop ng mga dayuhan lalo na sa Pilipinas. Nawala ang dating kaayusang binuo ng ating mga ninuno na maituturing na Pilipinong-Pilipino o maka-Pilipino. Malaki rin ang pagbabagong naidulot sa katayuan ng mga babaylan na siyang pinag-uugatan ng mga kababaihang Pilipino sa lahat ng panahon. Ang patuloy nilang pakikibaka ay pakikipagsapalaran din ng mga babaylan at ang kanilang pagkilos tungo sa pagbabago ay pagsasagawa ng praktika na tinatawag na babaylanismo. Kaya naman, mula sa kaisipan ng pagiging praktika o isang panlipunang gawain, maisasalin ang kalakasan at kapangyarihan sa panitikan bilang isang maka-Pilipinong ekofeminismo. Iwawagayway rito ang babaylanismo bilang isang teoryang tutuon sa lakas ng kababaihan sa loob ng ekolohiya sa pamamagitan ng kaniyang pakikilahok sa mga ugnayan sa kapuwa tao, sa lipunan at sa kalikasan na nagdudulot ng pagbabago. Ang pagbabagong naidudulot ng kababaihan ay paghahalintulad sa kabisaan ng mga babaylan at ng babaylanismo na pakilusin ang mga nasasakupan nito o impluwensiyahan kung paano pakikitunguhan ang mga nilalang, nakikita man o hindi para sa ikabubuti ng ekosistema.

Ang babaylanismo, bilang isang larang sa pagsusuri ng mga eko-siday, ay magbubukas ng panibagong perspektiba sa panunuring pampanitikan na maaaring mas lapat at angkop sa mga likhang-panulat ng mga Pilipino partikular ng mga Waray. Kailangang maitaguyod sa lahat ng larangan ang pagsasa-Pilipino at paggamit ng mga kaisipang lapat sa pagkataong Pilipino upang higit na mapagtibay ang hangarin ng pananaw na ito. Ang patuloy na

pagtangkilik sa mga dayuhang teorya o modelo ay pag-aangkin ng mga kaisipang galing sa karanasan ng ibang bayan na hindi nakaaarok sa saysay ng pagka-Pilipino. Ang paglalapat ng mga dayuhang balangkas na ito sa kalagayang panloob nang walang pagsasaalang-alang sa kung ano ang loob ay pagsasayang ng panahon at talino sapagkat hindi ito nakatutunton sa hangaring pag-unawa sa kung ano at sino ang Pilipino. Maaaring paghanguan ng kaisipan ang mga pag-aaral o pananaliksik ng mga dayuhang iskolar subalit kailangang nakatali ang pagpapalitaw sa maka-Pilipinong kaisipan sa pagsusuri ng mga datos (tulad ng mga siday) nang may pagsasaalang-alang sa karanasan ng mga Pilipino. Kailangang dumadaan sa proseso ng pagtatahip-dunong ang pagpili sa mga kaisipang hinihiram sa mga dayuhan kung ito ba ay lapat o angkop sa danas ng mga Pilipino.

Mailalapat ang ekokritisismo sa mga akdang pampanitikang Pilipino sapagkat ang Pilipinas ay nabiayaan ng mga likas na yaman tulad ng karagatan, kabundukan at kagubatan. Malaki ang naidudulot ng kapaligiran o kalikasan sa paglikha ng mga akda kaya kababakasan ito ng mga paglalarawan sa mga bagay na nakikita ng makata o manunulat sa kaniyang kapaligiran. Hindi nakawawala sa mata ng may-akda ang mga ugnayang kaniyang nakikita tulad ng pakikisalamuha ng tao sa kaniyang kapuwa at ang halagahing panlipunang taglay tungo sa pagpapahalaga ng tao sa mga bagay na kabahagi ng ekosistema, may buhay man o wala. Mas mapayabong pa ang mga usapin kung sisipatin din sa pagsusuri gamit ang lenteng ekokritisismo ang sistemang nabubuo na direktang may koneksiyon sa ikabubuti o ikasisira ng ekosistema tulad ng politika at ekonomiya.

Bagama't ang pangunahing layunin ng pag-aangkin sa babaylanismo bilang maka-Pilipinong ekokritisismo ay ang paglalapat ng ideolohiyang ito sa karanasan ng mga Pilipino partikular sa mga Waray na ipinahihiwatig sa mga akda, hindi ito natatakdaan ng wikang ginagamit sa paglikha. Sakop nito ang mga akdang pampanitikang Pilipino na nasusulat sa Filipino man o sa Ingles o kaya sa mga wika sa bansa tulad ng Waray, Ilokano, Kapampangan, Hiligaynon, Bikolnon, Bisaya at iba pa basta ang mga ito'y naghahayag ng kaisipang Pilipino. Ang babaylanismo, bilang isang lente o perspektiba sa pagsusuri ng mga akda ang magkakahon upang itoong isang kritiko o ng isang mambabasang Pilipino ang kaniyang pansariling danas bilang bahagi ng mga ugnayang nagaganap sa loob ng ekosistema.

PAGSUSURI NG MGA EKO-SIDAY GAMIT ANG EKO-FEMINISMONG BABAYLANISMO

Ipasundayag sa bahaging ito ng papel ang panitikang Waray partikular ang mga siday (istandard na termino para sa mga tulang Lineyte-Samarnon). Ituturing ang mga akdang gagamitin sa pagsusuri bilang eko-siday (tulad ng mga ekotula o mga tulang pangkalikasan) at ang mga lumilikha naman bilang mga eko-paragsiday (tulad naman ng mga ekomakata na mga taong lumilikha ng mga tulang pangkalikasan o pangkapalikgiran). Mayaman ang mga Samarnon at Leytenhon sa mga ekotula o eko-siday sapagkat mayaman din ang lugar sa mga likas-yaman tulad ng karagatan, kabundukan, at kagubatan. Kaya't hindi nalalayo sa kapaligiran o sa ekolohiyang kanilang kinabibilangan ang kanilang pakikipag-ugnayan sa kalikasan, sa tao, at sa lipunan. Bagama't hindi hayag ang mga mensaheng ekokritikal sa pagsusuri, naipakikita naman nito na karugtong ng pagiging babae ang mga panlipunang usaping kaugnay sa pangangalaga sa kalikasan. Ito ay mababakas sa mga ugnayang nagaganap sa pagitan niya at ng kaniyang kapuwa o ng iba pang mga nilalang sa loob ng ekosistema, may buhay man o wala. Lampas pa sa mga usaping pangkalikasan ang tinitingnan sa pagsusuri lalo na ang pagganap ng tao partikular ang mga kababaihan sa kaniyang tungkulin sa pamayanan na nakapagdudulot ng maraming pagbabago sa kabuong sistema. Sa madaling salita, hindi lamang ito usapin ng pangangalaga o pagsira sa kalikasan kundi usapin din ng positibo o negatibong ugnayan ng lahat ng nilalang. Isang halimbawa ng eko-siday ay ang *“Ha akon tunang natawhan”* (Sa Aking Lupang Tinubuan) ni Iuminado Lucente na mula sa antolohiya ng mga akdang Lineyte-Samarnon ni Merlie M. Alunan na *“Tinalunay: Hinugpong nga Panurat nga Winaray.”* Narito ang buong tula:

Ha akon tunang natawhan

Sa Aking Lupang Tinubuan
(Isinalin sa wikang Filipino ng mananaliksik).

- 1 *An iroy nga tuna matam-is pagpuy-an,*
- 2 *Kay diin man siplat puros kasangkayan,*
- 3 *Hahani an hingpit nga ak' kalipayan,*
- 4 *Hahani hira Nanay pati kabugtuan.*

Matamis manahan sa Inang Bayan
Saan man lumingon, kita mo'y mga kaibigan
Dito madarama ang lubos na kasiyahan
Sina inay at mga kapatid ay naririyon.

- 5 *Ugaring mahiblon, ha dughan mabug-on,*
- 6 *Nga an Pilipinas dayuday uripon.*
- 7 *Ay, tuna nga ak' natawohan!*
- 8 *Hain daw la an langit han im' kaluwasan!*

Ngunit kay hapdi sa pusong malaman
Na ang Pilipinas ay alipin kailanman
Ay, lupang aking tinubuan!
Nasa'n ang langit ng iyong kalayaan.

- 9 *An iroy nga tuna kun nagmumusakit,*
- 10 *Kun nagigin bihag, nagigin uripon,*
- 11 *Tungod hin kabido hararaptay hapit,*
- 12 *An luha ug turaw nagkakatiripon.*

Aking Inang Bayan kung nasa kahirapan
Kung bihag o alipin man
Dahil sa lungkot, paglaya'y inaasam
Kaniyang iniipon labis na pagdaramdam.

- 13 *Inin akon laylay karawta nga halad,*
- 14 *Ubos nga pag-ugay hadin' waray palad.*
- 15 *Ay, tuna nga ak natawohan!*
- 16 *Hain daw la an langit han im' kaluwasan!*

Tanggapin alay itong mga salita
Lubos na pagpupugay ng maralita
Ay lupang aking tinubuan!
Nasa'n ang langit ng iyong kalayaan.

Sa pamagat pa lamang, malinaw na inihahalintulad sa tula ang lupang sinilangan sa isang ina. Nababanggit sa Taludtod 1 at 9 ang *“iroy nga tuna”* (Inang Bayan). Pinangingibabaw rito ang kababaihan lalo na ang mga ina. Makikita rin ang salitang *“Nanay”* sa Taludtod 3 at kapansin-pansin ang pagkiling nito sa kababaihan sapagkat sa orihinal na teksto ay hindi nababanggit ang salitang *“ama”* o *“itay.”* Dito pa lang ay mahihinuha na ang perspektiba ng tula, ang pagtangkilik sa mga ina bilang malakas na puwersa sa lipunan dahil sa kanilang tungkuling ginagampanan.

Pinagtutuunan dito ng pansin ang pagmamahal ng ina sa kaniyang anak at ganoon din ang pagmamahal ng isang mamamayan sa kaniyang lupang sinilangan na ipinahihiwatig ng tula. Sa Taludtod 3, inilalahad ang ina bilang isang tahanan na punong-puno ng *“kalipayan”* o kasiyahan. Sa isang tahanan o sa lupang tinubuan, walang ibang pinagmumulan ng kaligayahan ng isang tao kundi ang mga taong handa ring mag-alay ng pagmamahal sa kaniya tulad ng mga magulang at kapatid at maging ang mga kaibigan. Ganito rin kabusilak ang pagmamahal ng isang ina, nakapagbibigay ito ng

kasiyahan sapagkat naibibigay nito ang lahat nang higit pa sa mga materyal na bagay. Ang magandang ugnayang ito ng ina sa kaniyang mga anak o sa mga taong kasama sa bahay ang nagpapanatili ng kaayusan sa isang tahanan. Ang tahanan at ang mga nakatira dito, ay kabahagi ng ekolohiya at ang kaayusan at kapayapaang nakakasanayan nila sa loob ng pamilya ay nadadala nila sa kanilang pakikitungo o pakikipag-ugnayan sa ibang tao o bagay na bahagi rin ng malawak na sistemang ito.

Makikita sa eko-siday ang kalakasan ng isang ina bilang babae, ang kaniyang pagmamahal na malaki ang epekto sa ibang tao lalo na ang mga taong malalapit sa kaniya. Sa lipunan, salamin ang kababaihan ng pag-ibig na dakila na mahalaga sa kaniyang pakikitungo sa kapuwa na siyang nagdudulot ng kapanatagan ng loob at katiwasayan. Kung gayon, dahil sa pagmamahal na ito, nagkakaroon ng magandang ugnayan sa loob ng isang sistema (pamilya, baranggay, bansa o kaya naman ekolohiya o ekosistema). Pinatunayan na ito sa maraming pagkakataon, tulad halimbawa kung ang isang anak ay lumaki sa isang pamilya o pinalaki ng kaniyang mga magulang na puno ng pagmamahal, sinusuklian ito ng gayunding pagmamahal o kaya naman ng pagtatagumpay sa buhay at naipakikita rin ang pagmamahal na ito sa kaniyang kapuwa. Kaya malaking tulong ang kaniyang naidudulot sa pamilya tulad halimbawa ng pagtatapos ng pag-aaral hanggang sa makananap ng magandang trabaho at makatulong sa pagpapabuti ng kanilang kalagayan o estado sa buhay. Pang-ekonomiya ang magandang naidudulot nito na malaki ang maiaambag sa pagpapatakbo ng isang lipunan.

Hindi lamang sa kasiyahan naipakikita ang kaugnayan ng ina sa kaniyang anak kundi sa mga panahon ng pagdanas ng kasawian. Ito naman ay mahihiwatigan mula sa Taludtod 5 hanggang Taludtod 16. Kalungkutan ang madarama sa mga linya dahil sa pang-aabusong nararanasan ng lupang sinilangan sa kamay ng mga mapagsamantalang dayuhan. Ang pang-aalipin sa bansa ay maihahambing din sa pag-aabuso sa isang ina. Makikita pa rin dito ang kapangyarihan ng ina bilang isang babae dahil nakapagdudulot ito ng masidhing damdamin. Naipakikita nila ang kanilang pagdurusa, pagluha at pagdamay na pagpapakita naman ng pagpapahalaga sa ina o Inang Bayan (nasa Taludtod 5 at 12). Tulad ng pag-aalipusta sa kalikasan na itinuturing na ina o “Inang Kalikasan,” nakapagpapahina ito sa kanilang damdamin at buong katauhan sapagkat ang mga bagay na bigay nito sa lahat ng nilalang tulad ng hangin, tubig, puno, halaman, at iba pa ay ang kanilang kalakasan. Ang panghihina ng “Inang Kalikasan” ay nakapagpapahina rin sa buong sistema, ang ekosistema.

Mahihiwatigan din sa huling saknong (Taludtod 12 hanggang 16) ang pagpapahalaga o ang pag-aalay nila ng pagmamahal sa ina o Inang Bayan. Sa panahon ng unos o mabigat na suliranin, inaalayan nila ito ng pakikiramay o ng sakripisyo maibalik lamang ang nawalang kaligayahan. Katulad lang din iyan ng isang anak na marunong tumanaw ng utang na loob sa kaniyang ina. Ibinabalik niya ang lahat ng mga nagawang kabutihan sa kaniya tulad ng pagpapalaki nang maayos, pagpapaaral at iba pa, kaya naman sa oras na ito’y magtagumpay wala itong ibang naisin kundi pag-alayan ang ina ng kaniyang natamong tagumpay. Kapangyarihan pa rin ng isang babae o ng isang ina ang makikita rito sapagkat nakapagdudulot ng mabuting bagay sa huli o nasusuklian ng kabutihan ang mga tungkuling ginagampanan ng babae o ng kababaihan sa lipunan lalo na sa kaniyang kapuwa. Ang ugnayang ito ng Inang Bayan sa kaniyang mga nasasakupan at ng mga tao sa kaniyang Inang Bayan ay mahalaga sa patuloy na pagpapasigla at pagpapayabong ng ekolohiya.

Pagpapalitaw sa tungkulin ng isang babae ang isinasalaysay sa eko-siday ni Jhonil Colima Bajado na pinamagatang, “*Kan Inay, Paraghilot*.” Isa rin ito sa mga akdang isinatipon ni Merlie M. Alunan sa kaniyang “Tinalunay: Hinugpong nga panurat nga Winaray” noong 2017 sa ilalim ng kabanata ng makabagong panulaang Waray (mula 1970 hanggang kasalukuyan). Narito ang tula:

Kan Inay, Paraghilot

Kay Inay, Paraghilot

(Isinalin sa wikang Filipino ng mananaliksik

Only a language can save humanity.

—Anonymous

- 1 *Han kahinglaw ha ak', ikaw an labi nga maaram,*
- 2 *an katin-is, katiunan-o kahalaba.*
- 3 *Ikaw manta an maaram han kadako han dugo*
- 4 *nga ha ak' nasanggulo.*
- 5 *Im' pinahid hin hinayhinay*
- 6 *antes pa ak' sumuso han siya pa kan nanay.*

Noong ako'y isilang, ikaw lang ang nakababatid sa aking iyak, kung gaano kalakas at katagal. Ikaw ang may alam kung ilang dugo ang dumaloy sa aking pagsilang. Dahan-dahan mo itong pinahid bago pa ako dumedede sa aking ina.

7 *An ak' siyahan nga biksal hinsaygan mo liwat,*
 8 *an ak' kimas nga rapadapa,*
 9 *ha pag-ikalarakat, ha pag-ikaturumba.*
 10 *Hangtod han mga hangtod nga imo malantaw*
 11 *an kadayonan han akon kapukan,*
 12 *an paglakat han suhi nga dalan,*
 13 *pagpauripon han mga kahalungganayan*
 14 *ngan an makangingirhat—an ak' paggakos*
 15 *han iba nga pinulongan.*
 16 *Haros an akon kalugaringon*
 17 *diri ko na hikilal-an.*
 18 *Inay, makausa pa,*
 19 *sugad han imo mga paghilot,*
 20 *han mga lupo han ak' kaluluthan,*
 21 *an ak' dila, hiyora hin malagutos*
 22 *nga siday hin katingalahan.*

Saksi ka rin sa una kong paghakbang,
 ang mga nanginginig na paa,
 ha bawat hakbang at bagsak.
 Iyong natanaw ang hangganang lalakbayin
 sa pagtahak nang walang kasiguruhan,
 sa paglakad sa maling daan,
 sa pagpapaalipin sa kasakiman
 ang nakasusuklam --- ang pagyakap
 sa wikang 'di akin
 Halos ang sarili ko'y
 "di ko na makilala.
 Inay, ipadama muli,
 tulad ng iyong paghagod,
 sa mga pilay sa aking katawan,
 haplusin mo rin ang aking dila
 ng mga siday na puno ng hiwaga.

"Inay" ang kadalasang itinatawag ng mga Waray bilang paggalang sa mga matatanda. Maaaring ito ay iyong lola (ina ng iyong mga magulang), kamag-anak o matanda sa pamayanang kinabibilangan. Sa tulang ito, hindi lamang pinahahalagahan ang babae dahil sa kaniyang katandaan kundi dahil sa tungkuling kaniyang ginagampanan sa lipunan, ang pagiging "paraghilot" o "hilot." May mga taong kinasanayang sangguniin upang pangalagaan ang mga nagdadalantao lalo na sa malalayong pamayanang hindi naaabot ng mga serbisyong pangkalusugan ng Department of Health (DOH). Sila ang mga may kanasayan sa paghihilot o "paghagod o paghaplos sa mga bahagi ng katawan upang pasiglahin ang sirkulasyon at maging malambot ang kalamnan at kasukasuan" ("Hilot"). Tinatawag naman ang kanilang gawain bilang "*traditional massage*" (Rondilla et al. 26) o "*folk massage*" (Crisol at Oledan 90). Sa depinisiyong ibinigay ng DOH sa kanilang MNCHN Strategy Manual of Operations DOH 2011 (DOH National Center for Disease Prevention and Control viii), ang mga hilot o tinatawag ding mga Traditional Birth Attendant (TBA) ay "*...independent, non-formally trained and community-based providers of care during pregnancy, childbirth, and neonatal period.*" Dagdag pa, "*[u]nder the MNCHN [Maternal, Newborn, and Child Health and Nutrition] Strategy, they are made part of the formal health system as members of the community Health Teams and serve as advocates of health professional care.*" Dahil sa tiwalang ibinibigay sa kanila ng mga mamamayan, nakita ng DOH ang kanilang kahalagahan upang makapanghimok na tangkilin ang serbisyong pangkalusugan kaya kinilala sila bilang mahalagang bahagi ng pangkat ng tagapag-alaga ng kalusugan. Simula pa lamang noong 1956, nagbibigay na ang DOH ng pagsasanay sa mga TBA upang magampanan nila nang wasto ang kanilang mga tungkulin sa pamayanan sakaling wala ang mga doktor o iba pang mga *healthworker* (Del Mundo 56). Matatandang babae ang mga ito na tinatawag naman sa Samar na mga "*manaram*" (GMA Public Affairs). Ang tungkuling ito ng mga "hilot" ay mauugat pa sa praktikang isinasagawa ng mga babaylan sa sinaunang pamayanang Pilipino. Pagbabanggit ni Salazar (14), "[a]ng buong kaalamang medikal ng lipunan mula sa bawat barangay at buong bayan hanggang sa buong pamayanan ay nasa pag-aalaga ng babaylan." Pagsasaad naman nina Rebuya, Lasarte, at Amador (73), "*[f]rom the old name babaylan, the traditional healers now operate under various names, such as: albularyo, manghihilot, mangluluop, mangtatawas, and faith healers.*" Patunay lamang ito sa pagpapatuloy ng kapangyarihan ng mga babaylan upang makapagdulot ng ginhawa sa kapuwa hanggang sa kasalukuyan.

Mababakas sa eko-siday ni Bajado, ang pagpapahalaga sa "paraghilot" dahil sa pag-aalagang inialay nito sa persona o sa taong nagsasalita sa tula mula nang mailuwal siya sa sinapupunan ng kaniyang ina hanggang sa siya ay lumaki na. Hindi matatawaran ang kaniyang paggabay sapagkat hindi ito natatapos lamang sa kaniyang pag-aalaga sa buntis o sa pagpapanaak kundi pati sa pagpapalaki nang wasto sa sanggol. Sinisiguro din niyang paalalahanan ang bata (nasa Taludtod 10 hanggang 15) sa kaniyang paglaki sa pamamagitan ng pagpapangaral sa maaaring maging landas sa hinaharap. Sa ganitong paraan din isinasangguni ng mga sinaunang Pilipino sa mga babaylan ang paghingi ng payo tungkol sa mga gawaing pang-agrikultura. Pagsasalungguhit ni Salazar (6), "[s]iya [tumutukoy sa babaylan] ang nagtatakda kung kailan dapat magsimula nang hawanin ang kagubatan at pagkatapos ay sunugin upang matamnan." Dagdag pa, "[a]ng babaylan din ang nagtatakda kung kailan magkakaroon ng pag-aani." Ito pa rin ang tiwalang tinatamasa ng mga "paraghilot" hanggang sa kasalukuyan upang magabayan ang kaniyang kapuwa tungo sa mas magandang direksiyon sa

buhay. Sa Taludtod 18 hanggang 22, inihalintulad ng persona sa “*lupo*” o pilay sa Filipino o Tagalog ang pagkabaluktot ng kaniyang dila o pananalita dahil sa impluwensiyang nakuha sa labas o sa ibang tao. Ang “*pulong*” o wika at maging ang kaniyang siday ang magpapanumbalik sa nabaluktot o napilay na pagkatao. Kapangyarihan pa rin ng mga kababaihan ang mababakas sa tula dahil sa kanilang pagganap sa tungkuling pag-akay sa mga kabataan na maging mabubuting mamamayan at magdulot ng kaginhawaan sa lipunan. Ang kagandahang-asal na kanilang taglay ay ang kanilang kasangkapan na mabuting pakikitungo sa kapuwa at sa iba pang mga nilalang o mga bagay sa loob ng ekosistema.

Isa pang eko-siday ang nakuha mula sa isinatipong mga tula ni Merlie M. Alunan sa kaniyang “Tinalunay: Hinugpong nga Panurat nga Winaray” noong 2017 ang akdang “*Babayi*” (babae) ni John B. Simborios. Isinalarawan sa eko-siday ang babae o ang kababaihan sa kabuoan. Binibigyang-pugay rito ang babae na tanda ng pagpapahalaga ng persona sa kaniya dahil sa tungkuling kaniyang ginagampanan at ang dulot niyang kabutihan sa iba. Ito ay indikasyon na ang kaniyang pagsusumikap ay hindi lamang para sa personal na interes kundi alay niya ito sa kapuwa at mababakas sa kaniyang pakikipag-ugnayan. Narito ang buong akda:

Babayi

1 *Babayi,*
2 *Kinuha gad ha dughan an imo tinikangan,*
3 *Ha may kasingkasing ngan diri ha luyhan,*
4 *diri la ha panit, ha sulod gud han dughan,*
5 *Ha talimutngan, diri kagiliran.*

6 *Babayi,*
7 *Diri ka ha urhi ngan diri ka ha unhan,*
8 *Diri man ha sikhan ngan diri ha ulhan,*
9 *Kabunyog, kasugbong, kaabay ha dalan.*
10 *Tupad ka, kadungan ngan hin kaatubang.*

11 *Babayi,*
12 *Gindadayaw han labi nga maaram,*
13 *Iginpapananglit han mga gamhanan,*
14 *Hadto'n kinabuhi nagin tinikangan,*
15 *Hadto'n panhimugso usa nga lindongan.*

16 *Babayi,*
17 *Hi ikaw kabakyang, ayaw pag-usahan,*
18 *Ha imo mabunyog, di ka babayaan.*
19 *Kapotay han kamot, kita magtutuman,*
20 *Ngadto han didto pa nga at' ginsaaran.*

Babae

(Isinalin sa wikang Filipino ng mananaliksik).

Babae,
Sa dibdib ang iyong pinagmulan,
Sa may puso at hindi sa likuran,
Hindi lang sa balat kundi sa dughan,
Sa gitna at hindi sa tagiliran.

Babae,
Hindi ka sa huli at hindi rin sa unahan,
Hindi sa may siko at hindi rin sa may ulohan,
Kasama, kaakbay, katuwang sa daan,
Kapantay ka, kasabay at kaharap ninuman.

Babae,
Pinupuri ka lalo ng mga may karunungan,
Tinitingala ka ng mga may kapangyarihan,
Sa buhay mong pinagmulan,
Ng aming pagsilang naging kandungan.

Babae,
Ikaw ay katuwang, h'wag mag-isa
Sa iyo'y sasama, 'di ka iiwanan
Hawak kamay nating tutupdin
Ang ating mga pangako.

Malalim ang pinagmumulan ng pagpapahalaga sa babae sa lipunan. Sa unang saknong (Taludtod 1 hanggang 5) inilalahad na sa “*dughan*” o dibdib nagmula ang pagiging babae o ang isang babae. Tulad ng mga babaylan, malaki ang pagtangi at paggalang ng mga tao sa kababaihan hanggang sa kasalukuyan dahil sila ay bunga ng pagmamahal. Dahil sila ay nabuo sa pamamagitan ng pag-ibig, ito rin ang naihahandog nito sa mga tao sa pamamagitan ng paglilingkod sa kapuwa. Ang mga babaylan ay may malaking katungkulan sa pangangasiwa sa sinaunang pamayanan sa pamamagitan ng kaniyang taglay na kaaalamang teoretikal, intelektuwal at praktikal sa lahat ng bagay na may kinalaman sa buhay espirituwal at kalinangan ng lipunan (Salazar 18). Patuloy na dumaloy ang kanilang pagkalinga para sa ikagiginhawa ng kaniyang kapuwa sa bawat yugto ng kasaysayan. Sa kasalukuyan, pagsasaad ni Salazar (24), “muling nakamtam ng kababaihang Kristiyano ang pamanang babaylan sa kalinangan at sa larangang intelektuwal.” Ayon pa sa kaniya, “[b]umalik sa pagiging doktor, sikolohista, guro at pati na historyador ng sariling kalinangan... pumapasok na sila sa politika, sa batas, sa agham at teknolohiya at sa iba pang larangan.” Hindi matatawaran ang kanilang ambag sa bansa bilang mga lingkod-bayan. Kaya naman sa Taludtod 12 at 13 “*gindadayaw*” o pinupuri sila hindi lamang ng mga ordinaryong mamamayan kundi pati ng matatalino o matataas sa lipunan. Ilang kababaihan na

ang nagmarka sa ating kasaysayan dahil sa kanilang malaking ambag sa mga Pilipino tulad nina: Trinidad Tecson – ang tinaguriang “Ina ng Biak-na-Bato” dahil sa kaniyang pagtatayo ng pasilidad upang pangalagaan ang mga sugatan sa pakikipaglaban at kinilala din siya bilang “*Mother of Philippine Red Cross*” (Tomacruz); Encarnacion Alzona – ang kauna-unahang babaeng nakapagtapos ng doktoradong kurso at naging kasapi ng National Academy of Science and Technology kung saan naipaglaban niya ang pagkakaroon ng mas mabuting kondisyon ng kababaihan, pag-aaral ng kasaysayan ng Pilipinas, at pagpapakilala sa mga ambag ni Jose Rizal (Tomacruz); Concepcion Felix de Calderon—nagpanukala ng petisyon upang ipaglaban ang karapatan ng mga kababaihan na bumoto at naging dahilan upang mabigyan siya ng Presidential Medal noong 1966 (Andas); at marami pang iba.

Ang babae o ang kababaihan ay laging kasa-kasama ninuman sa lahat ng bagay. Katulad ng mga babaylan sa sinaunang pamayanan, hindi hiwalay ang kaniyang tungkulin sa ibang mga pinuno ng lipunan kundi katuwang siya ng datu o panday sa pagsisiguro ng kaaayusan. Kaagapay siya ng datu sa pagpapabuti ng ekonomiya (Salazar 6) dahil sa ritwal na kaniyang isinasagawa upang malaman ang tamang oras o panahon para isagawa ang mga gawaing pang-agrikultura. Hanggang sa kasalukuyan, laging kabahagi ang babae o kababaihan sa mga gawaing pampamayanan. Nababanggit sa Taludtod 9 at 10 ang mga salitang “*kabunyog*” (kasama), “*kasugbong*” (kabalikat), “*kaabay*” (katuwang), “*tupad*” o “*katupad*” (kapantay o kalapit), at “*kadungan*” (kasabay) na pawang nangangahulugan ng malapit na ugnayan ng persona sa babae o kababaihan. Sa ano mang oras o panahon ay laging katuwang ang kababaihan sa pagharap sa mga suliranin o mga gawaing makapagdudulot ng kaayusan sa kanilang pamayanan o lipunan. Mas napagtitibay pa ang ideang ito ng ilang mga salita o pariralang nababanggit sa huling saknong ng siday (Taludtod 16 hanggang 20) tulad ng “*kabakyang*” (katuwang sa pagbubuhat), “*mabunyog*” (sasama o sasamahan), “*di ka babayaan*” (hindi ka iiwan), at “*kapotay an kamot*” (magkahawak ang kamay) na palatandaan ng mahigpit na damayan ng bawat isa tulad ng pagtutulungan, pagbabayanihan o pagkakaisa upang makamit ang layuning makapagdulot ng ginhawa sa kapuwa at sa buong bayan. Ito ang ugnayang kinakailangan upang mapanatili ang kaayusan sa buong ekosistema.

Napalitaw sa pagsusuri ng mga eko-siday ang kaugnayan ng isang babae sa tao at sa kaniyang kakayahang gampanan ang tungkulin sa pamamagitan ng pag-aalay ng pagmamahal, sa pamilya man, sa kapuwa o sa lahat ng mga bagay na kabahagi ng ekosistema. Malinaw rin na napalutang ang kaugnayan naman nito sa kalikasan, ang pagturing sa isang babae o ina bilang lupang sinilangan o Inang Bayan dahil sa kaniyang angking katangian tulad ng pagiging mapagkalinga o mapag-aruga sa kaniyang mga anak o pamilya. Isa rin itong kalakasan ng isang babae o ng kababaihan upang bigyang kamalayan ang mga tao lalo na ang mga mambabasa na ang babae ay katulad ng lupang tinubuan o kapaligirang tinitirhan na kailangang pangalagaan at protektahan. Ang pagmamahal ng babae sa kaniyang kapuwa ay susi ng mabuting ugnayan ng mga tao sa pamayanan o lipunan at sa kanilang pakikitungo sa ibang mga nilalang o bagay na kabahagi ng kalikasan o kapaligiran. Sa huli, napangibabaw rin ang kapangyarihan ng isang babae o ng kababaihan dahil ang kaniyang likas na katangian at tungkulin sa lipunan ay tunay na nakapagdudulot ng ginhawa sa pamilya, kapuwa, at lipunang kinabibilangan.

ANG BABAYLANISMO SA PAGSUSURI NG MGA AKDANG PAMPANITIKAN

Mahalagang nauunawaan natin ang mga akdang pampanitikang Pilipino sa pamamagitan ng pagsusuri sa paraang maka-Pilipino. Bagama’t ang ekokritisismo partikular ang ekofeminismo ay ideolohiyang halaw lamang sa mga dayuhang iskolar, masasabing ang ubod nito ay mailalapat sa karanasan ng mga Pilipino. Bilang bansang mayaman sa kalikasan, hindi maitatago sa mga akdang Pilipino ang pag-uugnay-ugnay ng mga makata o manunulat sa mga bagay na kaniyang naoobserbahan sa kapaligiran lalo na ang pakikisalamuha ng tao sa kapuwa at sa ibang bagay na kabahagi ng kabuoang sistemang tinatawag na ekolohiya o ekosistema. Mahalagang tingnan ito sa pagsusuri upang palutugin ang mga ugnayang ito na sumasalamin sa katauhan at kaakuhan ng mga Pilipino. Ito ang tunguhin ng babaylanismo bilang isang sanga ng teoryang ekokritikal, ang madalumat sa maka-Pilipinong perspektiba ang katayuan at gampanin ng babae o ng kababaihan sa kapaligiran o sa ekolohiya. Nakaugat ang pananaw na ito sa estado ng mga kababaihang Pilipino sa sinaunang panahon na nagpapangibabaw sa kanilang tungkulin

sa lipunan; ang pagiging makapangyarihan, maimpluwensiya at pagkakaroon ng kakayahang makapagdulot ng pagbabago. Iba ito sa ideolohiyang feminismo na nabuo mula sa karanasan ng kalupitan sa mga kababaihan o ang mababang pagtingin sa kababaihan lalo na sa mga patriyarkal na lipunan partikular sa kanluran. Ang babaylanismo ay hindi umusbong sa ganitong kaisipan kundi pag-iral ng kapangyarihan ng babae o kababaihan sa lipunan na nag-uugat sa sinaunang pamayanan. Maaaring matalakay sa babaylanismo ang 'di pantay na pagtatratro sa kababaihan o ang pananamantala sa kanilang karapatan, subalit ang tuon sa maka-Pilipinong pananaw na ito ay ang lakas ng mga kababaihang Pilipino mula noon hanggang sa kasalukuyang panahon. ♦

MGA AKDANG SINIPI:

“10 Powerful Pinays Who Changed the World and Redefined the Modern Filipina.” *UpsizePH*, w.p. Web. 11 Marso 2022.

Alarcon-Nogot, Christine Ivy. “Conceptualizing Female Gender Roles in Philippine

History and Culture Through Literature.” *Philippine and Asian Studies: Expositions, Explorations, and Expectations*. Pat. Feorillo Demeterio. Taytay, Rizal: Word Prints Publishing Services, Inc., 2018. 83-97. Limbag.

Alunan, Merlie. *Tinalunanay: Hinugpong nga Panurat nga Winaray*. Quezon City:

University of the Philippines Press, 2017. Limbag.

Andas, Christine. “International Women’s Month: 11 Filipino Women Who Made History.”

Tatler, 26 Pebrero 2021. Web. 11 Marso 2022.

Aurillo, Gemina. “Selected Vernacular Writers of Leyte.” *Kandabao: Essays on Waray*

Language, Literature, and Culture. Pat. Gregorio C. Luangco. Lungsod Tacloban: Divine Word University Publication, 1982. 109-125. Limbag.

“Babaylanismo: Bringing Back the Old Way.” *Mi Dulce Vida*, 8 December 2019, Web. 11 Marso 2022.

Bagulaya, Jose Duke S. *Writing literary history: mode of economic production and twentieth century Waray poetry*. Diliman, Quezon City: University of the Philippines Press, 2006. Limbag.

Buell, Lawrence, Ursula Heise, at Karen Thornber. “Literature and Environment.” *Annual Review of Environment and Resources* 36 (2012): 417-440. Web.

Colle, Marijke. “Feminism and ecology: the same struggle?— The shaping of Ecofeminism.” Committee for the Abolition of Illegitimate Debt, 13 Mayo 2019. Web.

Crisol, Lourd Gregory D. at Efren Jone J. Oledan. “The Mananambals and Their Functions in Philippine Culture.” *CASS Langkit* 7 (2016-2017): 84-94. Web.

De La Encarnacion, Juan Felix. *Doccionario bisaya-español*. Manila: Tip. de “Amigos del Pais.” 1885. Web.

- De Mentrída, Alonso. *Diccionario de la lengua bisaya, hiliguena y haraya de la isla de Panay*. Manila: Imprenta de M. y F. Dayot, 1841-1842. Web.
- Del Mundo, Fe. "Problems and Findings from the TBA Program in the Philippines." *Role of Traditional Birth Attendants in Family Planning*. Pat. J. Y. Peng, Srisomang Keovichit at Reginald MacIntyre. Ottawa, Canada: International Development Research Centre, 1974. 55-60. Limbag.
- DOH National Center for Disease Prevention and Control. MNCHN Strategy Manual of Operations DOH, 2011. Sta Cruz, Manila: National Center for Disease Prevention and Control, 2011. Web.
- Elumbre, Adonis Ramy. "Kilusang Kababaihan sa mga Demokratikong Tunggalan: Pakikibakang Feminista mula Batas Militar hanggang Kapangyarihang Bayan." *Kababaihan sa Kalinangan at Kasaysayang Pilipino*. Pat. Mary Dorothy dL Jose at Atoy Navarro. Lungsod Quezon: C&E Publishing, 2002. Limbag.
- Espina, Merito. *A Critical Study of Ibalong, The Bikol Folk Epic-Fragment*. Manila. 1964. Limbag.
- Estrada-Claudio, Sylvia. "The Women's Movement(s) and Social Movements: Conjunctions and Divergences." *Europe Solidaire Sans Frontieres*, 26 Mayo 2005. Web. 11 Marso 2022
- GMA Public Affairs. "I-Witness: 'Manaram,' Dokumentaryo ni Kara David." *Youtube*, 8 July 2019. Web. Marso 1, 2022.
- Gracio, Jerry. Is There A Waray Literature. *NCCA Features* (2000): 1-7. Limbag.
- Hega, Mylene, Veronica Alporha at Meggan Evangelista. *Feminism and the Women's Movement in the Philippines: Struggles, Advances, and Challenges*. Lungsod Pasig: Friedrich-Ebert-Stiftung, 2017. Web "Hilot," *Diksiyonaryo*. w. p. Web.
- Kimuell-Gabriel, Nancy. "Ang Bawat Panayam ay Paaralan ng Pagkatuto: Ang Peministang Paghabi ng Kasaysayan ng Kababaihan ng Tundo." *Talas: Interdisiplinaryong Journal sa Edukasyong Pangkultura* 2 (2017): 69-89. Limbag
- Mendoza, Jeannette. "Angkan ni Eba: Pagsasatinig at Paglikha ng mga Tauhang Kababaihan sa Wika ng Lalaking Manunulat sa Kulturang Matriyarkal." *Philippine and Asian Studies: Expositions, Explorations, and Expectations*. Pat. Feorillo Petronilo Demeterio. Taytay, Rizal: Word Prints Publishing Services, Inc., 2018. 83-89. Limbag.
- Nabong-Cabardo, Charo, Fra Paolo Ma. Diosdado, at A. O. Llaneta. *Ani*, 3. 1 (1990): 128-129. Limbag.
- Nkechi, Ifechelobi Jane at Asika Ikechukwu Emmanuel. "Women and Ecology: An Eco-Feminist Reading of Chinua Achebe's Things Fall Apart." *International Journal of English Literature and Social Sciences* (IJELS) 4 (2017): 34 – 40. Web.
- Phillips, Dana. "Ecocriticism, Literary Theory, and the Truth of Ecology." *New Literary History* 30 (1999): 577-602. Web.
- Ponsaran, John. "Ang Babaylan ng Sinaunang Panahon." *Diwang Palaboy*, 12 December 2004. Web. 11 Marso 2022.
- Quindoza-Santiago, Lilia. "Roots of Feminist Thoughts in the Philippines." *Review of Women's Studies* 6.1 (1996): 159-172. Web.
- Quiroz, Ramon Rafael. Representation of Inang Kalikasan in Mainstream Philippine Art: Liberating or Oppressing to Women. *Dalumat Ejournal* 2.2 (2011): 49-60. Web.
- Rebuya, Niño, Emy Lasarte, at Mericia Mila Amador. *Medical Pluralism, Traditional Healing Practices, and the Partido Albularyo: Challenge in Inclusion*. *Open Journal of Social Sciences* 8 (2020): 72-79. Web.
- Rodriguez-Tatel, Mary Jane. "Ang Kababaihan sa Himagsikang Pilipino." *Kababaihan sa Kalinangan at Kasaysayang Pilipino*. Pat Mary Dorothy dL. Jose at Atoy M. Navarro. Lungsod Quezon: C & E Publishing, Inc., 2010. 163-180. Limbag.
- Rondilla, Nadine Angela O., et al. Folk Medicine in the Philippines: A Phenomenological Study of Health-Seeking Individuals. *International Journal of Medical Students* 9.1 (2021): 25-32. Web.
- Salazar, Zeus. "Ang Babaylan sa Kasaysayan ng Pilipinas" sa *Bagong Kasaysayan: Mga Pag-aaral sa Kasaysayan ng Pilipinas*. Lungsod Quezon: Palimbagan ng Lahi, 1999. Limbag.

Santos, Paz Verdades. "Uran, Uran, Tagantan: Mga Babala sa Pagbago ng Klima sa Rawitdawit Bikol." *Malay*, 24.1 (2011): 65-79. Web.

Scott, William Henry. *Barangay: Sixteenth-Century Philippine Culture and Society*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1995. Limbag.

Scott, William Henry. *Looking for the Prehispanic Filipino and Other Essays in Philippine History*. Quezon City: New Day Publishers, 1992. Limbag.

Sugbo, Victor. The Literature of Eastern Visayas. *National Commission for Culture and the Arts*, w. p. Web. 11 Marso 2022.

Terami-Wada, Motoe. *Sakdalistas' Struggle for Philippine Independence, 1930-1945*, Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2014. Limbag.

Tomacruz, Sofia. "7 Women Who Made Philippine History." *Rappler*, 24 Marso 2020. Web. 11 Marso 2022.

Vilches, Maria Luz. "A Preliminary Survey of Waray Poetry." *Kandabao: Essays on Waray Language, Literature, and Culture*. Pat. Gregorio C. Luangco. Lungsod Tacloban: Divine Word University Publications, 1982. 46-76. Limbag.

Villariba, Marianita Girlie. "Babaylan Women as Guide to a Life of Justice and Peace." *Women in Action 2* (2016): 54-60. Web.



Si IAN MARK P. NIBALVOS ay guro ng Filipino sa Departamento ng Filipino ng Unibersidad ng Santo Tomas (UST). Nakapagtapos siya ng digring masteral sa Filipino sa Pamantasan De La Salle – Dasmariñas at kasalukuyang kumukuha ng kursong Doktor ng Pilosopiya sa Philippine Studies sa Tri-College ng Unibersidad ng Pilipinas Diliman. Isa siyang mananaliksik at tagasalin. Kabilang sa kaniyang mga interes sa pananaliksik ay mga paksang may kinalaman sa Panitikang Waray o Panitikan ng Pilipinas, kritisismong pampanitikan, kultura, identidad, at wika. Ang ilan sa kaniyang mga papel-pananaliksik ay nailathala na sa iba't ibang journal tulad Malay ng De La Salle University, Hasaan: Ang Opisyal na Refereed Journal sa Filipino ng UST, at iba pa. Sa kasalukuyan, siya ang tagapamahalang editor ng Hasaan Journal at miyembro ng Lupon ng mga Tagasalin ng UST Sentro ng Salin at Araling Salin. Maaarin siyang makontak sa ipinibalvos@ust.edu.ph.

Kartograpiya ng Takot at Sindak sa Karakter ng “Aswang” sa Ilang Piling Pelikula ng *Shake, Rattle, and Roll*

The Cartography of Horror and Terror in the Aswang Character in Select Shake, Rattle, and Roll Films

JAY JOMAR F. QUINTOS

ABSTRAK

Sinisiyasat ng sanaysay na ito ang dalumat ng takot at sindak kalakip ng karakter ng “aswang” at maging ang kaugnay nitong diskurso sa espasyo at panahon sa pinakamatagumpay na serye ng pelikulang katatakutan na *Shake, Rattle, and Roll* (SRR). Nakatuon ito sa kung paanong ang anim na episode ng SRR na nagtatampok sa aswang ay maaaring mamagitan at magnilay sa kasaysayan ng pagdalumat kalakip ng nagdidigmaang diskurso ng sentro at laylayan, lungsod at probinsiya, at moderno at tradisyon. Sa huli, sinusuri din ng sanaysay kung paanong ang SRR ay maaaring maging artikulasyon ng kolonyal na pagharaya sa isang banda, at marahas na panlipunan at pampolitikang realidad sa kabilang banda.

Mga Susing Salita: pelikulang Pilipino, araling Pilipino, kaalamang-bayan, politikal na ekonomiya, araling katatakutan

ABSTRACT

This essay probes the concept of horror and terror attached to the “aswang” character and its evolving discourses of time and space in the most successful horror film franchise *Shake, Rattle, and Roll* (SRR). It focuses on how the six episodes of SRR about the viscera-sucking creature aswang mediate and meditate the history of ideas embedded in the dialectic of discourses on center and periphery, city and province, and modernity and tradition. Finally, the essay analyzes how SRR can be an articulation of colonial imaginaries on one hand, and horrific socio-political realities on the other hand.

Mga Susing Salita: Philippine cinema, Philippine studies, folklore, political economy, horror studies

Kartograpiya ang siyang ginagamit na pagdulog sa paglikha at paghulma sa lawak at sakop ng isang mapa. Kalakip nito ang iba't ibang masining at siyentipikong balangkas sa pagtalunton sa mga bahagi at dako, at maging sa paglulunan sa lawas ng diskursibong kahulugan at realidad na kinabibilangan nito. Sa sanaysay na ito, gagamitin ko ang kartograpiya bilang paraan ng pagmamapa sa dalumat ng takot at sindak kalakip ng karakter ng aswang sa ilang piling pelikula sa serye ng *Shake, Rattle, and Roll*. Ginagamit ko ang kartograpiya bilang katambal ng espasyo, at marahil maging ng panahon, upang maging lunsaran ng pagsusuri kung paanong nagsasalikop ang takot at sindak sa karakter ng aswang na nakapaloob sa espasyo at panahong nililok ng wika at teknolohiya ng pelikula.

Sa ganitong konteksto, masasabing isa sa mga pangunahing bugtong ng sanaysay na ito ay ang pagtugon sa kung paano hinaharaya ang karakter ng aswang mula sa iba't ibang espasyo at panahon na nakaugnay sa sistema ng takot at sindak na iniluluwal ng pelikulang katatakutan. Maipapalagay na ang aswang sa mga pelikula ng *Shake, Rattle, and Roll* ay hindi lamang isang karakter kundi isa ring estetika, talinghaga, at tagapamagitan. Kung pamamagitan, ito ay bunga ng karakterisasyong nakakawing hindi lamang sa espasyo at panahon sa loob ng naratibo ng *Shake, Rattle, and Roll*, kundi maging sa daigdig sa labas ng mga gumagalaw na imahen – kung saan at kung kailan naganap ang ilang mahahalagang yugto sa kasaysayan ng bansa.

Kung imamapa ang lunan ng *Shake, Rattle, and Roll* (SRR) sa kasaysayan ng pelikula sa Pilipinas, masasabing isa ito sa mga pinakamatagumpay na serye ng pelikulang katatakutan sa bansa (Tolentino 134). Itinuturing itong matagumpay lalo na sa antas ng kinikita sa takilya sa tuwing ipinapalabas ito sa mga sinehan sa bansa. Sa pagtataya ni Joel David, paboritong pelikula ang katatakutan tulad ng *Shake, Rattle, and Roll* lalo na't lumilikha ito ng iba't ibang emosyon mula sa manonood sa panahong ipinagdiriwang ang makulay at kinagigiliwang kapaskuhan. Sa pananaw naman ni Rolando Tolentino, nakakaakit ang tatlong episodyong taglay ng isang pelikula ng SRR sapagkat sa isang upuan ay masusumpungan agad ng manonood ang tatlong magkakaibang kuwento na nagtatampok sa iba't ibang nilalang at pagkakataon na nagsasalimbayan ang takot at sindak.

Kung sisiyasatin, masalimuot ang usapin hinggil sa aswang, kalakip ang mga dalumat ng espasyo at panahon, sa mga pelikula sa serye ng *Shake, Rattle, and Roll*. Kung tutuusin, nakaugnay sa SRR ang mahahalagang diskurso sa espasyo at panahon sa kasaysayan ng bansa. Tingnan, halimbawa, ang taon kung kailan ipinalabas ang unang pelikula sa serye ng SRR noong 1984 – halos tatlong taon matapos bawiin ni Ferdinand E. Marcos ang pagpapataw ng Batas Militar sa buong bansa. Masusundan ito ng pangalawang pelikula sa serye ng SRR matapos ang anim na taon noong 1990 – isa pang mahalagang yugto sa kasaysayan kung kailan unti-unti nang bumabangon ang bansa matapos ang pagpapataksik sa diktador noong 1986 at pagtatalaga sa bago at kauna-unahang babaeng pangulo ng bansa na si Corazon C. Aquino. Susundan ito ng iba't iba pang pelikula sa serye hanggang sa tuluyan na itong mahinto noong 2014. Kung susumahin, nakapagtala ang SRR ng 15 pelikula sa halos apat na dekada nito. Kung bibilangin, anim na magkakaibang administrasyon ng iba-ibang presidente ng bansa ang sakop ng SRR na kadalasan ay nagtatampok sa iba't ibang espasyo sa bansa na hinuhulma ng mga pagbabago sa politika, kultura, ekonomiya, at lipunan. Nariyan ang paggamit sa lunan ng liblib na baryo, maunlad na siyudad, kakaibang daigdig, at gusali ng mga institusyong pinapanday ng panahon. Sa ganitong pagsipat, mahihinuha na namamagitan at pinagdudugtong ng serye ng SRR ang hinaharayang mahahalagang yugto sa kasaysayan na tumutuloy sa pagsasalikop ng mga espasyong kaugnay sa nagbabago-bagong anyo ng estado at lipunan sa bansa.

Tumutulay ang pagharaya sa binabanggit na mahahalagang yugto sa kasaysayan ng bansa sa higit na mas mainam na pagtatangka ni Bliss Cua Lim na basagin ang nagtatalastasang panahunan ng pangnagdaan, pangkasalukuyan, at panghinaharap. Sa obserbasyon ni Lim, gamit na tuntungan ang naunang teorya ni Henri Bergson, maaaring liripin ang panahon hindi lamang sa mekanikal na orasan at kalendaryo. Malaya na nating matatanaw ang dalumat ng panahon bilang masalimuot, tumatalon-talon, at nag-iiba-iba. Nakakawing ang pagdalumat ni Lim sa teorya ni Tzvetan Todorov tungkol sa diskursibong pagpapakahulugan sa “pantasya” na maaaring mahati sa dalawa: una, ang “kataka-taka” (uncanny) o ang mga pangyayari na maaaring ipaliwanag ng siyensiya at kalikasan; at pangalawa, ang “kamangha-mangha” (marvelous) o ang mga pangyayari na kakaiba na hindi malirip ng nasusumpungan

at hinaharayang realidad (*Translating Time* 41-42).

Mula sa mga balangkas at lunsarang nabanggit, sinuri ni Lim ang pagharaya sa aswang mula sa mga naunang tala hinggil sa kasaysayan, nalathalang balita sa publikasyon, etnograpihong datos, at hanggang sa paghalaw rito ng mga pelikulang katatakutan. Sa obserbasyon ni Lim, tumataliwas ang mga naratibo at kuwentong aswang sa pagpapalagay ni Todorov tungkol sa pantasya lalo na't umiiral ito hindi lamang sa wika kundi sa mga karanasan din ng bansa. Halimbawa, ang bakas ng penomenon ng "aswang" ay mauugat daw mula sa naunang tala at dokumento: laman ito ng mga lathalain ng mga dayuhang historyador noong dantaon 16; ginamit itong propaganda ng mga Amerikanong miyembro ng CIA noong 1950 upang ipagpatuloy ang digmaan laban sa mga komunista at rebelde; paboritong balita ito ng mga diyaryo noong 1992 habang abala ang buong bansa sa kampanya sa eleksiyon ng susunod na pangulo; at muli na namang umiiral bunga ng mga urban legend na binibihisan ng anyong horror at gotiko sa pelikula (*Translating Time* 99-101).

Mapapansin mula sa mga karanasang ito na ang aswang ay umiiral hindi lamang sa loob ng wika, hindi lamang din sa iisang yugto ng kasaysayan, sapagkat ito'y bumabalik-balik sa bawat panahon, dumadalaw, nakikisalamuha, at nakikipamuhay. Pinaninindigan ng ganitong pagsusuri ang naunang pag-aaral ni Bergson ukol sa panahon bilang masalimuot, tumatalon-talon, at nag-iiba-iba sa bawat karanasan. Mahalaga ang puntong ito para kay Lim lalo na sa diskurso ng postkolonyalismo dahil kung titingnan lamang ang panahon sa dalumat ng mekanikal na orasan at kalendaryo, nagkakaroon ng iisang naratibo ang pagpapakahulugan sa mga kaalaman na nakabatay lamang sa modernong panahon.

Sa hinuha pa ni Lim, mapapansin din ang realidad hinggil sa pag-iral at paglalarawan sa aswang sa iba't ibang anyo ng midya tulad ng pelikulang katatakutan, nobela, at social media na nagpapatunay na hindi na lamang ito hinaharaya sa nakalipas kundi maging sa kasalukuyan at paparating ("Queer Aswang Transmedia" 180). Nagiging makabuluhan ang ganitong pagtataya at pagharaya lalo na't kung ihahambing ito sa kung paano tinatanaw ng iba't ibang etnolingguwistikong pangkat sa Pilipinas ang dalumat ng espasyo at panahon.

Kung babalikan ang nagsasala-salabit na kinagisnang sistema ng paniniwala, masisipat bilang kaugnay ng kalikasan ang panahon lalo

na sa antas ng pagbabago ng gawi, oras, at sandali, maging ang pagsasagawa sa mga ritwal at pagkakataong inilalaan sa mahahalagang gawain (Mojares 57). Kakabit ng mga ito ang pagpapakahulugan sa espasyo bilang lunsaran ng pangkultura, pang-ekonomiya, at pampolitikang kayarian mula sa kinagisnang sistema ng paniniwala. Patunay rito ang pagtatakda ng iba't ibang etnolingguwistikong pangkat sa lawak, saklaw, at hangganan ng kanilang nasasakupang espasyo. May nagkakatulad-tulad na pananaw ang iba't ibang pangkat ng Manobo hinggil sa dalumat ng "banuwa" na tumutukoy kapuwa sa natural at kultural na daigdig tulad ng kalikasan (*kinaiyahan*) at lipunan (*katilingban*). Ngunit, mahalagang tandaan na ang espasyo ng "banuwa" ay mayroong diin hindi lamang sa pook, pamayanan, at bansa – na itinataguyod ng mga nauna at sumunod sa kanilang Pilipinistang historyador at mananaliksik – kundi maging sa mas malawak na daigdig (Paluga 20-22). Ang "banuwa" ay hindi lamang bansa kundi sanlibutan din na lagi't lagi'y ipinaglalaban at itinataguyod.

Kaugnay din ng pagdulog sa espasyo ang pagtingin sa panahon bilang kaugnay ng kasaysayan. Kung tutuusin, matagal nang lumipas ang payak at simplistikong pagtingin sa kasaysayan bilang mga salaysay na may saysay na naganap sa nakaraan. Sa pagtataya ni Francis Gealogo, mayroong masidhing pangangailangang baklasin ang pag-unawa ng marami sa panahon at kasaysayan. Tinatanaw ni Gealogo ang realidad hinggil sa kahinaan sa pagsipat sa kasaysayan na "tila nasa piitan ng pagkagitna ng kronolohiya ng pangyayari sa pagsasaayos ng nakaraan – walang lakas at laya na hukayin ang saklaw ng nakaraan ng lipunan" (124). Sa ganitong paraan ng pagbasa, maaaring hindi na lamang tingnan ang kasaysayan sa tuloy-tuloy at *linear* na pagsipat na nakasandig sa kronolohikal na pangyayari sa iba't ibang pitak at panahon kundi maaari na rin sa mariing pagtimbang sa mga ugnayang nagsasalikop mula sa iba't ibang tao sa kasaysayan na iniluluwal at hinuhubog ng espasyo ng lipunan. Dagdag pa ni Gealogo, lumilikha ang espasyo ng iba't ibang pangkat sa loob at maging sa labas, lalo na ang mga isinantabi sa laylayan at tuwirang nilimot sa pangangarap ng pambansang imahinasyon. Kung gayon, maaaring tanawin sa lente ng pagiging paikot ang kasaysayan na tila isang siklo – dito nagsimula at dito rin babalik, narito ang simula at narito rin ang wakas.

Kung ganito ang pag-unawa sa kasaysayan kung saan at kailan nagsasalikop ang espasyo at panahon, nilalayon ko sa sanaysay na ito na taluntunin ang kartograpiya ng emosyon, na may pagkiling satakot at sindak, na namamagitan sa karakter ng aswang kapuwa sa loob at labas ng espasyo at panahon ng pelikulang katatakutan ng *Shake, Rattle, and Roll*.

ANG ASWANG AT SISTEMA NG PELIKULANG KATATAKUTAN

Mula sa 45 na episodeyo sa 15 pelikula sa serye ng *SRR*, anim ang masasabing tuwirang nagtatampok sa imahen ng aswang: “Manananggal,” *SRR 1* (1984); “Aswang,” *SRR 2* (1990); “Ang Madre,” *SRR 4* (1992); “Lihim ng San Joaquin,” *SRR 2K5* (2005); “Yaya,” *SRR 8* (2006); at “Emergency,” *SRR X* (2008). Sa anim na episodeyong ito, maaaring hatiin sa dalawa ang mga lunan at espasyong pinangyarihan ng mga naratibo: una, apat sa mga kuwento ay naganap sa mapanglaw na kagubatan sa bundok, liblib na baryo sa probinsiya kung saan ang nakatira ay puro aswang, at tagong baryo malayo sa siyudad na may inililihim tungkol sa mga mamamayan nito; at pangalawa, ang komunidad ng mga maralitang taga-lungsod kung saan ang bangketa at kariton ang nagsisilbing tahanan at sa isang magarang subdibisyon sa moderno at urbanisadong siyudad.

Sa “Manananggal” (1984) at “Ang Madre” (1992), ang “manananggal,” o ang nilalang na nahahati ang katawan sa dalawa (ang ibabang bahagi’y nananatili sa lupa habang ang itaas na bahagi naman ay tinutubuan ng pakpak at saka lumilipad sa kalawakan at kadiliman ng langit upang maghanap ng bibiktimahing tao), ang itinuturing na “aswang” na pumupuksa sa mga karakter sa kuwento. Ang episodeyong “Manananggal” ay naganap sa liblib at mapanglaw na gubat sa panahon ng kuwaresma. Upang makalikom ng sapat na salapi, isang binate ang nanghaharana sa kalat-kalat at hiwa-hiwalay na bahay-kubo sa gitna ng kagubatan. Ngunit sa hindi inaasahan, isa pala sa mga bahay na hinarana niya ay tinitirahan ng isang babaeng manananggal. Nagambala ang babaeng manananggal kung kaya’t hindi niya pinatahimik ang binata, sinundan niya ito hanggang sa tinitirahang bahay-kubo.

Sa episodeyo namang “Ang Madre” (1992), wala na sa gubat ang lunan ng naratibo, nalipat na ito sa gitna ng mabangis na siyudad ng Kalakhang Maynila. Sa kuwento, dalawang

manananggal ang bumibiktima sa mga maralitang taga-lungsod upang sipsipin ang dugo at kainin ang laman-loob ng mga ito. Sa umaga, nagpapanggap na madre at doktor ang mga manananggal, na kapuwa boluntaryong sumasagip at tumutulong sa pangangailangan at kakulangan ng mga abang-uri. Ngunit sa pagsapit ng gabi, gumagala-gala ang mga manananggal upang humanap na panibagong bibiktimahin. Sa gabi-gabing paggala ng mga manananggal, tanging ang mga nasa abang-uri, nakatira sa kariton at estero, at walang sariling tahanan ang kanilang pinupuksa. Ngunit makabuluhan ang komentaryo sa huling eksena tungkol sa pagpukso sa manananggal, sa halip na bawang ang ipampatay sa mga ito na hindi kayang bilhin ng mga maralita sa siyudad, dahil na rin sa mataas na presyo nito, hot sauce na lamang na kanilang ninakaw sa isang restaurant ang kanilang ginamit na pamuksa.

Tila magkapareho naman ang naratibong tinatahak ng mga episodeyong “Aswang” (1990) at “Lihim ng San Joaquin” (2005), na kapuwa nagtatampok sa isang liblib na pook bilang lunan at espasyo na pinamumugaran ng mga “aswang.” Sa “Aswang,” isang dalagang estudyante mula Maynila ang nagtungo sa piyestahan sa liblib na barangay sa probinsiya bunsod ng imbitasyon ng kaniyang kaklase. Lingid sa kaalaman ng dalagang estudyante, ang lahat ng tao na nakatira sa pinuntahan niyang barangay ay mga aswang, at siya ang nakatakdang maging alay na birhen sa sinasamba nilang si “Impo” na nagkakaloob ng masaganang ani sa buong lugar. Tulad ng nakagawian sa iba’t ibang pelikula ng *SRR*, sumusunod ang banghay ng episodeyo sa pangyayaring ang mga “aswang” na itinuturing na masasama ay mapupuksa sa pamamagitan krusipiho. Liblib na pook din na pinamumugaran ng mga “aswang” ang tuon ng naratibo ng “Lihim ng San Joaquin.” Tampok sa episodeyo ang kuwento ng isang lalaki at ng buntis niyang asawa na tumakas sa kanilang mga magulang at piniling mamuhay sa isang malayo at tagong probinsiya. Lingid sa kaalaman ng mag-asawa, ang nakatira pala sa nilipatan nilang pook ay mga aswang na mahilig kumain ng sariwang bata na nasa sinapupunan pa lamang.

Sa mga episodeyong “Yaya” (2006) at “Emergency” (2008) naman, inilalarawan ang mga “aswang” bilang mga karakter na may kakayahang magpalit ng anyo at pumasok sa domestikong lunan tulad ng pribado at pampublikong mga institusyon. Sa “Yaya,” ang “aswang” ay nagpanggap na kasambahay sa isang panggitnang-uring pamilya. Trabaho ng

kasambahay ang pag-aalaga sa isang sutil na batang lalaki at sa kapatid nitong sanggol. Sa daloy ng kuwento, malalantad ang batang lalaki sa tunay na katauhan ng kanilang kasambahay kung kaya't lalabanan niya ito gamit ang bawang na natutunan niya sa ilang diskusyon at leksiyon sa kanilang paaralan.

Bagama't tila nakalunan sa isang hindi kilala at tagong probinsiya ang episodyong "Emergency," naganap naman ang kuwento sa estruktura ng ospital. Isang buntis na "aswang" ang dinala sa pribadong ospital matapos itong pahirapan at itaboy ng isang lalaking may misyon na lipulin ang lahat ng "aswang." Dahil sa pagpapahirap sa babaeng aswang, namatay rin ang anak sa kaniyang sinapupunan, at ito ang nagtulak sa lupon ng mga aswang upang maghiganti sa mga tao, partikular na sa lahat ng mga nasa ospital. Isa-isang sinubukang patayin ng mga aswang ang mga pasyente, bantay, nars, doktor, at iba pang empleado sa loob ng ospital ngunit sa tulong ng isang pari (na nasa loob din ng ospital), panalangin, at agua bendita, isa-isa ring napuksa at naglaho ang mga aswang.

Kung nahahati sa dalawang espasyo ang mga naratibo sa anim na pelikulang nagtatampok sa aswang, mahihiwatigan naman ang paggamit ng bawat kuwento sa hinaharayang panahon na kaparis din sa panahon kung kailan ginawa ang pelikula. Kung susundan ang naunang pagtataya ni Bliss Cua Lim, animo'y nagtatampisaw ang nilalang, o marahil karakter ng aswang sa pelikula, sa tila umiikot-ikot at nagpapabalik-balik na panahon ng kahapon, ngayon, at bukas. Ganito, marahil, masisipat ang nagsasalasalabid na pagpapakahulugan sa aswang mula sa iba-ibang panahon na masasabi ring narito at naroon.

Sa iba't ibang kuwentong-bayan na nasa tradisyong pabigkas, lumilitaw ang iba't ibang paglalarawan na nakahulma sa popular na pagharaya sa aswang. Sa mga Bukidnon Manobo, masasabing kawangis ng imahen ng aswang ang mga *talabusaw/talagbusaw* na makapangyarihang nilalang na sumisipsip ng dugo ng tao at kung minsang sumasapi sa katauhan ng napipili nitong miyembro ng pamayanan. Hinaharaya rin ang mga busaw na ito bilang bahagi ng mga nilalang na nakikidigma sa isang banda, ngunit isinantabi sa laylayan ng kinagisnang sistema ng paniniwala dahil sa mga balakin at gawi nitong marahas (Dadole 43; Tianero 104). Sa ganitong pagbasa, ang imahen ng busaw bilang aswang ay tila hinaharaya bilang "Iba" sa "Sarili" (Self) sa konteksto ng pamayanang Bukidnon

Manobo Kung sasangguniin naman ang ilang kuwento at tala ng mga Tumandok sa Panay, ilang ulit na nabanggit ang aswang sa talababa ng mga *sugidanon* (epiko) na inirekord nina F. Landa Jocano at Alicia Magos. Bumubuo ng diyalektika ang paglalarawang nakahulma sa aswang sa imahinasyong Tumandok: sa isang banda, magigiting na nilalang ang mga ito na nakikidigma upang ipagtanggol ang kanilang lipi at teritoryo na kalauna'y kinakain ang laman-loob ng kaaway na nasawi, nang sa ganoon ay makuha nila at mamana ang angking lakas at talino ng nagaping kaaway; ngunit sa kabilang banda naman, animo'y nakakatakot na nilalang ito na pumupuksa ng iba't ibang nilalang sa ngalan lamang ng pagpuksa. Sa dalumat ng mana (inheritance) at pagiging magiting na pinuno, nakalilikha ang katauhan na inilalakip sa aswang nilang Iba sa mga nasasakupan sa kinagisnang sistema ng paniniwala ng mga Tumandok.

Kung sasangguni naman sa tala ng mga dayuhang historyador at mananaliksik sa panahon ng kolonyalismong Espanyol, mahihiwatigan ang limitado at simplistikong pag-unawa sa aswang na lagi't lagi'y nilililok ng imahinasyong maka-Hudeo-Kristiyano. Mapapansin ito sa mga tala nina Juan de Plasencia (1589), Juan Francisco de San Antonio (1738), at Tomas Ortiz (1731) na tila nagsasalit-salitan sa pagbibigay anyo at hugis sa nilalang ng aswang bilang kaugnay ng kasamaan at kadiliman at kinakailangang puksain ng pagbabalik-loob sa Hudeo-Kristiyanong paniniwala.

Mula sa mga inilatag na pagpapakahulugan sa nilalang ng aswang, at maging sa karakter nito sa mga pelikulang sinusuri, kapansin-pansin ang sensibilidad nito bilang pamamagitan sa iba't ibang sistema ng danas at paniniwala. Hugpungan ng diskurso ng "Iba" (Other) ang aswang, lalo na sa antas pangkultura, panlipunan, at pampolitika. Ang dalumat ng "Iba" sa bahaging ito ay gumagana sa antas ng pagiging *iba* sa pamayanan at paniniwalang kanilang kinabibilangan. Dagdag pa na kabatiran ang nagsasalit-salitang pagharaya sa aswang ng nagtatalastasang balangkas ng tradisyon at modernidad na nabibigyan ng panibagong hubog at hugis ng kolonyalismo at neokolonyalismo. Sumisilip din ang nililikhang sistema ng takot at sindak na namamagitan sa karakter ng aswang bilang "teksto" at sa pinagmumulan nitong "konteksto" sa *Shake, Rattle, and Roll* at maging sa daigdig sa labas ng kuweba ng mga gumagalaw na imahen.

HIWAGA AT TALINGHAGA NG ESPASYO AT PANAHON SA SHAKE, RATTLE, AND ROLL

Umilikha ng diskursibong kahulugan ang dalawang pagkakahati ng mga espasyo: Lang isa'y nakalunan sa tinatanaw na primitibo, walang sibilisasyon, at nakakatakot, habang ang isa nama'y nakatungtong sa pagpapalagay na progresibo, sibilisado, at walang peligro. Kung gayon, mahihiwatigan dito ang binabanggit nina Dipesh Chakrabarty at Johannes Fabian na tila binibigyan ng lehitimasyon ng ganitong dominanteng pananaw na ang malalayong lalawigan at probinsiya ay tuwinang atrasado, barbaro, at walang pag-unlad. Sa pagdulog na ito, pumapasok ang kolonyal na proyekto at ang pagharaya sa masidhing pangangailangan sa kolonyalismo upang mabago ang anyo ng malalayong pook patungo sa moderno at urbanisadong lungsod kahit na kung tutuusin, matatanaw ang mga lunan na ito sa punto de bista na magkapantay ang dalawang espasyo. Sa pelikulang katatakutan sa Pilipinas, lagit laging itinatampok ang nagtatalaban at nagdidigmaang diskurso ng “probinsiya at siyudad” at “tradisyon at modernisasyon.” Tingnan, halimbawa, ang pagpapalagay ni Eulalio Guieb III ukol dito:

Nitong mga huling taon ay kapansin-pansin ang pagbibigay-tuon sa mga tinaguriang “modernong” kabataan na “nagbabakasyon” sa probinsiya upang sinasadya o disinasadyang harapin ang makaluma subalit kontemporaneong mundo ng mga aswang at maligno, ng mga espiritu at totoong tao, ng hiwaga at mga lantad na realidad, ... Sa mga sineng ito, ang kababalaghan ay idinidikit sa mga liblib na lugar, at ang mga lugar na ito ay mga lunan ng adventure o “happening” ng mga sinasabing makabagong kabataan. Mahalagang pag-aralan ang ginagawang makitid at simplistikong paghahati ng moderno at tradisyonal, ng luma at bago. (99)

Tunay na reduktibo ang pagpapalagay na ang mga liblib na probinsiya ang siyang lunan ng katakot-takot at kahindik-hindik na siyang pinamamahayan ng mga aswang at iba pang halimaw, habang ang lungsod naman ang siyang tinataal na moderno at malayo sa takot at panganib. Mahihiwatigan, sa puntong ito, ang pamana ng proyektong *reduccion* sa panahon ng kolonyalismong Espanyol. Hinati-hati sa bawat pueblo ang mga lugar at inilagak sa sentro ang simbahan kung saan naroon ang *bajo de las campanas* na siyang

nagtatakda sa kung gaano kalawak ang sakop ng bayan (Santos 85-86). Masasabing layon ng proyektong *reduccion* ang pagsasalikop sa mga katutubo upang mas madali itong masakop at mapailalim sa pamahalaang Espanyol (Rafael 90). Sumusunod sa lohikang ito ang naunang pahayag tungkol sa dikotomiya ng bukid/bundok at bayan. Ngunit tradisyonal at simplistiko ang nililikhang kahulugan ng paghahati lalo na't patuloy na hinaharaya ang bukid at bundok bilang mapanganib at marahas bunsod na rin ng pagiging malayo nito sa iba't ibang institusyong itinayo ng mga Espanyol, habang ang bayan naman ay patuloy na tinatanaw bilang lunan ng kadalisan at kaluwalhatian bunga na rin ng pagiging malapit nito sa mga institusyon. Ngunit, kung babalikan naman ang mga pelikulang sinusuri, mahalagang pansinin na sa magkaparehong espasyo ng probinsiya at siyudad lumilitaw at umiiral ang mga aswang. Marahil, patunay ang pangyayaring ito na hindi tiyak ang kaligtasan sa bayan tulad ng laging paglalarawan dito bilang lunan ng kadakilaan at katiwasayan. Marahil, patunay rin ang pagtingin na ito sa pagkukubli ng siyudad sa pagiging maamo at maliwanag kahit na sa likod nito'y nagtatago ang matatalim na kuko na handang-handang mandagit anumang oras.

Sa apat na episodyong nagtatampok sa espasyo ng malayo at nakakatakot na probinsiya, pinakaliblib ang paglalarawan sa “Manananggal” (1984). Bagama't rural na probinsiya ang lunan ng episodyo, litaw na litaw pa rin dito ang banggaan ng mundo sa itaas ng bundok at sa paanan nito kung saan matatagpuan ang “bayan.” Sa pelikula, ang bundok ay inilalarawan bilang masukal, mapanglaw, at nakakatakot, malayo sa lahat ng institusyong matatagpuan sa paanan ng bundok, kung saan din matatagpuan ang “bayan.” Bagama't hindi pa gaanong moderno ang pagpapakita sa “bayan,” kakikitaan naman ito ng paglaganap ng “bagong kultura” na dumadaloy sa iba't ibang anyo ng midya tulad ng telebisyon at radyo.

Nakadagdag din ng takot at sindak ang mismong pagpapaloob sa naratibo ng kuwento sa panahon ng “kuwaresma.” Sa diskurso ng Katolisismo sa bansa, masasabing impluwensiya ng Panahong Medieval mula Kanlurang Europa ang pagdiriwang na ito. Tumutukoy ang “kuwaresma” sa pangangilin sa ginawang pagpapakasakit ni Hesukristo upang isalba ang kasalanang nilikha ng daigdig ng tao (Ileto 12). Nangangahulugan din ang panahon ng muli't muling pag-alala sa

pagkamatay at pagkabuhay ng tagapagligtas. Sa katunayan, sa mga panahon na sumasapit ang kuwaresma, nagkakaroon ng iba't ibang ritwal at seremonya tulad ng sinakulo na nagsasadula ng pagpapahirap at pagpatay kay Hesukristo, ipinuprusisyon din ang iba't ibang mga santo na nasa magagarang karwahe at karosa. Patunay rito ang binabanggit nina Nicanor Tiongson at Victor Venida higgil sa pagsasagawa ng mga ganitong aktibidad sa mga bayan malapit sa simbahan at plaza. Kung tutuusin, ang estruktura ng produksiyon ng sinakulo at prusisyon ng mga santo ay nagpapahiwatig ng piyudal na kaayusan kung saan ang nagmamay-ari ng mga santo na ipinaparada sa mga bayan-bayan ay ang maykaya at mayayaman habang ang mga nasa bukid at sakahan ang siyang nagsisilbing tauhang inuupahan at gumagawa sa mahihirap at maduduming trabaho.

Prominente ang mga tagpo sa episodyo kung kailan ginamit ang panahon ng kuwaresma bilang sangkap na pandagdag sa takot at sindak na gustong iparating sa manonood. Makikita sa unang eksena ng pelikula ang takot sa mga litanya ng isang karakter sa panghaharana sa gubat:

Gitarista: Talagang bente pesos ang singil ko sa 'yo dahil ngayon lang ako naarkila na mangharana ng Huwebes Santo. Masama ang lakad na ito, sa ibang gabi na lang tayo mangharana.

Mahihinuha na may tinig ng pangamba at pagkabalisa sa linya ng karakter dahil sa okasyon ng kuwaresma. Maipapalagay na tila iniwasan ang panghaharana sa mga ganitong oras dahil sa pag-iisip na hindi ligtas ang gumawa ng kahit na ano sa tuwing idaraos ang panahong binabanggit. Sa saray ng pananagisag at pandama sa Pilipinas, mayroong hindi maayos na pagtingin sa paggawa ng mga bagay na nakaugalian nang gawin sa tuwing sasapit ang kuwaresma. Sa ganitong mga panahon, mas pinipiling mangilin ng iba, magdasal, at magbasa ng pasyon kaysa magpatuloy sa nakagawiang takbo ng buhay. Marahil, ang pagkatakot na mangharana sa panahon ng Huwebes Santo ay kung pag-alala sa pagkamatay ni Hesukristo na siyang inaasahang magsasalba sa lahat sa kapahamakan, katatakutan, at kahindik-hindik na mga pangyayari.

Sa isang tagpo sa pelikula, iniuugnay ang damdamin ng takot sa mismong panahon ng kuwaresma. Matatagpuan ito sa eksena kung kailan nagbigay ng payo ang isang namamanata

sa gubat sa bidang binata na hinahabol ng manananggal:

Namamanata: Huwag kang matakot kahit kanino basta malakas ang pananampalataya mo.

Patay ngayon ang diyos kaya wala kang maaasahan kundi ang pananampalataya mo.

Sa malalim na pag-unawa, mapapansin ang mataas na pagbibigay-pugay sa tulong na maibibigay ng “diyos” na binabanggit sa pahayag. Masasabi rin mula sa naging pahayag ng namamanata na malaking bahagi ng paglaban sa aswang na manananggal ay mapagtatagumpayan gamit ang pananampalataya sa “diyos.” Ngunit ang naratibo sa kuwento ay naganap sa panahon ng “kuwaresma” kung kailan ginugunita ang pagkamatay ng “diyos,” o marahil, sa imahinasyon ng pelikula, ang muling pagkamatay ng “diyos.” Sa ganang ito, “malakas na pananampalataya” pa rin ang tanging payo na naibigay ng namamanata. Sa ganitong pagbasa, lumalabas ang muling pagdidigmaan ng paniniwala at pananampalataya na may malaking bahagi at impluwensiya ang Katolisismo. Hindi ito nalalayo sa pangyayari kung bakit mayroong paniniwala sa bisa ng “anting-anting” sa tuwing sasapit ang panahon ng kuwaresma (Ileto 22). Maikakabit din ito sa tala ni Fenella Cannell (1999) ukol sa pagtupad sa tradisyon at pagsisilbi sa imahen ng *Amang Hinulid* sa Bikol sa panahon ng kuwaresma dahil sa paniniwalang ang pagkalapit at pagiging palagay ng loob dito ay maaaring magbunga ng “kapangyarihan” (165-182). Sa ganitong konteksto, ipinagpapalagay na ang “kapangyarihan” ay kakabit din ng masalimuot na sistema ng paniniwala, kasanayan, at gawi ng tao sa pakikibaka sa iba't ibang kontradiksyon sa daigdig.

Samantala, kung susuriin ang “konteksto” ng episodyong “Manananggal” (1984) sa panahong nilikha ito, higit na nakakatakot ang diskursibong kahulugan na nililikha ng isang eksena sa “bayan” sa paanan ng bundok. Masasabing tunay ang kapangyarihan ng lente ng kamera bilang tagapagsiwalat at daluyan ng iba't ibang isyung panlipunan, pampolitika, at pang-ekonomiya sa bansa. Tingnan, halimbawa, ang isang eksena sa episodyong nagtitipon-tipon sa kalsada ang ilang aktor sa sinakulo na naghahanda para sa pagsasadulang kanilang gagawin. Mapapansin na tahimik ang buong kalye at walang gaanong tao kahit na umagang-umaga ito. May banta

ng takot sa kalsada at sa pangyayari na gustong ilarawan ng pelikula. Mahalagang sipatin na ang inilalarawan sa pelikula ay ang panahong katatapos lamang ng Batas Militar na ipinatupad ni Ferdinand Marcos noong 1972 hanggang 1981. Umaalingawngaw sa imahen ng pelikula ang takot at pangamba sa lansangan dahil sa pagpapatupad ng maagang curfew at pagbabawal sa iba't ibang uri ng demonstrasyon at paglalagalog nang walang dahilan sa mga kalye. Ngunit hindi lamang sa kalye ng bayan sa paanan ng bundok mapapansin ang pangyayaring ito dahil maging ang paglalarawan sa bundok bilang mapanganib at nakakatakot ay tila talinghaga ng lahat ng pang-aabuso at militarisasyong nagaganap sa mga kabundukan at kabukiran sa panahon ng rehimeng Marcos.

Ang mga episdoy naman na “Aswang” (1990) at “Lihim ng San Joaquin” (2005) ay tila nagkakapare-pareho sa pagtanaw sa liblib na probinsiya. Sa daloy ng naratibo at bihis ng anyo ng dalawang pelikula, hindi maipagkakailang inspirasyon ng “Lihim ng San Joaquin” ang naunang matagumpay na “Aswang.” Sa dalawang pelikulang binabanggit, magkaparehong itinatampok ang liblib na baryo na nakahiwalay sa mga karatig-lugar nito. Nasa gitna ng mga kagubatan ang dalawang baryo at nag-iiba ang hitsura sa tuwing sasapit ang gabi. May pagkakatulad ang pagsisimula ng dalawang kuwento: sa “Aswang” (1990), ang bidang karakter na dalagang mula siyudad ay sumama sa kaniyang kaklase upang pumunta sa pista sa lugar nito; at sa “Lihim ng San Joaquin” (2005) naman, mula sa pagtakas sa siyudad, pinili ng bagong mag-asawa na magpakalayo-layo at manirahan sa San Joaquin na pugad pala ng mga aswang. Ang dalawang baryong binabanggit sa dalawang pelikula ay kapuwa tinitirahan ng mga aswang na naghihintay ng mga mortal na taong bibisita rito upang kanilang kainin at pagsalu-saluhan.

Isang probinsiya na pagsasaka ang pangunahing pamumuhay ang paglalarawan sa lugar sa “Aswang” (1990). Naganap ang naratibo ng pelikula sa panahon ng pista, panahon ng pasasalamat ng mga tao sa komunidad dahil sa masaganang ani na kaloob ng kanilang “Impo.” May ironiya sa kuwento lalo na't sentral na pangyayari ang pista sa naratibo. Kung pista, ito ay nangangahulugan ng pagsasanib ng “katutubo” at “kolonyal” na gawain kung kailan nagsasalo-salo at naghahanda ang mga tao sa komunidad upang magpasalamat sa masaganang ani para sa mga katutubo at ipagdiwang naman ang kaarawan ng santo

para sa mga dayuhan. Naghahanda ang mga barangay at baryo ng iba't ibang putahe ng ulam at nanghihiram ng porselana at kutsara't tinidor para sa salo-salo. Sa pelikula, ang mga ritwal at paniniwala na litaw na litaw ay sumusunod sa “katutubong sistema ng paniniwala,” tulad na lamang ng pag-aalay sa “Impo.” Ngunit, mapapansing tila inilalarawan sa pelikula ang mga paniniwalang ito bilang mga elementong makapagbibigay takot at sindak sa manonood. Masugid pa rin ang demonisasyong nagaganap sa “katutubong kultura” sa kuwento.

Wala namang gaanong pagkakaiba ang paglalarawan sa baryo sa naratibo ng “Lihim ng San Joaquin” (2005) sa “Aswang” (1990). Kalakip ng baryo ng “San Joaquin” ang sinasabing lihim nito tungkol sa mga namamalagi at nakatira ditong aswang. Sa pelikula, isang mortal na tao na ginawang alipin sa baryo ang nagpapatunay at nagsalaysay sa pinagmulan ng mga aswang:

Alipin: *“Ang San Joaquin ay ang huling himpilan ng mga aswang na galing pa sa Visayas at Mindanao, dito na sila tumira at mamamata’y.”*

Mahuhugot mula sa siniping linya sa “Lihim ng San Joaquin” ang iba't ibang diskurso na kalakip ng aswang. May pahiwatig ang linya na ang mga aswang ay nagmula sa Visayas at Mindanao at hindi taal na taga-Luzon. Nagtungo lamang sila sa Luzon upang palaganapin dito ang kanilang huling himpilan. Sa bahaging ito, lumilitaw ang paglalakip sa Visayas at Mindanao bilang lunan ng aswang na nakakatakot, malayo sa sentro ng Kalakhang Maynila at karatig nitong siyudad. Umaalingawngaw rito ang muling paghahati sa probinsiya at lungsod, mayroong nasa sentro at mayroon ding kinalimutan sa laylayan – animo’y naaagnas na alaala sa hinagap at gunita ng bansa.

Bagama't liblib na probinsiya ang lunan ng naratibo, naiiba naman ang anggulo ng espasyo sa pelikulang “Emergency” (2008). Mapapansin ang tila “pag-abante” ng lugar mula sa nakagisnang paglalarawan ditong malayo, nakakatakot, at masukal. Sa pelikula, halos kabuuan ng kuwento ay naganap sa loob ng ospital. Sa saray ng sibilisasyon, kung mayroon nang institusyon ng ospital ang lugar, nangangahulugan na malapit ito sa bayan / poblacion. Samantala, mahalagang sipatin na ang ospital na binabanggit sa pelikula ay pribadong kompanya. Kung pribado ang ospital, ito ay nangangahulugang ang may-ari ng ospital ay ang mayayamang pamilya sa lugar

na siyang nagpapatakbo nito. Kakaiba ito sa pampublikong ospital na siyang pagmamay-ari ng gobyerno na naglalaan ng pondo para sustentuhan ang mga pangangailangang pangkalusugan ng mga mamamayan. Sa kaayusan ng naratibo ng pelikula, maaaring sabihin na ang pook ay papunta na sa yugto ng modernisasyon at urbanisasyon kung saan ang sistema ng produksiyon ay nasa kamay ng mga may hawak ng kapangyarihan.

Hindi nalalayo ang estruktura ng pook na inilalarawan ng “Emergency” (2008) sa “Madre” (1992) at “Yaya” (2006) kung saan ang espasyo ng naratibo ay nakalunan sa modernong siyudad. Sa “Madre,” ang lunan ng tunggalian sa kuwento ay matatagpuan sa komunidad ng mga maralita sa siyudad. Pagkakawang-gawa ang misyon ng madre at doktor na aswang sa umaga habang sa gabi’y nababalot at nababago ang misyong ito ng lagim. Patunay ang misyon ng madre at doktor sa tulong na kinakailangan ng mga maralitang tagalungsod, manipestasyon ito ng kahirapan at kahabag-habag na estado ng mga mamamayan sa mismong pook. Lumilikha ng dikotomiya ang inilalarawan ng pelikula sa siyudad, sa isang banda, tinatanaw ito bilang pook na moderno, sibilisado, at progresibo habang sa kabilang banda naman, imahen ito kung saan laganap ang kahirapan, kawalan ng trabaho at tirahan, at kasalatan sa mga pang-araw-araw na pangangailangan.

Hindi naman maiiwasang ihambing ang itinatatampok na naratibo ng pelikula sa iba’t ibang isyung panlipunan, pampolitika, pang-ekonomiya, at pangkulturang kinakaharap ng bansa. Mahalagang suriin ang “konteksto” kung kailan nilikha ang pelikula bilang sangkap sa paghubog ng mismong naratibo nito. Isa sa mga makabuluhang tagpo sa pelikula ay ang paghahanap ng mga maralitang tagalungsod ng mga armas at bagay na maaaring pumuksa sa kinakatakutan at gumagalang mga aswang. Bunga ng mahirap na buhay at bagsak na ekonomiya, mataas ang presyo ng lahat ng bilihin kaya’t kahit na ang bawang na siyang sinasabing panlaban sa aswang ay hindi kayang bilhin ng mga maralitang tagalungsod. Bilang kapalit ng bawang, nakukuntento na lamang ang mahihirap na mamamayan na tipunin ang mga “hot sauce” at “asin” na nakakalap nila mula sa mga kalapit na bar, karinderya, at tindahan ng “balut.”

Isa pang angkop na halimbawa ng episodyo bilang daluyan ng mga isyung pambansa ay ang eksenang nagtipon-tipon ang mga babaeng nasasadlak sa prostitusyon, upang pag-usapan ang kaguluhan sa kanilang komunidad.

Umaalingawngaw sa laman ng pag-uusap ang ilang mahahalagang isyu:

Babae: Hoy, anong okasyon? Bakit bumalik na ba ang mga Kano sa Subic at ang iingap ninyo?

Makahulugan ang linya tungkol sa mahalagang okasyon ng pagbubuklod ng mga babaeng magkakapitbahay at pag-uusap-usap tungkol sa pagbabalik ng mga Amerikano sa bansa. Sa puntong ito, mahalagang bigyang-diin ang taong 1992 bilang panahong nilikha ang pelikula. Sa kasaysayan ng Pilipinas, taong 1990 nang ipasara ang base at hukbong militar ng mga Amerikano sa Gitnang Luzon. Ang pagpapatayo ng mga malawak na sandatahan ng mga sundalong Amerikano ay masasabing bahagi ng proseso ng pagpapalawak ng kanilang imperyo sa bansa. Sa ganitong diskurso sa “konteksto” ng pelikula, nagiging mahalaga ang papel ng mga babaeng nag-uusap-usap ukol sa pagbabalik ng mga sundalong Amerikano. Sa panahon ng mga base at hukbong militar sa Gitnang Luzon, naging laganap ang sistema ng prostitusyon. Naging palasak din ang iba’t ibang anyo ng pambibiktima at pandarahas sa kababaihan tulad ng panloloko, panunupil, at tuwira’t hindi tuwirang pang-aalipin. Sa pananaw ng isang sundalong Amerikano, “Pussy, that’s what the Philippines is all about” (Sturdevant at Stoltzfus 326). Umaalingawngaw sa mapang-abuso at mapang-aping pahayag ang pagturing sa Pilipinas bilang bansang ang pagkakakilanlan ay “ari ng babae” at ang tanging maibabahagi ay “ari ng babae” na nagbibigay serbisyo sa mga kliyente tulad ng mga sundalong Amerikano (Tadiar 25-26). Sa ganitong konteksto, bagama’t hindi tuwiran, nagiging daluyan ng mga isyung kinasasangkutan ng lipunan at estado ang iba’t ibang metaporikal na elemento ng naratibo ng pelikulang “Madre.”

Domestiko naman ang lumilitaw na pandarahas sa episodyong “Yaya” (2006) na makikita sa mga kabahayan sa urbanisadong mundo ng siyudad. Ang naratibo ng pelikula ay nakalunan sa loob ng isang panggitnang-uring subdibisyon kung saan ang bahay ay magara bagama’t hindi kalakihan. Tipikal ang hitsura ng bahay sa pelikula na akma sa paglalarawan sa estado ng pamumuhay at kabahayan ng gitnang-uring pamilya sa Pilipinas na naiipit sa nagbabanggaang daigdig ng konsumerismo at globalisasyon. Tila kosmopolitan naman ang paglalarawan sa kaayusan ng kabahayan – ang among babae ay nagtatrabaho sa

umaga kung kaya't kinakailangang humanap ng kasambahay na maaaring tumugon sa sinasabing “panlipunang tungkulin” na karaniwang iniaatang sa babae tulad ng paglilinis ng bahay, pagluluto, paglalaba, at maging ng pag-aalaga sa pinakamaliit na bata sa pamilya. Kung susuriin ang relasyon ng dalawang babae sa pelikula, ang “kasambahay” na aswang at ng “among babae,” hindi pa rin masasabing pinagbubuklod sila ng diwa ng kanilang pagiging babae, bagkus nangingibabaw sa kaayusang ito ang diwa ng pananamantala at paniniil.

Metaporikal ang pagkatalo ng aswang sa episodyong “Yaya” (2006), hindi tulad sa mga eksena sa naunang mga episode, isang batang lalaki ang pumuksa sa aswang gamit bilang sandata ang kinakatakutang “bawang.” Bagama't magkaparehong siyudad ang lunan ng mga episodyong “Madre” at “Yaya,” mapapansing magkaiba ang naging paraan ng dalawang pelikula sa pagpuksa sa aswang. Humanap ng alternatibong pumuksa ang mga maralitang tagalungsod sa “Madre” dahil sa kawalan ng sapat na salapi na pambili sa mataas na presyo ng bawang, habang ang batang karakter naman sa “Yaya” ay hindi na nagkaroon ng problema sa paghahanap ng bawang dahil ito'y nakahanda't nakahain na sa kanilang kusina. Mapapansin sa dalawang magkaibang pamamaraang ito ang pagkakaiba sa proseso ng pagpuksa na bunga ng magkaibang pinanggalingang panlipunang uri. Sa huling bahagi ng “Yaya,” bagama't nasagip ng batang lalaki ang kaniyang sanggol na kapatid mula sa binabalak na pagpatay rito ng aswang na nagpapanggap na kasambahay, masasabing tila talunan pa rin ang kanilang pamilya. Napaalis ang aswang / kasambahay sa kanilang tahanan ngunit sa pagpapatuloy ng buhay, kinakailangan pa rin nilang magpatali sa pagdurusa sa kanilang mga pakiwari bilang gitnang-uri, magpapatuloy ang pagtatrabaho ng among babae upang matustusan ang kanilang pang-araw-araw na pangangailangan, pag-aaral ng anak, at pampasuweldo sa bagong kukuning kasambahay habang ang batang lalaki naman ay kinakailangang mag-aral nang mabuti nang sa gayon ay makapagtapos ito at makapaghanap ng magandang trabaho. Magpapatuloy lamang ang pagkabihag ng gitnang-uri sa kaniyang kinasasadlakang sistema.

Bagaman palasak nang maituturing ang perspektibang hinggil sa iniwang latay ng kolonyalismo sa antagonismong larawan ng kinagisnang sistema ng paniniwala sa mga pelikulang katatakutan, mapapansin sa mga

sinuring pelikula ang hindi pa rin natatapos at nahihintong impluwensiya ng pagkakahati-hati mula sa nangungusap na daigdig ng kahapon, ngayon, at bukas at nililikha nitong siklo ng kasaysayan. Mahihiwatigan ang idinulot na pagbabago ng iba't ibang idyoma at hermenyutika ng kolonyalismo at bagong kolonyalismo sa panlipunan, pangkultura, pampolitika, pang-ekonomiya, at maging pang-espirituwal na gawi ng pamumuhay sa Pilipinas. Tingnan, halimbawa, ang sistema ng *reduccion* na nagluwal sa pueblo na naglalayong palaganapin ang kulturang Hispaniko at paniniwalang Kristiyanismo. Sa isang banda, tumuloy ang sistemang ito sa pagkakaroon ng iba't ibang bugso ng mga misyonero at pagtatatag ng mga parokya at institusyong nagpapalaganap ng hindi pagkakapantay-pantay. Ngunit, sa kabilang banda, naging lunan din ang sistemang ito upang tuluyang malantad ang hulagway ng pagtutol at magkaroon ng sapat na kabatiran sa kung paano nararapat makipagtalastasan at makidigma sa gahum ng mga luma at bagong kolonyalismo (Ferrer 110-111).

Nagkakaroon ng mahalagang pag-unawa sa bahaging ito sa binabanggit ni Gealogo hinggil sa pag-uulit-ulit ng kasaysayan mula sa simula nito hanggang sa wakas. Kung mapapansing hindi natapos ang lumang kolonyalismo at napalitan lamang ito ng bagong kolonyalismo, ganoon din ang masasabi sa himig at dalumat ng pagtutol at pakikibaka. Hindi ito natapos sa nakalipas at noon kundi narito pa rin ito sa kasalukuyan at ngayon, at maging sa kakaharapin at bukas. Sa lahat ng ito, nananatili ang aswang sa mga pelikulang sinuri bilang karakter na kaugnay ng takot at sindak, at bilang “taga-labas” sa nakakamanhid na pagharaya sa hawla ng linyar na kasaysayan.

ANG ESTETIKA NG ASWANG BILANG PAMAMAGITAN NG TAKOT AT SINDAK

Sa anim na pelikulang sinuri mula sa serye ng katatakutan na *Shake, Rattle, and Roll*, lumilitaw ang hinaharayang kaayusan ng iba't ibang anyo ng lipunan mula sa malalayo at mapapanglaw na pook hanggang sa ibang mukha at imahen ng gubat sa siyudad. Kapansin-pansin na ang mga karakter ng aswang at maging ang kaugnay nitong pangyayari ang siyang maituturing na elementong gumagambala sa hinaharayang kaayusan. Ang karakter ng aswang ang siyang lunsaran ng takot at sindak, ano man ang

teksto at konteksto ng espasyo at panahon nito – mula sa malalayong pamayanan hanggang institusyon ng ospital sa nagtatalastasang panahon ng kuwaresma, pagbagsak ng ekonomiya, bagong mukha ng pananakop sa hulagway ng imperyalismo, at sa ipinapalagay na modernong daigdig ng “ngayon” na kung tutuusin ay hindi naman talaga naiiba sa “noon” at “kahapon,” at marahil maging sa “bukas” at “paparating.” Sa lahat ng ito, nagiging matingkad ang pagiging “Iba” (Other) ng aswang sa mga pelikulang sinuri. Nagiging makabuluhan din ang pagtataya ni Michel Foucault (2003) hinggil sa dalumat ng halimaw bilang lunsaran ng pagsira at pagwasak sa hinaharayang pamantayan at tuntunin:

What defines the monster is the fact that its existence and form is not only a violation of the laws of society but also a violation of the laws of nature. Its very existence is a breach of the law at both levels. The field in which the monster appears can thus be called a “juridico-biological” domain. However, the monster emerges within this space as both an extreme and an extremely phenomenon. The monster is the limit, both the point at which law is overturned and the exception that is found only in extreme cases. The monster combines the impossible and the forbidden. (55-56)

Malayo sa realidad ng malaya at mapagpalayang kaayusan ng espasyo at panahon na hinaharaya sa anim na pelikulang sinuri. Ngunit, tulad sa binabanggit ni Foucault, animo’y labas sa kasaysayan ang karakter ng aswang na bumabalik at namamagitan sa huwad at mapagkunwaring lipunan sa “Manananggal,” sa tila kinalimutang liblib na lugar sa “Aswang” at “Lihim ng San Joaquin” sa panahon ng politikal na krisis sa bansa, sa tahanan sa subdibisyon ng isang gitnang-uring pamilya na nalulunod sa mga bayarin at gastusin sa “Yaya,” at sa institusyong medikal na batayang pangangailangan ng lahat ngunit ginagawang negosyo sa “Emergency.” Katangi-tangi ang “Madre” dahil lantaran nitong sinusuri ang magkatambal na doktor at madre na sa halip na kumalinga sa mga maralitang tagalungsod ay nangunguna pa sa pagpatay at pagpuksa sa mga ito. Sa ganitong pagbasa, masasabing namagitan ang mga ito sa tunay na kalagayan ng hinaharayang kaayusan na ang mga inaasahang tutulong, lalo na ang mga may hawak ng kapangyarihan, ang siyang nagtatakda ng buhay at kamatayan ng mga mamamayan.

Talinghaga ng taga-labas sa kasaysayan at lipunan ang aswang na nanggugulo sa hinaharayang kaayusan. Kung pagbabatayan ang pagtataya ni Raul Pertierra sa kaniyang

sanaysay na “Viscera-Suckers and Female Sociality: The Philippine Aswang,” nagsisilbi ang aswang bilang malaking banta sa kaayusan ng estado. Inihambing ni Pertierra ang pag-iral ng aswang bilang pagbibigay sindak sa lipunan. Ngunit, sa puntong ito, tila nararapat baklasin ang estruktural na pagsandig at paniniwala ni Pertierra hinggil sa hinaharayang kaayusan ng lipunan na kinakailangang panatilihin. Sa bahaging ito, masasabing matingkad ang espasyo ng aswang bilang tagawasak at tagasira sa kaayusan ng lipunan na pinaghaharian ng iba’t ibang anyo at hugis ng kontradiksiyon na nakapaloob dito. Kung tutuusin, ang aswang ang siyang kumakatawan sa karakter na sumusubok hamunin ang lipunan. Tulad ng naunang nabanggit, hindi na lamang karakter ang aswang, kung hindi isa na itong estetika, sensibilidad, at namamagitan bilang “taga-labas” na nagtutulak sa hinaharayang kaayusan ng lipunan upang higit itong mapalaya mula sa nakamamanhid na hawla ng pang-aabuso sa kapangyarihan.

Sa anim na pelikulang sinuri, bagaman kung minsay nawawala na ang lohika ng kuwento at naratibo upang itanghal ang higit na layuning lumikha ng takot o kaya ay magpatawa, mapapansin din na animo’y naging daluyan ang mga pelikula ng mismong agam-agam na nagtatampok sa mga suliraning kinakaharap ng bansa. Sa puntong ito, nagiging maigting ang paggamit at pagbibigay kahulugan ng pelikulang katatakutan sa mga talinghagang kakabit ng karanasan ng bansa sa mga panahong binanggit at espasyong sinaklaw.

Bilang paglalagom, mapapansin na ang mga pelikula ay naging daluyan ng mga isyung pambansa na nagtatampok sa panlipunan, pampolitika, pang-ekonomiya, at pangkulturang danas ng hinaharayang espasyo at panahon, at maging ng mga mamamayan. Nagiging malinaw rin na ang takot at sindak na nililikha ng mga naratibo sa pelikulang katatakutan ay sumasabay sa agos ng katakot-takot at kasindak-sindak na pangyayari sa naratibo ng pang-araw-araw na kinakaharap sa lipunan—kahirapan, kawalan ng trabaho, gutom, *extra-judicial killings*, at pananamantala. Lumilitaw din na lagpas sa nililikhang takot at pangamba ng SRR sa pamamagitan ng imahen ng aswang, higit na nakakabahala ang karahasang nakalakip sa panahon at espasyong pinamumugaran ng kawalang hustisya, kasakiman, at pang-aabuso sa kapangyarihan na bunsod ng mga umiinog na institusyon sa lipunan. ♦

MGA AKDANG SINIPI

ARTIKULO AT LIBRO

- Blair, Emma Helen at James Alexander Robertson. *The Philippine Islands, 1493-1898. Volumes 1-52.* Cleveland: The Arthur H. Clark Company, 1903. Onlayn.
- Cannell, Fenella. *Power and Intimacy in the Christian Philippines.* Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1999. Limbag.
- Chakrabarty, Dipesh. *Provincializing Europe: Postcolonial Thought and Historical Difference.* New Jersey: Princeton University Press, 2000. Limbag.
- Dadole, Joy O. "The Talagbusao Phenomenon: A Study in Religiosity Among the Bukidnon." MA Tesis, Xavier University, Cagayan de Oro City, 1986. Limbag.
- David, Joel. *Fields of Vision: Critical Applications of Recent Philippine Cinema.* Digital na edisyon mula sa <https://amauteurish.com/2014/04/23/fields-of-vision/>. 2014. Inakses 19 Nob 2021. Onlayn.
- Fabian, Johannes. *Time and the Other: How Anthropology Makes its Objects.* New York: Columbia University Press, 1983. Limbag.
- Ferrer, Amelia S. "Reduccion sa Bohol sa Dantaon 16 Hanggang 19: Katangian at Anyo." *Nasa Philippine Social Sciences Review*, 15.1-4 (2005): 89-114. Onlayn.
- Foucault, Michel. *Abnormal. Lectures at the College de France 1974-1975.* Verso, 2003. Limbag.
- Gealogo, Francis A. "Ang mga Taong Labas, ang Kabayanihan, at ang Diskurso ng Kapangyarihan at Kasaysayan." *Nasa Diliman Review*, 38.1 (1990): 123-138. Limbag.
- Guieb, Eulalio R. III. "Taksonomiya ng Sineng Filipino: Mga Kinagisnan at Umuusbong na Genre o Anyo, at Mga Paglihis sa mga Kumbensyon." *Nasa Sining ng Sineng Filipino*, inedit ng Young Critics Circle Film Desk, 53-108. Quezon City: UP Sentro ng Wikang Filipino, 2009. Limbag.
- Ileto, Reynaldo Clemená. *Pasyon and Revolution: Popular Movements in the Philippines, 1840-1910.* Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1979. Limbag.
- Lim, Bliss Cua. *Translating Time: Cinema, the Fantastic, and Temporal Critique.* Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2011. Limbag.
- . "Queer Aswang Transmedia: Folklore as Camp." *Nasa Kritika Kultura*, 24.1 (2015): 178-225. Onlayn.
- Mojares, Resil B. "Densities of Time." *Nasa Isabelo's Archive.* Mandaluyong City: Anvil Publishing, Inc., 2013. Limbag.
- Ortiz, Tomas. *Superstitions and Beliefs of the Filipinos, 1731.* Nasa Blair and Robertson, vol. 43., 1903-1909. Onlayn.
- Paluga, Myfel Joseph. "Knowledge Practices Traversing the Nature/Culture Divide: Recent Themes in Social Studies." *Banwa*, 1.1 (2004): 11-36. Limbag.
- Pertierra, Raul. "Viscera-Suckers and Female Sociality: The Philippine Aswang." *Philippine Studies Journal*, 31.3 (1983): 319-337. Limbag.
- Plasencia, Juan de. *Customs of the Tagalogs, 1589.* Nasa Blair and Robertson, vol. 7., 1903-1909. Onlayn.
- Rafael, Vicente. *Contracting Colonialism: Translation and Christian Conversion in Tagalog Society Under Early Spanish Rule.* Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1988. Limbag.
- San Antonio, Juan Francisco de. *The Native Peoples and their Customs, 1738.* Nasa Blair and Robertson, vol. 40., 1903-1909. Onlayn.
- Santos, Ronell B. *Ang Lipunan at Kasaysayan sa Urbana at Feliza.* MA tesis, Unibersidad ng Pilipinas Diliman, 1994. Limbag.
- Sturdevant, Sandra P. at Brenda Stoltzfus. *Let the Good Times Roll. Prostitution and the US Military in Asia.* New York: New Press, 1992. Limbag.
- Tadiar, Neferti X. M. *Things Fall Away: Philippine Historical Experience and the Makings of Globalization.* Quezon City: University of the Philippines Press, 2009. Limbag.
- Tianero, Rafael C., OMI. "Direct Violence and Christianity Among Manobo Converts." MA Tesis, Ateneo de Manila University, Quezon City, 2002. Limbag.
- Tiongson, Nicanor G. *Kasaysayan at Estetika ng Sinakulo at Iba pang Dulang Panrelihiyon sa Malolos.* Quezon City: Ateneo de Manila

University Press, 1975. Limbag.

Todorov, Tzvetan. *The Fantastic: A Structural Approach to a Literary Genre*, sal. Richard

Howard. Cleveland: Press of Case Eastern Reserve University, 1973. Limbag.

Tolentino, Rolando B. "Shake, Rattle, and Roll Horror Franchise and the Specter of Nation-Formation in the Philippines." *Humanities Diliman* 13.1 (2016): 134-152. Limbag.

Venida, Victor S. "The Santo and the Rural Aristocracy." *Nasa Philippine Studies*, 44.4 (1996): 500-513. Onlayn.

MGA PELIKULA

Gallaga, Peque. 1984. "Manananggal." *Nasa Shake, Rattle, and Roll*. Regal Films.

--- at Lore Reyes. 1990. "Aswang." *Nasa Shake, Rattle, and Roll II*. Regal Films.

--- at Lore Reyes. 1992. "Madre." *Nasa Shake, Rattle, and Roll IV*. Regal Films.

Lee, Topel. 2006. "Yaya." *Nasa Shake, Rattle, and Roll 8*. Regal Films.

Somes, Richard. 2005. "Lihim ng San Joaquin." *Nasa Shake, Rattle, and Roll 2k5*. Regal Films.

Tuviera, Mike. 2008. "Emergency." *Nasa Shake, Rattle, and Roll X*. Regal Films.



Si JAY JOMAR F. QUINTOS ay nagtuturo ng panitikan at araling Pilipino sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman. Nagsisilbi rin siyang affiliate faculty ng aralin at kulturang biswal sa Unibersidad ng Pilipinas Mindanao.

Mga Tauhang Walang Kasaysayan, mga Naglalahong Lugar at Panahon: Ang Pagsasalin ng Precious Pages ng mga Nobelang Romansang Harlequin

*Characters Without History, Vanishing Times and Places: Precious Pages’
Translation of Harlequin Romance Novels*

MAR ANTHONY SIMON DELA CRUZ

ABSTRAK

Ihaharap sa artikulong ito ang mga resulta ng pag-aaral na sumusuri sa pagsasalin ng Precious Pages ng ilang nobelang Harlequin. Nakatuon ito sa mga estratehiyang ginamit sa pagsasalin ng mga pangalan ng tauhan at lugar at sa paglalarawan ng mga ito. Tatalakayin kung ano ang epekto nito sa pagbuo ng tauhan at lunan—pagbura ng kasaysayan ng tauhan at paglaho ng mahahalagang konteksto—at kung ano ang motibasyon ng Precious Pages sa pagbuburang ito sa mga salin. Nakabatay ang papel na ito sa palagay na ang mga proseso at paraan ng pagsasalin at ang mismong mga produktong salin, ay hinuhulma ng skopos o layunin ng kompanya na kumita upang matugunan ang pangangailangan sa kilig at romansa ng komunidad ng mambabasa ng mga Tagalog pocketbook, at mapanatili ang posisyon nito bilang “The Biggest Publishing House of Tagalog Romance Novels.” Lumilitaw sa pag-aaral na walang problema ang mga mambabasa sa paglolokalisa at liberal na pagbubura ng mga elementong dayuhan sa salin ng mga popular na romansa. Tumutugon sa mga pangangailangan ng komunidad na pinagsisilbihan ng Precious Pages ang nabuong polisiya nito sa pagsasalin.

Mga Susing Salita: Precious Pages, Precious Hearts Romances, Harlequin, nobelang romansa, Tagalog pocketbooks, pagsasalang popular

ABSTRACT

This article will present the results of a study that examines Precious Pages' translation of several Harlequin novels. It focuses on the strategies used in translating personal names and names of places and their descriptions. It will discuss its effect on characterization and setting— particularly the erasure of personal histories and important contexts — and what motivates Precious Pages to omit important details in the translation. This paper is based on the assumption that the translation processes and methods and the translation products are shaped by the company's *skopos* or purpose oriented towards profit to meet the Tagalog pocketbook reading community's need for *kilig* ang romance, and to maintain its position as "The Biggest Publishing House of Tagalog Romance Novels." The study shows that readers have no problem with the localization and liberal omission of foreign elements in the translation of popular romances. Precious Pages' translation policy addresss the needs of the community that it serves.

Keywords: Precious Pages, Precious Hearts Romances, Harlequin, romance novel, Tagalog pocketbooks, popular translation



INTRODUKSIYON

Ang nobelang romansa ay isang komersiyal na genre, at tila naperpekto na ng Precious Pages Corporation ang paglalathala at paglalako nito. Kung sasangguni sa lingguhang update ng mga bagong labas na titulo (mula 2008 hanggang 2014) sa online na Precious Hearts Romances forum, tinatayang 40 titulo ang inilalabas sa isang buwan o humigit-kumulang 480 titulo sa isang taon, at hindi pa kasama rito ang mga romansang muling inilimbag. Bawat titulo ay may inisyal na limbag na 8,000 kopya (De Vera "Love in the Time of Paperback Romances"), pinakamababa na ang 3,000 kopya, ayon sa punong patnugot ng Precious Pages na si Edith Garcia nang kapanayamin ng mananaliksik. Mabibili ang mga ito sa mga pisikal na bookstore ng Precious Pages, National Bookstore, Pandayan Bookshop, at maging sa mga convenience store at grocery. May online bookstore din ang Precious Pages tampok ang 5,100 na ebook, kaya mas aksesibol na sa mga manggagawang Pilipino sa labas ng bansa.

Sumabak din ang Precious Pages sa pagsasalin, at walang makapapantay rito sa kasalukuyan kung bilang ng produkto sa pagsasalin ang pag-uusapan. Sa email (Oktubre 15, 2018) ni Garcia, sinabi niyang nakapaglathala na sila ng 253 salin ng mga popular na titulo: 183 nobelang Harlequin at 70 iba pang mga akda. Hindi pa kabilang dito ang kompletong salin ng mga nobelang romansa na hindi pa nila inilalabas. Ihambing ito sa 95 nobelang isinalin sa Tagalog mula taong 1905 hanggang taong 2000 (Jurilla 23-25). Ayon kay Matias, matagumpay ang pagsasalin nila ng mga nobelang Harlequin kaya naengganyo ang kompanyang magsalin ng iba pang mga bestseller tulad ng *Harry Potter and the Sorcerer's Stone*, *The Hunger Games*, *Vampire Diaries*, *Twilight*, at *Fifty Shades of Grey* ("Twilight," "Vampire Diaries"), mga klasikong akda tulad ng *The House of the Spirits*, *The Alchemist*, at *Charlotte's Web*, at iba pang mga nobelang romansa nina Barbara Cartland, Danielle Steele, Sydney Sheldon, at Nicholas Sparks.

Ang pamamayagpag ng Precious Pages sa kasalukuyan ay bahagi ng tradisyon ng pagsasalang popular sa bansa na nagsimulang mamukadkad noong unang bahagi ng siglo 20, mula sa pagsasalin ng mga awit at korido at de-seryeng nobela sa mga peryodikal, hanggang sa pagsasalin ng mga nobelang komiks at Tagalog pocketbooks. Sa kabila ng mayamang kasaysayan at kasalukuyang kasiglahan ng pagsasalang popular sa bansa—na mapaghuhugutan ng mga kaalamang makatutulong sa pagsusuri ng wika, panitikan, at kulturang Filipino—nananatiling salat ang mga pag-aaral sa larangang ito.

Sa papel na ito, sisipatin ang mga estratehiyang ginamit sa pagsasalin ng mga nobelang Harlequin, partikular sa lokalisasyon ng mga pangalan ng tauhan at lugar at omisyon ng paglalarawan ng mga ito. Nagtuon ang mananaliksik sa tauhan at lugar dahil dalawa ito sa "culture-specific items" na karaniwang inaangkop sa target na kultura sa pagsasalin ng nobelang romansa. Sa pangangailangang ihulma ang pagsasalin ng mga nobelang Harlequin sa formulang pinagkakakitaan ng Precious

Pages—magaan at madulas na daloy ng wika, simpleng paglalarawan, nakakakilig at kapana-panabik na kuwento, salin na tunog-orihinal at malapit sa danas at kultura ng mga mambabasa—may tendensiyang mabura ang kasaysayan ng mga tauhan at maglaho ang ilang mahalagang konteksto. Ang ganitong mga tendensiya ay bunga ng skopos o layunin ng kompanya na bumenta at kumita upang matugunan ang pangangailangan sa kilig at romansa ng komunidad ng mambabasa ng mga Tagalog pocketbook, at mapanatili ang posisyon nito bilang “The Biggest Publishing House of Tagalog Romance Novels.”

Sa 183 salin, 161 titulo ang natukoy ng mananaliksik, at sa listahang ito, 69 ang nakalap na kopya. Mga bersiyong ebook ang sinuri sa pag-aaral. Nilimitahan ang pagsusuri sa 29 na nobelang may markang “Gold Edition” na nagpapahiwatig na isa itong bestseller candidate, ayon kay Salve Canale na isa sa mga nagsalin at nag-edit din ng mga salin. Nakaayon ang ganitong pagmamarka sa layunin ng Precious Pages na ibenta at pagkakitaan ang mga salin. Aminado ang presidente at isa sa mga tagapagtatag ng kompanya na si Segundo Matias, Jr. na tubo ang isa sa mga pinakamahalagang motibasyon sa kanilang inisyatiba sa pagsasalin. Sa isang panayam noong 2014, sinabi niyang, “For me to consider translating a book, it must have sold well and made money. Otherwise, why do it?” (De Vera, “Found in Translation”). Kung gayon, pinili ang mga titulong may tatak na “Gold Edition” dahil higit na matingkad dito ang komersiyal na layunin, na siyang pangunahing batayan ng lapit, mga metodo, at mga estratehiya sa pagsasalin ng mga nobelang romansa.

Nilimitahan pa ang pagsisiyasat sa unang kabanata ng bawat salin (kabilang ang prologue, kung meron) dahil dito karaniwang ipinakikilala ang mga tauhan at detalyadong inilalarawan ang lunan. Maaaring matingkad (o mas matingkad pa nga) ang nangyayaring pagbura ng identidad at kasaysayan ng mga tauhan sa rurok o sa tinatawag na “chapter eight” ni Joi Barrios at sa pagtatapos ng nobela, ngunit sa panimulang pagsisiyasat na ito, nilimitahan ang pag-aaral sa kabanata na unang naghaharap ng mga bida. Isa ito sa mga sangkap ng nobelang romansa (Regis 31-32) na nagbibigay ng palatandaan sa potensiyal na tunggalian sa buhay ng mga bida. Sa unang bahagi rin ng nobelang romansa karaniwang ipinakikita ang status quo sa lipunan na kailangang harapin ng heroine at hero (Regis 31).

Ang unang kabanata o unang sampung pahina rin ang unang ipinasasalin ng editorial staff ng Precious Pages sa mga potensiyal na tagasalin, at ito ang basehan kung ibibigay sa tagasalin ang trabaho. Sa bahaging ito ay inaasahang ibubuhos ng tagasalin ang galing niya sa pagsasalin, at ang galing na ito ay dapat na nakaayon sa komersiyal na formula ng nobelang romansa. Bukod sa pabalat at blurb, ang unang kabanata ang selling point nito, kaya naglipana ang mga blog o website na nagbibigay ng mga tip sa pagsulat ng unang kabanata.

PAGSASALIN NG PANGALAN NG TAO AT LUGAR

Isa sa mga problema ng mga tagasalin ang pagsasalin ng mga pangngalang pantangi na kinabibilangan ng mga pangalan ng tao (o alagang hayop), heograpikong lugar, establesimiyento, organisasyon, at iba pa. Para sa ilang iskolar, hindi kailanman maisasalin ang mga pangngalang pantangi (Sciarone 86). Sa pananaw nila, maituturing na bersiyon at hindi salin ang mga ponolohiko o ortograpikong pagsasaayos ng mga ito (“America” at “Amerika”) o ang paghahanap ng katumbas na mga pangalan sa salin (“London” ng Ingles at “Londres” ng Espanya). May pananaw rin na hindi na kailangang baguhin ang anyo ng mga pangalan sa salin dahil ang mga ito ay mga panandang ikinakabit lang sa mga tao, lugar, o bagay. Para sa kanila, ang kahulugan ng pangalan ay ang mismong tinutukoy nito; walang ano mang konotatibong kahulugan ang mga pangngalang pantangi (Mill 36).

Bagaman tila walang kahulugan bansag o marka ang pangalan, maaaring maglarawan o magbigay ng impormasyon ang pangalan sa tao, lugar, o bagay na tinutukoy nito. Maaaring magbigay ng palatandaan ang personal na pangalan sa kasarian, edad, bansang pinanggalingan, pamilyang kinabibilangan, at uri. Nagbibigay rin ng sosyolingguwistikong palatandaan ang mga pangngalang pantangi sa identidad kaugnay sa lahi, etnisidad, at relihiyon (Tymoczko 235-236). Nagbibigay rin ng palatandaan ang pangalan ng tao kung saang bansa o lugar siya nagmula: tunog-Pranses ang apelyidong “Dubois,” Aleman ang “Müller,” Thai ang “Weerasethakul,” at Hapon ang “Watanabe.”

Sa panitikan, intensiyonal ang pagpapangalan ng mga tauhan sa panitikan (Nord 83). Nariyan ang “Ligaya Paraiso” sa *Sa mga Kuko ng Liwanag* na komentaryo sa marahas na lungsod (kontra sa imahen ng

“ligaya” at “paraíso”). Sa mga Pinoy teleserye at Tagalog pocketbook, mayayaman at makapangyarihan ang mga may apelyidong “Mondragon” at “Ardiente,” samantalang karaniwan at mahihirap (sa simula) ang mga pamilyang “Macaspac” at “Bartolome.” Ganito rin sa totoong buhay. Macho at astig ang karaniwang ikinakabit na imahen sa mga pangalang “Brando” at may sinasabi ang mga pangalang “Nitrogen” o “Alab” sa mga magulang na nagbigay ng mga pangalang ito. Nariyan din ang “Marites” na ginagamit ngayong pantukoy sa mga tsismosa. Madugo at kasuklam-suklam naman ang konotasyon ng pangalang “Digong.”

Sa pangalan naman ng lugar, hindi lang tinutukoy ng mga pangalang “Manila,” “Johannesburg,” “Texas,” at “Athens” ang mga heograpihong lugar na ito. Iba ang kulay at karakter ng “Manila” sa “Texas,” at magkaiba rin ang mga imaheng nabubuo sa isip ng tao kapag naririnig o nababasa ang mga salitang “Johannesburg” at “Athens.” Katulad ng sa mga personal na pangalan, ang kahulugan ng mga pangalang ito ay hinuhulma ng lipunan, kasaysayan, kultura, at heograpiyang kakabit ng mga ito. Kailangang maging pamilyar ang tagasalin sa kultura ng simulaang lengguwahe (SL) at tunguhang lengguwahe (TL) para makalikha ng angkop na salin. Sa kabuuan, may bagahe ang mga pangalan ng tao, lugar, at bagay at madalas na problematiko ang pagsasalin ng mga ito dahil karaniwang espesipiko sa kultura at nakadepende sa mga kultural na paradaym ang mga ito (Tymoczko 223-224).

Inilarawan ni Jan Van Coillie ang ilang posibleng estratehiyang magagamit sa pagsasalin ng mga personal na pangalan at iba pang mga pangngalang pantangi. Kabilang dito ang reproduksiyon o pagpapanatili sa salin ng mga dayuhang pangalan, reproduksiyong may dagdag na impormasyon o paliwanag sa talababa o sa mismong teksto, paggamit ng pangngalang pambalana pamalit sa pangngalang pantangi (“Karen” → “tita”), ponetikong transkripsiyon o morpolohikong adaptasyon (“Marco” → “Marko”), at exonym o pagpapalit ng pangalan gamit ang pangalang katapat sa TL (“John” → “Juan”). Ginagamit ding estratehiya ang paggamit ng pangalang mas kilala sa simulaang kultura para gawing mas pamilyar ang pangalan sa target na kultura nang hindi iniwan ang pagkabanyaga ng konteksto (“Missy Elliott” → “Nicki Minaj”), substitusyon o paggamit ng ibang pangalan mula sa TL (“Becky” → “Sandra”), pagpapanatili o pagbabago ng konotasyon sa TL kung may espesipikong konotasyon ang pangalan, at

omisyon o pagtatanggal ng pangalan sa salin.

Sa pagsasalin ng mga pangalan ng tao, lugar, o bagay, dalawang landas ang maaaring tahakin ng tagasalin: domestikasyon na naglalayong ilapit ang teksto sa mga mambabasa sa pamamagitan ng awtonomong paglikha, o omisyon, at pagsasabanyaga na naglalayong ilapit ang mga mambabasa sa teksto sa pamamagitan ng repetisyon, ortograpikong adaptasyon, o pagpapaliwanag (intratextual/extratextual gloss) ng mga kultural na termino (Aixela 61-65). Ginagamit ang domestikasyon para gawing pamilyar ang teksto sa mga mambabasa. Sa kalakarang ito, katanggap-tanggap ang salin kapag magaan at madulas ang daloy ng wika (madaling basahin at maunawaan). Nagmumukha itong orihinal at hindi salin dahil walang pekuliyaridad sa wika at estilo at umaangkop ito sa kultura at karanasan ng mga mambabasa sa TL (Venuti 1). Ginagamit naman ang pagsasabanyaga para ipreserba ang pagkabanyaga ng teksto. Nagreresulta ito sa depamilyarisasyon kaya tumitingkad ang kaibahan ng kultura ng SL at TL. Ang katapatan sa orihinal ang sukatan ng kahusayan ng salin sa dulong na ito.

Sa kalakhan, itinuturing na kalugod-lugod ang pagsasabanyaga sa pagsasalin dahil pinasisigla nito ang palitan ng kaalamang kultural. Pinapaboran ang pagpapanatili ng mga pangalan at iba pang kultural na termino sa salin dahil kinikilala nito ang kasagraduhan ng orihinal na awtor at orihinal na akda. Tungkol sa pagsasalin ng mga pangalan, sinabi ng tagasalin at kritikong si Robert Adams: “Paris cannot be London or New York, it must be Paris; our hero must be Pierre, not Peter; he must drink an aperitif, not a cocktail; smoke Gauloises, not Kents; and walk down the rue du Bac, not Back Street” (Bassnett 123). Ngunit para sa ilang iskolar, bagaman itinuturing ng ilan na pinakamataas na uri ng pagkilala sa awtor ang hindi pagbabago ng pangalan sa salin, may panganib na makaramdam ng alenasyon ang mambabasa sa TL kaya lalo siyang napapalayo sa teksto (Aixela 61). Maituturing din na isang uri ng aktibismo sa postkolonyal na konteksto (pagsasalin mulang dominanteng kultura tungong marhinalisadong kultura) ang pag-aangkin ng mga pangalan. Pagbangga ito sa itinakdang norm sa pagsasalin ng mga nangingibabaw na kultura na nagdudulot ng “colonization of the self that becomes generalized as the colonization of a people” (Tymoczko 238).

Ihaharap sa susunod na mga bahagi ang mga resulta ng pag-aaral na sumusuri sa

pagsasalin ng Precious Pages ng ilang nobelang Harlequin. Ipakikita na dahil sa pangngibabaw ng domestikasyon bilang dulong sa pagsasalin, maraming detalye ang binago o tinanggal kaya nabubura ang ilang kasaysayan ng mga tauhan at humuhulas ang mahahalagang konteksto na palatandaan sana ng ikinikilos ng mga tauhan—bagay na hindi pinoproblema sa proyektong ang tuon ay sa skopos o layunin ng pagsasalin at sa gamit ng produktong salin.

SAMMIE GOLD DOON, SARA ANGELES DITO, AT KUNG BAKIT NAGING LA UNION ANG SICILY

Ipakikita sa bahaging ito na ang domestikasyon, sa pamamagitan ng substitusyon at omisyon at pagdaragdag, ang nangingibabaw na dulong sa pagsasalin ng mga sinuring salin sa Filipino ng mga nobelang Harlequin. Nagtuon ang pagsusuri ng pagsasalin na may kinalaman sa tauhan (personal na pangalan, paglalarawan ng panloob at panlabas na anyo ng karakter, motibasyon, iniisip) at lunan (pangalan ng lugar, paglalarawan ng tanawin at tagpuan).

Nakapagtala ang mananaliksik ng 231 salin na may kinalaman sa mga personal na pangalan. Ang sumusunod na mga estratehiya ang ginamit sa pagsasalin: reproduksiyon, paggamit ng pangngalang pambalana kapalit ng pangngalang pantangi (“Jack Harker” → “lolo”), paggamit ng pangngalang pantangi kapalit ng pangngalang pambalana “grandmother” → “Lola Maura”), pagdaragdag ng pangngalang pambalana (“Rocco” → “tito Rocco”), substitusyon o paggamit ng ibang pangalan (“Marcus Heatherton” → “Marcus Herrera”), ponetiko o morpolohikong adaptasyon (“Moirá” → “Mira”), exonym o pagpapalit ng pangalan gamit ang pangalang katapat sa target na kultura o iba pang kultura (“Giuseppe” → “Josefino”), calque o pagsasaling literal o salita-sa-salita (“Jacqueline Hightower” → “Jacqueline Altatore”), at omisyon o pagtanggap ng pangalan sa salin.

Sa sinuring salin ng mga personal na pangalan, 64% ang gumamit ng mga estratehiyang naglalapit ng teksto sa mga mambabasa. Bagaman ang reproduksiyon ang pinakamadalas gawing kasangkapan ng mga tagasalin, ginagamit ang karamihan nito kasabay ang iba pang mga estratehiya, kaya lumalabas na 13% lang ang mga item na pinanatili ang pagkabanyaga. Pinapanatili rin sa halos lahat ng item na ginamitan ng reproduksiyon ang mga pangalang maaaring

lokal at maaring banyaga. Sa kabuuan, 23% ang neutral na salin.

Nakakolekta rin ang mananaliksik ng 132 salin na may kinalaman naman sa pangalan ng mga lugar. Ginamit ng mga tagasalin ang sumusunod na mga estratehiya: reproduksiyon, substitusyon o paggamit ng ibang pangalan (“Boston” → “Bayombong”), paggamit ng pangngalang pambalana kapalit ng pangngalang pantangi (“Greece” → “bansa”), paggamit ng pangngalang pantangi kapalit ng pangngalang pambalana (“inner city streets” → “Roxas Boulevard”), paggamit ng pangalan mula sa simulaang kultura na may parehong gamit o kahulugan (“USA” → “Amerika”), at pagsasalin gamit ang ortograpiya ng Filipino (“Asia” → “Asya”). Katulad sa pagsasalin ng mga personal na mga pangalan, nangingibabaw ang dulong na domestikasyon sa pagsasalin ng mga pangalan ng mga lugar. Sa 137 sinuring salin, 72% ang ginamitan ng domestikasyon, samantalang 18% lang ang ginamitan ng pagsasabanyagang dulong. Tinatayang 10% naman ang neutral na salin.

Para sa ilang nainterbyung mambabasa ng Precious Hearts Romances, walang problema kung babaguhin sa salin (gagawing tunog-Filipino) ang mga pangalan ng mga tauhan o lugar—kung hindi pa nila nababasa ang orihinal sa Ingles. Ayon kay Cheng Parcon Crael, isang online seller na ginang na taga-Negros Occidental na humigit dalawang dekada nang nagbabasa ng Tagalog pocketbooks, “Okay lang siguro kapag hindi ko pa nababasa ang English na original. Kaya no’ng nabasa ko ang translation, okay lang. Walang problema. Pero siguro, ‘pag nabasa ko ‘yong English, parang hindi na, hindi na maganda.” Sa kasong ito, maaaring walang nakikitang problema ang mga mambabasa sa pagbabago ng mga pangalan dahil walang paunang kaalamang nakaiimpluwensiya sa pagbuo nila ng mga idea tungkol sa mga tauhan at lunan. Bilang resulta, mas napadadali at napabibilis ang kanilang pagbabasa dahil walang orihinal na akdang mapaghahanguan ng mga idea na maaaring magdulot ng kalituhan o komplikasyon sa kanilang pagbabasa.

Maoobserbahang talamak ang omisyon o “nontranslation” sa pagsasalin ng popular na nobelang romansa. Sa katunayan, ito ang itinuturing na pangunahing estratehiya sa pagsasalin ng ganitong genre (Capelle 96). Sa estratehiyang ito, tinatanggal hindi lang ang mga salita at pangungusap, kundi mga talata rin, at kung minsan, pinuputol ang malaking bahagi ng isang kabanata. Nangyayari din ang

pagpapaikli ng mga kabanata at pagsasama ng mga ito sa iisang kabanata. May mga kaso pa ngang nagpapasiya ang tagasalin (o sa instruksiyon ng editor) na hindi na isama sa salin ang isang buong kabanata. Karaniwang tinatanggal ang mga pagmumuni-muni o pagbabalik-tanaw ng mga tauhan at paglalarawan ng mga tauhan at lunan—o mga bahaging nakasasagabal sa pag-usad ng kuwento.

Sadyang mas maikli ang mga sinuring salin sa Filipino ng mga nobelang romansa. May istandard na habang 192 pahina ang orihinal na nobelang *Harlequin*, samantalang naglalaro sa 126, 127, at 128 pahina ang salin ng mga ito sa Filipino, o tinatayang mas maikli nang 34%. Ang espesyal na edisyon naman na mga salin ay umaabot sa 144 at 160 pahina (tinatayang mas maikli nang 25% at 17%, ayon sa pagkakasunod-sunod). May inilabas din ang *Precious Pages* na espesyal na edisyon na mga salin na 256 na pahina ang haba, ngunit kung sisipatin ang nilalaman, malalamang mas malalaki ang font at spacing na ginamit kung ihahambing sa regular na edisyon.

Nangyayari din ang pagpapaikli ng mga salin ng mga nobelang *Harlequin* sa iba pang mga wika, tulad ng salin sa Dutch (Capelle 96). Sa Sweden, kailangang paikliin ang salin nang 10% hanggang 15% ng orihinal; sa Swedish na *Harlequin Romantik* at *Harlequin Passion*, istandard ang 160 pahina mula sa 192 pahina ng orihinal (Wirten 116). May haba namang 150 hanggang 160 pahina ang mga *Harlequin* na isinalin sa Pranses at Griyego, bagaman gumagamit ng mas malaking type ang Pranses kompara sa Griyego. Kung bibilangin ang mga salita, may 65,000 salita ang tekstong Ingles, 55,000 salita ang salin sa Griyego, at binubuo naman ng 45,000 salita ang salin sa Pranses (Paizis 5).

Ginagamit din ang pagdaragdag sa pagsasalin ng mga nobelang romansa, bagaman mas bihira ito sa kaysa omisyon dahil na rin sa layuning paikliin ang salin. Depende sa pangangailangan, maaaring magdagdag ang tagasalin ng mga salita o pangungusap. Sa ilang kaso ng pagsasalin ng mga nobelang *Harlequin* sa Filipino, nagdaragdag ang tagasalin ng isa, dalawa, o higit pang talata, na kakatwa gayong limitado lang ang bilang ng mga pahina ng nobelang romansa. Tulad ng omisyon, ginagamit ang pagdaragdag para ibagay ang salin sa umiiral na modelong tanggap na sa target na sistema (Weissbrod 211).

Bagaman ang tagapaglathala at ang editor ang nagtatakda kung gaano kahaba

ang kalalabasang salin, ang tagasalin ang karaniwang nagpapasiya kung ano ang ibabawas at kung ano ang idadagdag dahil siya ang eksperto at ang higit na nakakikilala sa tekstong isasalin. Trabaho niyang tukuyin ang diwa ng teksto para malinaw sa kaniya kung ano ang paikliin at ano ang pahahabain. Maláy sa mga pangangailangan at inaasahan ng target na mambabasa ng nobelang romansang Filipino, isinasagawa ng tagasalin at editor ang dagdag-bawas sa paraang nagiging mas simple at kapana-panabik basahin ang salin—na maaaring magresulta sa malaking tubo ng tagapaglathala (Weissbord 211). Kung gayon, may komersiyal na batayan ang mga nasa likod ng pagsasalin sa pagkatay at muling pagbuo ng teksto.

MGA TAUHANG BURADO, MGA TAUHANG WALANG KASAYSAYAN?

I tinuon din ang pagsusuri sa pagsasalin ng paglalarawan ng pisikal na anyo ng mga pangunahing tauhan at ilang detalyeng may kinalaman sa kanilang nakaraan at iba pang mga aspekto ng kanilang pagkatao. Kilala ang mga nobelang *Harlequin* sa detalyadong paglalarawan ng pisikal na anyo ng heroine at hero. Mala-diyosa ang ganda ng heroine. Kung ordinaryo, meron siyang katangiang kinahuhumalingan ng bidang lalaki. Hindi gaanong katangkaran, maganda ang hubog ng katawan, may labing gustong sibasibin ng mga lalaki. Mala-Adonis naman sa kaguwapuhan ang lalaking Italyano, Griyego, Ingles, Amerikano, Brasileno, o Australyano. Matangkad, malapad ang balikat, pamatay ang panga, at mapang-akit ang mga matang abuhin/berde/bughaw. Taglay niya ang mga pisikal na katangiang pinapantasya at gustong ibigin ng bidang babae at ng mga mambabasa.

Sa sinuring mga salin, lumalabas na tinatanggal o nineutralisa ang mga detalyeng nagtatampok sa pagiging dayuhan ng mga tauhan, partikular ang kulay ng mata at buhok. Ang natural na kulay ng mata at buhok ang isa sa mga palatandaan ng etnisidad ng tao, at hindi karaniwan sa mga Pilipino ang pagkakaroon ng natural na bughaw, berde, o abuhing mata, o ang likas na pagiging blonde, redhead, o brunette. Isa sa mga konsiderasyon sa pagsasalin ng mga nobelang *Harlequin* ang paglalapit ng salin sa kultura at karanasan ng target na mambabasa. Sa ginamit na gabay sa pagsasalin, sinasabing “Physical features may be retained if the characters would pass off as

mestizas or just change the color of the eyes to dark brown same with the color of the hair” (email ni Garcia, Oktubre 11, 2018). Gamit ito, napalalabnaw ang etnisidad o nasyonalidad ng mga tauhan, at mas nailalapit ang mga ito sa mga mambabasang Pilipino. Dahil dito, hindi na isinama sa salin ang “cornflower-blue eyes,” “green eyes,” “lavender eyes,” “pale golden hair,” “red hair,” at “brunette woman.” Tinumbasan naman ng “mapupungay na mata” ang “blue-eyed,” “mga matang iyon” ang “those piercing blue eyes,” “hair” ang “dark blond hair,” at “nakatali ang buhok” ang “blonde ponytail.”

Kinailangan ding pagpasiyahan ng mga tagasalin kung paano isasalin ang iba pang mga palatandaan ng etnisidad o nasyonalidad ng mga tauhan alinsunod sa layuning bigyan ng impresyon ang target na mambabasa na orihinal at hindi salin ang kanilang binabasa. Hindi na isinama sa salin, halimbawa, ang “hot Italian breeding,” “Brazilian polo-playing stud,” “Cherokee heritage,” at “Portuguese blood,” samantalang tinapatan ng “kayumangging kulay” ang “dark Latin looks,” ng “bilyonaryo” ang “Greek billionaire,” at pangkalahatang “modelo” ang “Swedish model.” Sa pamamagitan ng heneralisasyon at pagtanggap ng mga palatandaan ng etnisidad o nasyonalidad, nawawala ang dayuhang kulay sa salin kaya iisipin ng mambabasa na bahagi ng kaniyang kultura ang mga tauhan, lunan, at kuwentong nakapaloob sa binabasa.

May tendensiya rin ang mga tagasalin na tapyasin ang mga detalyeng may kaugnayan sa personal na kasaysayan ng mga pangunahing tauhan. Sa isang pagsusuri ng salin sa Pranses ng mga detective novel noong ika-20 siglo, sinasabing “characters have no past” dahil sa reduksiyonistang dulong sa pagsasalin (Robyns 30). Maoobserbahang ganito rin ang nangyayari sa ilang salin sa Filipino ng mga nobelang Harlequin. Kung may pagbanggit man sa kanilang nakaraan, pahapyaw lang ito at agad na nagtutuon na sa pagpapatakbo ng aksiyon. Tingnan ang sumusunod na sipi mula sa *The Sicilian's Bride* ni Carol Grace:

“It is hard, even for us. But we have experience. Historically, it's our land. Has been for centuries. For hundreds of years most Sicilian wine was shipped off the island, to be blended into other wines. But now we're getting the attention from the world markets we deserve. Twenty-six generations of Montessoris grew grapes there before we were forced to sell it to your uncle a few years ago.”

“Forced?”

“It's a long story and it doesn't concern you. We had a sales slump, followed by financial problems which induced us to give it up, but we've recovered and now we want the land back where it belongs. To us. What difference does it make to you? You've never seen it, you've never lived on it or farmed it. You didn't have picnics there, eat the grapes off the vines or swim in the pond. It means nothing to you” (12).

Mula sa Amerika, lumipad si Isabel sa Sicily, Italya, para manirahan sa bahay at lupang ipinamana sa kaniya ng namatay niyang tiyo na hindi niya nakilala. Plano rin niyang pamahalaan ang malawak na vineyard. Binili ito ng kaniyang tiyo mula sa pamilya ni Dario, pero napabayaang ito ng kaniyang tiyo. Ngayon, gustong bilhin ni Dario kay Isabel ang lupang orihinal na pag-aari ng kaniyang ninuno. Pero ayaw itong ipagbili ni Isabel dahil ito na lang ang pag-aaring mayroon siya, at ito ang magiging kasangkapan niya sa kaniyang pagbabagong-buhay. Ang sumusunod ang salin ni Belle Ofalda ng sipi sa itaas. (Walang marka ng pahina ang bersiyong ebook ng mga salin sa Filipino na mababasa gamit lamang ang Precious Pages iReader na may continuous vertical scrolling view.)

“Mahirap talaga iyon, kahit para sa amin. Pero eksperto kami ryan. May experience na. Nandito na kami noon pa man. Napilitan lang kami na ibenta ang lupa sa uncle mo.”

“Napilitan?”

“Mahabang kuwento. Humina nang husto ang benta at nagkaroon kami ng financial problem noong mga panahong iyon. Pero ngayon ay gusto na naming maibalik iyon sa amin. Hindi naman magiging masama iyon para sa `yo dahil hindi mo pa naman nakikita `yon. Hindi ka pa naman nakakatira doon. Hindi ka pa nakakapag-swimming sa ilog. It means nothing to you.”

Nawala sa salin ang kasaysayan ng lupain at ng pamilya ng bidang lalaki. Hindi sapat na pantugma ang “nandito na kami noon pa man” sa “Historically, it's our land. Has been for centuries.” Sa orihinal, ipinahihiwatig ni Dario na kabilang ang kaniyang mga ninuno sa mga sinaunang Sicilian na nagluwas ng wine.

Tinanggal sa salin ang impormasyon na 26 na henerasyon na ng mga Montessori (Montilla sa salin) ang nagtatanim ng ubas at gumagawa ng alak sa lupang iyon nang bilhin ito ng tiyuhin ng bidang babae. Kung tatantiyahin, pag-aari na ng pamilya nina Dario ang lupain noon pa mang kalagitnaan ng ika-13 siglo. Sa orihinal, naipahiwatig ng awtor ang ugnayan ni Dario sa kaniyang tinubuang lupa nang sabihin niya kay Isabel na hindi pa ito nasasaka ng babae, na hindi pa nakakapag-picnic at nakakapitas at nakakain ng ubas dito si Isabel, o nakakalangoy sa maliit na lawas ng tubigan (ilog sa salin). Malalim at matibay ang ugat ni Dario sa lupa at ubasang pag-aari na ngayon ni Isabel, at hindi ito ganap na naitampok sa salin.

Karaniwan din sa mga sinuring salin ang pagtanggap ng mga detalyeng nagbibigay ng dagdag na lawak at lalim sa karakter. Sa *Bedding the Secret Heiress* ni Emilie Rose, ipinatawag ang bidang babae sa opisina ng lalaking kapatid niya sa ama. Piloto ang babae at ang lalaki ang namamahala sa kanilang aviation company. Sa salin, hindi tahasang binanggit na inistorbo ni Trent ang masayang pagmomotor ni Lauren. Sa gusali, nang paakyat na si Lauren:

The elevator stopped on the third floor and two suit-clad women boarded. Security badges labeled them HAMC employees. Their cool gazes raked Lauren's clothing, making her wish she'd taken time to don her pilot's uniform, but she could hardly ride her Harley in a skirt. And if these two had received a memo from her half brother ordering them to make her work life a living hell, they'd discover she didn't care (11).

Isinalin ni Jade Alleje ang bahaging ito sa isang pangungusap: “Masama ang tingin ng mga ito kay Lauren, parang nanlalait.” Tinanggal sa salin ang reperensiya sa hilig sa pagmomotor ng bidang babae, bagay na hindi karaniwang libangan ng mga babae. Isa pa, Harley, at hindi lang kung ano-anong motor ang pinaandar niya. Hindi rin naipakita sa salin ang nararamdaman niya noong sandaling iyon at ang saloobin niya sa kung ano man ang iniisip ng kasamang mga babae sa elevator. Malay si Lauren na mapanlait ang tingin ng mga ito sa kaniyang kasuotan, pero wala siyang pakialam dito.

Ilan lang ito sa mga halimbawa na nagpapakita kung paano naaapektuhan ng omisyon o pagbabago ng mga detalye ang presentasyon ng mga tauhan sa mga salin ng

mga nobelang Harlequin. Dahil sa paggamit ng estratehiyang ito, nababawasan ng layer ang mga tauhan at halos maglaho ang kanilang indibidwalidad. Dahil tinatanggal ng mga tagasalin ang mga bagay na nagpapatangi sa mga tauhan, halos wala nang pinagkaiba sa isa't isa ang mga tauhan sa mga salin. Lumalabo rin ang ugnayan ng mga pangunahing tauhan sa mga taong nakapaligid sa kanila dahil malawakan din ang omisyon ng mga huli. Sa pangkalahatan, tila lumulutang sa kawalan ang nalilikhang mga tauhan sa mga salin ng mga nobelang Harlequin dahil sa pagbubura ng kanilang nakaraan.

MGA NAGLALAHONG LUGAR AT PANAHO

Sa mga akdang popular, mapapansing mas interesado ang awtor kaysa sa tagasalin sa paglikha ng tiyak na lunan (Robyns 30). Sa orihinal, karaniwang inilalarawan nang detalyado kung saan nangyari o nangyayari ang aksiyon. Tinutukoy rin ang mga lugar na may malaking bahagi sa nakaraan ng mga tauhan—lugar ng kapanganakan at kabataan o lugar na may mahalagang papel sa paghubog ng kaniyang pagkatao. Kahit ang mga lugar na dinaanan o pinasyalan, na nagbibigay ng palatandaan sa buhay ng tauhan, pinangangalanan ng orihinal na awtor. Sa sinuring mga salin sa Filipino ng mga nobelang Harlequin, may tendensiyang tanggalin sa salin ang mga lugar na hindi pinangyayarihan ng kasalukuyang aksiyon. Karaniwan namang ginagawang lokal o di-tiyak ang mga lugar o espasyong kasalukuyang ginagalawan ng mga tauhan.

Ilan sa mga tinanggal na pangalan ng lugar na pinangyayarihan (o malapit sa pinangyayarihan) ng aksiyon ang “California,” “Texas,” “Melbourne,” “Central London,” “George Street,” “Bennelong Point,” “Athens,” “Cyclades,” at “St. Thomas”. Sa *Dating the Rebel Tycoon* ni Ally Blake, tinanggal hindi lang ang “Brisbane” kundi ang kondisyon ng panahon habang nangyayari ang aksiyon sa nobela. Binura sa salin ang “The small window between himself and the Brisbane winter sunshine outside revealed the coast was clear, and he let his forehead rest on the cold glass with a sheepish *thunk*.” Dahil sa pagtatanggal ng “Brisbane winter sunshine” at hindi paggamit ng lokal na katumbas nito (alinsunod sa layuning burahin ang pagkabanyaga ng teksto sa salin), walang napanghahawakang espesipikong imahen ang mambabasa tungkol

sa kapaligirang kinikilusan ng tauhan.

Sa sinuring kabanata ng *A Convenient Bridegroom* ni Helen Bianchin, tinanggal ang mga marka ng kinaroroonan ng bidang babae at ang paglalarawan ng nakikikita niyang tanawin. Binalewala rin ng tagasalin maging ang oras at panahon. Tingnan ang sumusunod na orihinal na sipi na tinanggal nang buo ni Armine Rhea Mendoza sa kaniyang salin:

Sa bahaging ito ng nobela, nagmamaneho ang bidang babae para katagpuin ang kaniyang fiancé at mag-dinner sa mamahaling restawran sa isang hotel. Nagkakaroon dito ng idea ang mga mambabasa ng ST sa mga nakikita ni Aysha sa kalangitan, sa look, at sa skyline ng Sydney, kabilang na ang popular na Opera House at Harbour Bridge. Natatantiya rin nila kung gaano kabigat ang trapiko—30 minuto mula nang magsimulang sumikip ang daloy ng trapiko hanggang sa marating niya ang hotel. Sa salin, walang idea ang mga mambabasa sa partikular na lagay ng panahon, tanawin, at oras dahil sa kapasiyahang tapyas ang mga paglalarawang ito.

Sa interbensiyon na pagtatanggal ng mga pangalan ng mga lugar at mga detalyeng may kaugnayan dito, napipigilan din ang paglitaw ng nakaraan o iba pang mga aspekto ng buhay ng mga tauhan. Sa *A Convenient Bridegroom*, tinanggal ang “northern Italian town” na pinagmulan ng migranteng ama ng bidang lalaki at ama ng bidang babae. Noong kabataan nila, nagpunta sila sa Sydney (Alabang sa salin) at nagbanat ng buto araw-araw sa isang linggo. Nang makaipon, nagtayo sila ng negosyo sa semento. Tinanggal sa salin ang mahalagang detalye tungkol sa nakaraan ng mga ama ng mga bida: “Benipayo-Saldeguer, naisaloob ni Aysha habang nakikisalamuha sa traffic sa downtown Alabang. Mula pagkabata ay magkaibigan na ang kaniyang amang si Josefino at si Luis Saldeguer. Noong mid-twenties ng mga ito, nag-set up ang dalawa ng isang cement business.”

Maraming tauhan sa mga nobelang Harlequin ang patuloy na umaalis at dumarating sa kuwento, patuloy na naglalakbay at nag-iiwan ng bakas saan man sila magpunta. Sa pagkawala ng mga elemento ng paglalakbay sa salin, hindi naipakikita ang pakikipagsapalaran, paghahanap, at tangkang pagtakas ng mga tauhan. Hindi lang sila nawawalan ng kasaysayan, kundi napipigilan ding kumilos dahil sa kumikipot na mundo. Madalas na tampok sa mga nobelang Harlequin ang mga tauhang naglalakbay o naninirahan sa iba’t ibang bansa, na isa sa panghalina nito dahil

nagtatampok ng mga elementong dayuhan o eksotiko (Goris 63). Dahil sa reduksiyonistang dulog sa pagsasalin, nagiging pangkalahatan ang mga elemento kaya maaaring mabawasan ang halina sa mga mambabasa.

Dahil sa layuning mapaikli ang salin para lumapat ito sa istandard na format ng Precious Pages, tinapyas na rin ng mga tagasalin ang mga paglalarawan ng mga lugar o espasyo. Madalas, ginagamit ang mga ito sa orihinal na teksto para magbigay ng pasilip sa sikolohikong lagay ng mga tauhan. Sa *Baby Bonanza* ni Maureen Child, tinanggal ang “...she had no window at all and it felt as though she’d been sealed up in the bowels of the ship. She was forced to keep a light on at all times, because otherwise, the dark was so complete, it was like being inside a vacuum. No sensory input at all” (11). Paglalarawan ito ng masikip, maingay, at pinakamurang kuwarta na tinutuluyan ni Jenna sa sinamahang cruise ship. Maaaring paglalarawan din ito ng sikolohikong kondisyon ng heroine na nasa cruise siya para gulatin at kumprontahin si Nick, ang may-ari nito. Ilang sandali na lang, ipaaalam na ng bidang babae na si Nick ang ama ng kaniyang kambal.

Sa *The Cattleman’s Special Delivery* ni Barbara Hannay, sinaklolohan ng bidang lalaki ang buntis na bidang babae nang maaksidente ang huli sa daan. Habang naghihintay ng mga tutulong, dinala ng lalaki ang buntis sa kaniyang bahay (“homestead” sa orihinal). Walang idea ang mga mambabasa sa salin ni Karen Dee kung ano ang hitsura ng tirahang ito dahil tinanggal sa salin ang ilang detalyeng naglalarawan dito:

With a strong arm around Jess, he steered her up a short flight of steps, and across the wooden veranda boards, not to the main front doorway, but to white-framed French doors. The rain hammered on the tin roof as Reece opened the doors and flicked on a light to reveal a large bed with an oldfashioned, blue chenille spread (9).

Sa halip, ginamit ang “Dinala na siya ni Ronnie sa kuwarta,” kaya nawala ang natatangingkarakter ng isang bahayna binabayo ng ulan sa maliit na bayan (“lonely outback” sa orihinal). Tulad ng inaasahan sa pagsasalin ng akdang popular, partikular ang nobelang romansa, tinanggal ang mga paglalarawang nakasasagabal sa pagpapatakbo ng kuwento. Kaya hindi kataka-takang isinalin ang idineretso na agad ng tagasalin ang mga tauhan sa kuwarta at hindi na pinansin ang hagdang

may maliliit na hakbang, veranda na may kahoy na sahig, at French door na nakukuwadrahan ng puti. Hindi na rin nailalarawan ang malaking kamang may makaluma at bughaw na chenille na kubrekama.

ANG PAGSASALING POPULAR AT ANG DIKTA NG KOMERSIYO

Ang pagsasalin ng mga nobelang Harlequin sa Filipino ay nakabatay sa skopos ng pagsasalin at sa gamit ng produktong salin. Layunin ng Precious Pages na makalikha ng produktong salin na taglay ang tatak ng imprint nitong Precious Hearts Romances. Kailangan nitong tugunan ang pangangailangan sa kilig at romansa ng mga kokonsumo ng salin. Kapag natugunan ang pangangailangang ito, halos sigurado na ang malaking kita ng kompanya. Para mangyari ito, kailangang isaalang-alang sa pagsasalin ang pagpapabilis ng usad ng kuwento at ang pagiging tunog-orihinal ng salin, na matatamo sa pamamagitan ng substitusyon, neutralisasyon, omisyon, at iba pang mga prosidur sa pagsasalin na ginagamit para mapabilis ang pagbasa at mapadali ang pag-unawa sa tekstong salin.

Isa sa mga tahasang preskripsiyon ng Precious Pages ang gawing tunog-orihinal ang salin ng mga nobelang Harlequin sa pamamagitan ng paglolokalisa ng pangalan ng mga tauhan at mga lugar, gayon din ang pag-neutralisa ng mga katangiang pandayuhan. Sa panayam ng mananaliksik kay Garcia, ipinaliwanag niyang ito ang sukatan ng isang mahusay na salin ng nobelang romansa. Para sa kaniya, tagumpay ang isang salin kapag nagustuhan ito ng mambabasa nang nakakalimutan o hindi nalalaman na hindi ito orihinal na akda at isa pala itong salin, “Para sa amin kasi, ang translation is, ‘pag binasa siya ng isang Pilipino dapat parang, iisipin niya na ‘a, isinulat ‘to para sa akin,’ na hindi niya mahahalatang translation...So, dapat hindi halata.” Upang magtunog-orihinal, kailangang iangkop sa kultura ng mambabasa ang mga elementong tunog-dayuhan.

Sa paggamit naman ng estratehiyang omisyon sa pagsasalin ng mga nobelang Harlequin, nangingibabaw ang tuon sa aksiyon kaysa sa paglikha ng mga tauhang may indibidwalidad at kasaysayan. Sa pagtutok sa aksiyon at pagsasantabi sa detalyadong paglalarawan, nagkakaroon ng mga kapanapanabik na tagpo na patok sa mga mambabasa. Sa katunayan, ang paglikha ng “kuwentong

purong aksiyon” (Robyns 31) ang isa sa mga katangian ng salin ng akdang popular. Pinausad ng aksiyon ang kuwento kaya tuloy-tuloy ang kanilang pagbasa, samantalang hinahadlangan ng mga paglalarawan ang pag-usad na ito, na karaniwang nagresulta sa pagkabagot at kawalan ng interes. Ayon kay Lyra (humiling na huwag gamitin ang apelyido), HR specialist mulang Cebu, “Mas gusto talaga namin na pinapaisip kami. Na, uy, ano kaya ang susunod niyang gagawin? So, parang nae-excite ka to read it further para masagot ang mga tanong mo kung bakit ganito ang ginawa o gagawin niya.” Kung gayon, tagumpay ang pagsasalin ng mga nobelang romansa kung isasaalang-alang ng tagasalin ang pangangailangang ito—kailangan niyang tapyasan ang mahahabang paglalarawan.

Ang walang habas na omisyon ay nagluwal ng mga produktong salin na mas simple at mas maikli, kaya mas madaling maintindihan at maaaring basahin nang isang upuan. Sa pakikipagkuwentuhan ng mananaliksik sa ilang mambabasa ng PHR, lumalabas na hindi nila gaanong problema ang hindi madetalyeng paglalarawan ng mga tauhan o tagpo. Ayon kay Crael, “Okay lang kahit hindi na masyadong detailed na mga ganyan-ganyan. Okay na ‘yong ano, ‘pag sinabing guwapo, guwapo na. ‘Pag sinabing maganda, macho, okay na. Pero minsan, parang masyado na ‘yong matangos ang ilong, ganito ‘yong mata, panga... Meron kasing ano ngayon na parang masyadong detalyado kung anong itsura no’ng lalaki or no’ng babae.”

Ayon naman kay Lyra, tungkol sa mahahabang paglalarawan: “Minsan nababanas ako, parang to the point na tinatamad akong tapusin...It could only take me three hours to finish the maninipis na pocketbook. Yung mga makakapal, it could only take me two days or one day kung nonstop, kung gusto ko talaga ‘yong kuwento. Pero kung ganiyan na parang masyadong descriptive siya, tinatamad, ako to the point na natatapos ko siya 3 days, 4 days...” Dahil sa tendensiyang mabagot ang mga mambabasa sa mahahaba at detalyadong eksposisyon, makatutulong nga kung isasantabi ng tagasalin ang mga bahaging namumutik sa pang-uri at magtutuo sa kung paano mapapabilis ang daloy ng kuwento. Limitado ang espasyo kaya kailangang mahuli agad at mapanatili ng tagasalin ang interes ng mga mambabasa.

Higit na gumagana ang imahinasyon ng mambabasa kapag hindi sila pinauulanan ng mga salita. Ayon kay Shirley Anna Saballe,

sekretarya sa isang real estate company, may mga mambabasang ayaw nang sinusubuan ng labis na mga paglalarawan, “Ang gusto nila, mag-imagine ng character. Basta bigyan mo lang sila ng simple ano (paglalarawan). Ganon din kasi akong reader, e. Bigyan mo lang ako ng description, ako ang gagawa ng sarili kong hero sa utak ko...”Yong mga tipong napakaliit na detalye, dinescribe. Kumbaga, masyado nang too much information. Paano mo pa made-describe (sa sarili) ang character mo? Binigay na sa’yo lahat. Kumbaga, ayaw mo naman siyang ma-spoonfeed. Hayaan mo (siyang mag-isip).” Ipinahihiwatig sa pahayag na ito ang pagpapahalaga ng mga mambabasa sa kanilang kakayahang bumuo ng sariling idea ng mga tauhang batay lang sa mga simpleng paglalarawan.

Para sa ilang mambabasa, hindi alalahanin ang pagtatanggal ng mga detalye, basta hindi nila nababasa ang orihinal na akda sa Ingles. Ayon naman kay Thelma Alfonso, mambabasang may puwesto ng prutasan sa palengke sa Mindoro, “Pag nabasa ko ‘yong original niya (Harlequin), manghihinayang ako kung bakit tinanggal.” Walang problema ang mga mambabasa sa ginawang omisyon dahil wala silang idea sa nilalaman ng orihinal, katulad ni Crael na hindi inaalala ang pagtutunog-Filipino ng mga pangalan ng mga tauhan at lugar sa salin dahil hindi naman naabasa ang orihinal.

Sa layuning pagtunuging orihinal ang salin at pagtuunan ng pansin ang aksiyon, nasasakripisyo ang maraming elemento ng akda, kabilang na ang karakterisasyon at pagbuo ng lunan. Tiyak na pupunahin ito ng mga kritiko na nagsasabing problematiko ang dulong sa pagsasalin na nagsisikap na iangkop ang pagsasalin sa karanasan at kagustuhan ng target na mambabasa sa halip na maging matapat sa orihinal na materyal. Para sa kanila, pangunahing isinasaalang-alang sa ganitong paraan ng pagsasalin ang komersiyal na katangian nito at hindi ang pampanitikang katangian nito. Sa ganitong pananaw, nababansot ang wika at panitikan ng tumatanggap na kultura sa pagsasalin na lumalayo sa orihinal na teksto. Nangyayari ito dahil walang pumapasok na banyagang wika, kaisipan, o kultura na maaari sanang makapagpayaman sa tumatanggap na kultura.

PAGLALAGOM

Ipinakikita ng pag-aaral na ito na ang tagumpay ng pagsasalin ng mga akdang popular ay tagumpay ng komersiyo. Sa pagpapanatili ng formulang Precious Pages (pagpapasimple para mas madaling maunawaan ang salin, pagpapaigsi para mas mabilis itong basahin, pagtuon sa aksiyon sa halip na sa paglalarawan para maging mas kapana-panabik ang mga tagpo) naengganyo ang komunidad ng mga mambabasa ng Tagalog pocketbooks na bilhin ang mga produktong salin. Ayon kay Matias, dahil bumenta sa kanilang mga mambabasa ang mga isina-Filipinong nobelang Harlequin, napagpasiyahan nilang isalin din ang iba pang mga bestseller.

Kaakibat ng komersiyal na kasiglahang ito sa pagsasalin ang pagbubura ng mga lugar, panahon, at kasaysayan. Lumilitaw sa pag-aaral na hindi alalahanin para sa mga mambabasa ng salin ng mga nobelang Harlequin ang paglabnaw ng identidad ng mga tauhan at ang paglaho ng mga konteksto. Walang problema sa kanila ang paggamit ng mga estratehiya ng domestikasyon dahil tinatangka nitong tanggalin ang mga sagabal sa mabilis at madaling pag-unawa sa binasa. Ipinakikita nito na ang halaga o kalidad ng salin ng popular na akda ay hindi nakasalalay sa katapatan nito sa orihinal na materyal, kundi sa pagtugon nito sa layunin ng pagsasalin at sa pagiging sapat nito sa mga gamit ng salin.

Salungat sa mga resulta ng ilang pag-aaral ang pagtanggap ng mga mambabasa sa mga “pagbubura” sa salin ng mga nobelang Harlequin. Ayon sa ilang iskolar, tinatangkilik ng mga target na lokal na mambabasa sa iba’t ibang bansa, partikular sa Asya, ang mga salin ng mga nobelang Harlequin dahil nagpapakita ang ito ng “foreign character,” “exoticism,” at “American values”(Goris 62)—na nabubura sa mga salin dahil sa pagpapaikli o pagtanggap ng mga paglalarawan ng mga tauhan o lugar, diyalogo, at introspeksiyon. Maikakatwirang ang pagbuburang ito ang isa sa mga dahilan kung bakit naging mabili sa mga mambabasang Pilipino ang mga produktong salin. Sa pamumuhunan sa pagbubura, sa pagsasalin na nagkukubli sa tagasalin at nagtatangkang pagtunuging orihinal ang salin, napatingkad ng kompanya ang kanilang tatak-Precious at napangibabawan ang mga katangiang Harlequin.

Ideolohikal ang pagbuburang nangyari sa pagsasalin ng mga nobelang Harlequin. Sa

kontekstong postkolonyal, tugon ng dating kolonya ang domestikasyon ng pagsasalin laban sa dominasyon ng higit na makapangyarihang kultura. Karaniwang ang dominanteng kultura ang nagtatakda ng mga norm at sa pagsasalin, sa pamamagitan ng pagbubura ng mga pangalan ng mga kolonisadong tao at lugar. Sa pagbuburang ito, nawawala ang kanilang kasaysayan at ang kanilang identidad bilang tao at kultura—malinaw na uri ng kolonisasyon ang imperyalistang pagsasalin na ito ng mga pangalan (Tymoczko 238-239). Sa kabilang banda, sa pagsasalin ng *Precious Pages* ng mga nobelang *Harlequin*, inaangkop ang mga pangalan sa kultura ng mga Pilipinong mambabasa kaya natutunaw ang pagkabanyaga ng mga ito na maaaring magpahina sa kapangyarihang makapangibabaw ng Kanluraning kultura: “Advocacy of non-fluent, refractory, exoticizing strategies, for example, can be seen as a bold act of cultural revolt and epistemological generosity in a major language, but for a minority language, fluent strategies may represent the progressive key to their very survival” (Cronin 147).

Tagumpay rin ng pagsasaling popular ang domestikasyon ng global tungong lokal, ngunit nakabatay pa rin ito sa komersiyo. Halimbawa, sa pagsasalin ng mga pangalan ng mga tauhan, ginamit ang mga pangalang Luis Saldeguer, Steven Castillo, Sierra Madrigal, Amber Rosales, at iba pa na masasabing tunog-popular dahil tila hinango sa telenobela. Mabenta rin sa mga mambabasa ang mga tauhang mala-artista ang hitsura, tulad ng mga mestiso’t mestisang bumibida sa mga pelikula at telebisyon. Sa paglolokalisa ng mga pisikal na katangian, kailangang nakahulma ang mga bida sa mga pamantayan ng kagandahang inilalako sa mga billboard. Ayon kay Jerome Bulos, isa sa mga punong ilustrador noon ng *Precious Pages*, “kailangang guwapo at maganda ang nasa cover...matangos ang ilong.” Hindi maaaring gawing karaniwang Pilipino ang mga bida. “Jerome, bakit gano’n ‘yong lalaki. Mukha siyang magtataho,” minsang puna sa kaniya ni Matias. Ang tagapaglathala ang karaniwang nasusunod dahil napag-aralan na niya ang mga hinahanap ng masang mambabasa ng nobelang romansa.

Sa pagsasaling popular, karaniwang nakaangkla ang kalidad at tagumpay ng pagsasalin sa komersiyal na halaga nito. Nangyayari ito sa tinatawag na “factory translation” (Milton 57) na inilalarawan ng mass production, estandardisasyon, mabilis na dedlayn, pagbalewala sa kasagraduhan ng

awtor at pagtuon sa target na teksto, paggamit ng mga komersiyal na estratehiya sa pagpapakete, marketing, at distribusyon, at pagtatakda ng skopos na magtitiyak na papatok sa target na mga mambabasa ang kanilang mga produkto. Itinuturing na hindi etikal ang praktika ng mga negosyante na gawing kasangkapan ang ano mang mga layuning makapagbibigay sa kanila ng malaking kita. Maaaring maisulong nito ang popularisasyon ng pagsasalin, ngunit maaari ding malimitahan nito ang mga manggagawang tagasalin na masunod ang mga pamantayan ng mahusay na saling popular.

Bahagi ng komersiyal na estratehiya ng *Precious Pages* ang pagsugal sa mga baguhang tagasalin na walang pormal na edukasyon o intensibong pagsasanay sa pagsasalin. Ilan sa mga tagasalin na nakapanayam ng mananaliksik ang sumailalim lamang sa isang pagsasanay kung saan tinalakay rin ang mga gabay sa pagsasalin. Sa sinuring mga salin, hindi malinaw ang batayan nila kung anong detalye ang tatanggalin o babaguhin at kung ano ang pananatilihin. Bukod dito, kapansin-pansin din ang mga typographical error, maling baybay ng mga salita, labis na paggamit ng mga pangungusap sa Ingles na hindi tunog-natural, maling salin, asiwang salin, hindi angkop na diksiyon, labis-labis na kalayaan sa pagsasalin, at iba pa.

May ilang salik na nakaapekto sa kalidad ng pagsasalin ng mga nobelang *Harlequin*. Bukod sa kakulangan sa pagsasanay ng mga tagasalin o editor, nalimitahan sila ng mahigpit na dedlayn. Sa factory translation, tuloy-tuloy, sunod-sunod, at bultuhan ang pagsasalin at kulang ng tao kaya karaniwang naghahabol ng dedlayn ang lahat ng sangkot sa produksiyon ng mga salin. Sa kanilang pagmamadali at pagkahapo, hindi maiiwasang pumalya sila sa mga desisyon sa pagsasalin. Iba pang usapin ang ugnayan ng motibasyon sa pagsasalin, mababang remunerasyon, at kalidad ng salin. Kung gayon, sa pagpapaunlad ng pagsasaling popular, mahalagang isaalang-alang ang kapakanan ng mga manggagawang intelektuwal.

Makatutulong sa paghusto ng pagsasaling popular ang pagkilala at pagtugon sa realidad ng masang tumatangkilik ng mga popular na akda. Ang mga nobelang romansa at iba pang mga popular na genre tulad ng sci-fi, hiwaga at katatakutan, crime, humor, chick lit, YA, erotika, at salin ng mga ito, katulad ng iba pang mga produkto ng kulturang popular, ay mga espasyong bumubuo ng mga komunidad (birtuwal man o sa tunay

na buhay) na may sariling mga polisiya sa wika. Ang mga polisiyang ito na batayan ng pagsasalin ng mga global na bestseller ay bukal at batis ng kaalaman para sa akademya at mga propesyonal na institusyon ng pagsasalin. Kasabay nito, maaaring humango sa kanila ang Precious Pages at iba pang mga tagasalin ng mga popular na akda sa pamamagitan ng pagiging tapat sa teksto at redireksiyong ideolohikal ng pagsasalin nang hindi tinatalikuran ang layuning mang-aliw. ♦

TALA

Naglaan ng pondo ang National Commission for Culture and the Arts para maisagawa ng awtor ang pananaliksik. Ang artikulong ito ay bahagi ng pag-aaral na ginawaran ng Ph.D. Dissertation Award ng 2019 NCCA Research Grants Program.

MGA SINIPING AKDA

Aixelá, Javier Franco. "Culture-specific Items in Translation." *Translation, Power, Subversion*. Ed. Roman Alvarez at M. Carmen Africa Vidal. Clevedon: Multilingual Matters Ltd., 1996. 52-78. Limbag.

Alfonso, Thamarie. Interbyu sa Facebook Messenger. 3 Marso 2020.

Barrios, Joi. *Ang Aking Prince Charming at Iba pang Noveleta ng Pag-ibig (My Prince Charming and Other Novelettes of Love)*. Lungsod Quezon: University of the Philippines Press, 2000. Limbag.

Bassnett, Susan. "Translating Genre." *Genre Matters: Essays in Theory and Criticism*. Ed. Garin Dowd, Jeremy Strong, at Lesley Stevenson. Portland, OR: Intellect Books, 2006. 85-96. Limbag.

Bianchin, Helen. *A Convenient Bridegroom*. Toronto: Harlequin Presents (Harlequin Treasury 1990s), 2011. PDF file.

Bianchin, Helen. *A Convenient Bridegroom*. Trans. Armine Rhea Mendoza. Lungsod Quezon: Precious Pages Corporation, 2015. Precious Pages iReader file.

Blake, Ally. *Dating The Rebel Tycoon*. Toronto: Harlequin Romance, 2009. PDF file.

Blake, Ally. *Dating The Rebel Tycoon*. Trans. Sumire Villegas. Lungsod Quezon: Precious Pages Corporation, 2015. Precious Pages iReader file.

Bulos, Jerome. Interbyu sa Facebook Messenger. 18 Hulyo 2019.

Canale, Salve. Personal na interbyu. 12 Oktubre 2018.

Capelle, Annick. "Harlequin Romances in Western Europe: The Cultural Interactions of Romantic Literature." *European Readings of American Popular Culture*. Ed. John Dean at Jean-Paul Gabilliet. Westport: Greenwood, 1996. 91-100. Limbag.

Child, Maureen. *Baby Bonanza*. Toronto: Harlequin Desire, 2013. PDF file.

- Child, Maureen. *Baby Bonanza*. Trans. Sofia. Lungsod Quezon: Precious Pages Corporation, 2015. Precious Pages iReader file.
- Crael, Cheng Parcon. Interbyu sa Facebook Messenger. 1 Marso 2020.
- Cronin, Michael. "The Cracked Looking-Glass of Servants: Translation and Minority Languages in a Global Age." *The Translator* 4.2 (1998): 145-62. *Taylor & Francis Online*. Web. 19 Hul. 2019.
- De Vera, Ruel S. "Found in Translation." *Philippine Daily Inquirer*. Inq.net, 3 Ago. 2014. Web. 23 Hul. 2019.
- De Vera, Ruel S. "Love in the Time of Paperback Romances." *Philippine Daily Inquirer*, Inq. net, 4 Feb. 2012. Web. 3 Ago. 2019.
- Emilie Rose. *Bedding the Secret Heiress*. Toronto: Silhouette Desire, 2014. PDF file.
- Emilie Rose. *Falling for the Secret Heiress*. Trans. Jade Alleje, Lungsod Quezon: Precious Pages Corporation, 2014. Precious Pages iReader file.
- Garcia, Edith. Personal na interbyu. 8 Oktubre, 2018.
- Garcia, Edith. "Top 10 Bestsellers, etc." Mensahe sa awtor. 15 Oktubre 2018. Email.
- Garcia, Edith. "Top 10 Bestsellers, etc." Mensahe sa awtor. 11 Oktubre 2018. Email.
- Goris, An. "Romance the World Over." *Global Cultures*. Ed. Frank A. Salamone. Newcastle upon Tyne: Cambridge Scholars Publishing, 2009. 59-72. Limbag.
- Grace, Carol. *The Sicilian's Bride*. Toronto: Harlequin Romance, 2009. PDF file.
- Grace, Carol. *The Vintner's Bride*. Trans. Belle Ofalda, mula sa orihinal na *The Sicillian's Bride*. Lungsod Quezon: Precious Pages Corporation, 2015. Precious Pages iReader file.
- Hannay, Barbara. *The Cattleman's Special Delivery*. Toronto: Harlequin Romance, 2012. PDF file.
- Hannay, Barbara. *The Cattleman's Special Delivery*. Salin ni Karen Dee. Lungsod Quezon: Precious Pages Corporation, 2015. Precious Pages iReader file.
- Jurilla, Patricia May B. *Bibliography of Filipino Novels 1901-2000*. Lungsod Quezon: University of the Philippines Press, 2010. Limbag.
- Lyra. Interbyu sa Facebook Messenger. 4 Marso 2020.
- Mill, John Stuart. *A System of Logic, Ratiocinative and Inductive*. Ika-8 ed. New York: Harper & Brothers, 1882. *The Project Gutenberg*. Web. 3 Set. 2019.
- Milton, John. "The Translation of Mass Fiction." *Investigating Translation: Selected Papers from the 4th International Congress on Translation, Barcelona, 1998*. Ed. Allison Beeby Lonsdale, Allison Beeby, Doris Ensinger, at Marisa Presas. Amsterdam: John Benjamins, 2000. 171-179. Limbag.
- Nord, Christiane. "Proper Names in Translation for Children: Alice in Wonderland as a Case in Point." *Meta* 48.1-2 (2003): 182-96. *Erudit*. 3 Set. 2019.
- Paizis, George. "Category Romances: Translation, Realism and Myth." *The Translator* 4.1 (1998): 1-24. *Taylor & Francis Online*. Web. 3 Set. 2019.
- Regis, Pamela. *A Natural History of the Romance Novel*. Philadelphia: University of Pennsylvania Press, 2003. Limbag.
- Robyns, Clem. "The Normative Models of Twentieth Century Belles Infidèles: Detective Novels in French Translation." *Target* 2.1 (1990): 23-42. *ResearchGate*. Web. 4 Set. 2019.
- Saballe, Shirley Anne. Interbyu sa Facebook Messenger. 5 Marso 2020.
- Sciarone, Bondi. "Proper Names and Meaning." *Studia Linguistica* 21.2 (1967): 73-86. *Wiley Online Library*. Web. 3 Set. 2019.
- "'Twilight,' 'Vampire Diaries' Translated to Filipino." *ABS-CBN News*. ABS-CBN News, 17 Set. 2012. Web. 30 Ago. 2019.

Tymoczko, Maria. *Translation in a Postcolonial Context: Early Irish Literature in English Translation*. Manchester: St Jerome, 1999. Web. 2 Set. 2019.

Van Coillie, Jan. "Character Names in Translation: A Functional Approach." *Children's Literature in Translation: Challenges and Strategies*. Ed. Jan Van Coillie at Walter P. Verschueren. New York: St. Jerome Publishing, 2006. 123-40. Limbag.

Venuti, Lawrence. *The Translator's Invisibility: A History of Translation*. London at New York: Routledge, 1995. Limbag.

Weissbrod, Rachel. "Translation of Prose Fiction from English to Hebrew: A Function of Norms (1960s and 1970s)." *Translation: Theory and Practice, Tension and Interdependence*. Ed. Mildred L. Larson. Amsterdam and Philadelphia: John Benjamins, 1991. 206-23. Limbag.

Wirtén, Eva Hemmungs. *Global Infatuation: Explorations in Transnational Publishing and Texts. The Case of Harlequin Enterprises and Sweden*. Uppsala: Uppsala University, 1998. Web. 23 Ene. 2019.



Tubong Isabela, si MAR ANTHONY SIMON DELA CRUZ ay manululat, tagasalin, at guro. Nagtapos siya ng BA Art Studies, MA Filipino: Malikhang Pagsulat, at Ph.D. Filipino: Pagsasalin sa UP Diliman. Professorial Lecturer siya ngayon sa UP Baguio at Polytechnic University of the Philippines. Nagturo din siya sa University of Santo Tomas, kung saan naging fellow siya sa UST Center for Creative Writing and Literary Studies. Siya ang may-akda ng *Isang Gabi sa Quezon Avenue* at iba pang Kuwento (UP Press, 2015) at *Pasakalye* (NCCA at AILAP, 2010). Isinalin din niya sa Filipino ang librong *Space and Identity: Expressions in Culture, Arts, and Society of the Muslims in the Philippines* (KWF, 2018) ni Abraham Sakili. Naparangalan siya sa 2012 Carlos Palanca Memorial Awards for Literature, naging finalist sa 2016 Madrigal-Gonzales Best First Book Award, at nagawaran ng Ph.D. Dissertation Award ng 2019 NCCA Research Grants Program. Ang kaniyang mga pananaliksik ay nakatuon sa pagsasalin ng popular na akda.

Ang Alternatibo sa Alternatibong Pamamahayag: Isang Kritikal na Diskursong Analisis sa mga Balita ng AlterMidya

The Alternative in Alternative Media:

A Critical Discourse Analysis of AlterMidya's News Articles

CHRISTIAN P. GOPEZ

ABSTRAK

Pangunahing layunin ng pananaliksik na makapag-ambag sa limitadong korpus ng mga pag-aaral hinggil sa alternatibong midya at mailarawan kung paano ginagawang alternatibo ang pamamahayag sa Pilipinas ng AlterMidya – People's Alternative Media Network (AlterMidya), ang pambansa at nag-iisang samahan ng mga alternatibong midya sa Pilipinas. Gamit ang mga kategoryang konseptuwal ni van Dijk at ang modelong may tatluhan-dimensiyon ni Fairclough, antas-antas na sinuri sa pag-aaral ang kalikasan ng pambansang network mula sa paghimay sa mga balitang inilalathala nito (text), patungo sa proseso ng produksiyon at interpretasyon ng teksto (discourse practice), at hanggang sa mas malawak na mga sitwasyon at kontekstong kultural, politikal, historikal, at sosyal na umiiral sa lipunang Pilipino (socio-cultural practice). Lumabas sa pag-aaral na ginagawang alternatibo ng AlterMidya ang pamamahayag sa bansa sa pamamagitan ng pagtaliwas sa kalakaran, nilalaman, at hegemonya na umiiral sa mga dominanteng midya at pagbuo ng sariling sistema, kultura, at tradisyon sa pamamahayag. Inilalarawan ng pambansang network ang lipunan sa pananaw ng mga marhinalisadong pangkat, komunidad, o sektor na karaniwang pinagsasawalang bahala, hindi pinapansin, o kinaliligtaan ng mga naghaharing midya. Gayundin, hindi lamang basta nakakulong ang samahan sa paglalahad ng mga kontra-naratibo sa mga nangingibabaw na kuwento, bagkus ay gumagampan ito ng malaking tungkulin sa nararanasang krisis sa impormasyon ng bansa at sa samu't saring isyu at suliraning umiiral sa lipunang Pilipino.

Mga Susing Salita: AlterMidya, alternatibong midya, kritikal na diskursong analisis, kategoryang konseptuwal

ABSTRAK

The paper aims to contribute to the limited corpus of studies on alternative media and describe how AlterMidya – People’s Alternative Media Network (AlterMidya), the national network of independent and alternative media outfits, institutions, practitioners, and individuals in the Philippines, provides alternative news in the country. Using van Dijk’s conceptual categories and Fairclough’s three-dimensional model, the research analysed AlterMidya’s 1) news articles (text), 2) process of production and interpretation of text (discourse practice), and 3) the existing cultural, political, historical, and social situations and contexts in Philippine media (socio-cultural practice). The results of the study showed that AlterMidya provides alternative news in the country by challenging the dominant capitalist content and practices, and constructing its own system, culture, and tradition in journalism. The national network describes society through the lens of the marginalized groups, communities, and sectors that are underrepresented, misrepresented, or unrepresented in the dominant media. Finally, AlterMidya is not only limited to providing counter-narratives to dominant stories but also plays a pivotal role in the current information crisis and the various issues and problems that exist in Philippine society.

Keywords: AlterMidya, alternative media, critical discourse analysis, conceptual categories



Nahahati sa dalawa ang midya sa Pilipinas—ang dominanteng midya na pagmamay-ari ng malalaki at makakapangyarihang negosyante at korporasyon—at ang alternatibong midya na itinataguyod ng malalaya at progresibong samahan at institusyon sa bansa (Teodoro, *Divide by Two* ix). Ayon pa rin kay Teodoro, kitang-kita sa paghahating ito ang mga dambuhalang pagkakaiba sa wika, paksa, tagapagtangkilik, presyo, at estruktura (ix–x). Dagdag pa niya: “*These divisions in the Philippine press and media define their focus and performance. They are at the roots of the differences in emphasis, editorial, decision-making, and ethical and professional issues that confront a press tradition based on the class divisions that characterize Philippine society itself*” (xii).

Ang paghahating ito ay maiuugnay rin sa dalawang tradisyon na inilarawan ni Encanto hinggil sa pamamahayag sa Pilipinas. Ang una ay ang “tradition of acquiescence” na sumusuporta sa nangungunang ideolohiya ng mga naghaharing uri o sa paglalarawan niya ay “*tradition that tends to reaffirm and protect the status quo. It is also sometimes referred to as corporate media particularly since it emphasizes their predominantly commercial interest*” (xv). Ang ikalawa naman ay ang “*revolutionary tradition*” na nagtatampok ng mga balita hinggil sa hirap na dinanas ng bansa sa pananakop ng mga dayuhan, pagpapatupad ng batas militar, at patuloy na pakikibaka sa pagkakaroon ng tunay na kalayaan at pagkabansa (xv).

Kapansin-pansin sa mga paghahati at tradisyong ito ang hegemonya at ang malawakang impluwensiya ng dominanteng midya sa kaisipan, lipunan, at diskursong Pilipino. Ayon nga sa pag-aaral ng US-based Pew Research Center (PRC) noong 2017, isa ang Pilipinas sa mga bansa sa buong mundo na pinakanagtitiwala sa mga dominanteng midya (Martin) at mas itinuturing ito ng mga Pilipino bilang “*legitimate*,” “*official*,” at “*true*” kumpara sa iba pang uri ng midya (Ilda). Sa kabila ng pamamayaning ito ng mga dominanteng midya, hindi natinag ang mga alternatibong midya na nag-ugat pa sa rebolusyonaryong tradisyon na umusbong mula pa noong kolonyalismong Espanyol sa paglalahad ng mga mapanuring argumento na nagsisilbing kontra-naratibo sa umiiral na *status quo* at naghahatid ng mga obhetibong balita na kadalasan ay pinagsasawalang bahala, hindi pinapansin, nakaliligtaan, o kinaliligtaan ng mga naghaharing midya sa ngalan ng kita: “*The alternative press has had a longer history than is usually thought, and has played the crucial role of providing the accurate information needed at the heights of the perennial crisis that has defined Philippine reality for over a century. The core reason for this distinctive capacity is its not being burdened with the political and economic ties that characterize the dominant press, which during the Spanish period was controlled by the colonial government, and from the period of US Colonial rule to the present has been controlled by political and business interests*” (Teodoro, *Divide by Two* 34).

Bagaman mahaba na ang naging kasaysayan at malawak na ang naging ambag ng mga itinuturing na maliliit subalit progresibo at malayang uri ng midya sa bansa, hindi karaniwang pinag-aaralan ang

mga ito o binabanggit sa mga aklat, saliksik, at iba pang daluyan ng impormasyon na mapatutunayan sa simpleng pagtingin sa mga umiiral na dokumento sa kasalukuyan. Ang mas malala pa nga ay maaaring wala o limitado ang kamalayan ng karamihan sa mga Pilipino hinggil sa alternatibong midya katulad ng lumabas sa pag-aaral nina Klawier, Prochazka, at Schweiger (1). Sa paglalarawan nga ni Fuchs, “*under-resourced*,” “*under-represented*,” at “*under-researched*” na larangan ng pamamahayag ang alternatibong midya o ang tinaguriang “*neglected spot in communication and media studies*” (189). Bukod dito, malaking kontrobersiya rin ang pagpapakahulugan sa alternatibong midya. Ayon kay Abel, “*undefinable*” o mahirap bigyang kahulugan ang alternatibong midya (nasa Waltz 2), kaya, mainam na madalumat muna at matiyak ang kalikasan at katangian nito (kung hindi man ang kahulugan) at ang kaibahan nito sa iba pang uri o porma ng midya. Sa pagpapakahulugan naman ng Royal Commission on the Press, ang mga alternatibong publikasyon ay tumutugon sa opinyon ng minority o ang mga hindi pinakikinggan, tinatalakay, o ibinabalita ng majority o dominanteng midya (nasa Atton 12). Dagdag pa nila, “*it expresses attitudes hostile to widely-held beliefs and espouses views or deals with subjects not given regular coverage by publications generally available at newsagents.*” Payak naman ang dekonstruksiyong inilahad ni Waltz hinggil sa alternatibong midya. Ayon sa kaniya, inilalarawan nito ang mga midyang alternatibo, kakaiba, o salungat sa *mass media* na malawakang binabasa at tinatangkilik ng madla. Nagtataguyod ito ng pagbabagong panlipunan at naglalahad ng mga punto de bista na tumutugon sa mga komunidad o grupo ng tao na hindi napagtutuunan ng pansin o hindi lubusang naaabot ng mass media. Dagdag pa niya, pokus ng uri ng midyang ito ang mga paksa o isyu na hindi pangkaraniwan o pang-araw-araw na mababasa o matatagpuan sa mga tipikal at malalaking pahayagan, magasin, at telebisyon (2). Suportado ni Lilburn ang argumentong ito sa pagsasabing ang alternatibong midya ay nagbibigay ng boses sa “mainstream” na kalimitang hindi pinakikinggan ng “mainstream media”. Samakatwid, hindi lamang nakakulong ang konsepto ng alternatibong midya sa paglalahad ng impormasyon na hindi matatagpuan sa dominanteng midya at sa paglalathala ng mga kontra-naratibo sa mga nangingibabaw na istorya, bagkus ay kumakawala ito sa pamamagitan ng pagtataguyod at pagsisilbing

bores sa mga pinipipi ng naghaharing uri ng midya. Sa tala nga nina Downing, hindi lamang basta “counterinformation institutions” ang mga ito bagkus ay “agents of developmental power” (nasa Haas 115).

Kung gayon, higit kailanman, ngayon ang panahon ng alternatibong midya. Ngayon ang panahon na marapat pinagaaralan at pinagtutuunan ng pansin ang mga alternatibong midya sa Pilipinas. Ngayon ang panahon na marapat inilalarawan at binibigyan ng kahulugan ang alternatibong midya sa kontekstong Pilipino. Ngayon ang panahon na marapat pinakikinggan ang tinatawag ni Maceda na “mga tinig mula sa ibaba”—mga tinig ng mga alternatibong mamamahayag na nagbibigay ng alternatibong tindig at pananaw hinggil sa kasaysayan, kultura, at lipunang Pilipino.

Sa pag-aaral na ito, itinuon ang pansin sa pagsusuri sa kung paano ginagawang alternatibo ng AlterMidya – People’s Alternative Media Network (AlterMidya) ang pamamahayag sa Pilipinas. Ang AlterMidya ay ang pambansang samahan ng mga alternatibong midya sa bansa na itinatag sa layuning magsiwalat at bumalikwas sa dimakataong taktika ng dominanteng midya, alalahanin o kung kinakailangan ay muling buuin ang konsepto, tungkulin, at paninindigan ng mga alternatibong midya sa bansa, at itaas ang kamalayan, pakikisangkot, at pagtugon ng mga mamamayan sa mga balita, isyu, at suliraning panlipunan (Teodoro, *Divide by Two* 33). Kinabibilangan ito ng mga malaya at progresibong indibiduwal, organisasyon, at institusyong pangmidya na naitatag sa isang pambansang kumperensiya ng alternatibong pamamahayag sa Kolehiyo ng Pangmadlang Komunikasyon, Unibersidad ng Pilipinas, Diliman noong Oktubre 2014. Kabilang sa mga itinuturing na kasapi ang sumusunod:

1. **Radyo:** Dampig Katarungan, Radyo Natin Guimba, Radyo Sagada, at RCPA Productions;
2. **Online and Print News:** Arkibong Bayan, Bicol Today, Bulatlat, Buhay Manggagawa, Eastern Vista, Davao Today, Northern Dispatch Weekly, Manila Today, Panay Today, at Pinoy Weekly;
3. **Multimedia:** Aninaw Productions, Baretang Bikolnon, Film Weekly, Kilab Multimedia, Kodao Productions, Paghimutad, Pokus Gitnang Luzon, Mayday Multimedia, Sine Panayanon,

Southern Tagalog Exposure, The Breakaway Media, Tignayan Productions, at Tudla Productions; at

4. **Institusyon:** College Editors Guild of the Philippines, Computer Professionals' Union, Farmers Development Center, Ibon Foundation, at Pinoy Media Center.

Marapat itala na ang naging pokus sa papel na ito ay ang mismong nabuong pambansang network noong 2014 at hindi ang tatlumpu't dalawang (32) radyo, online at print news, multimedia, at institusyon na naitala sa itaas. Napili ng mananaliksik na maging pokus ang mismong pambansang network at ang mga balitang inilalathala nito sapagkat ito ang nag-iisang samahan ng mga alternatibong midya sa Pilipinas at mahaba-haba na rin ang naging lakbayin nito mula nang maitatag noong 2014. Gayundin, ang pagtutok sa mga balitang inilalathala ng pambansang network ay hindi lamang magbibigay sa mananaliksik ng delimitasyon at malinaw na tuon, bagkus ng pangkalahatang representasyon sa mga balitang inilalathala ng mga kasaping alternatibong midya. Mahalaga rin na hangga't maaga pa ay mabigyan na ng puwang ang kalikasan ng AlterMidya bilang bahagi ng mas malawak na kasaysayan ng pamamahayag sa bansa. Kailangan ding itala na bagaman noong 2014 lamang naitatag, ang totoo ay malalim at mahaba na ang naging karanasan ng network sapagkat maaaring maugat ang kasaysayan nito sa kasaysayan ng pagsisimula, pag-unlad, at pakikibaka ng mga kasaping midya.

Pangunahing sinasagot ng pag-aaral ang sumusunod na tanong: Ano ang mga nangingibabaw na katangian ng mga balitang inilalathala ng AlterMidya? Paano nila inilalarawan ang lipunang Pilipino? Paano nakaaapekto ang mga kontekstong historikal, kultural, politikal, at sosyal na umiiral sa Pilipinas sa mga balitang nailalathala at sa proseso ng produksiyon at interpretasyon ng network?

ANG CRITICAL DISCOURSE ANALYSIS

Pangunahing sandigan ng pag-aaral ang *Critical Discourse Analysis* (CDA), isang interdisiplinaryo at *problem-oriented* na pagdulog sa pananaliksik na kinapapalooban ng iba't ibang pamamaraan at agenda na may kani-kaniyang sinasaligang teorya. Nagkakaisa ang mga tagapagtaguyod nito na walang nag-iisang bersiyon ang CDA. Ang mas mahalaga

ay iisa ang pagtingin ng mga gumagamit nito sa wika bilang lunsaran ng konstruksiyong panlipunan: "*language both shapes and is shaped by society*" (Machin at Mayr 4). Kung gayon, hindi lamang interesado ang CDA sa pag-aaral sa mga lingguwistikong aspekto ng isang teksto bagkus ay sa pagsusuri sa mas malalawak na penomenong panlipunan na nangangailangan ng *multidisciplinary* at *multi-methodical* na pagdulog (Wodak at Meyer 2). Nais masuri ng CDA ang ibang aspekto ng lingguwistika na hindi lamang nakasalig sa balarila kundi nakasandig sa konteksto ng sitwasyon at institusyong panlipunan.

Samantala, naghain naman si Norman Fairclough ng konseptong may tatluhang-dimensiyon upang maisagawa ang CDA. Nakapaloob sa unang dimensiyon ang paglalarawan sa teksto bilang produkto sa halip na isang proseso—isang produkto ng proseso ng produksiyon ng teksto (*text analysis*). Bahagi naman ng ikalawang dimensiyon ang pagsusuri sa proseso ng produksiyon at sa proseso ng interpretasyon (*process analysis*). Binibigyan ng kahulugan sa antas na ito ang mga nakasanayang diskurso at proseso kung paano nabubuo ang isang diskurso. Sa ikatlong dimensiyon naman isinasakonteksto ang diskurso sa mga kalagayang panlipunan (*social analysis*). Saklaw ng antas na ito ang mga panlipunang kondisyon sa produksiyon at interpretasyon ng diskurso. Samakatwid, ipinakikita ng tatlong antas na ito ang tatlo ring mahahalagang konsepto sa CDA: 1) ang wika bilang bahagi ng lipunan; 2) ang wika bilang gawing panlipunan; at, 3) ang wika bilang bunga ng kalagayang panlipunan (Fairclough 26).

Sa ganitong balangkas, tatlong dimensiyon din ang sakop ng pag-aaral. Saklaw ng unang antas ang paglalarawan sa teksto o sa mga katangiang lingguwistiko ng mga artikulong inilathala ng AlterMidya. Sapagkat natuklasan na website ang pangunahing plataporma ng pambansang network sa paglalathala, unang isinagawa ng mananaliksik ang pagbuo ng isang imbentaryo ng lahat ng mga artikulong nailimbag ng pambansang network sa opisyal na website nito sa www.altermidya.net mula nang magsimula ito noong 2014 hanggang Disyembre 2019 (AlterMidya – People's Alternative Media Network). Kinakailangan ang imbentaryo upang magkaroon ng pangkalahatang kaalaman sa mga artikulong inilalathala ng network. Mula rito, natuklasan na may walong genre na ginagamit ang samahan (sa mananaliksik ang salin):

1. Balita at Lathalain (*News and Features*)
2. Kolum (*Column*)
3. Pahayag (*Statements*)
4. Mga Isyung Pangmidya (*Media Issues*)
5. Editorial (*Editorial*)
6. Mga Gawaing Pang-Network (*Network Activities*)
7. Sining at Kultura (*Arts and Culture*)
8. Mula sa Network (*From the Network*)

Pinakamaraming artikulo ang naitala sa genre na *Balita at Lathalain* o katumbas ng halos 59% ng kabuuang 217 na artikulong nailathala ng AlterMidya. Kung gayon, pinili ng mananaliksik ang lahat ng mga balita na nailathala ng samahan bilang sample sa ginawang pagsusuri. Hindi sinuri sa unang antas ang mga artikulo na nasa iba pang kategorya at maging ang mga video, larawan, at/o biswal na simbolo na kasama ng mga balita. Sa isinagawang imbentaryo, lumabas na 63 ang lahat ng balitang nailathala ng AlterMidya mula 2014 hanggang 2019. Limampu't tatlo (53) sa mga ito ang nasa wikang Ingles at 10 naman ang nasa wikang Filipino. Pinili ng mananaliksik ang 53 balita na nasa Ingles dahil bukod sa mas marami ito, mas ginagamit ng pambansang network ang wikang Ingles sa pamamahayag. Iniwasan din ang pagkakaroon ng suliranin sa pagsusuri ng datos kung pagsasamahin ang dalawang wika na may magkaibang kalikasan.

Ginamit naman sa pagsusuri ng mga natagpuang balita ang konsepto ng *schematic structure* o *superstructure schema of news discourse* ni Teun van Dijk. Naniniwala si van Dijk na ang anyo at kahulugan ng isang balita ay hindi arbitraryo bagkus ay bunga ng proseso ng produksiyon at interpretasyon ng manlilikha nito ("Structures of the News Press" 70). Ang mga balitang ito ayon pa sa kaniya ay mayroong mga pangkalahatang anyo at iskema na kinapapalooban ng mga kategoryang maaaring magtakda o bumuo sa diskurso o nilalaman nito.

Sa pagsusuri, paunang isinagawa ang konseptuwal na kategorisasyon sa mga balita batay sa sumusunod na kategoryang konseptuwal na itinatakda ni van Dijk (sa mananaliksik ang salin):

1. Ulo ng Balita (*Headline*)
2. Pamatnubay (*Lead*)
3. Pangunahing Pangyayari (*Main Event*)
4. Bunga ng Pangyayari (*Consequence*)
5. Mga Pagbanggit (*Verbal Reaction*)
6. Pangyayari sa Nakaraan (*Previous*

Event)

7. Kasaysayan (*History*)
8. Ebalwasyon (*Evaluation*)
9. Inaasahan (*Expectation*)

Ang pagsusuri ay nasa antas ng pangungusap o talata depende sa natagpuang anyo sa bawat balita. Binigyan ng code ng mananaliksik ang bawat balita (ALT01, ALT02, ALT03...ALT53) at tinukoy kung anong kategoryang konseptuwal ang ipinakikita ng bawat pangungusap o talata sa pamamagitan ng paglalagay ng sumusunod na koda:

H: *Headline*

L: *Lead*

ME: *Main Event*

CON: *Consequence*

PE: *Previous Event*

HI: *History*

VR: *Verbal Reaction*

EV: *Evaluation*

EX: *Expectation*

Gayundin, upang matiyak ang kawastuhan at kaangkupan ng pagsusuring isinagawa, hiningi ng mananaliksik ang tulong ng dalawang inter-coder na nagsilbing tagasuri sa kategorisasyon. Ang una ay *Ph.D.* sa *Applied Linguistics* samantalang ang ikalawa naman ay *MA* sa *English Language Education*. Komprehensibong ipinaliwanag at inilarawan ng mananaliksik sa dalawa ang kalikasan ng gagawing konseptuwal na kategorisasyon bago ang aktuwal na coding. Sa mga pagkakataong may hindi tugma sa coding sa pagitan ng mananaliksik at ng mga inter-coder, ginawa ang sumusunod: 1) pagpapaliwanag sa dahilan ng paglalapat sa kategoryang inilagay kapuwa ng mananaliksik at mga inter-coder; 2) muling pagbasa at pagsusuri sa balita; at 3) pagkakasundo sa pinal na kategorya. Tingnan ang talahanayan 1 para sa halimbawa ng kategorisasyong isinagawa.

ALT41: Students enraged at retraction of free tuition policy in SUCs (H)

1. STUDENTS from the University of the Philippines (UP) Diliman expressed their indignation over the cancellation of the free tuition policy in state universities and colleges (SUCs). (L)
2. In front of UP Diliman's College of Arts and Letters building, students gathered yesterday and protested against the UP administration's withdrawal of its initial announcement to suspend tuition fee collection in the university. (ME)
3. "Being a student council member, we see the dismay, anger, and disappointment of fellow students," said Isaac Punzalan, a representative of the UP Diliman university student council. "Pinaasa na naman kami, patuloy ang paniningil sa amin, at patuloy ang pagkakamal ng kita mula sa mga estudyante." (VR)
4. On July 11, UP Diliman Chancellor Michael Tan officially announced the suspension of tuition collection for first semester 2017-2018. The suspension was made despite Pres. Duterte's veto message limiting the coverage of the P8.3-billion budget for free tuition in state universities and colleges (SUCs) due to "budget limitations". Other chancellors from different UP units also reportedly met to discuss the possibility of following Diliman's suspension. (PE)
5. But in a memorandum released on August 1, UP President Danilo Concepcion announced that the initially-approved "free tuition policy" for academic year (AY) 2017-2018 would be revoked. "In the assessment of tuition and other fees, and in providing financial support to students from low-income households, UP shall use the Socialized Tuition System for AY 2017-2018," Concepcion's statement read. (PE)
6. Socialized Tuition (H)
7. It should be recalled that in December 2016, the Congress approved the P8.3-billion additional budget for the Commission on Higher Education (CHED) for free tuition in SUCs. However in his speech on the 2017 national budget, Pres. Duterte announced the "conditional implementation" of the free tuition policy. (HI)
8. CHED and the Department of Budget and Management (DBM) also released a joint memorandum in April stating that given the budget limitation, a system of priority will be put in place. Student beneficiaries of nationally-funded student financial assistance programs will be the first to be enrolled. After that, the remaining students will be prioritized based on the given bracket. (PE)
9. But the Student Alliance for the Advancement of Democratic Rights in UP (STAND UP) believes that the state university's cancellation of the free tuition policy is a result of its "profit agenda". According to the group, UP stands to earn at least P370 million from the funds of the free tuition policy (FTP). This, the student group said, is on top of the profits from the university's Socialized Tuition System (STS) as well as other miscellaneous fees. (VR)
10. "Sa halip na gamitin ang budget ng FTP 2017 para gawing libre ang edukasyon, tinitiyak pa rin nito na ilan lamang ang makakakuha ng libreng matrikula. Dagdag pa, pilit ipinapalunok sa mga mag-aaral ang Socialized Tuition Scam na sa esensya ay iskema ng panghuhuthot ng UP," STAND UP said in a statement. (VR)
11. "Patunay na hanggang komersyalisado ang pamamaraan ng paggana ng ating pamantasan, wala tayong aasahan mula rito kung hindi walang katapusang paniningil," it added. (VR)
12. According to Punzalan, students have long demanded for the abolition of the socialized tuition system. "Napatunayan natin na kapag tayo ay nagbabayad ng tuition, nagiging profit ito ng administrasyon na lumobo over the years- ilang bilyones pero hindi siya napupunta sa benepisyo ng estudyante," Punzalan said. (VR)
13. 'Failed promise' (H)
14. Punzalan expressed how the UP administration and Pres. Rodrigo Duterte failed in the youth's legitimate call for free education. (VR)
15. "Naging malaki kasi ang kampanya talaga ng free education, at noong nag-allocate na ng P8.3 billion pesos na additional budget para sa free tuition sa SUCs, very victorious talaga ito. Batay sa suri natin, talagang kaya nilang mag-allocate ng budget sa lahat ng SUCs," Punzalan explained. (VR)
16. Now, the students are enraged at the Duterte administration's removal of the P8-billion free tuition allocation in the proposed 2018 budget. Moreover, ACT Teachers party-list representatives Antonio Tinio and France Castro revealed that the budget allocation for the CHED would decrease from this year's P18.7 billion to P12.42 billion in 2018 or a huge 33.6

percent budget cut. (VR)

17. “Ang nakikita natin dito, gagawa at gagawa ng paraan ang pamahalaan para hindi nito tugunan ang panawagan at pangangailangan ng mga estudyante,” the student council officer said. (VR)

18. Collective Action (H)

19. Amid the state university’s decision, the students vowed to continue their protest against tuition fee collection. (VR)

20. “Syempre simula’t sapul naman di talaga tayo naniniwala na dapat sinisingil at dapat binibigyan ng presyo yung karapatan natin sa edukasyon. Tinututulan natin ang tuition, in its very essence ang pagkulekta nito dahil ito mismo ang pangunahing hadlang sa mga estudyante para makamit nila ang edukasyon,” Punzalan explained. (VR)

21. The students will conduct a series of university-wide protests for the whole month, including a broad mobilization on August 31. They also plan to organize educational discussions to enlighten and gather the support of more university students on the demand for free education. (EX)

22. “Nakikita natin na doon mismo sa militant collective struggle ng mga estudyante, nakakamit tayo ng tagumpay,” Punzalan said. (VR)

Talahanayan 1. Halimbawang Pagsusuri sa ALT41

Samantala, sakop naman ng ikalawang antas ang paglalarawan sa mga gawing pandiskurso ng pambansang network. Gamit ang resulta sa pagsusuring isinagawa sa 53 balita sa unang antas at ang mga isinagawang panayam sa pambansang tagapangulo, pambansang tagapag-ugnay, at apat na mamamahayag ng *media network*, tinalakay sa ikalawang antas kung paano nabubuo ang teksto ng AlterMidya at kung paano nakaaapekto ang layunin, paninindigan, pinagmumulan ng pondo, proseso ng pamamahayag, komposisyon ng tagapagtangkilik, at sistema ng distribusyon na umiiral sa samahan sa nilalaman ng mga balitang inilalathala nila.

Gayundin, sapagkat hindi maihihiwalay ang teksto at ang mga gawing pandiskurso sa mga pangyayari at kalagayang panlipunan, tinalakay sa ikatlong antas ang ugnayan ng nilalaman at ng proseso ng produksiyon at interpretasyon ng AlterMidya sa mga kontekstong historikal, sosyal, kultural, at politikal na umiiral sa Pilipinas. Tinalakay sa antas na ito ang teksto at diskurso bilang produkto na “nakatanim sa isang pangyayari, sa mas malawak na institusyon o organisasyon, at sa lipunan” (Narvaez 31). Ipinaliwanag dito kung paano nakaaapekto ang mga isyu at kalagayang panlipunan na umiiral sa bansa at ang pagiging alternatibong midya ng samahan sa resulta ng isinagawang pagsusuri sa mga balita at sa proseso ng produksiyon at interpretasyon ng teksto na umiiral sa network.

ANG ALTERNATIBONG BALITA BILANG TEKSTO NG ALTERMIDYA

Binubuo ng 30,766 na salita at 875 na talata o pangungusap ang 53 balitang sinuri. Makikita sa talahanayan 2 na sa pangkalahatan, ang bawat balita ay binubuo ng 16 hanggang 17 talata o pangungusap at 580–581 na salita. Sa paghahanay, natuklasan na sa kabuuang 875 talata o pangungusap na mayroon ang 53 balita, 350 sa mga ito ang nasa kategoryang *verbal reaction* (VR) o katumbas ng 40% (tingnan ang pig. 1). Samakatwid, pinakamarami sa mga sinuri ay VR sa kabila ng pagiging opsiyonal ng kategoryang ito sang-ayon kay van Dijk. Samantala, umabot naman sa 180 o 20.57% ang *main event* (ME) at 101 o 11.54% ang *headline* (H). Ang dalawang ito ang natatanging mandatoryong kategorya sa mungkahing estruktura ni van Dijk. Sa kaso ng AlterMidya, lumabas na tatlo hanggang apat sa mga pangungusap ng bawat balita ang nasa kategoryang ME at isa hanggang dalawa naman ang nasa H. Bagaman isa lamang ang mandatoryong bilang ng H sa bawat balita, dahil sa mga *subheadline* na taglay ng ilang balita, halos dumoble ang kabuuang bilang nito. Natuklasan din na 84 sa mga sinuri ang nasa *previous event* (PE) o 9.6%. Nangangahulugan ito na taglay ng bawat balita ng AlterMidya ang isa hanggang dalawang PE kahit hindi rin mandatoryo ito. Bagaman opsiyonal din, 45 sa mga sinuri ang may *lead* (L). Samantala, nakakuha naman ng pinakamaliliit na bahagdan ang sumusunod na mga opsiyonal na kategorya: *evaluation* (38 talata o 4.34%), *consequence* (31 talata o 3.54%), *expectation* (24 talata o 2.74%), at *history* (22 talata o 2.51%). Nangangahulugan itong hindi konsistent na mayroong EV, CON, EX, at HI ang mga balita ng AlterMidya. Sa pangkalahatan, mahihinuha sa paghahanay na isinagawa na palaging taglay ng mga balita ng pambansang network

ang sumusunod na kategoryang konseptuwal: *verbal reaction*, *main event*, *headline*, *previous event*, at *lead*.

	Salita	Pangungusap o Talata
Kabuuhan	30, 766	875
Mean	580.49	16.51
Standard Deviation	241.86	7.01

Talahanayan 2. Kabuuang Bilang ng mga Salita at Pangungusap

Sa mga sinuring VR, kapansin-pansin na dominado ng mga nasa “minority” o oposisyon ang mga natagpuang aktor sa balita. Ayon kay van Dijk, ang pagkakaroon ng VR sa balita ay nagbibigay ng pagkakataon sa mga mamamahayag na maglahad ng mga opinyon na hindi kinakailangang nagmula sa kanila subalit dahil totoong sinabi ito ng mga aktor o tagapagsalita sa isang diskurso ay maituturing na mga obhetibong impormasyon (“News as Discourse” 56). Gayunman, sang-ayon pa rin sa kaniya, ang pagpili sa mga isasamang aktor o tagapagsalita ay kadalasang nagiging suhetibo. Sa pag-aaral nga ni Downing, lumabas na mas madalas na binabanggit sa mga balita sa dominanteng midya ang mga tao o grupo ng tao na kabilang sa mayorya, administrasyon, o mga prominenteng personalidad at politiko kumpara sa minority, mahihirap, o karaniwang tao kahit pa direkta itong patungkol sa kanila:

Minority group members, like Black African leaders, are quoted less often than white spokespersons, even in accounts of events that directly concern them. Similarly, in our 1981 press data we found that of all speakers in the minority news, 70% are white autochthonous Dutch (mostly institutional spokespersons, such as politicians), despite the fact that in most of the news reports (61%) minorities were major actors. The 1985-1986 data show a similar picture. Majority group actors are quoted in nearly half of all occurrences but minority actors are quoted only 25% of the time (nasa van Dijk, News Analysis 191).

Ganito rin ang sitwasyon sa Pilipinas. Sa pag-aaral na isinagawa ni Flores noong 2016 sa tatlong nangungunang *online broadsheet* sa bansa (Inq.net, philstar.com, at MBO), lumabas na sa 1,168 na aktor, 731 o 62.59% sa mga ito ang mula sa mayorya samantalang 437 lamang o 37.41% ang galing sa minority. Hindi rin naiiba ang resulta sa isinagawang pag-aaral ni Labrido noong 2017 sa *evening television news programs* na 24 Oras, TV Patrol, Aksyon, at Teleradyo. Lumabas sa kaniyang pagsusuri na dinodolina ng sangay ehekutibo ang mga pagbanggit sa *early evening news* (270). Kung pagsasama-samahin ang mga pagbanggit sa mga kategoryang ito ni Labrido, lumalalabas na 69% sa mga *news actor* mula sa mga sinuring programa ay bahagi ng administrasyon o “mayorya” kumpara sa 19% na pagbanggit sa mga karaniwang tao (271).

Malaki ang kaibahan ng nabanggit na sitwasyon sa dominanteng midya sa resulta ng pagsusuring isinagawa ng mananaliksik sa mga natagpuang VR sa mga balita ng AlterMidya. Lumabas na mas marami sa mga tao o organisasyon na isinama sa diskurso ng AlterMidya ay mula sa oposisyon o kabilang sa “minority.” Sa kabuuang 161 na pagbanggit sa mga aktor, 20 lamang dito o 12.42% ang nagmula sa administrasyon, samantalang 141 o 87.58% ang nanggaling sa oposisyon. Ilan sa mga paulit-ulit na binanggit ay ang sumusunod: *National Democratic Front of the Philippines (NDFP)*, *Communist Party of the Philippines (CPP)*, *Unyon ng mga Manggagawa para sa Agrikultura (UMA)*, *Kilusang Mayo Uno (KMU)*, *the New People’s Army (NPA)*, *BAYAN*, *Karapatan*, at ang mga tsapter ng mga samahang ito sa probinsiya. Karaniwang nilalaman nito ang mga batikos sa mga aksiyon ng pamahalaan o pagkadismaya sa mga kompanya, sektor, lugar, at sitwasyon na kinabibilangan o nararanasan. Ibig

sabihin, mas marami sa mga tao, organisasyon, o sektor na isinama sa dikurso ay mula sa oposisyon o mga progresibo, kritikal, o hindi bahagi ng pamahalaan. Ibang-ibang ito sa karaniwang sitwasyon ng mga nasa “minoritya” sa dominanteng midya na karaniwang hindi napagtutuunan ng pansin. Sa paglalarawan nga ni Labrido: “*They are not treated deferentially as sources of authority; rather they are shown either giving an opinion or reacting emotionally to issues through interview sound bites*” (271).

Hindi rin dominado ng mula sa National Capital Region (NCR) ang mga isinama sa diskurso sapagkat marami ang mga pagbanggit sa mga tao o samahan na mula sa iba’t ibang rehiyon, probinsiya, at kultura. Palagi ring nababanggit ang mga karaniwang tao na may direktang kaalaman o danas sa partikular na pangyayari na tinatalakay sa balita. Kapansin-pansin din na bagaman may mga pagbanggit sa mga nasa “mayorya” o administrasyon, nakita na ang iba rito ay mga lider din na galing sa mga progresibong samahan na nabigyan ng pagkakataong manungkulan sa pamahalaan katulad nina dating Department of Agrarian Reform Secretary Rafael Mariano, dating Department of Social Welfare and Development Secretary Judy Taguiwalo, at dating National Anti-Poverty Commission Secretary Liza Maza. Nabanggit din sina Peace Adviser Jesus Dureza at Government of the Republic of the Philippines (GRP) Negotiating Panel Chairperson Silvestre Bello III.

Samantala, 62.26% naman sa mga balitang sinuri sa pamamagitan ng mga *main event* (ME) ay tungkol sa terorismo, militarisasyon, pambansang seguridad, o usapang pangkapayapaan. Karamihan ay nakapokus sa usapang pangkapayapaan sa pagitan ng pamahalaan Duterte o ng GRP at ng NDFP, at sa mga samu’t saring uri ng panggigipit na nararanasan ng mga katutubo, kasapi ng maka-Kaliwang grupo, at ordinaryong tao sa kamay ng mga militar o ng mga mas makakapangyarihan sa lipunan. Isinasakonteksto ng mga balita ang mga tunggalian at engkuwentro sa pagitan ng pamahalaan at maka-Kaliwang grupo sa pananaw ng huli na karaniwang hindi nababanggit o *misrepresented* sa mga dominanteng midya.

Ang mga resultang ito ay hindi nalalayo sa kinalabasan ng pagtukoy na isinagawa ng mananaliksik sa mga salita na pinakamaraming beses na nabanggit sa 53 balita. Gamit ang AntConc, isang libreng *frequency analysis computer software*, napag-alaman na ang tatlong salitang pinakamaraming beses na natagpuan sa mga balitang sinuri ay “duterte,” “peace,” at “military.” Ang palaging pagbanggit sa “duterte” na karaniwang nakakabit sa mga salitang “government,” “administration,” at “regime” (tingnan ang pig. 2) ay hindi kataka-taka lalo pa’t si Pangulong Duterte ang mukha ng pamahalaan sa iba’t ibang patakaran, kontrobersiya, at isyu na kinasasangkutan nito.

AntConc 3.5.8 (Macintosh OS X) 2019				
Concordance				
Concordance Hits 134				
Hit	KWIC			
1	the massacre. (ME)	ALT50: Pork and cuts:	Duterte admin \xD4whips same old recipe\xD5	
2	said, \xD2At this time, when the	Duterte administration appears focused	on moves like pull	
3	for the welfare of the people, the	Duterte administration has beefed up the funding for		
4	2We have reason to believe that the	Duterte administration has orchestrated	this cyber attack	
5	reports on issues critical to the current	Duterte administration, including stories	about the illeg	
6	with fomenting disinformation and fake news, the	Duterte administration is hell-bent on silencing what		
7	recipe\xD5 for proposed 2019 budget (H) 1. THE	DUTERTE administration is rehashing	the same old recipe	
8	local and international funding institutions. The	Duterte administration is set to borrow P624.4 billion		
9	, denouncing the killing of 46 farmers under the	Duterte administration. (ME) 3. According to the KMP, the		
10	its implementation of the EDCA under the	Duterte administration. (ME) 4. \xD2The Philippines is st		
11	first worker\xD5s strike under the	Duterte administration. RFC workers in Canlubang meanwhil		
12	g\xCAAlaysang\xCAMakabayan (BAYAN) called on the	Duterte Administration to halt the implementation of uneq		
13	ng for meaningful socioeconomic reforms under the	Duterte administration. (VR) ALT10: \xD4Comprehensive a		
14	) 16. Now, the students are enraged at the	Duterte administration\xD5s removal of the P8-		
15	21 cases in the IPT 2018, which include the	Duterte administration\xD5s \xD2violations on economic,		
16	ary instigators of neoliberal policies within the	Duterte administration\xD3 (VR) ALT33: CPP: Duterte\xD5		
17	imes.\xD3 (VR) 19. Furthermore, the CPP cautioned	Duterte against \xD2fascist zealots of the US		

Pig. 1. Halimbawang Pagsusuri Gamit ang AntConc

Bagaman 2016 lamang din nagsimulang hawakan ni Pangulong Duterte ang pinakamataas na posisyon sa bansa, bago pa ito ay maingay na ang kaniyang pangalan sa buong kapuluan kaya nagiging laman na ng mga balita at istorya. Gayundin, 22.64% sa lahat ng mga balitang sinuri ay

tungkol sa “pamahalaan” o sa mga polisiya, aksiyon, gawain, at batas na isinasakatuparan ng gobyerno at sa tugon ng mga mamamayan, kaya hindi maiiwasan na hindi maisama ang pangalan ng pangulo sa diskurso ng mga ito. Pumangalawa naman ang salitang “peace” na mayroong 129 na pagbanggit at karaniwang nakatabi sa mga salitang “talks,” “negotiations,” “process,” at “advocates.” Nailahad na sa itaas na isa sa mga kadalasang pokus ng mga balitang sinuri ay usapang pangkapayapaan o *peace talks* na naganap sa pagitan ng pamahalaan at NDFP. Ang salitang “military” naman ay karaniwang nakakabit sa salitang “operations.” Mapapansin sa mga balita ang negatibong imahen ng mga nasa hanay ng militar dahil sa mga balitang nakatuon sa mga operasyon nila na kumitil sa buhay ng mga karaniwang tao o ng mga kasapi ng maka-Kaliwang grupo, at sa mga paglabag nila sa mga karapatang pantao at iba’t ibang kasunduan. Ang iba pang mga salita na naitala sa *word list* ng AntConc ay ang sumusunod: “government,” “ndfp,” “npa,” “people,” “philippines,” “national,” “rights,” at “law. Samantala, ang pokus naman ng natitirang mga balita ay mga pangyayari na may direktang kaugnayan sa relihiyon, sining, at kultura. Kapansin-pansin din na walang balitang nailathala ang AlterMidya mula 2014 hanggang 2019 na mauuri sa sumusunod: Kalusugan, Pampalakasan, Negosyo, Showbiz o Libangan, Naiibang Balita, Aksidente o Sakuna, at Panahon o Kapaligiran. Iba ito sa resulta na lumabas sa pag-aaral ni Ladrado sa mga news programs ng mga nasa dominanteng midya partikular ang 24 Oras, TV Patrol, at Aksyon TV 5. Karamihan sa mga balita sa mga nabanggit na news program ay tungkol sa korupsiyon, kriminalidad, at mga maling gawain. Naglalaro lamang sa 0-3% ang mga balita na nakatuon sa military activities at 6-13% naman ang mga balita na may kinalaman sa *conflict, political controversy, at scandal*. Hindi rin nawawala sa mga dominanteng midyang ito ang mga balita na pumapaksa sa *showbiz, personal and private lives, entertainment, sports, weather disturbances and calamities, environmental concerns, at health concerns and warnings*. Hindi malayo ito sa deskripsiyon sa alternatibong midya na nagbabalita sila ng mga hindi napagtutuunan ng pansin ng mga dominanteng midya.

Sa usapin naman ng saklaw, 58% ay naglalaman ng mga pambansang usapin (*national concerns*) samantalang 42% ang tungkol sa mga lokal na isyu o mga balitang nakapokus sa mga partikular na komunidad,

probinsiya, o siyudad. Wala namang naitalang mga balita na may kinalaman sa ibang bansa. Sapagkat ang AlterMidya ay pambansang network ng mga alternatibong midya sa Pilipinas, hindi kataka-taka na pambansa rin ang saklaw ng karamihan sa mga pangyayari na ibinabalita nila. Subalit, marapat ding itala na bagaman mga isyung pambansa ang saklaw ng mga balita, nakaugat pa rin ito sa mga lokal na pangyayari o lunsaran pa rin ang mga lokal na pangyayari sa pagtalakay sa mga pambansang isyu. Mahalaga ring itala na ang mga kasaping network ng pambansang samahan ay nakabase sa mga partikular na lokalidad, sektor, o grupo ng tao tulad ng Radyo Sagada, Pokus Gitnang Luzon, Davao Today, Bicol Today, Panay Today, Manila Today, Baretang Bikolnon, Radyo Natin Guimba, at Farmers Development Center.

Ang uri naman ng *framing* na madalas gamitin ng AlterMidya sa mga *headline at lead* nito ay ang *attribution of responsibility frame* o katumbas ng 50% sa lahat ng sinuring balita. Ibig sabihin, sinisisi, itinuturo, o iniuugnay ang mga isyu at suliranin sa pamahalaan, sa isang tao, o sa isang grupo ng tao. Karaniwang inilalarawan ang pamahalaan sa mga sinuring balita bilang sanhi ng isang isyu o suliranin at dapat na umaksiyon o tumugon.

Sa pangkalahatan, lumabas na pinipili ng AlterMidya na isakonteksto ang mga balita mula sa pananaw, sitwasyon, at karanasan ng karaniwang tao o minorya na palaging nakararanas ng karahasan, panggigipit, at pang-aabuso. Negatibo palagi ang imahen ng pamahalaan sa mga balita lalo pa’t karaniwang sa kanila isinisisi ang mga isyu, problema, o pangyayari na nararanasan ng lipunan o ng isang partikular na lugar, sektor, o grupo ng tao.

ANG PAMBANSANG NETWORK BILANG MANLILIKHA NG ALTERNATIBONG BALITA

Ang pagkakabuo ng AlterMidya noong 2014 ay patunay ng nagpapatuloy at mas lalong lumalakas na tradisyon ng rebolusyonaryo at alternatibong pamamahayag sa bansa na mauugat pa sa panahon ng kolonyalismong Espanyol, nagpatuloy sa pananakop ng mga Amerikano at Hapon, hindi nagpatinag sa diktadura ng rehimen ng Marcos, at hindi tumitigil hanggang sa kasalukuyang panahon. Nag-ugat pa ito sa kagustuhan ng mga bayaning tulad nina Del Pilar, Graciano Lopez-Jaena, Jose Rizal, at Andres Bonifacio na ilahad at ilarawan ang totoong estado ng bansa

sa ilalim ng mga Espanyol na mababanaag sa mga publikasyon ng *Diaring Tagalog, La Solidaridad*, at *Kalayaan* ng Katipunan. Ayon kay Teodoro, mayroon na ring mga pangkomunidad na publikasyon sa panahon ng pananakop ng mga Amerikano at mga pahayagang tulad ng *El Renacimiento* at *Muling Pagsilang* na naglalahad ng mga argumento tungkol sa tunay na kalagayan na natatamo ng bansa sa ilalim ng mga mananakop (nasa *Module on Human Rights* 57). Sa panahon naman ng pananakop ng mga Hapon, masasalamatin ang alternatibong midya sa paghahatid ng impormasyon ng mga gerilya at pahayagang *underground* hinggil sa estado ng giyera laban sa Axis Powers. Inilalarawan sa uri ng midyang ito ang tunay na karanasan o ang kahirapan ng mga Pilipino sa panahon ng kolonyalismong Hapon. Sa tala ni Canare: “*When one talks of the Philippine press, one almost automatically thinks of the traditional printed medium—the world of the Daily Express, Bulletin Today, Times Journal and other publications one can read without a tinge of apprehension, in one’s home, in the streets, or for that matter, anywhere: the legitimate or the overground press. But there is another Philippine press, one whose products can be read only surreptitiously, one that cannot be mentioned in public, one that is spoken of only in whispers but which nevertheless, is existent, just as real, and most significantly, is read: the underground press*” (2).

Samantala, umusbong naman ang mga terminong *alternative press* o *mosquito press* noong mga huling taon ni dating Pangulong Marcos (Encanto 79). Pinangunahan ito ng mga miyembro ng College Editors’ Guild of the Philippines (CEGP) na karamihan ay mga dating editor ng mga publikasyong pang-mag-aaral mula sa *Philippine Collegian*, *Ang Malaya*, *Ang Pandayan*, *Ang Hasik*, at *Balawis*. Sa tala pa rin ni Encanto, ang *We Forum* na itinatag ni Jose Burgos kasama ang mga kasapi ng CEGP ang unang alternatibong pahayagan. Sinundan ito ng *Pahayagang Malaya* at iba pang maliliit na pahayagan, magasin, at *news agency* na nais maglahad ng mga impormasyon tungkol sa mga paglabag sa karapatang-pantao, suliraning pangkapaligiran, estado ng ekonomiya, at iba pang mga isyu na hindi pinagtutuunan ng pansin ng midya na pinamamahalaan ng gobyerno (79). Subalit, marapat itala na hindi nangangahulugan itong sa mga huling taon lamang ng diktadurang Marcos nagkaroon ng alternatibong balita sapagkat mula pa sa unang bahagi ng pagpapatupad ng Martial Law, ang mga *underground press* tulad ng *Ang Bayan* at

Liberation ay kumondena na sa mga argumento ng rehimeng Marcos sa kalagayan ng bansa at naglahad na ng mga balita tungkol sa mga paglabag ng administrasyon sa karapatang-pantao. Gayundin, sa huling mga taon ni Marcos sa pagkapangulo ay bumuo ang Catholic Bishops Conference of the Philippines (CBCP) ng isang *news agency*, ang *Philippine News and Features*, na may tungkuling maghatid ng mga impormasyon tungkol sa nararanasang patayan, tortyur, at panggigipit sa mga Pilipino. Nabuo rin ang *Midweek* sa pangunguna ng mga concerned citizen na nais makapagbalita ng iba’t ibang pangyayaring panlipunan at hindi makapagtiis sa sensura at pagkontrol ng pamahalaan sa pangunahing *news agencies* sa bansa.

Sa kasalukuyan, hindi pa rin tumitigil ang mga alternatibong midya sa bansa (na karaniwang mga pangkomunidad na midya) sa mapanuring paglalahad ng iba’t ibang mga pangyayari sa lipunan upang malabanan ang mga bahid ng kolonyalismo at panunupil. Pinakamalawak nga sa mga ito ang network ng mga alternatibong midya na nagkaisa noong 2014. Sa panayam ng mananaliksik kay Rhea Padilla, pambansang tagapag-ugnay ng AlterMidya, bagaman hiwa-hiwalay, magkakaiba, at independiyente ang mga kasapi, hindi naging mahirap na simulan ang pagbuo ng pambansang network sapagkat iisa ang kanilang itinataguyod, layunin, at paraan ng pamamahayag. Mula sa mga paglalarawan sa 32 kasaping alternatibong midya, lumabas na paglilingkod sa mamamayan o sa mga sakop na komunidad sa pamamagitan ng mga mapanuring impormasyon at argumento ang pangunahing tuon nila. Walang kahit isa sa pambansang network ang *profit-oriented* o pagmamay-ari ng pribadong korporasyon, bagkus ay pinamamahalaan mismo ng mga karaniwang tao o sektor na may itinataguyod na adbokasiya. Palaging may nais na mapaglingkuran o mapaunlad na komunidad ang bawat *media outfit*, kaya palagi ring nakapokus sa mismong karanasan, pananaw, at tindig ng karaniwang tao, katutubo, marhinalisadong grupo o sektor na hindi napagtutuunan ng pansin ng mga dominanteng midya.

Gayundin, ayon pa rin kay Padilla, kaiba sa dominanteng midya na may sinusunod na herarkiya ng mga posisyon, pantay-pantay, kolektibo, at demokratiko ang sistema sa alternatibong midya. Sapagkat nakabase sa mga komunidad, sektor, o partikular na lugar, mismong mga kasapi, kinatawan, o

mamamayan din ng mga ito ang sama-samang nagtataguyod at namamahala sa bawat *media network*. Walang nag-iisang may-ari ang mga ito; sa halip, ang mga lider o tagapamahala ay pinili, inihalal, o pinagkasunduang manguna. Dahil dito, demokratiko, inklusibo, kolektibo, at *participatory* ang pagpapalano, pagdedesisyon, at pamamahala ng samahan. Ang *highest-level decision-making body* palagi ayon pa rin kay Padilla ay ang buong kaaniban.

Sa usapin ng pinansiya, hindi mahalaga para sa AlterMidya ang kita. Ang kalakhan ng pondong ginagamit upang matugunan ang mga pangangailangan sa pamamahayag ay nagmumula mismo sa komunidad, mga miyembro, o mga donasyon galing sa mga organisasyon na naniniwala sa mga itinataguyod ng isang alternatibong midya. Tinatanggihan ng network ang anumang uri ng ugnayan o *partnership* kung taliwas ito at makaaapekto sa kanilang itinataguyod o sa mismong proseso at kalikasan ng kanilang pamamahayag. Hinihikayat din ng AlterMidya ang mga karaniwang tao na nais maglahad ng mga alternatibong balita partikular ng mga karanasan, pangyayari, isyu, o pananaw na karaniwang hindi natatagpuan sa mga dominanteng midya. Ayon nga kay Padilla: “Hinihikayat namin ang ordinaryong mamamayan gaya ng mga magsasaka, katutubo, manggagawa, kabataan na maging mamamahayag o *community correspondents*. Pero tinitiyak naming mabibigyan sila ng *basic skills* sa *journalism* para maiangat ang istandard ng pamamahayag nila nang sa gayon ay matiyak ang wastong pamamahayag ng mga isyu ng mamamayan.”

Napakahalaga rin ng pagsasakonteksto, malalim na pagsusuri, at ng balidasyon sa pagbabalita ng mga nasa alternatibong midya sang-ayon sa personal na panayam kina Ellao at Uyanguren, mga mamamahayag ng AlterMidya. Binigyang diin nila na hindi natatapos ang kahulugan ng pamamahayag sa simpleng paglalahad ng impormasyon o pagsagot sa mga batayang katanungan na “ano,” “kailan,” “saan,” “bakit,” at “paano.” Sa halip, lumalampas ito sa pagsasakonteksto sa mga impormasyon batay sa mga naganap sa nakaraan, umiiral sa kasalukuyan, at maaaring mangyari sa hinaharap. Pagdidiin ni Ellao, hindi katulad sa dominanteng midya, walang hinahabol na *deadline* at itinatakdang bilang ng mga artikulo na kailangang maiprodus sa bawat araw, linggo, buwan, o taon, kaya may sapat na oras para sa pananaliksik at *fieldwork* ang mga mamamahayag sa alternatibong

midya.

Dahil kaunti lang din ang mga mamamahayag at iilan lamang ang nais maging bahagi, nagsisikap ang mga mamamahayag ng AlterMidya na maging maalam sa lahat ng kasanayan na kailangan sa pamamahayag mula sa pagiging *cameraman*, *scriptwriter*, *reporter*, *director*, *videographer*, hanggang sa pagiging *editor*, *producer*, at iba pa. Pagbabahagi pa rin ni Ellao:

All-around ka kapag nasa alternative media ka. Mapipilitan kang mag-video, mag-edit, maglathala, mag-social media... ikaw lang ‘yun mag-isa, magsusulat ka pa ng article. So nung time na ‘yun, awang-awa pa ‘ko sa sarili ‘ko. Fresh graduate, tapos makikita mo ‘yung mga dominant media, ang gaganda ng hitsura, ang gaganda ng gamit, may sasakyan, may driver, may audio person, may cameraman. Kami? Kami lahat ‘yun tapos pagkatapos nilang i-shoot ‘yun, ipapasa niya lang ‘yun sa editor ‘di ba? Tapos tapos na, uwi na siya. Meron pa siyang clothing allowance, tapos kami one-man team.

Sapagkat wala ring sapat na badyet na tatapat sa malaking perang nakalaan sa distribusyon ng mga dominanteng midya, nakasalig sa mga libre, mura, at bagong plataporma ang sistema ng distribusyon upang matugunan nito ang layunin na makapaglahad ng mga alternatibong impormasyon sa mga inaasahang tagapagtangkilik: 1) ang mga marhinalisadong pangkat, komunidad, o sektor na karaniwang *underrepresented*, *misrepresented*, o *unrepresented* sa mga naghaharing midya at, 2) ang publiko na ang pangunahing hangan lamang ng impormasyon at perspektiba ay ang dominanteng midya.

Bukod dito, ibinahagi rin ng iba pang mga mamamahayag na nakapanayam subalithiniling na hindi na sila pangalanan na nakararanas ang mga alternatibong mamamahayag ng samu’t saring uri ng karahasan, red-tagging, at nababansagan bilang “*enemies of the state*,” “rebelde,” “komunista,” at “maka-Kaliwa.” Ayon nga sa isa:

Syempre mas malaki ‘yung kinakaharap nung media sa kasalukuyan. Ano siya e, state sponsored talaga ang mga attacks. So definitely ‘yung challenge sa kaniya ngayon, paano iisang sagutin at i-defend ‘yung press freedom, ‘yung karapatan ng journalist, at nung kaniyang sources lalo

pa't kapag iba't iba ang bansag sa mga journalist sa alternative media.

ANG PAMBANSANG NETWORK BILANG PRODUKTO NG KALAGAYANG PANLIPUNAN

Ang pagkakaroon ng pambansang network ay nakaugat din sa hangarin ng bawat kasaping media outfit na matugunan ang tinawag ni Teodoro, pambansang tagapangulo ng AlterMidya, sa isang personal na panayam, na “krisis sa impormasyon” na umiiral sa Pilipinas:

I think there is an information crisis in the Philippines and the corporate media are not helping solve the problem. So kailangan mo ng more and more information particularly since ang damidaming problems and issues that need to be explained, and the sovereign people, Filipinos, are seriously misinformed if not disinformation. So kailangan mo talaga to try to address the information crisis, sa 'yun ang isang dahilan why we thought na we should talk to them and ask them [to form a national network]. Pumayag naman ang marami kaya nagkaroon nga ng founding conference noong October 2014 precisely because nga ang pakiramdam is that it's time to invigorate 'yung alternative media tradition which goes back a hundred years and particularly because meron kang problem with disinformation, misinformation, mal-information... so 'yun ang pangunahing dahilan, primarily because we have to deal with the information problems in the Philippines.

Sa paniniwala ng mga tagapagtaguyod ng alternatibong midya, ang “krisis sa impormasyon” na ito na nag-ugat sa laganap na *misinformation*, *disinformation*, at *mal-information* o karaniwang tinatawag na “fake news” ay matutugunan sa pamamagitan ng paglalahad ng mga mapanuring impormasyon na magtataas sa kamalayan ng mga mamamayan—at malaking bahagi nga sa paghubog ng kamalayang ito ang midya. Sa panayam at pagsusuring isinagawa ng mananaliksik sa ugnayan ng nilalaman at proseso ng produksiyon at interpretasyon ng AlterMidya sa mga kontekstong historikal, sosyal, kultural, at politikal na umiiral sa Pilipinas, natuklasan ang sumusunod:

1. May “krisis sa impormasyon” na umiiral sa bansa na nag-ugat sa laganap na *misinformation*, *disinformation*, at *mal-information* at pinatitingkad pa ng *social media*. Tinutugunan ito ng AlterMidya sa pamamagitan ng paglalahad ng mga mapanuring impormasyon na maaaring magtaas sa kamalayan ng mga mamamayan lalo pa't ang pangunahing layunin ng samahan ay tugunan ang kakulangan o kalabisan ng mga dominanteng midya sa pamamahayag dahil sa interes sa kita o makanegosyong kalakaran.
2. Binibigyan ng boses o platapormang makapagsalita ng AlterMidya ang mga karaniwang mamamayan o marhinalisadong grupo, komunidad, at sektor na karaniwang hindi itinatampok sa mga dominanteng midya. Mas madali para sa AlterMidya na itampok at magsilbing balon ng mga pananaw, karanasan, o sitwasyon ng mga karaniwang tao o ng mga mamamayan na nasa laylayan ng lipunan sapagkat galing at bahagi rin ng karaniwang tao at mga marhinalisadong grupo, komunidad, at sektor ang mismong mga mamamahayag o ang samahan sa kabuuan. Sa madaling salita, ang AlterMidya ay mula sa karaniwang tao, pinatatakbo ng karaniwang tao, at para din sa karaniwang tao, kaiba sa dominanteng midya na itinatag ng mga negosyante, pinatatakbo ng mga negosyante, at para sa negosyo o kita ng mga negosyante.
3. May hegemonya sa midya na umiiral sa Pilipinas. Kontrolado ng duopoly ng ABS-CBN at GMA7 ang midya na hawak ang 80% ng kabuuang *audience share* sa bansa at nakaaapekto sa opinyon, paniniwala, pananaw, at gawi ng mga Pilipino, batay sa ulat ng Media Ownership Monitor Philippines noong 2016 (“A Tale of Two Conglomerates”). Subalit, sa gitna ng hegemonya na ito, isinilang at nabuhay ang mga alternatibong midya na nagsilbi hindi lamang bilang pamalit sa mga naghaharing midya bagkus ay bilang kontra-gahum sa makapangyarihang pamamayani ng mga ito.
4. Sa kasalukuyan, humaharap sa samu't saring uri ng pang-aabuso, panggigipit, at pagbabanta ang midya sa bansa. May nakababahalang pagtaas ng kaso ng patayan, atake, pananakot, at karahasan laban sa mga mamamahayag at organisasyong pangmidya, at karamihan sa mga ito ay mula sa mga publikong opisyal o

ahente ng estado ayon sa tala ng Philippine Center for Investigative Journalism. Maging ang malalaking organisasyong pangmidya tulad ng ABS-CBN, Rappler, at Philippine Daily Inquirer ay hindi nakaliligtas sa mga panggigipit na ito.

5. Sapagkat kritikal sa mga isyung panlipunan at sa mga aksiyon na ipinatutupad ng pamahalaan, pinupuntirya ang mga alternatibong midya ng mga organisado at ginastusang atake sa mga *online news website* nito. Palaging binabansagan ang AlterMidya bilang “maka-Kaliwa,” “komunista,” at “kalaban ng estado.” Ang red-tagging at mga cyber-attack na ito ay nagdadala ng matinding panganib sa mga mamamahayag o nagiging dahilan ng mismong pagkasawi nila.
6. May *culture of impunity* na umiiral sa bansa at itinuturing itong pinakamatinding banta sa kalayaan sa pamamahayag. Bagaman pinoprotektahan ng Konstitusyon ang kalayaang magsalita at magpahayag, napakaraming naitalang paglabag sa karapatang ito at iilan lamang ang naparurusahan. Sa kabila nito ay hindi natinag at natakot ang mga alternatibong midya na labanan ang mapang-abusong kulturang ito at nanatiling matatag sa pagtataguyod ng mga paninindigan kahit pa manganib mismo ang kanilang mga buhay.
7. Hindi lamang nakakulong sa paglalahad ng mga kontra-naratibo sa mga nangingibabaw na kuwento ang AlterMidya, bagkus, gumagampan ito ng isang malaking tungkulin sa pagsulong ng komunidad, pagbabago ng lipunan, at pagbuo ng isang bansa. Bahagi ang mga alternatibong midya sa malawak na kilusang panlipunan na naghahangad ng tunay na pagbabago para sa bayan. Hindi lamang ito masasalamain sa mga artikulong inilalathala nito kung hindi higit sa mga tagapagtaguyod at mamamahayag nito na hindi lang din mamamahayag sa propesyon bagkus ay mga tagapagtaguyod ng iba’t ibang adbokasiya at mga lider ng mga progresibong samahan.
8. Sapagkat limitado ang saklaw at naaabot ng mga alternatibong midya hanggang sa kasalukuyan, nais nitong palakasin ang paglahok ng mga mamamayan sa pagbuo ng mga diskurso hinggil sa bayan. Naniniwala kasi ang network na ang pinakamagandang bersiyon ng anumang balita o istorya ay ang bersiyon

mismo ng mga nakaranas nito. Kaya nga sa kasalukuyan, ang direksiyon na nais tahakin ng pambansang network ay ang pagpapatibay o pagpapaunlad sa pakikisangkot ng mga mamamayan sa mga isyung pangkomunidad na tuwirang nakaaapekto sa kanila at ang pagtataguyod sa pamamahayag bilang bahagi ng buhay ng tao. Ito ay para sa lahat, at maaaring matutuhan ng lahat.

KONGKLUSYON: ANG ALTERNATIBO SA ALTERNATIBONG MIDYA

Ginagawang alternatibo ng AlterMidya- People’s Alternative Media Network ang pamamahayag sa Pilipinas sa pamamagitan ng pagtaliwas sa hegemonya na umiiral sa midya. Bumabaklas ang mga alternatibong midya sa makanegosyong kalakaran, nilalaman, at proseso na umiiral sa mga dominanteng midya at bumubuo ng sariling sistema, kultura, at tradisyon. Inilalarawan ng pambansang network ang lipunan sa pananaw ng mga marhinalisadong pangkat, komunidad, o sektor na karaniwang *underrepresented*, *misrepresented*, o *unrepresented* sa mga naghaharing midya. Nais ng AlterMidya na itampok ang istorya, karanasan, at pananaw ng minorya dahil sa sumusunod na dahilan: 1) Ang nagtatag, nagpapakatibay, at namamahala sa mga alternatibong midya ay mga kasapi rin ng isang komunidad o sektor na ang layunin ay nakaugat sa pagpapaunlad, pagtataguyod, at pag-aangat sa buhay ng kanilang mismong komunidad o sektor na kinabibilangan; 2) Karaniwang hindi naitatampok ng dominanteng midya ang mga nasa minorya o kung nababanggit man ay hindi sapat ang espasyo na nailalaan, hindi tama ang nagiging paglalarawan, at hindi angkop na naisasakonteksto ang kanilang tinig sapagkat karaniwang ibinabatay lamang ang mga ito sa mga naging pahayag ng mga nasa mayorya; 3) Sapat na ang espasyong ibinibigay sa mga nasa mayorya kaya marapat na magkaroon naman ng mga plataporma upang itampok ang karanasan, paninindigan, at pananaw ng mga nasa minorya; 4) Nais ng mga nasa alternatibong midya na maging balon ng samu’t saring kuwento ng mga magsasaka, mangingisda, *tricycle driver*, magbubukid, manggagawa, migrante, katutubo, kababaihan, at iba pang mga ordinaryong mamamayan upang sa susunod na panahon ay hindi na lamang basta malimutan ang mga istorya nila bagkus ay maitala at maipaalam sa mga susunod na henerasyon; at, 5) Nakikita ng mga

alternatibong midya ang mga nasa minorya bilang tagapagdala ng “katotohanan” o tunay na nangyayari sa lipunan na kadalasan ay nape-*filter*, nase-*ensor*, at nae-*edit* sa ngalan ng kita o personal na interes. Ibig sabihin, naniniwala ang pambansang network na nailatag na ng dominanteng midya ang sariling “bersiyon ng realidad” ng mga nasa “mayorya” kaya marapat namang mailahad ng mga alternatibong midya ang bersiyon ng katotohanan para sa mga nasa “minorya.”

Samantala, karaniwan namang nakapokus ang mga balita ng AlterMidya sa terorismo, militarisasyon, pambansang seguridad, o usapang pangkapayapaan. Naniniwala kasi ang pambansang network na may mga impormasyon, *press release*, at *claim* na ibinabalita ang mga nangungunang midya na kailangang linawin sapagkat karaniwang nakakiling lamang sa mga argumento ng mga opisyal, militar, o ng administrasyon at hindi nagtatampok ng istorya, saloobin, at panig ng mga progresibo o maka-Kaliwang grupo o ng mismong mga nakaranas ng terorismo, militarisasyon, at mga engkuwentro.

Mula sa mga balita na inilalabas ng pambansang network hanggang sa proseso ng produksiyon at interpretasyon na umiiral ay konsistent ang samahan sa pagtugon sa layunin at paninindigan nito na: 1) mapalakas at mapag-isa ang boses ng maliliit subalit progresibo at malalayang uri ng midya; 2) makapaglahad ng impormasyon na hindi natatagpuan sa dominanteng midya; 3) magsilbing balon ng mga kuwento ng mga karaniwang tao o ng mga nasa salaylayan ng lipunan, masugpo ang krisis sa impormasyon na umiiral sa Pilipinas; 4) maitaas ang kamalayan, pakikisangkot, at pagtugon ng mga mamamayan sa mga balita, isyu, at suliranin na tuwirang nakaaapekto sa buhay ng mga Pilipino; at, 5) maipagpatuloy ang rebolusyonaryong tradisyon ng mga alternatibong midya sa Pilipinas. Ang layunin at paninindigang ito ay konsistent na mababakas sa teksto at mga gawing pandiskurso ng AlterMidya sa gitna ng samu’t saring isyu at kondisyong panlipunan na bumuo at patuloy na bumubuo sa bawat alternatibong midya at sa Pilipinas sa kabuuan. Malinaw na ang pamamahayag ng pambansang network ay maka-Pilipino sapagkat palagi itong nakasandig sa hangarin na makamit ng lipunan sa pamamagitan ng mapanuring pamamahayag ang pagbabago na kailangan at dapat para sa bawat mamamayang Pilipino. Gayundin, hindi lamang basta nakakulong ang samahan sa paglalahad ng

mga kontra-naratibo sa mga nangingibabaw na kuwento. Sa halip, gumagampan ito ng isang malaking tungkulin sa gitna ng nararanasang krisis sa impormasyon ng bansa, sa pagsulong ng komunidad, at sa samu’t saring isyu at suliraning umiiral sa lipunang Pilipino. ♦

MGA SINIPING AKDA

- "A Tale of Two Conglomerates." *Philippines.mom-rsf.org*. Media Ownership Monitor Philippines, n.d. Web. 24 Feb. 2022. <<https://philippines.mom-rsf.org/en/owners/companies/abs-cbn-and-gma7/>>.
- "AlterMidya – People's Alternative Media Network." *AlterMidya.net*. AlterMidya, n.d. Web. 20 Feb. 2020. <<https://www.altermidya.net>>.
- Atton, Chris. *Alternative Media*. SAGE Publications, 2002. Limbag.
- Canare, Jorge de Guzman. *The Underground Press of the Philippines: History, and Nature*. UG thesis. U of the Philippines, 1984. Limbag.
- Ellao, Janess Ann. Personal na panayam. 26 Agosto 2019.
- Encanto, Georgina Reyes. *The Community Press and its Revolutionary Tradition*. The University of the Philippines Press, 2019. Limbag.
- Fairclough, Norman. *Language and Power*. London: Longman, 1989. Limbag.
- Flores, Eden Regala. "Manipulation in Philippine News Reporting: Real or Imagined?" *Investigative Journalism Education Consortium*, 6 Pebrero 2016. Web. 29 Mar. 2020. <ijec.org/2016/02/06/manipulation-in-philippine-news-reporting-real-or-imagined/>.
- Fuchs, Christian. "Alternative Media as Critical Media." *European Journal of Social Theory* 13.2 (2010): 173–192. *Research Gate*. Web. 29 Ag. 2020. <www.researchgate.net/publication/240705469_Alternative_Media_as_Critical_Media>.
- Haas, Tanni. "Alternative Media, Public Journalism, and the Pursuit of Democratization." *Journalism Studies* 5.1 (2004): 115–121. *Taylor and Francis Online*. Web. 12 Abr. 2020. <www.tandfonline.com/doi/s/10.1080/1461670032000174783?journalCode=rjos20>.
- Ilda. "Some members of mainstream media are the real enemies of the Filipino people." *Get Real Post*, 29 Feb. 2018. Web. 15 Feb. 2021. <<https://www.getrealphilippines.com/2018/01/members-mainstream-media-real-enemies-filipino-people/>>.
- Klawier, Tilman, Prochazka, Fabian, and Schweiger, Wolfgang. "Public Knowledge of Alternative Media in Times of Algorithmically Personalized News." *New Media & Society* (2021): 1–20. *SAGE Publications*. Web. 30 Mar. 2020. <doi:10.1177/14614448211021071>.
- Labrido, Estelle Marie. *Magandang Gabi Bayan: Nation, Journalism Discourse, and Television News in the Philippines*. Ateneo de Manila University Press, 2017. Limbag.
- Lilburn, Jeff. "Alternative Media Guide: What is the Alternative Media." Mount Allison University Libraries and Archives, 2022. Web. 21 Feb. 2022. <http://libraryguides.mta.ca/alternative_media>.
- Machin, David, and Andrea Mayr. *How to Do Critical Discourse Analysis: A Multimodal Introduction*. Los Angeles: SAGE, 2012. Limbag.
- Martin, M. G. "Filipinos among world's most trusting consumers of mainstream media." *Philippine Lifestyle News*, 2018. Web. 14 Feb. 2021. <<https://philippineslifestyle.com/mainstream-media-trusted-philippines/>>.
- Module on Human Rights Reporting for Filipino Journalists*. Alipato Media Center, 2018. Limbag.
- Narvaez, Eilene Antoinette G. *Sawikaan: Isang Dekada ng Pagpili ng Salita ng Taon*. Metro Manila: Pambansang Komisyon para sa Kultura at mga Sining, Komisyon sa Wikang Filipino, 2015. Limbag.
- Padilla, Rhea. Personal na panayam. 23 Agosto 2019.
- "State of Philippine Media, under Duterte." *Philippine Center for Investigative Journalism*, 3 Mayo 2019. Web. 18 Hun. 2020. <pcij.org/article/1596/the-state-of-philippine-media-under-duterte>.
- Teodoro, Luis V. *Divide by Two*. Quezon City: University of the Philippines Press, 2016. Limbag.
- . Personal na panayam. 18 Disyembre 2019.
- Uyanguren, Edge Balangauan. Personal na panayam. 26 Agosto 2019.
- van Dijk, Teun A. "News Analysis: Case Studies of International and National News in the Press." Lawrence Erlbaum Associates, 1988. Web. 29 Mar. 2020. <www.academia.edu/7167235/News_Analysis_case_studies_-_Van_Dijk>.

- . "News as Discourse." New Jersey: Lawrence Erlbaum Associates, 1988. Web. 30 Mar. 2020. <<http://www.discourses.org/OldBooks/Teun%20A%20van%20Dijk%20-%20News%20as%20Discourse.pdf>>.
- . "Structures of News in the Press." *Discourse in Society*, 1985. Web. 29 Mar. 2020. <<http://www.discourses.org/OldArticles/Structures%20of%20news%20in%20the%20press.pdf>>.

- Waltz, Mitzi. *Alternative and Activist Media*. Edinburg University Press, 2005. Limbag.
- Wordak, Ruth, and Michael Meyer. "Critical Discourse Analysis: History, Agenda, Theory and Methodology." *Methods of Critical Discourse Analysis*. Ed. Ruth Wordak and Michael Meyer. Los Angeles: SAGE, 2009: 1-33. Limbag.



Si CHRISTIAN P. GOPEZ ay fakulti at Research Coordinator sa Departamento ng Senior High School ng De La Salle University Manila. Siya ay nagtapos ng kursong BSE-Filipino at Diploma in Teaching Reading bilang Magna Cum Laude at Balagtas Awardee sa Philippine Normal University Manila. Natamo niya ang Master of Arts in Philippine Studies – Language, Culture, and Media sa De La Salle University at nakamit ang mga parangal na Outstanding MA Thesis at Outstanding Contribution to the Department. Kasalukuyan niya ring tinatapos ang PhD in Philippine Studies sa parehong unibersidad. Pinarangalan siya ng Pambansang Samahan sa Linggwistika at Literaturang Filipino noong 2020 ng Gawad PSLLF sa Saliksik para sa kaniyang MA tesis tungkol sa alternatibong midya sa bansa. Maaari siyang makontak sa christian.gopez@dlsu.edu.ph.

Internasyonal na Lupon ng mga Editor

Romulo P. Baquiran, Jr., PhD
Unibersidad ng Pilipinas
Pilipinas

Joi Barrios-LeBlanc, PhD
University of California Berkeley
USA

Rowena Cristina L. Guevara, PhD
Unibersidad ng Pilipinas
Pilipinas

Ramon G. Guillermo, PhD
Unibersidad ng Pilipinas
Pilipinas

Emmanuel M. Luna, PhD
Unibersidad ng Pilipinas
Pilipinas

Fidel R. Nemenzo, PhD
Unibersidad ng Pilipinas
Pilipinas

So Obata, PhD
University of Shizuoka
Shizuoka, Japan

Dina Joana Ocampo-Cristobal, PhD
Unibersidad ng Pilipinas
Pilipinas

Masanao Oue, PhD
Osaka University
Osaka, Japan

Victor Paz, PhD
Unibersidad ng Pilipinas
Pilipinas

Rogelia Pe-Pua, PhD
University of New South Wales
Australia

Epifanio San Juan, Jr., PhD
Philippine Cultural Studies Center
Connecticut, USA

Sachi Takahata, PhD
University of Shizuoka
Shizuoka, Japan

Nicanor G. Tiongson, PhD
Unibersidad ng Pilipinas
Pilipinas

Rolando B. Tolentino, PhD
Unibersidad ng Pilipinas
Pilipinas

Tereso S. Tullao, Jr., PhD
Pamantasang De La Salle
Pilipinas

Galileo S. Zafra, PhD
Unibersidad ng Pilipinas
Pilipinas

Potensiyal ng Kadagaan sa Pakikibaka Para sa Lupa:
Danas ng Hacienda Sta. Isabel at San Antonio
JOANNE VISAYA MANZANO

Ilang Tampok na Katangian ng Ponolohiya ng Wikang Ayta Magbukun
NOAH CRUZ AT YEDDA JOY PIEDAD

Babaylanismo: Ang Maka-Pilipinong Ekofeministang Lapit sa Pagsusuri ng mga Eko-*Siday*
IAN MARK P. NIBALVOS

Kartograpiya ng Takot at Sindak sa Karakter ng “Aswang”
sa Ilang Piling Pelikula ng *Shake, Rattle, and Roll*
JAY JOMAR QUINTOS

Mga Tauhang Walang Kasaysayan, mga Naglalahong Lugar at Panahon:
Ang Pagsasalin ng Precious Pages ng mga Nobelang Romansang Harlequin
MAR ANTHONY SIMON DELA CRUZ

Ang Alternatibo sa Alternatibong Pamamahayag:
Isang Kritikal na Diskursong Analisis sa mga Balita ng AlterMidya
CHRISTIAN GOPEZ

